



PHILIPPINE
N O R M A L
U N I V E R S I T Y



Graduate Dissertations

CGSTER

July 2025

Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryong Mansaka-Filipino

Ellen L. Generalao

Philippine Normal University

Follow this and additional works at
<https://onlinecommons.pnu.edu.ph/index.php/pnu-oc>



Online Commons Citation

Generalao, E. L., & Villanueva, V.M. (2025)

Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyunaryong Mansaka-Filipino
(Dissertation, Philippine Normal University)

Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/1617

Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryong Mansaka-Filipino

ISANG DISERTASYONG

Iniharap sa Kolehiyo ng Pagpapaunlad Pangguro

Pamantasang Normal ng Pilipinas

Bilang Katuparan

sa mga Kakailanganin para sa Degri

DOKTOR NG PILOSOPIYA SA FILIPINO

Ellen L. Generalao


Hulyo 2025


Dahon ng Pagpapatibay

Ang disertasyong ito na may pamagat na **“Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryong Mansaka-Filipino”** ay inihanda at isinumite ni **Ellen L. Generalao** bilang bahagi ng pagtupad sa mga kahingian ng degrading **Doktor sa Pilosopiya sa Filipino**, ay inirekomendang pagtibayin at tanggapin.


Voltaire M. Villanueva, PhD
 Tagapayo

Pinagtibay at tinanggap bilang bahagi ng pagtupad sa mga kahingian ng degrading **Doktor sa Pilosopiya sa Filipino** ng Komite sa Oral na Depensa.


Wilfredo C. Chung, PhD
 Tagapangulo ng Komite


Lydia B. Liwanag, PhD
 Miyembro


Niña Christina L. Zamora, PhD
 Miyembro


Maria Fel G. Hicana, PhD
 Miyembro

Tinanggap bilang bahagi ng pagtupad sa mga kahingian ng degrading **Doktor sa Pilosopiya sa Filipino**.

Hulyo 25, 2025

 Petsa


Gladys C. Nivera, PhD
 Dekana
 Kolehiyo ng Pagpapaunlad Pangguro

Dedikasyon

*Para sa Dakilang Lumikha
na Siyang Batis ng Karunungan,*

*Biyaya at
Lahat ng Pagpapala.*

*Papuri at Pasasalamat sa IYO,
Dakilang Ama.*

Pagkilala at Pasasalamat

Taos-pusong kinikilala at pinapasalamat ko ang mga sumusunod na indibidwal na naging daan upang maisakatuparan ang akademikong gawaing ito:

Sa komunidad ng Mansaka partikular na sa Mainit, Masara, at Teresa, Maco, Davao de Oro sa pamamagitan nina Mtkdg. Rolando Casigloman, pinuno ng Maco *Municipal Indigenous Political Structures*, Mtkdg. Aurelio G. Mataas, pinuno ng *Sumpaw ng Inangsabung Mansaka Inc.* (SIMI), Gibubayan Lydia C. Donato at Mtkdg. Ronaldo Z. Cabanggot, IPS ng Mainit, Gibubayan Madelyn F. Galo, IPS ng Masara, at Gibubayan Lydia M. Dansigan, IPS ng Teresa, sa pagbukas ng pinto at walang alinlangang pagbigay ng pahintulot upang makapasok at makapangalap ng datos sa komunidad.

Sa mga punong barangay na sina Kgg. Michelle B. Lim ng Brgy. Mainit, Kgg. Douglas A. Dumalagan Jr. ng Brgy. Masara, at Kgg. Felipe D. Obligana ng Brgy. Teresa, sa suporta at permiso na makapag-oberba sa mga natukoy na barangay.

Sa pamilya Onlos, Ma'am Shiela, Sir KR at Justine, sa pagpapakilala at paggabay ng mananaliksik sa inyong komunidad. Sa pamilya Amiang, Ma'am Nene at Jezzyn Mae, ang mag-inang naging sandigan at sandalan sa lahat ng impormasyon at kaalaman tungkol sa tribo. Sa aking estudyante na si Ronan Torres na nagsilbing sanggunian sa panahong may paglilinaw at pag-aalinlangan sa mga impormasyong nakalap.

Sa mga *cultural masters*, Bia Shiela Onlos, *Clan Representative* Susan Goriano at Binukaw Jose Cabanggot, sa ginawang balidasyon sa kahulugan ng mga nakalap na entri sa tribong Mansaka. Sa lahat ng mga naging kalahok ng pag-aaral na ito, ang mga piling

miyembro ng komunidad-Mansaka na batis ng lahat ng impormasyong nakalap, ang oras at panahong inilaan ninyo ay walang kapantay sa tagumpay ng gawaing ito.

Sa aking tagapayo, Dr. Voltaire M. Villanueva, sa walang sawang paggabay at pagbigay ng suhestiyon sa ikabubuti at ikahuhusay ng aking papel-pananaliksik. Salamat po sa presensya at pasensya na nagbigay ng determinasyon upang magpatuloy at magtapos.

Sa aking mga panelista, Dr. Lydia B. Liwanag, Dr. Niña Christina L. Zamora, Dr. Florencia F. Marquez, Dr. Maria Fe G. Hicana, Dr. Wilfredo C. Chung at Dr. Adonis P. David, sa mga mungkahi at suhestiyon upang mapaayos at mapakinis ang pag-aaral na ito.

Sa aking mga propesor sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Manila, Dr. Voltaire M. Villanueva, Dr. Lydia B. Liwanag, Dr. Niña Christina L. Zamora, Dr. Florencia F. Marquez, Dr. Praksis Miranda, at Senior de Alamo, sa lahat ng mga itinurong gintong kaalaman at ugnayang nabuo lagpas pa sa loob ng silid-aralan.

Sa aking mga kaklase, Arjon, Tina, Nida, Lita, Mavic, Lui, Erwina, Elsie, Rowena, Monica, Arnel, Myrna (+), na palagiang pagbibigay ng motibasyon at inspirasyon lalo na sa panahong napaghihinaan na ng loob.

Sa mga eksperto at *validator* sa larangan ng Filipino, Dr. Lita A. Bacalla, Dr. Elsie T. Alvarado, Dr. Arjohn V. Gime, Dr. Jimmy S. Nicolas, Dr. Anna Lou Edillon, at Dr. Christine Joy DR. Aguila, sa pagbabahagi ng kanilang kahusayan sa pagsusuri at pagwawasto gaya ng gabay sa panayam, diksiyonaryo at sa buong manuskrito.

Sa aking mga kasamahan at katrabaho, Luz, Belen, Paul, Edwin, Cromwell, Jenily, Grace at Pie, sa pagbibigay ng lakas at determinasyon na magpatuloy sa kabila ng mga hamon.

Sa aking pinakamamahal na asawa, Rene, mga anak, Jon, Jazz, Mar, at May, sa aking ina, Mama Feling, ama, Papa Abling (+), mga kapatid, Madet, Jeff at Paul, bayaw Bryan, mga hipag Sheila at Daisy, mga pamangkin, Kyle, Kara, Quim, Yana, Carmie at Xia, salamat sa lahat ng uri ng suporta, tiwala at pagpupursigi na marating ang dulo ng akademikong paglalakbay na ito.

At higit sa lahat, sa Dakilang Lumikha, na siyang batis ng lahat ng uri ng biyaya. Wala ang lahat ng mga ito, kung wala ang pagpapala Mo. Ang lahat ng ito ay ibinabalik ko po sa Iyo.

Talaan ng mga Nilalaman

Dahon ng Pagpapatibay	2
Dedikasyon	3
Pagkilala at Pasasalamat	4
Talaan ng mga Nilalaman	7
Listahan ng mga Talahanayan	10
Listahan ng mga Pigura	12
Listahan ng mga Apendiks	13
Abstrak	14
Abstract	16
Kabanata 1: Ang Suliranin at Rebyu ng mga Literatura	18
Kaligiran ng Pag-aaral	18
Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral	25
Batayang Kaalaman sa Leksikograpiya	25
Mga Simulain sa Pagbuo ng Diksiyonaryo	29
Kontekstuwalisadong Diksiyonaryo	35
Proseso sa Pagbuo ng Diksiyonaryo	38
Ang Nakikita at Nakakubling Kultura	44
Ang Tribong Mansaka Bilang Konteksto ng Diksiyonaryo	46
Sintesis	48
Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral	50
Simulain sa Pagbuo ng Diksiyonaryo	51
Proseso sa Pagbuo ng Diksiyonaryo	53
Layunin ng Pag-aaral	61
Saklaw at Limitasyon	61
Kahulugan ng mga Termino	62
Kabanata 2 Metodolohiya	67
Disenyo ng Pag-aaral	67
Lugar ng Pag-aaral	68

Mga Kalahok ng Pag-aaral	70
Pangongolekta ng mga Datos	71
Pagsusuri ng Datos	73
Tungkulin ng Mananaliksik	75
Pamamaraan ng Balidasyon	78
Etikal na Konsiderasyon	79
Kabanata 3: Paglalahad at Kinalabasan ng Pag-aaral	84
Pangangalap ng mga Salita sa Komunidad ng Mansaka	84
Katutubong Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos	84
Pormal na Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos	85
Kabuoang Bilang ng mga Salitang Nakalap	88
Bilang ng mga Salita sa Bawat Letra ng Alpabetong Filipino	89
Kategorisasyon ng mga Nakalap na Salita	92
Nakikitang Kultura ng Tribong Mansaka	92
Nakakubling Kultura ng Tribong Mansaka	94
Nakikitang Kultura vs. Nakakubling Kultura ng Tribong Mansaka	96
Pagtutumbas ng mga Salita sa Filipino at Kultural na Kahulugan	98
Mga Leksikal na Aytem na Pekulyar sa Salitang Mansaka	98
Kultural na Kahulugan ng mga Salita	100
Pagtataya ng mga Nakalap na Datos	179
Resulta ng Pagtataya ng mga Cultural Master	179
Resulta ng Pagtataya ng mga Eksperto sa Wika	181
Pagtataya ng Transkripsiyon	182
Sintesis	184
Kabanata 4 Lagom, Kongklusyon, at Rekomendasyon	186
Lagom ng Pag-aaral	186
Lagom ng mga Resulta	187
Limitasyon ng Pag-aaral	188
Kongklusyon	189
Rekomendasyon	191

Sanggunian	193
Apendiks	210
Curriculum Vitae	371

Listahan ng mga Talahanayan

Talahanayan 1:	Distribusyon ng mga Kalahok	71
Talahanayan 2:	Bilang ng mga Salita sa Bawat Letra sa Alpabetong Filipino	90
Talahanayan 3:	Nakikitang Kultura ng Tribong Mansaka	93
Talahanayan 4:	Nakakubling Kultura ng Tribong Mansaka	95
Talahanayan 5:	Nakikitang Kultura vs. Nakakubling Kultura ng Tribong Mansaka	97
Talahanayan 6:	Mga Leksikal na Aytem na Pekulyar sa salitang Mansaka	99
Talahanayan 7:	Katawagang Mansaka tungkol sa Pagkain	102
Talahanayan 8:	Katawagang Mansaka tungkol sa mga Gamit sa Bahay	106
Talahanayan 9:	Katawagang Mansaka tungkol sa mga Halaman	111
Talahanayan 10:	Katawagang Mansaka tungkol sa mga Hayop	114
Talahanayan 11:	Katawagang Mansaka tungkol sa Panahon	119
Talahanayan 12:	Katawagang Mansaka tungkol sa mga Kasuotan	122
Talahanayan 13:	Katawagang Mansaka tungkol sa mga Palamuti sa Katawan	125
Talahanayan 14:	Katawagang Mansaka tungkol sa Sayaw	129
Talahanayan 15:	Katawagang Mansaka tungkol sa Musika o Awit	133
Talahanayan 16:	Katawagang Mansaka tungkol sa Instrumentong Pangmusika	136
Talahanayan 17:	Katawagang Mansaka tungkol sa Tradisyonal na Laro	139
Talahanayan 18:	Katawagang Mansaka tungkol sa Pagtukoy sa Lugar	142
Talahanayan 19:	Katawagang Mansaka tungkol sa mga Pagdiriwang o Pagtitipon	145
Talahanayan 20:	Katawagang Mansaka tungkol sa Hanapbuhay	150

Talahanayan 21:	Katawagang Mansaka tungkol sa Pamilya	153
Talahanayan 22:	Katawagang Mansaka tungkol sa Magkamag-anak	156
Talahanayan 23:	Katawagang Mansaka tungkol sa Relihiyon	158
Talahanayan 24:	Katawagang Mansaka tungkol sa mga Pinuno sa Komunidad	161
Talahanayan 25:	Katawagang Mansaka tungkol sa Pagpili ng Pinuno	163
Talahanayan 26:	Katawagang Mansaka tungkol sa Siklo ng Buhay	167
Talahanayan 27:	Katawagang Mansaka tungkol sa Panitikan	170
Talahanayan 28:	Katawagang Mansaka tungkol sa Tradisyon at Paniniwala	173
Talahanayan 29:	Katawagang Mansaka tungkol sa Seremonya at Ritwal	174
Talahanayan 30:	Katawagang Mansaka tungkol sa Ugali at Katangian	177
Talahanayan 31:	Resulta ng Pagtataya ng mga <i>Cultural Master</i>	181
Talahanayan 32:	Resulta ng Pagtataya ng mga Eksperto sa Wika	183

Listahan ng mga Pigura

Pigura 1:	Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral	60
Pigura 2	Mapa ng Davao de Oro	69

Listahan ng mga Apendiks

Apendiks A:	Mga Liham-Paghingi ng Pahintulot	211
Apendiks B:	<i>Informed Consent Form</i>	216
Apendiks C:	Gabay sa Panayam	220
Apendiks D:	Balidasyon ng Gabay sa Panayam	224
Apendiks E:	Sertipiko ng Pahintulot	228
Apendiks F:	Kumpirmasyon ng mga Kalahok	230
Apendiks G:	Resulta ng Pagtataya ng mga <i>Cultural Masters</i>	233
Apendiks H:	Resulta ng Pagtataya ng mga Esperto sa Wika	271
Apendiks I:	Sampol ng Ginawang Balidasyon sa Transkripsiyon	307
Apendiks J:	Sertipikasyon ng <i>Validator</i>	313
Apendiks K:	Diksiyonaryong Mansaka-Filipino	314
Apendiks L:	Mga Larawan	356

Abstrak

Pangalan : Ellen L. Generalao

Pamagat ng Pag-aaral: Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryong Mansaka-Filipino

Susing Salita : diksiyonaryo, kontekstuwalisasyon, kontekstuwalisado, leksikograpiya, proseso

Digri: Doktor sa Pilosopiya

Espesyalisasyon : Filipino

Tagapayo : Voltaire M. Villanueva, PhD

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryong Mansaka-Filipino. Ang mga salitang napabilang sa nasabing diksiyonaryo ay nakalap mula sa komunidad ng Mansaka na may kultural na kaugnayan sa tribo. Sa pagbuo ng diksiyonaryo, sinimulan ang hakbang sa loob ng komunidad gaya ng pagsunod sa protokol, sinundan naman ito sa pagsagawa ng pormal at di-pormal na panayam sa pangangalap ng mga datos. Isinakategorya ang mga salita ayon sa nakikita at nakakubling kultura ni Hall (1989). Isinaayos ang mga salita sa Mansaka sa pamamagitan ng paglagay ng diin bilang gabay sa tamang bigkas, pagbigay ng katumbas o deskripsiyon sa Filipino, at saka pagtukoy sa bahagi ng pananalita. Isinagawa ang kontekstuwalisasyon sa diksiyonaryo ayon sa paliwanag at paglarawan ng komunidad batay sa konteksto at kaugnayan nito sa kultura at tradisyon ng tribo. Panghuli, isinagawa ang konsultasyon at balidasyon

sa parehong mga eksperto sa kultura at sa wika upang matiyak ang kawastuhan ng mga kahulugan. Ang diksiyonaryong binuo ay may 204 na salita kung saan 111 sa mga ito ay napabilang sa kategoryang nakikitang kultura na may kinalaman sa pagkain, gamit sa bahay, halaman, hayop, kalikasan, kalusugan, kasuotan, palamuti sa katawan, sayaw, musika, instrumentong pangmusika, laro, lugar, pagdiriwang, at hanapbuhay. Samantala, 93 naman nito ay napabilang sa nakakubling kultura na may kinalaman sa pamilya, magkamag-anak, katawagan, relihiyon, pinuno sa komunidad, pinuno sa seguridad at kapayapaan, eleksiyon, siklo ng buhay, panitikan, tradisyon, paniniwala, seremonya o ritual, emosyon, at ugali o katangian.

Abstract

Name : Ellen L. Generalao

Title of Study : Development of a Contextualized Mansaka-Filipino Dictionary

Key Concepts : dictionary, contextualization, contextualized, lexicography, process

Degree : Doctor of Philosophy

Specialization : Filipino

Adviser : Voltaire M. Villanueva, PhD

This study aims to develop a contextualized Mansaka-Filipino dictionary in which words or entries that hold cultural significance to the tribe were gathered from the Mansaka communities in Mainit, Masara, and Teresa of Maco, Davao de Oro. The compilation of the dictionary started at the community level by observing appropriate protocols, then doing formal and informal interviews to gather data. The entries were categorized based on Hall's (1989) framework of surface and deep culture. The Mansaka words were organized by indicating stress marks as a guide for correct pronunciation, followed by a translation or description in Filipino, and identification of the parts of speech. Contextualization of the lexicon was done according to the descriptions and explanations given by the people in the community, taking into consideration the cultural and traditional significance of the words. Lastly, consultation and verification were done with cultural masters as well as

language specialists in order to guarantee the correctness of the definitions. The final dictionary includes 204 words, 111 of which are categorized under surface culture, representing terms for food, household items, plants, animals, nature, health, clothing, body adornment, dance, music, musical instruments, games, places, celebrations, and livelihood. While 93 words fall under the category of deep culture, which includes family, kinship, title/position, religion, community leaders, peace and security leaders, elections, life cycle, literature, traditions, beliefs, ceremonies or rituals, emotions, and traits or characteristics.

Kabanata 1

Ang Suliranin at Rebyu ng mga Literatura

Saklaw sa kabanatang ito ang rasyonal ng pag-aaral, mga kaugnay na literatura, konseptuwal na balangkas, layunin, saklaw at limitasyon, at kahulugan ng mga terminong ginamit sa pag-aaral.

Kaligiran ng Pag-aaral

Ang wika ay haligi ng isang komunidad. Ito ay ginagamit hindi lamang sa pang-araw-araw na komunikasyon, kundi higit sa lahat, sa pagtataguyod at pagpapalaganap ng kultura at tradisyon. Ang isang pangkat ay nagkakaroon ng kolektibong pagkakakilanlan, pagkakaisa, at progreso dahil sa wika. Kaya naman, mahalagang patuloy itong paunlarin, payabungin at pagyamanin sa pamamagitan ng konsistent na paggamit nito sa loob ng isang komunidad.

Sa buong mundo, mahigit sa 7,000 wika ang ginagamit sa kasalukuyan (Eberhard et al., 2022). Nangunguna sa listahang ito ang wikang Ingles na ginagamit ng 1.5 bilyong tao at sinundan naman ng Mandarin Chinese na may 1.1 bilyon. Sa kabila ng datos na inilahad sa unahan, 3,170 sa mga wikang ito sa buong mundo ay nanganganib nang mawala pagdating ng panahon. Isa sa mga dahilan ng panganganib nito ay ang kawalan o kaunting indibidwal na lamang ang gumagamit ng wika ng komunidad, kasama na rito ang mga katutubong wika.

Ang lugar na may pinakamataas na bilang ng mga nanganganib na wika ay mataagpuan sa tropiko, Himalayas, at Hilagang-Kanlurang Hilagang Amerika (Amano et al., 2014). Sa ulat ng *The World's Languages in Crisis* tinatayang bumaba naman ng 20% ang bilang ng mga lugar, rehiyon, o bansa na may magkakaiba-ibang wikang ginagamit sa nakalipas na dalawang dekada (Harmon, David, 2010; Krauss, 1992). Samantala dito sa ating bansa, sa ipinalabas na pinakahuling tala at ulat ng KWF o Komisyon sa Wikang Filipino, tinatayang 36 sa 135 na wika sa Pilipinas ang nanghihina at/o nanganganib nang mawala. Sa ulat ng Komisyon ng Wikang Filipino, siyam sa mga wikang ito ang lumiliit o kumakaunti na batay sa bilang ng mga katutubo, 15 wika ang tiyak na nanganganib, sampu ang mga wikang matinding nanganganib, isang wikang malubhang nanganganib, at limang wikang wala nang nagsasalita. Ilan sa mga rason at dahilan na binanggit ng Komisyon sa pagkakawala ng mga wikang ito ay mga salik panlipunan, kultural, politikal at paggamit nito sa lipunan.

Isa sa mga sanhi sa paglaki ng estadistika sa mga nanganganib na wika ay ang pagtaas ng globalisasyon at modernisasyon na nagdulot ng malaking banta sa mga wikang minoritya. Idagdag pa ang migrasyon, urbanisasyon, at ang impluwensya ng *social* at *mass media* na nagresulta sa paglipat mula sa unang wika patungo sa paggamit ng mga dominanteng wika. Kung babalikan natin ang Panahon ng Kolonyalismo, ang wika ng mga kolonyal tulad ng Espanyol at Ingles ang naging wikang opisyal. Ang mga nasabing wika ay itinuturing na mas mataas at wikang ginagamit sa edukasyon, gobyerno, at kalakalan na nagresulta sa kawalan ng kapangyarihan ng mga wikang katutubo.

Inilahad ni Constantino (2005) na hindi lang ang Pilipinas ang nagkaroon ng mga problemang pangwika dahil maging ang mga bansang mayaman ay nakaranas din nang sila ay sakupin nang mahabang panahon. Nadominahan kundi man napalitan ang kanilang kultura, pagpapahalaga, tradisyon, panlasa, gawi, ugali, sistemang panlipunan. Ang kanilang mga wika ay nagkaroon ng mga pag-aalinlangan, kaguluhan, at problema nang maibalik sa pamamahala ng mga dating sumakop. Maraming naging pagbabago kaugnay ng wika na pinagmulan ng mga usapin at kontrobersiya. Nariyan ang mismong pagbabago sa anyo ng wika dulot ng mga pagbabagong panlipunan.

Sa mga datos na inilahad sa itaas, isa na rito ang wikang Mansaka na dumaan sa isang mabilis na pagbabago. Sa ginawang panayam ng mananaliksik kay Onlos, isang Bia ng komunidad-Mansaka, migrasyon at *inter-marriage* ang tinukoy niyang mga dahilan kung bakit marami sa komunidad nila ang hindi na marunong gumamit ng kanilang wika. Dagdag pa niya, mangilan-ngilan din kasing mga Mansaka ang nakapag-asawa ng mga Bisaya dahilan upang hindi nila gamitin ang unang wika (Mansaka) sa loob ng bahay.

Maliban pa ryan, hindi naman maiiwasan ng mga kabataang Mansaka na maimpluwensiyahan ang unang wika lalo pa't sa paarala'y wikang Filipino at Ingles ang ginagamit. Kailangang makihalubilo at makikiayon ang mga mag-aaral upang hindi mapag-iwanan. Dagdag pa ang mga impluwensiyang dala ng paligid, barkada at *social media*. Ang penomemong ito ay nakalulungkot at nakakapanghinayang na baka bigla na lang mawala ang kultura at tradisyon ng komunidad na pinanday ng kanilang mga ninuno.

Isang obserbasyon din ng mananaliksik, tanging mga piling mga magulang at matatanda lamang sa loob ng komunidad ang may kakayahang gumamit at umunawa sa nasabing wika. Kaya naman, isang malaking hamon ngayon kung paano maipreserba ang mga salitang Mansaka na napapaligiran ng iba't ibang impluwensiya.

Napili ng mananaliksik ang nasabing komunidad sa layuning makatulong lalong-lalo na sa mga guro at mag-aaral na hindi marunong gumamit ng wikang Mansaka. Ang nabuong diksiyonaryo ay magsisilbing sanggunian hindi lang ng paaralan kundi maging ng buong komunidad. Higit sa lahat, ito ay maibalik sa komunidad ang nabuong kontekstuwalisadong diksiyonaryo bilang isa sa mga dokumentasyon ng natatanging kultura at tradisyon ng tribo na inaasahang magagamit din ng mga bagong sibol na henerasyon pagdating ng panahon. Maliban pa ryan, maaaring magsilbing inspirasyon ang diksiyonaryong nabuo upang simulan din ng mismong komunidad ang preserbasyon at pagpapayaman ng mga nakikita at nakakubling kultura ng tribo.

Maliban pa nito nais punan ng mananaliksik ang kakulangan ng mga sangguniang aklat sa Mansaka. Sa kasalukuyan, isang bilingguwal na diksiyonaryong Mansaka-Ingles na simpleng tumbasan lamang mayroon ang komunidad. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ang magiging kauna-unahang kultural na diksiyonaryong Mansaka-Filipino.

Sa kabilang banda, ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 36 s. 2013 na may pamagat na *Department of Education. Vision, Mission, and Core Values (Dep. Ed. VMV)* ay nagbigay-diin sa konseptong kontekstuwalisasyon at lokalisasyon. Inilahad din nito ang pangunahing mithiin ng kagawaran na nagsasabing: *To protect and promote the right of every Filipino to quality, equitable, culture-based, and complete basic education...*

Nabuo ang *Department of Education VMV* batay na rin sa mga nakalatag na probisyon sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas sa Artikulo XIV, Seksyon 14-18 na kung saan pinapahalagahan ang kapakanan ng mga mag-aaral para sa epektibong pagkatuto. Samantala, sa Seksyon 5 naman ng parehong artikulo kinikilala at hinihimok ng pamahalaan ang pangangailangan ng mga rehiyon at ng mga sektor na makabuo ng mga polisiya at programa sa edukasyon na akma sa lokal na pangangailangan.

Sa ipinatupad na reporma ng edukasyon sa Pilipinas noong Mayo, 2013, naging tampok at bukambibig ang mga konseptong kontekstuwalisasyon, pagsasakatutubo at lokalisasyon. Ang RA 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013* ang naging tulay upang manawagan ang mga kinauukulan na paigtingin at pag-ibayuhin ang paghahanda ng mga kagamitang panturo. Katunayan, malinaw na binanggit sa Seksyon 2c ng RA 10533 na nararapat isaalang-alang ang aspetong kognitibo, at kultural. at ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral.

Pinagtibay naman ang kahalagahan ng kontekstuwalisasyon sa Seksyon 5h ng Republic Act 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013* na ang kurikulum ay nararapat nakatuon sa mga mag-aaral at bukas sa pagsasalokal at pagsasakatutubo nito. Ito ay pauunlarin at lilinangin ng mga paaralan batay sa kanilang mga pangangailangang pang-edukasyon at panlipunan. Hihikayatin din ang pagbuo at produksiyon ng mga lokal na materyales sa pagtuturo at pagkatuto na akma sa kahingian ng programang K-12.

Kaya naman, ang pag-aaral na ito ay isang kongkretoong hakbang upang makabuo ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo na magdurugtong sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamaraang ito, mas matatanggap at mapahalagahan ng sinomang indibidwal ang

sanggunian dahil ito ay sakop ng kanilang karanasan. Malaking tulong din ito sa komunidad ng mga Mansaka upang mapanatili at mapayaman ang talasalitaan na magagamit sa mga susunod pang henerasyon. Magiging instrumento ang diksiyonaryong ito upang kilalanin, pahalagahan, protektahan, pangalagaan at pagyamanin ang kultura at tradisyon ng mga katutubong tao o etnikong pangkat na makikita sa Kabanata 6, Seksyon 29 at 30 ng RA 8371 o “*The Indigenous Peoples Rights Act of 1997*”.

Nakatulong din ang pag-aaral na ito sa panawagan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na itanghal ang pananaliksik at pangangalaga para sa mga katutubong wika ng Pilipinas lalo pa at ipineroklama ng *United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization* (UNESCO) ang 2019 bilang Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika (*International Year of Indigenous Languages*).

Suportado naman ng Kagawaran ng Edukasyon ang mga gawain ng Komisyon sa Wikang Filipino hinggil sa pangangalaga at pagpapayaman sa wikang katutubo batay sa mga sumusunod na memorandum: (1) Kagawaran ng Edukasyon Proklamasyon Blg. 079, s. 2019 - *Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino*; (2) Proklamasyon Blg. 059, s. 2020 - *Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan, Ang mga Katutubong sa Maka-Pilipinong Bayanihan Kontra Pandemya*; (3) Kagawaran ng Edukasyon Proklamasyon Blg. 046, s. 2021 - *Filipino at mga Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino*; (4) Proklamasyon Blg. 073, s. 2022 - *Filipino at Mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Paglikha et Pagtuklas*; at (5) Proklamasyon Blg. 036, s. 2023 - *Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan*.

Ang wika ay hindi maihihiwalay sa tao at sa lipunang kaniyang kinabibilangan (Salazar, 1999). Sa takot na nawala ang pagkakilanlan ng Tribong Mansaka nararapat na lamang na maglista, mangolekta, at mag-ipon kaalaman tungkol sa tribo. Kaugnay nito, naniniwala ang mananaliksik na isa ang diksiyonaryo na mabisang kasangkapan upang malabanan ang kamangmangan. Hindi lang mapanatili ang mga talasalitaan ng isang partikular na wika kundi nahahawan pa ang mga mahihirap na termino na gumugulo sa ating isipan. Isang di-mapasubaliang katotohanan na ang palatandaan sa pagiging estandardisado ng wika ay ang pagkakaroon ng diksiyonaryo, maging ito ay biligguwal o monolingguwal. Naniniwala ang mananaliksik na ang diksiyonaryong nabuo ay ambag sa estandardisasyon ng wika at intelektuwalisasyon ng wika.

Sa tulong din ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo, mapapagaan ang pag-unawa at mapapalawak ang talasalitaan para sa makabuluhang pagkatuto ng mga katutubong mag-aaral na Mansaka. Malaking tulong din ito sa mga tagalabas upang maunawaan at mapahalagahan ang komunidad ng mga katutubo. Nagsisilbi rin itong dokumentasyon at preserbasyon ng mga natatanging kultura at tradisyon ng komunidad. Higit sa lahat, ang nabuong diksiyonaryo magtutulay sa guro at mga mag-aaral upang marating ang mundo ng pagkakaunawaan para sa epektibong komunikasyon at pagkatuto.

Ang diksiyonaryong Mansaka-Filipino ay may benepisyo sa dalawang pangkat: sa perspektiba ng mananaliksik at sa komunidad. Sa perspektiba ng mananaliksik, nakatulong siya sa komunidad sa pamamagitan ng dokumentasyon ng mga natatanging kaalaman at tradisyon ng tribo. Samantala, sa perspektiba ng komunidad, may sangguniang magagamit ng komunidad na mapapakinabangan sa susunod na salinlahi.

Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Sa bahaging ito, inilahad ang mga simulain at mga konsepto kaugnay sa pag-aaral. Ang mga nasabing literatura ay kinabibilangan ng mga batayang kaalaaman sa leksikograpiya, mga simulain at kahalagahan sa pagbuo ng diksiyonaryo, proseo sa pagbuo ng diksiyonaryo, kontekstuwalisasyon at kontekstuwalisadong pagbuo ng diksiyonaryo, uri ng kultura, at ang kaligiran tungkol sa tribong Mansaka.

Batayang Kaalaman sa Leksikograpiya

Kapag pagbubuo ng diksiyonaryo ang pinag-uusapan, dito na pumapasok ang konseptong leksikograpiya na kung saan ito ay may layuning makabuo ng pagpaplano, pagbabalangkas, paghahanda, paglalathala, at pagsasapanahon ng mga diksiyonaryo, tesauro, ensayklopedya, at iba pang magkasinkatulad na mga kagamitang pangwika alinsunod sa pinakahuling debelopment. Maliban pa nito, tungkulin din ng leksikograpiya na makapagtipon ng mga diksiyonaryong monolingguwal, bilingguwal o traylingguwal, mga bokabularyong siyentipiko at espesyalisado, at mga terminong teknikal. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng leksikograper upang makagawa at makabuo ng diksiyonaryong makatulong at mapakinabangan sa sinumang gagamit nito. Kailangang isaalang-alang ng sinomang nagtatangkang pumasok sa mundo ng leksikograpiya ang pagiging mulat sa mga prinsipyo at teorya ng leksikogapiya. Maisasakatuparan lamang ang hangaring ito kung masunod at maisagawa ang mga saligang tuntunin, prinsipyo o teorya na hinihingi at kinakailangan.

Ang tungkulin ng isang leksikograper ay kagaya ng isang arkitekto kung saan kailangang maging maingat sa pagdidisenyo at pagpaplano, pagtatag ng matibay na pundasyon, paggawa ng estruktura, at pagpili ng estandard na materyales dahil ang isang leksikograper ay nangangailangan ng matibay na pundasyon at kaalaman sa pagbuo ng isang diksiyonaryo (Bergenholtz et al., 2009). Inaasahang ang nadebelop na diksiyonaryo ay maging ganap na sanggunian sa grupong gagamit nito na may layuning matugunan ang pangangailangan sa isang tiyak na sitwasyon.

Ang leksikograpiya ay may malaking kontribusyon sa pag-iimpok ng impormasyon at kaalaman ng isang komunidad lalo pa at ang pinakadiwa nito ay ang kakayahang magbigay ng madali at mabilis na paraan sa pagkuha ng mga datos na kinakailangan sa iba't ibang sitwasyon (Bergenholtz et al., 2009). Tungkulin din ng isang leksikograper na hulihin at ilarawan ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pagbibigay-depinisyon nito (Jackson, 2013). Nararapat ding isasaalang-alang ng leksikograper na ang nabuong diksiyonaryo ay lubos na makatutulong sa gagamit nito. At hindi maisasakatuparan ang layuning ito kung hindi maisasagawa ang mga saligang tuntunin, prinsipyo o teorya na hinihingi at kinakailangan (Bergenholtz et al., 2009).

Ang leksikograpikong gawain ay may kaugnayan sa sosyal at kultural na produkto na gawa mismo ng tao upang matugunan ang isang tiyak na pangangailangan. Kailangang sapat ang kaalaman ng isang leksikograper, hindi lang sa porma, gamit, kahulugan, balarila, at buong estruktura ng wika kundi pati ang kultura sa kabuoan ng isang lingguwistikong komunidad (Gouws at Prinsloo, 2005;; Zgusta et al., 2010). Ang kaisipang ito ay nagbigay daan sa pagsasakonteksto ng wika upang magamit sa aktuwal

at kapaki-pakinabang na kaganapan. Samakatuwid, mahalagang mailahad nang maayos ang mga salita batay sa kaugnayan ng isang pangkat nang sa ganoon mapayaman at malinang ang kanilang kultura at maaaring maipamahagi sa mga tagalabas.

Ang leksikograpiya ay may malaking kontribusyon sa impormasyon at kaalaman sa isang komunidad lalo pa't ang pinakadiwa nito ay ang kakayahang magbigay ng madali at mabilis na paraan sa pagkuha ng datos na kinakailangan sa iba't ibang sitwasyon. Ang sangguniang ito ay lubos na mauunawaan sa pamamagitan ng *triangulation* ng magkaugnay na itinakdang parametro: (1) ang gagamit (*the user*); (2) ang paraan (*the access*); at (3) ang datos (*the data*). Kailangang patas na nailatag ang mga parametrong ito upang maging epektibo, balanse, at lubusang magamit ang kasangkapang pang-impormasyon (Olivera, 2010; Olivera at Tarp, 2011; Ptaszynski at Leroyer, 2011).

Samantala, pinapaalalahanan naman nina Olivera at Tarp (2011) ang mga nagnais na pumasok sa mundo ng leksikograpiya na ito ay isang bahagi ng panlipunang kaugalian kung saan ito ay may sariling pamamaraan sa larangan ng akademikong pag-aaral. May sarili itong batayang teoretikal at nakikibagay sa mga bagong tuklas at ang kaugnayan nito. Dagdag nito, nararapat tandaan na ang layunin ng leksikograpiya ay diksiyonaryo at hindi wika.

Paliwanag nina Gouws at Prinsloo (2005), ang larangan ng leksikogapiya ay nakikitaan ng dalawang kalikasan o kayarian. Ang una ay tinatawag na teoretikal na komponent kung saan nakapokus sa pagsasagawa ng pananaliksik na may kaugnayan sa anyo, nilalaman at gamit ng diksiyonaryo. Samantala, ang ikalawa naman ay tinatawag na praktikal na komponent sa pagtitipon ng mga diksiyonaryo.

Isa na rito sina Hartmann at James (2002) na parehong naniniwala na ang leksikograpiya ay pampropesyonal at pang-akademikong gawain na nakatuon sa pagbuo ng diksiyonaryo at paggawa ng mga kagamitang pangsanggunian. Ito ay nahahati sa dalawang dibisyon: (1) *lexicographic practice* o pagbuo ng diksiyonaryo kung saan ito ay may tatlong komponent; *fieldwork*, deskripsiyon at presentasyon na siyang susuungin ng mananaliksik sa panahon ng paglilista ng mga salita na gagamitin bilang entri; at (2) *lexicographic theory* o pananaliksik-pandiksiyonaryo na kinapapalooban naman ng apat na komponent; kasaysayan (history), tipolohiya (typology), puna (criticism) at gamit (use).

Ang leksikograpiyang gawain ay mahirap dahil sa katagalan ng pagsasakatuparan nito. Inaasahang maglalaan ng panahon, pera, at oras sa panahon ng pananaliksik pero nakadepende naman ito sa uri at layunin ng bubuoing diksiyonaryo kaya, mahalagang may klarong direksyon kung anong landas ang tatahakin at anong layunin ang nais makamtan (Gleason, 1961; Zgusta et al., 2010), sa kasong ito – magamit sa paaralan at komunidad ng Mansaka ang kontekstuwalisadong diksiyonaryo.

Detalyadong ipinaliwanag nina Olivera at Tarp (2011) ang leksikograpiya bilang nagsasariling agham na maaaring lagumin sa mga sumusunod na kaisipan: (1) Ang leksikograpiya bilang malayang siyensa ay mayroong sariling saklaw na paksa: diksiyonaryo at leksikograpikong gawain; (2) Ito ay nakaugat sa anyo ng konsepto, kategorya, teorya at hipotesis; (3) Ito ay binubuo ng parehong kasaysayan ng leksikong gawain at kasaysayan bilang agham, kasama ang *pre-theoretical* na ideya; (4) Ito ay naglalaman ng

independenteng kontribusyon sa pamamaraan o metodolohiya; at (5) Ito ay naglalaman ng panuto o gabay para sa praktikal na gamit.

Ang leksikograpikong pangangailangan ay hindi abstrak na gawain, kundi ito ay palaging naiuugnay sa isang tiyak na uri at gamit sa espesipikong sitwasyon. Pinakamahalagang elemento upang matiyak ang pangangailangang ito ay ang *extra-lexicographic user situation* kung saan kabilang ang paksa ng leksikograpikong gawain. Nararapat lamang na pokus ng leksikograpiya ang pinakamahalagang kaalaman tungkol sa kung saan gagamitin, sino ang gagamit, ano ang impormasyong kakailanganin, paano pinipili ang datos, presentasyon at ang kaparaanan ng pagkuha ng impormasyon.

Sa pag-aaral na ito, naging sandigan ang tungkulin at simulain sa leksikograpiya na binanggit ng mga eksperto sa itaas upang epektibong maisakatuparan ang gawain. Naging malinaw sa mananaliksik ang kaniyang tungkulin at layunin sa binuong diksiyonaryo. Higit sa lahat, tukoy niya ang target na gagamit ng diksiyonaryo at kapakinabangan nito hindi lang ng komunidad kundi ng mga tagalabas. Sa tulong ng mga nabanggit na prinsipyo at simulain tungkol sa diksiyonaryo, nagkaroon ng gabay ang mananaliksik sa tamang hakbang sa pagsasagawa nito.

Mga Simulain sa Pagbuo ng Diksiyonaryo

Sa konsepto ng pagiging madali at mabilis, nararapat na malinaw sa sinomang indibidwal na gumagawa ng diksiyonaryo kung saan gagamitin, sino ang gagamit, ano ang mga impormasyong kakailanganin, paano pinipili ang datos, presentasyon at ang kaparaanan ng pagkuha ng impormasyon (Olivera, 2010). Dagdag naman nina Bergenholtz et al. (2009), ang konsepto ng pagiging mabilis at madaling mahanap o

makita na salita ay isang mahalagang tungkulin sa anumang leksikograpikal na teorya na magagamit sa lahat ng uri ng diksiyonaryo. Nangangailangan din ng matibay na pundasyon sa kaalaman sa wika at kultura dahil ang anumang diksiyonaryong bubuo ay maaaring madebelop upang maging ganap na kagamitan at sangguniang inilalaan sa grupong gagamit na may layuning matugunan ang pangangailangan sa isang tiyak na sitwasyon

Isang di-mapasubaliang katotohanan na ang palatandaan sa pagiging estandardisado ng wika ay ang pagkakaroon ng diksiyonaryo, maging ito ay bilingguwal o monolingguwal. Kabilang ito sa isa sa mga hakbang sa pagpapaplanong pangwika (Firchow, 1972) gaya ng kodipikasyon, kung saan ginagamit ang batayang gramatika, diksiyonaryo, at mga modelong sulatin. Ang estandardisasyon at intelektuwalisasyon ang dalawang pagbabagong dapat makamtan ng anumang wika upang makaagapay ito sa takbo ng panahon (San Juan, 2012). Sa layuning makatulong sa pagiging estandardisado ng wikang Filipino pinagsisikapan ng mga eksperto sa kani-kanilang larangan na makabuo ng isang diksiyonaryong tutugon sa pangangailangan ng isang partikular na disiplina lalong lalo na ng mga nasa akademya.

Ang diksiyonaryo ay sistematikong pagsasaayos ng mga salitang tinipon batay sa lengguwahe ng isang komunidad na nagbabahaginan ng magkaparehong talasalitaan, balarila, at paraan ng pagbigkas sa kaparaanang nauunawaan ng mambabasa at ipinapaalam ang mahalagang kaalaman na nauukol sa gamit ng anyo nito sa loob ng komunidad (Zgusta et al., 2010). Samantala, ang diksiyonaryo ay isang lalagyan, sisidlan ng mga nakaalpabetong salita at ginagamit upang makapagbigay ng mabilis at madaling

paggabay sa paghahanap ng impormasyon sa pinakabagong salita kabilang ang gamit nito, pati ang pag-unawa ng isang ordinaryo, di-karaniwan, makaagham at teknikal na termino o salita (Jackson, 2013). Hindi lamang ito isang sanggunian, sa halip, ito rin ay kadalasang nagsisilbing imbakan at kuwartong tinggalan para sa isang wika kung saan mahahanap ng sino man ang mga buhay at patay na salita o termino (Sterkenburg, 2003). Ang diksiyonaryo ay isang organisadong koleksiyon ng mga salita o termino na may kaukulang paliwanag, depinisyon, o paliwanag ng paggamit (R. R. K. Hartmann at James, 2002). Sa mga nabanggit na pagpapakahulugan ng mga eksperto tungkol sa diksiyonaryo, itinuturing itong kasangkapan sa pagsangguni o *reference tools* (Bergenholtz et al., 2009) at inilalaan upang makatulong sa mga gagamit nito batay sa sitwasyon.

Nilalaman ng isang diksiyonaryo ang mga impormasyon tungkol sa kahulugan ng mga salita at gamit nito sa isang espesipikong komunikatibong sitwasyon. Inilalarawan din dito ang pormal na katangian ng mga salita kagaya ng kung paano ito binabaybay, binibigkas, binabago ang anyo kapag ginagamit sa isang partikular na sitwasyon at kinikilala kung aling bahagi ng pananalita ito nabibilang (Svensén at Svensén, 1993). Ang pormal na impormasyon ay kadalasang sinusundan ng isang deskripsiyon sa kahulugan ng salita, na nagpapakita ng gamit at listahan ng mga salita na maaaring iugnay nito gaya ng kolokasyon, idyoma, kawikaan, kasabihan, pormulasyon pragmatiko, atbp. (Sterkenburg, 2003). Mahalaga ang papel na ginagampanan ng isang diksiyonaryo hindi lang sa pang-akademikong gawain kundi ng kahit na isang ordinaryong mamamayan. Ginagamit ng isang inidbidwal ang nasabing sanggunian upang maibsan ang

kahirapan sa pag-unawa sa isang partikular na katawagan. Maaaring isang ordinaryong bagay lamang ang diksiyonaryo sa nakararami ngunit kung ating susuriing mabuti daan ito upang mapayaman ang talasalitaan ng isang indibidwal tungo sa kasanayan sa pag-sulat at pagsasalita.

Gumagamit ang tao ng diksiyonaryo upang makakuha ng tiyak na impormasyon mula sa isang tiyak na sanggunian at mag-aakay sa isang indibidwal upang makamtan ang walang katapusang proseso ng pagkatuto. Kadalasang nilalayan ng isang diksiyonaryo na mapunan ang kognitibong pangangailangan sa ngalan ng pagtamo ng karunungan (Olivera at Tarp, 2011). Ang diksiyonaryo ang pangkalahatang rekord kung paano ginagamit ang isang wika (Miclat, 2002). Samakatuwid, ang totoong pakay kung bakit gumagamit ang tao ng diksiyonaryo ay upang masagot ang espesipikong pangangailangan o katanungan, kalakip din nito ay kung paano magamit ang nasabing salita sa panahon ng pakikipagtalastasan.

Sa kasalukuyan, maraming uri ng diksiyonaryo ang nabubuo at hindi maikakaila na nagkaiba-iba ito depende sa hinihingi ng sitwasyon, samakatuwid dinisenyo ito upang matugunan ang isang pangangailangan. dahil gumagamit ang tao ng diksiyonaryo upang may matutuhan (Olivera at Tarp, 2011). Ang impormasyong makukuha mula sa isang tiyak na sanggunian ay mag-aakay sa isang indibidwal upang makamtan ang walang katapusang proseso ng pagkatuto. Kadalasang nilalayan ng isang diksiyonaryo na mapunan ang kognitibong pangangailangan sa ngalan ng pagtamo ng karunungan. Isang mahalagang instrumento ang diksiyonaryo sa pag-angat ng kaalaman tungkol sa isang

wika. Sa pag-aaral na ito, ang nabuong diksiyonaryo ay nakadiseno batay sa paglalarawan at pagpapakahulugan ng komunidad sa isang partikular na salita.

Ang mga espesyal na diksiyonaryo (Svensén at Svensén, 1993), tulad ng kultural na diksiyonaryo, ay hindi kinakailangang napakalawak. Ang mahalaga ay ang pagbibigay ng sapat na impormasyon sa isang tiyak na paksa o tema. Halimbawa, ang mga bilinggwal o teknikal na diksiyonaryo ay madalas na mas maikli ngunit kapaki-pakinabang. Maingat na binabalanse ng mga leksikograpo ang pagiging komprehensibo at praktikal upang matiyak na natutupad ng diksiyonaryo ang layunin nitong paglingkuran ang mga gumagamit nito nang epektibo. Ang mga diksiyonaryo ay binubuo at ginagawa batay sa pangangailangan ng mga gumagamit, habang ang mga espesyalisadong diksiyonaryo ay nakatuon sa mga terminong tiyak sa isang larangan (Hartmann at Landau, 2002). Ayon kay Jackson (2013), maituturing na diksiyonaryo ang isang diksiyonaryo kapag ito’y sumusunod sa estruktura gaya ng may depinisyon, bahagi ng pananalita, bigkas, at iba pang detalye. Ang bilang ng mga lahok sa bawat uri ng diksiyonaryo ay nag-iiba depende naman sa layunin at saklaw nito.

Kaugnay sa mga literaturang nakalap, tiniyak ng mananaliksik na ang layon kung bakit binuo ang diksiyonaryo ay magagamit ito bilang sanggunian. Maliban pa rito, pinili ang tribong Mansaka dahil personal na nakita ng mananaliksik ang pangangailangan na maturuan at matutuhan ng mga mag-aaral ang kanilang unang wika. Pagkatapos nito, tinukoy ng mananaliksik ang mga pamamaraan kung paano maisakatuparan ang mga nailatag na layunin.

Sa tulong ng mga *informant*, ipinaliwanag kung ano ang inaasahang bunga at kapakinabangan ng nabuong diksiyonaryo sa komunidad at sa paaralan (Bergenholtz et al., 2009). Maliban pa ryan, binigyang kasiguraduhan ng mananaliksik na ang nabuong diksiyonaryo ay ibabalik sa mismong komunidad na magsisilbing dokumentasyon ng kanilang wika. Higit sa lahat, ang diksiyonaryong Mansaka-Filipino ay magsisilbing sanggunian lalo na ng mga kabataang hindi na pamilyar sa wika ng kanilang komunidad.

Ang sinomang sasabak sa pagbuo ng diksiyonaryo ay nararapat magkaroon ng malinaw na layunin at tunguhin, at higit sa lahat, matibay na pundasyon sa wika at kultura ng komunidad. Sa kabilang banda, ang diksiyonaryo ay nakapagbibigay ng tiyak na impormasyon at nakatutugon sa isang partikular na pangangailangan ng mga gagamit. Hindi lamang ito isang sanggunian kundi isang mahalagang instrumento sa pagpapayaman ng talasalitaan, pag-unawa sa wika, at pagkatuto.

Ang pagbuo ng diksiyonaryo ay isang mahalagang gawain sa pagpapaunlad ng wika sapagkat ito ay nagsisilbing batayan ng estandardisasyon at dokumentasyon ng kahulugan ng mga salita. Ang proseso ng leksikograpiya ay nagbibigay ng mahalagang suporta sa edukasyon, pananaliksik, at komunikasyon, lalo na sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral at sa pagpapayaman ng kaalaman ng lipunan. Ang isang maayos na diksiyonaryo ay nakakatulong upang mapanatili ang katumpakan ng wika at magsisilbing tulay sa pagitan ng mga henerasyon ng mga gumagamit ng wika.

Sa pamamagitan din ng diksiyonaryo, nagkakaroon ang mga gagamit ng pagkakataong maunawaan hindi lamang ang pangunahing kahulugan kundi pati ang iba't ibang anyo, gamit, at konotasyon ng salita. Samantala, ang paggamit ng diksiyonaryo ay may

mahalagang papel sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa at paggamit ng wika. Ipinaliwanag ni Jackson (2013) na ang madalas na paggamit ng diksiyonaryo ay nagpapataas ng kakayahan ng mga estudyante at mga propesyonal na maging mas mapanuri at maingat sa pagpili ng tamang salita sa tamang konteksto.

Sa panahon ng globalisasyon at mabilis na pag-usbong ng wika, ang regular na paggamit at pagbuo ng diksiyonaryo ay nagiging pundasyon sa epektibong komunikasyon at mas malalim na pag-unawa sa dinamika ng wika.

Kontekstuwalisadong Diksiyonaryo

Ang kontekstuwalisadong diksiyonaryo ay hindi lamang naglalahad ng depinisyon ng salita, kundi kabilang din ang aktuwal na gamit ng salita batay sa sitwasyon, panahon, rehiyon, at kultural na konteksto. Pinapakita rin nito kung paano ito ginagamit ang salita sa araw-araw na pamumuhay na kadalasang sinusupportahan ng mga paliwanag batay sa mga panayam at lokal na kaalaman ng komunidad (Newmark, 2008; Svensén, 2009). Layon nitong magbigay ng mas tumpak, makabuluhan, at sensitibong pag-unawa sa mga salita at parirala, partikular sa mga wikang may iba't ibang baryasyon sa kultura at lipunan.

Ayon kay Newmark (2008) ang kahulugan ng isang salita ay hindi lubusang maipaliwanag kapag ito ay hiwalay sa konteksto ng gumagamit. Sa pagbuo ng isang kontekstuwalisadong diksiyonaryo, binibigyang-diin nito ang gamit ng salita sa partikular na sitwasyon, panahon, at lugar, na magresulta sa isang mas tumpak at makabuluhang pag-unawa para sa mga gumagamit. Kung susuriin, maaaring magkaroon ng ibang

kahulugan ang isang salita sa akademikong konteksto kumpara sa pang-araw-araw na pag-uusap o sa isang partikular na komunidad. Kaya naman, binibigyang-diin sa ganitong uri ng diksiyonaryo ang pagsasama ng mga aktuwal na halimbawa ng paggamit ng salita sa loob ng tiyak na konteksto, pati na rin ang mga salik ng kultura, sosyolingguwistika, at heograpiya. Sa ganitong paraan, ang wika ay hindi lamang nakikita bilang isang mekanikal na sistema ng mga tuntunin, kundi bilang isang buhay na bahagi ng kultura at lipunan.

Paliwanag naman ni Hartmann (2016), ang pagbuo ng diksiyonaryo na may kontekstuwalisadong kahulugan ay mahalaga hindi lamang para sa komunikasyon kundi rin sa edukasyon. Tinutulungan nito ang mga mag-aaral na makita ang aktuwal na gamit o aplikasyon ng wika sa iba't ibang disiplina. Ang ganitong klase ng diksiyonaryo rin ay nagbubukas ng mga posibilidad para sa interdisiplinaryong edukasyon, kung saan nakikita ng mga mag-aaral kung paano nag-iiba-iba ang gamit ng wika depende sa kontekstong akademiko o propesyonal. Sa madaling salita, ang kontekstuwalisadong diksiyonaryo ay hindi lamang isang kasangkapan sa pagsasalin o pag-unawa ng salita, kundi isang pedagogikal na instrumento na sumusuporta sa holistiko at makabagong paraan ng pagkatuto.

Sa pag-aaral nina Béjoint (2010) at Svensén (2009), binigyang-diin ang pagsasama ng mga kontemporaryong korpus (corpus-based approach) at etnograpikong datos upang makabuo ng diksiyonaryong tunay na sumasalamin sa gamit ng wika sa tunay na konteksto. Ipinamalas sa kanilang mga pananaliksik na ang paggamit ng korpus ay nagbibigay ng malinaw na ebidensiya kung paano ginagamit ang mga salita sa iba't ibang

konteksto, antas ng pormalidad, at disiplina. Hindi lamang ito nagmumula sa mga depinisyon kundi mula sa aktuwal na komunikasyon ng mga tao sa araw-araw na buhay. Dagdag pa rito, binigyang-pansin din nila ang kahalagahan ng etnograpikong pamamaraan, kung saan ang datos ay kinakalap mula sa pagmamasid at aktibong pakikilahok sa mga aktuwal na komunidad ng gumagamit ng wika. Sa ganitong paraan, naitatala hindi lamang ang teknikal na kahulugan ng mga salita kundi pati na rin ang mga panlipunang kahulugan nito.

Dahil dito, ang pagsasanib ng *corpus-based analysis* at *ethnographic data* ay nagreresulta sa isang kontekstuwalisadong diksiyonaryo na hindi lamang nagsisilbing imbakan ng kahulugan kundi nagsisilbing salamin ng dinamiko at makulay na paggamit ng wika (Svensén, 2009). Nilalayon ng ganitong uri ng diksiyonaryo na hindi lamang ituro ang tamang depinisyon kundi ipaliwanag din ang masalimuot na relasyon ng salita, kultura, at lipunan.

Ayon naman kay Cheng (2001), ang mga impormasyon sa kinabibilangang lipunan ay nagiging kasangkapan kung saan nagkakaroon ng pag-aangkop ng mga gawi at pamantayan sa labas ng komunidad upang matugunan ang lokal na pangangailangan ng lipunan. Ito ay pagpapayaman din ng katutubong gawi, kaugalian, at pamantayan kung saan napabilang ang pagdebelop ng katutubong kultura. Malaking bagay rin ang pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo dahil maliban sa ito'y maiangkop sa lokal na kultura naipapakita rin ang aktibong pakikisangkot ng mga mismong mamamayan. May kultura ng pag-aangkin sa anumang gawain, awtput, at tagumpay dahil naipamalas ang partisipasyon ng bawat isa. Ito ay nagbibigay ng pagkakataong mamayagpag ang isang

pangkat at maipakilala ang natatangiang ambag para sa pangkalahatang kalinangan.

Kaugnay nito, nagkakaroon ng pagpapayaman sa sanggunian dahil naiaangkop ito sa konteksto ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, mahalaga ang kontekstuwalisadong diksiyonaryo sa pagpapalawak ng kasanayang komunikatibo dahil ito ay nagbibigay ng kabuluhan at tumpak na depinisyon ng mga salita sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano ginagamit ang mga ito sa araw-araw na sitwasyon. Ang ganitong uri ng diksiyonaryo ay nagiging mabisang kasangkapan sa pagtuturo ng wika dahil mas madaling maiuugnay ng mga mag-aaral ang mga salita sa kanilang aktuwal na karanasan at disiplina (Tupas, 2015). Kaya naman, ang pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo ay hindi lamang teknikal na gawain kundi isang prosesong nangangailangan ng panlipunan, kultural, at pedagogikal na sensibilidad. Nagiging mas epektibo rin ang mga kontekstuwalisadong diksiyonaryong sa pagtuturo, pananaliksik, at komunikasyon sa mas malawak at mas malalim na antas.

Proseso sa Pagbuo ng Diksiyonaryo

Sa ginawang pag-aaral ni Mosel (2002), ginamit niya ang mga sumusunod na hakbang sa pagbuo ng diksiyonaryo: (1) paglilista ng mga salita na magiging *headword*; (2) pagsasalin ng mga salita sa *lingua franca* patungo sa katutubong wika; (3) paghahango ng mga salita mula sa mga teksto; at (4) pagkukuha ng mga salita mula sa mga *dictionary helpers* upang makabuo ng listahan na walang pagsasalin. Sa madaling sabi, nagiging batayan sa pagpili ng mga *headword* ay ang kahalagahan, karaniwan at dalas ng paggamit nito sa loob ng komunidad.

Sa pag-aaral ni Landau (2001), itinuro niya na dapat maingat ang pagsusuri sa mga aktuwal na halimbawa mula sa mga korpus. Hindi sapat na ilista lamang ang mga posibleng kahulugan dahil ang wastong pagkakaayos ng mga kahulugan ay nakatutulong upang maging mas madali para sa moymga gumagamit na mahanap ang eksaktong kahulugang hinahanap nila. Bukod dito, binigyang halaga rin nina Hartmann at Landau (2002) ang pagpili ng mga halimbawa (example selection). Ang mga halimbawa ay dapat na maikli ngunit malinaw, kontemporaryo ngunit hindi labis na kolokyal, at sapat upang magbigay ng kontekstong nagpapaliwanag sa kahulugan ng salita. Dagdag pa nila, ang bawat desisyon sa paggawa ng diksiyonaryo gaya ng pagpili ng mga salita, pagbigay ng kahulugan, hanggang sa mga isyung teknikal tulad ng ortograpiya at gramatikal na impormasyon ay kailangang nakabatay sa pangkalahatang layunin ng diksiyonaryo at sa pangangailangan ng target na gagamit nito, maging sila ay mga estudyante, mananaliksik, o karaniwang mambabasa.

Sa pag-aaral naman ni Casanova (1998) tungkol sa pagbuo ng Monolingguwal na Diksiyonaryo sa Drama at Teatro, naging gabay niya ang pamamaraang *field work* upang maisakatuparan ang kaniyang layunin. Nabuo niya ang mga sumusunod na proseso: (1) paghahango ng mga entri mula sa dati nang mga nalathalang diksiyonaryo, ensayklopedya at iba pang materyales; (2) pagkakategorya ng mga leksikal na aytem nang segmental at paalpabeto; (3) gumawa siya ng paglalaan ng *calque*, kasaysayan o etimolohiya ng mga *headword* na magsisilbing gabay sa mambabasa upang mabatid ang paraan ng pagsasalin buhat sa pinaghanguang wika o mga wika. Saklaw din sa kaniyang pag-aaral ang karagdagang mga proseso gaya ng pagtukoy sa bahagi ng pananalita ng

bawat leksikon at saka binigyang kahulugan ang mga *headword*. Sa huli, natuklasan sa kaniyang pag-aaral na ang wikang Filipino ay unti-unting kumakawala sa pagkukunyapit sa Ingles.

Ang glosaryong nabuo ni San Juan (2012) na may pamagat na Glosaryo ng mga Termino sa Panitikan ay nakadebelop naman ng anim na proseso: (1) pagkalap at pagbasa ng mga aklat sa panitikan; (2) pagpili at pagtatala ng mga termino sa panitikan; (3) pagbibigay ng katumbas na salin o adapsiyon ng orihinal na termino; (4) pagbibigay ng kahulugan sa bawat salitang lahok; (5) pagsasagawa ng balidasyon; at (6) pagrebisa sa glosaryo.

Sa pagbuo ng diksiyonaryong Hiligaynon-Filipino, naisagawa naman ni Alcantara (1997) ang mga sumusunod na hakbang: (1) pagkalap ng mga entri; (2) pagsusuri at pagkukumpara sa iba pang Hiligaynon-Ingles na diksiyonaryo; (3) balidasyon mula sa katutubong tagapagsalita; at (4) rebisyon.

Napatunayan naman sa nabuong glosaryong Agham Panrehabilitasyon ni Vergara (2014) na mahalaga ang kaalaman ng mga eksperto sa larangan at eksperto sa wika upang higit na mapabuti ang ginagawang pagsasalin sa glosaryo. Lumabas din sa kaniyang pag-aaral na may teknikal na salita sa wikang Ingles na mas mabuting hiramang walang pagbabago ang mga terminolohiyang hindi mahanapan ng katumbas na salita sa Filipino kaysa sapilitan itong makasira sa diwang nais ipahayag ng orihinal na teksto. Nabuo ng mananaliksik ang glosaryo ayon sa sumusunod na hakbang: (1) pagpili ng mga kalahok; (2) balidasyon ng mga terminolohiya; (3) pagsasalin ng mga terminolohiyang napili; (4)

internal o pansariling balidasyon; (5) pagtataya/balidasyon ng glosaryo; (6) *statistical treatment*; (6) rebisyon; at (7) pagbuo ng pinal na *draft*.

Mapapansing halos magkapareho ng proseso ang ginamit nina San Juan (2012) at Casanova (1998) sa pagsusuri sa katiyakan at kawastuhan ng mga kahulugan ng bawat leksikon. Kabaliktaran naman ito sa pamamaraang ginamit ni Vergara (2014) kung saan nauna ang balidasyon ng mga terminolohiyang napili na pinasuri muna sa mga eksperto sa larangan bago pa ang pagtutumbas ng kahulugan.

Upang matugunan ang hamon ng pagpapalaganap ng *Language Policy* ng Unibersidad ng Pilipinas, bumuo ng isang Glosari sa Edukasyon ang grupo nina (Otero et al., 2002) na may layuning makabuo ng glosaryo ng mga terminong ginamit sa pagtuturo sa Kolehiyo ng Edukasyon. Lumabas sa nasabing pag-aaral na positibong tinanggap ng mga respondente ang salin sa Filipino ng mga termino mula sa Ingles. May kahabaan ang proseso na kanilang ginamit dahil hinati ito sa dalawang bahagi: ang pagbubuo at ang pagtataya.

Ang Unang Bahagi sa pagbuo ng nasabing glosaryo ay ang sumusunod: (1) pagtukoy ng mga eksperto sa larangan sa dalawang taon; (2) paglilista ng mga salitang teknikal na ginagamit sa pagtuturo ng labing-apat na kurso; (3) pagtataya ng mga mag-aaral kung alin sa listahan ng mga termino na dapat isalin sa Filipino; (4) pagsisimula ng pagsasalin ng mga terminong teknikal ng mga propesor-awtor; (5) pagdaragdag ng mga termino mula sa 150 na orihinal sa 3000 bawat kurso; (6) pagwawasto ng estilo ng pagkakasalin ng dalawang editor; at (7) pag-aayos sa listahan ng mga termino at pagkakasalin na ginawang palpabeto ang pakakasunod-sunod ng mga salita/termino.

Samantala, ang Ikalawang Bahagi naman ay ang mga sumusunod: (1) pagtataya ng pagtanggap ng pagkakasalin ng mga termino ng mga guro; (2) pagsasama-sama ng mga iskor na inilagay ng mga guro sa *Acceptability Scale* at ang pagkuha ng kabuoang *mean score* ng anim na institusyon; (3) pagsusuri ng *mean score* sa bawat termino; at (4) paglalathala ng glosari.

Kaugnay ng mga leksikong gawain, ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay bumuo naman ng mga proyektong may kinalaman sa gawaing leksikograpiya. Narito ang mga sumusunod na proyekto:

Una. Glosaryo ng Katawagang Pangkasaysayan (2011) na nakapagtala ng mga katawagang pangkasaysayan na binigyan ng katumbas at kahulugan o maikling paglalarawan sa Filipino. Ito ay buong puwersang pinagtulungan ng mga historyador at mga lingguwista sa ating bansa. Napatunayan sa pag-aaral na ito, na malaki ang papel na ginagampanan ng isang eksperto sa larang at eksperto sa wika upang makapagbigay ng komprehensibong kahulugan.

Ikalawa. Ibanag – Filipino Lexicon ni Bangalan (1994) kung saan ang nilalaman nito ay hinati sa iba't ibang kategorya tulad ng mga katawagan sa pagkakamag-anak, mga araw sa isang linggo, mga buwan ng taon, mga kulay, mga direksyon, mga bahagi ng katawan, mga bahagi ng bahay, mga hayop, mga gamit sa kusina, mga kasangkapan o mga kubyertos, pamilang na kardinal, pamilang na ordinal, praksyon, distribusyon, mga pagkain, mga prutas, mga gulay, mga bulaklak, mga bahagi ng araw at panahon, musika, mahahalagang mga magkasalungat, at pangngalan. Kalakip na rin dito ang panghalip na panao at paari, pang-uri, karaniwang pahayag, paggalang, maikling pananalita at

batayang mga pangungusap. Paalpabeto ang pagkakaayos ng mga salita at pinili ang mga payak na salitang Filipino na may katumbas na Ibanag. Samantala, may parehong nilalaman ang nabuong Pampango–Filipino Lexicon ni Canilao (1998) at Maguindanawan–Filipino Lexicon na parehong proyekto ng KWF. Mapapansing ang hakbang na ginamit ng mananaliksik ay nagsisimula sa pangongolekta ng mga entri at nagtatapos sa balidasyon ng mga leksikon.

Sa panayam kay Francisco (2016) tungkol sa pagbuo ng Espesyal na Diksiyonaryong Bilingguwal sa Print at Brodka Midya, iniisa-isa niya ang mga sumusunod na hakbang: (1) pangangalap ng entri; (2) preliminaryong pagpili ng entri; (3) kongkretisasyon ng mga entri; (4) pagtutumbas ng entri sa Filipino; (5) pagtataya sa bahagi ng pananalita; (6) paglalapat ng mga kahulugan; (7) aktuwal na pagsasalin sa Filipino ng mga kahulugan; (8) pagbasa sa salin; (9) unang rebisyon ng diksiyonaryo; (10) balidasyon ng mga eksperto sa pagsasalin; (11) ikalawang rebisyon ng diksiyonaryo; (12) balidasyon mula sa mga mag-aaral; (13) ikatlong rebisyon ng diksiyonaryo; (14) pag-susulit-basa gamit ang *voice recording*; (15) paghahanda ng pinal na awtput; (16) ikalawang elektronikong pagtatasa sa mga entri at kahulugan; (17) rebisyon; at (18) pinal na awtput.

Mapapansin sa itaas na ang tanging pagkakaiba ng pag-aaral na ginawa ni Francisco, (2016) kumpara sa ibang mga pag-aaral ay ang pagkakaroon ng elektronikong pagtatasa na dala na rin ng pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya sa kasalukuyan. Lumabas sa nasabing pag-aaral na ang labinwalong (18) hakbang na idinedebelop ng mananaliksik tungo sa pagbuo ng diksiyonaryong bilingguwal ay maaaring magamit

bilang proseso sa alinman mang gawaing pagsasalin sa iba't ibang larang tungo sa pagpapaunlad ng wikang Filipino.

Sa binuong kuwadrelingguwal na diksiyonaryo (Pangasinan-Ilokano-Filipino-English) ni Daguison (2016). Inilahad naman niya ang tatlong hakbang sa pagbuo ng diksiyonaryo; (1) pagtatala, pagsasala at pagtitipon ng mga lahok; (2) pagsinop at pagsasaayos ng mga lahok; at (3) balidasyon/pagsusuri ng mga lahok. Samantala, ang pagpili ng mga entri sa pag-aaral na ginawa nina Mosel (2002), Casanova (1998), San Juan (2012), Vergara (2014), Otero et al. (2002) ay hinango mula sa mga nalathalang mga kagamitan o materyales gaya ng aklat, diksiyonaryo, ensayklopedya at iba pang magkatulad na materyales.

Sa kabuoan, ang pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo ay nagsisimula sa paglilista ng mga entri batay sa dalas ng paggamit nito sa komunidad, pagsasalin nito sa *lingua franca*, pagbibigay ng kahulugan ayon sa paglalarawan at kaugnayan nito sa kani-kanilang komunidad, at balidasyon mula sa mga katutubong tagapagsalita upang matiyak ang kawastuhan ng mga kahulugan.

Ang Nakikita at Nakakubling Kultura

Malaki ang papel ng kultura sa alinmang pangkat dahil ito ay nagsisilbing identidad ng isang komunidad. Ang kultura ay nabubuo sa pamamagitan ng kolektibong pananaw ng tao sa loob ng lipunan. Nakapaloob sa pananaw na ito ang pinagsamang kauligian, gawi, paniniwala at tradisyon na maaaring pamana pa ng naunang henerasyon at naipasa sa kasalukuyan (Carlos, 2018). Kasabay ng nagbabagong panahon, nararapat pangalagaan at pahalagahan ang natatanging kultura ng isang pangkat gaya ng

pagsasatitik at dokumentasyon bilang pagpapahalaga sa kontribusyon ng mga katutubo sa kabuoang pagkakilanlan ng mga Pilipino. Samakatuwid, ang pagbuo ng diksiyonaryo ay isa sa mga kongkretong hakbang upang maisakatupran ang hangaring ito.

Sa *cultural iceberg* ni Hall (1989), inihalintulad niya ang kultura sa isang *iceberg* kung saan halos 10% lamang nito ang nakikita sa anumang oras at ang malaking bahagi nito ay nakatago sa ilalim. Batay sa ilustrasyon, ipinakita nito ang kaibahan ng dalawang uri ng kultura na tinawag na *surface culture* at *deep culture* na binigyan ng mananaliksik ng pagsasalin sa Filipino bilang nakikitang kultura at nakakubling kultura. Kabilang sa nakikitang kultura o *surface culture* na ito ay ang pagkain, pagdiriwang, kasuotan, musika, laro, pagtatanghal, sayaw, sining, literatura, at wika. Samantala, ang nakakubling kultura o *deep culture* naman ay tumutukoy sa pamamaraan ng komunikasyon, konsepto tungkol sa pamilya, sarili at iba pa, pakikitungo sa mga nakatatanda, sa lipunan, at sa kapwa, at ang panghuli ay ang mga paniniwala tungkol sa kamatayan, relasyon, at sa mga nangyayari sa kapaligiran.

Sa pag-aaral na ito, tinukoy ng mananaliksik ang mga nakikitang kultura na nakalap sa komunidad ng Mansaka gaya ng pagkain, gamit sa bahay, halaman, hayop, kalikasan, kalusugan, kasuotan, palamuti sa katawan, sayaw, musika, instrumentong pangmusika, laro, lugar, pagdiriwang at hanapbuhay. Samantala, ang mga nakakubling kultura naman ay may kinalaman sa pamilya, magkamag-anak, katawagan, relihiyon, pinuno sa komunidad, pinuno sa seguridad at kapayapaan, eleksiyon, siklo ng buhay, panitikan, tradisyon, paniniwala, seremonya o ritwal, emosiyon at ugali o katangian.

Ang mga uri ng kulturang ito ay nagbibigay-daan upang maipahayag ang pagkatao at lipunang kinabibilangan sa kabila ng mga hamon lalo na ng modernisasyon. Kailangan ding mapanatili ang mga kulturang ito sa pamamagitan ng dokumentasyon katuwang ang mga nasa akademya at iskolar upang hindi ito makalimutan. Dapat nating isaisip na ang kultura ng bawat pangkat ay hindi lamang pagkilala sa nakalipas at kaysaysayan, kundi ito rin ay pagpapanday sa isang progresibo at nagkakaisang lipunan sa kabila ng pagkakaiba-iba.

Ang Tribong Mansaka Bilang Konteksto ng Diksiyonaryo

Ang terminong Mansaka ay hango sa salitang *man* na ang ibig sabihin ay *una* at *saka* na ang ibig sabihin ay *umakyat*. Sa madaling sabi, *ang unang mga taong umakyat sa bundok* (De Leon, 2015; Lewis, 2009; Marfil, 2014). Batay sa iba't ibang teorya tungkol sa kanilang pinanggalingan, ang mga Mansaka ay may pagkakahawig sa mga katangian ng mga Indonesiano kaysa sa mga Malayo. Mapusyaw-pusyaw ang kulay ng kanilang balat, may katamtamang tangos ng ilong, kayumangging buhok, habilog ang hugis ng mukha at mas matangkad nang kaunti kung ikukumpara sa mga magkakalapit na etnikong grupo.

Matatagpuan ang malaking bahagi ng *ancestral domain* ng mga Mansaka sa mga lalawigan ng Davao de Oro at Davao del Norte na parehong matatagpuan sa Rehiyon XI. Lungsod ng Nabunturan ang kapitolyo ng Davao de Oro samantalang Siyudad ng Tagum naman ang Davao del Norte. Karamihan sa tribong Mansaka ay makikita sa mga bukirin sa Hilagang-Silangan bahagi ng Davao *Gulf*, sa Masara, sa itaas na bahagi ng Hijo *River*, sa malalaki at malalawak na kapatagang nasa pagitan ng mga bundok ng Maragusan at sa

pangunahing yamang-tubig ng Agusan. Ang iba sa kanila ay nakatira sa itaas na bahagi ng Ilog Sumlug na humihiwalay sa matataas na bundok ng Maragusan *Valley*.

Ang mga lugar na pinagkunan ng datos ay Barangay Mainit, Barangay Masara, at Barangay Teresa, sa Lungsod ng Maco, Davao de Oro na matatagpuan sa Rehiyon XI. Ayon sa senso ng 2020, ito ay may populasyon na 83,237 na katao at 6,524 na kabahayan. Ang bayan ng Maco ay binubuo ng 37 barangay na kung saan 26 sa mga barangay nito ay itinuturing na *ancestral domain* ng Tribong Mansaka (Montaña, 2019). Ang barangay Mainit, Masara, at Teresa ay matatagpuan sa hilagang-silangan na bahagi ng Maco, Davao de Oro. Batay sa 2020 Census, ang Mainit ay may kabuoang populasyon na 940 katao. Samantala, ang Masara at Teresa ay may populasyon na 1,125 at 2,051 na katao (PhilAtlas, 2020).

Naging lehitimong batayan ng pagpili sa mga nabanggit na lugar ang naitatag na kalipunan ng mga angkan ng Tribong Mansaka ang *Sumpaw ng Inangsabong Mansaka Inc.* (SIMI). Ito ay samahan ng mga unang angkan sa tribong Mansaka na rehistrado sa *Security and Exchange Commission (SEC)* at kasalukuyang pinamumunuan ni *Chairman Aurelio G. Mataas*, isang katutubong Mansaka at residente ng Barangay Teresa. Tiniyak ang pahintulot mula sa pamunuan ng *Indigenous Political Structure (IPS)* sa katauhan ni Mtkdg. Rolando Casigloman sa tatlong barangay upang maisagawa ang pananaliksik sa kanilang lugar.

Agrikultural ang pangunahing pangkabuhayan ng tribo. Ang mga lalaking miyembro ang nangangasiwa sa sakahan na itinakda ng komunidad. Kabilang sa mga gawaing ito ang pagbubungkal ng lupa, pagpapanatili sa katabaan ng lupa, at pagpipigil sa pagka-

kaagnas nito. Ang mga kalalakihan din ang maghahanap ng lugar na puwedeng pagtaniman. Sa kabilang banda, ang mga babae naman ang siyang gumagawa ng mga damit at banig. Tumutulong din sila sa gawaing bukid gaya ng pagtatanim, pagtanggap ng mga damong ligaw at sa panahon ng pag-aani.

Sa larangan naman ng edukasyon, marami sa mga kabataang Mansaka ay pumapasok na sa mga paaralan na naging sanhi rin upang dumaan sa isang mabilis na pagbabago ang kanilang wika. Ayon kay Bia Castillon (2019) sa panahon ng impormal na panayam, hindi maiiwasang hindi makahalubilo at hindi makihalubilo ang mga kabataang Mansaka sa mga tagalabas, kaya naman, unti-unti ring niyakap at tinanggap ng mga bata ang kultura at wika ng mga tagalabas partikular na ang Bisaya. Dagdag pa nito, ang *inter-marriages* na nangyayari at hindi paggamit ng wikang Mansaka sa bahay. Dagdag pa ni Matikadung Mataas (2022) sa panahon pa rin ng impormal na panayam, kadalasan sa mga kabataan ay hindi nakapagsasalita at nakauunawa ng wikang Mansaka, tanging ang mga magulang o ang nakatatanda na lang nila na hindi nakapag-aral ang may kakayahang gumamit nito.

Sintesis

Batay sa mga nakalap na literatura, ang pagbuo ng diksiyonaryo ay may malaking kontribusyon sa pag-iimpok ng impormasyon at kaalaman sa isang komunidad. Naging ganap na sanggunian ang diksiyonaryo sa grupong gagamit nito na may layuning mabigyan ng kalinawan at kahulugan ang isang partikular na termino o salita. Mahalaga rin ang papel ng diksiyonaryo hindi lamang sa pang-akademikong gawain kundi ng kahit

na sinong ordinaryong mamamayan lalo pa't ang diksiyonaryong nabuo ay mula sa minoryang pangkat.

Kabilang sa hakbang upang maging estandardisado ang wika ay ang pagbuo ng diksiyonaryo. Kaya naman, ang nabuong diksiyonaryong Mansaka-Filipino ay malaking ambag sa estandardisasyon ng wikang Filipino kung saan ito ay tutugon hindi lamang sa pangangailangan ng mga mag-aaral, guro, at komunidad, kundi ng pangkalahatan.

Sa pangangalap ng mga entri, mahalagang isaalang-alang ng leksikograper ang pagkakaroon ng organisado at sistematikong hakbang upang maayos na maisatuparan ang layunin. Ang pagbuo ng diksiyonaryo ay hindi lamang nagsisimula sa paglilista ng mga salita at pagbibigay ng kahulugan, at higit sa lahat, hindi rin ito nagtatapos sa isang paalpabetong pagsasaayos nito. Kailangang dumaan ito sa masusing balidasyon mula sa mga eksperto at paulit-ulit na rebisyon batay sa naging rekomendasyon. Kaya, nararapat iayos nang mabuti ang mga hakbang kung paano maisakatuparan ang pagbuo ng diksiyonaryo.

Ang kontekstuwalisadong diksiyonaryo ay naglalayong ipakita hindi lamang ang pormal na kahulugan ng mga salita, kundi pati na rin ang aktuwal na gamit nito sa iba't ibang konteksto ng lipunan, kultura, at disiplina. Mahalagang isaalang-alang ang konteksto sa pagpapaliwanag ng kahulugan ng salita upang maiwasan ang kalituhan at mabigyang-diin ang dinamiko at nababagong katangian ng wika. Ang ganitong uri ng diksiyonaryo ay nagiging mabisang kasangkapan sa pagtuturo ng wika dahil mas madaling maiuugnay ng mga mag-aaral ang mga salita sa kanilang aktuwal na karanasan at disiplina. Kaya naman, ang pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo ay hindi

lamang teknikal na gawain kundi isang prosesong nangangailangan ng panlipunan, kultural, at pedagogikal na sensibilidad.

Ang proseso ng pagbuo ng diksiyonaryo ay isang masalimuot at sistematikong gawain na nagsisimula sa pagtukoy at pagpili ng mga salitang isasama, na kadalasang batay sa korpus ng wika o mga teksto na sumasalamain sa aktuwal na paggamit ng mga salita sa iba't ibang konteksto. Maliban pa nito, ang paggawa ng diksiyonaryo ay hindi lamang isang teknikal na proseso, kundi isa itong pedagogikal na gawain na naglalayong matugunan ang pangangailangan ng mga gumagamit sa iba't ibang larangan ng wika at komunikasyon.

Ang diksiyonaryong Mansaka-Filipino na nabuo ay magagamit sa pagtuturo at pagkatuto lalo na ng mga mag-aaral na Mansaka sa Maco, Davao de Oro. Ito rin ang magsisilbing kasangkapan ng paaralan sa loob ng komunidad upang magkaunawaan para sa epektibong pakikipagtalastasan. Tulay rin ito upang matutuhan ng mga tagalabas ang mga salitang Mansaka at kalauna'y kilalanin at pahalagahan ang kultura at tradisyon ng minoryang pangkat nang sa ganoon ay maiwasan ang diskriminasyon.

Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral

Sa bahaging ito, makikita ang pagtalakay sa mga batayang teorya at simulain sa pagbuo ng diksiyonaryo at ang proseso ginamit kung paano nabuo ang kontekstuwalisadong diksiyonaryong Mansaka-Filipino.

Simulain sa Pagbuo ng Diksiyonaryo

Sa pag-aaral na ito, naging batayan ang mga teorya at simulain nina Miclat (2002); Olivera (2010); Olivera at Tarp (2011); at Svensén at Svensén (1993) tungkol sa leksikograpiya at kahalagahan ng diksiyonaryo maging ito man ay sa layuning personal, pang-akademiko at pambansang programang pangwika.

Sa pagbuo ng diksiyonaryo, inaasahang ito ay mag-aakay sa sinomang nagnanais na makamtan ang walang katapusang proseso ng pagkatuto kaya naman ito’y maingat na tinitipon batay sa wika ng isang komunidad (Olivera, 2010; Zgusta et al., 2010). Kaugnay nito, magsisilbi rin itong imbakan ng isang partikular na grupo kung saan mahahanap ang mga termino maging ito’y buhay o patay (Sterkenburg, 2003). Samakatuwid, ang diksiyonaryong nabuo ay pagpapatibay at pagganyak sa iba’t ibang kalipunan ng mga mag-aaral at indibidwal upang gamitin ito sa pagpapayaman ng katutubong wika.

Ayon kay Jackson (2013), maituturing na diksiyonaryo ang isang diksiyonaryo kapag sumusunod sa estruktura gaya ng may depinisyon, bahagi ng pananalita, bigkas, at iba pang detalye. Ang bilang ng mga lahok sa bawat uri ng diksiyonaryo ay nag-iiba depende naman sa layunin at saklaw nito. Dagdag naman ni Miclat (2002), ang diksiyonaryo bilang pangkalahatang rekord ay naglalahad kung paano ginagamit ang isang wika sa isang partikular na sitwasyon.

Sandigan din ang *Simultaneous Feedback* nina Gilles et al. (2000) na kung saan kinilala nila na ang proseso ng pagbuo ng diksiyonaryo ay binubuo ng ito ng tatlong pangunahing bahagi: (1) ang gagamit, (2) ang gumagawa; at (3) ang diksiyonaryo. Isinaalang-alang at binigyang-diin ng mananaliksik ang potensiyal na gagamit ng

diksiyonaryo – ang komunidad ng Mansaka. Nagkaroon ng konsultasyon ang mananaliksik sa paraang pormal at di-pormal na pakikipag-usap sa mga tao sa komunidad upang matukoy at mapunan ang pangangailangan. Sa tulong ng mga eksperto sa komunidad o *cultural master*, nalaman ang puna, komento, at suhestiyon ng mga gagamit ng diksiyonaryo sa panahon ng balidasyon.

Inilapat ng mananaliksik ang *lexicographic practice* nina Hartmann at James (2002) gaya ng mga sumusunod: (a) *fieldwork* - kung saan ang mananaliksik ay nakikisalamuha, nag-observa, nagtanong-tanong, nagpanayam sa mga kuwalipikadong tao sa komunidad at saka ginawa ang pangangalap at paglilista ng mga salitang lahok; (b) deskripsiyon – isinaayos ng mananaliksik ang mga nakalap na entri batay sa pagkakategorya nito ayon sa materyal na kultura gaya ng pagkain, halaman, kagamitan, hayop, at di-materyal na kultura kagaya ng siklo ng buhay, tradisyon, paniniwala, ritwal; (c) presentasyon – sa bahaging ito, kasabay ng pagwawasto (*proofreading*), ipinasuri ng mananaliksik ang nabuong diksiyonaryo sa mga eksperto sa komunidad (*cultural master*) at eksperto sa wika; at (d) rebisyon – matapos maisa-isa ng mananaliksik ang mga mungkahi at rekomendasyon ng mga eksperto isinagawa ang pinal na pagbabago para sa ikabubuti at ikagaganda ng nabuong diksiyonaryo.

Samantala, inilatag naman ni Mosel (2002) ang mga pamamaraan upang madaling maisakatuparan ang pagtatala ng mga leksikon. Ayon sa kaniya, mas epektibong ilalahad ang mga ito sa tematikong paraan dahil maaari itong tapusin kahit sa maikling panahon, kaya nitong tugunan ang siyentipikong pamantayan at nagiging interesante rin ito sa mga taong napabilang sa isang komunidad. Ikinategorya ng mananaliksik ang mga terminong

nakolekta upang maipakita ang tematikong paraan ng paghahanay, binigyan ito ng katumbas na kahulugan ayon sa konteksto ng tagapagsalita at saka ang balidasyon.

Sa pangangalap ng mga datos, naging gabay naman ang *active eliciting* ni Mosel (2002) kung saan aktibong nakisangkot ang mga kalahok sa pamamagitan ng pagbibigay ng awtentikong pahayag. Aktibong ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang mga gawain sa araw-araw, kasama na rin ang mga katawagang makikita sa kanilang paligid, at marami pang iba. Bunga nito, nagkaroon ng malalim na pag-unawa ang mga kalahok sa ginagawang pag-aaral dahil sa aktibo silang nakisali sa mga gawain kaugnay sa pag-aaral.

Sa pagsasaayos ng mga entri, ginamit ang mga simulain nina Zgusta et al. (2010) at Svensén at Svensén (1993) kung saan paalpabetong inaayos ang mga ito ayon sa bay-bay, pagkatapos ay inilarawan ang katangian ng salita ayon sa pagbigkas nito. Matapos matukoy ang mga ito, kinilala kung anong bahagi ng pananalita ang mga entri at saka ibinigay ang deskripsiyon at kultural na kahulugan ng salita ayon sa konteksto ng tribong Mansaka.

Proseso sa Pagbuo ng Diksiyonaryo

Ang isang gawain ay nagbubunga ng magandang resulta kung maayos at organisado ang pamamaraan na sinusunod at naisasakatuparan ito sa tulong ng isang malinaw na plano. Kapag organisado at may sistema, madaling nakakamtan ang layunin dahil nagagabayan ang sinoman sa gawain. Higit sa lahat, ang pagkakaroon ng isang maayos at sistematikong proseso ay tumutulong sa paglutas ng mga posibleng suliranin at magbubunga ng mga de-kalidad na produkto.

Nabuo ang prosesong 5K (Komunidad, Koleksiyon, Kategorisasyon, Kontekstuwalisasyon, at Konsultasyon) batay sa mga simulain a naunang pag-aaral tungkol sa pagbuo ng diksiyonaryo kung saan nagmula sa komunidad ang mga leksikal na aytem, gumamit ng pormal at di-pormal na pamamaraan sa panahon ng koleksiyon ng mga datos, nag-sagawa ng kategorisasyon ayon sa nakikita at nakakubling kultura (S. Hall, 1978), ang kontekstuwalisasyon sa mga kahulugan ng mga entri ay naaayon sa kultural na paglalarawan at paggamit ng komunidad, at ang panghuli, isinagawa ang konsultasyon sa parehong mga eksperto sa kultura at wika upang matiyak ang kawastuhan ng mga kahulugan.

Narito ang detalyadong pagpapaliwananag sa bawat hakbang o proseso kung paano nabuo ang kontekstuwalisadong diksiyonaryo:

Komunidad. Ito ay tumutukoy sa lugar na pagkukunan ng datos. Isang katotohanang di-mapasusubalian na malaki ang papel ng komunidad bilang imbakan ng kultura at tradisyon ng isang pangkat. Pinagbubuklod nito ang mga tao na nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa at ugnayan. Kaya naman, nararapat lamang na isaalang-alang ng mga leksikograper ang pangkat o komunidad dahil sa kanila manggagaling ang mga leksikal na aytem. Sa pag-aaral na ito, tinukoy ang tribong Mansaka bilang target na komunidad sa hangaring makatulong sa dokumentasyon ng kanilang wika at kultura dahil sa pangambang mawala ito dulot ng iba't ibang salik gaya ng modernisasyon, migrasyon, *inter-marriage*, at iba pa.

Ang diksiyonaryong nabuo ay hindi lamang pagtitipon ng mga leksikal na aytem kundi ito rin ay pagpapahalaga sa tradisyon at paniniwala ng pangkat na nararapat

maipreserba para sa darating na henerasyon. Ang kaisipang inilahad sa unahan ay pagpapatunay sa sinabi nina Bergenholtz et al. (2009) at Olivera (2010) na isa sa mga parametro sa leksikograpiya ay ang gagamit o makikinabang sa diksiyonaryo kung saan ang produkto nito ay gawa at galing mismo sa mga tao. Kung wala ang mga indibidwal na ito na siyang pinag-uugatan ng lahat ng mga impormasyon hindi magiging ganap ang leksikong gawain. Sa madaling salita, mahalagang kilalaning mabuti ng leksikograper ang komunidad na napili at alamin ang gawi, ugali at protokol ng komunidad upang maayos na mailatag ang rasyonale ng bubuoing diksiyonaryo.

Koleksiyon. Isa sa mga tungkulin ng leksikograper ay ang maingat at maayos na pagpapalano kung paano maisakatuparan ang layunin. Mahalaga ang pagkakaroon ng sistematikong plano dahil magsisilbi itong kompas na gagabay sa susunod na hakbang. Sa kabilang banda, hindi rin maiiwasan na sa anumang konteksto may mga pagkakataong sinusubok ang sinomang leksikograper at lilihis nang kaunti sa planong nabuo dahil iba ang hinihingi ng sitwasyon. Kaya naman, nararapat na maging bukas ang isipan sa anumang posibleng mangyayari.

Sa ginawang pag-aaral, inaalang muna ng mananaliksik ang mga protokol bago pumasok sa komunidad sa tulong ng *informant*. Mahalagang maisagawa ito dahil ang mga kasangkot ay mga katutubong pangkat. Matapos maiayos ang lahat, saka pa lamang humingi ng pahintulot mula sa pinakamataas na katungkulan pababa. Kasabay ng pakikipag-usap sa kinauukulan ay ang pagbibigay naman ng kopya ng *research proposal* at pagpapaliwanag sa layunin, proseso at magiging produkto nito.

Sa panahon ng Koleksiyon, ang mananaliksik ay nag-oberba, nagtanong-tanong, nakipagkuwentuhan, nakisama, nakipanuluyan, at nagsagawa ng panayam sa loob ng komunidad kung saan nakaangla sa simulain tungkol sa pagsasagawa ng katutubong pamamaraan ng pangangalap ng datos nina Santiago (1977), Gonzales (1977), De Vera (1976), Nery (1979), at Henson (1977). Maraming hamon ang naranasan sa panahon ng pangangalap, may mga pagkakataong natukoy na sana ang kalahok batay sa mga pamantayang inilahad ngunit wala naman itong kompiyansa na magbahagi ng kaalaman sa kadahilanang hindi siya sigurado kung masasagot niya ang lahat ng mga tanong. May mga pagkakataon namang hindi natutuloy ang itinakdang pagsasagawa ng panayam sa ibang kadahilanan. Patunay ito sa sinabi ni Zgusta et al. (2010) na mahirap ang leksikograpiyang gawain dahil sa katagalan ng pagsasakatuparan nito. Kailangang maglaan ang sinoman ng panahon, pera, pasensiya at determinasyon lalo na sa panahon ng pagsubok.

Kategorisasyon. Matapos mapagtagumpayan ang mahabang proseso ng pangangalap ng entri, kailangang maisaayos ang mga ito ayon sa klasipikasyon ng kultura. Sa konteksto ng pag-aaral, hinati sa dalawang pangunahing kategorya ang mga leksikon bilang nakikitang kultura na kinabibilangan ng pagkain, gamit sa bahay, halaman, hayop, kalikasan, kasuotan, palamuti sa katawan, sayaw, musika at awit, instrumentong pangmusika, tradisyonal na laro, pagtukoy sa lugar, pagdiriwang o pagtitipon, at hanapbuhay. Samantala, ang nakakubling kultura naman ay may kinalaman sa pamilya, magkamag-anak, relihiyon, pinuno sa komunidad, pamamaraan sa pagpili ng lider, siklo

ng buhay, panitikan, tradisyon, paniniwala, seremonya/ritwal, at ugali/katangian na parehong hango sa *cultural iceberg* ni Hall (1989).

Kasama sa kategorisasyon ay ang pagtukoy sa tamang bigkas ng leksikon. Sa tulong nito, nagagabayan lalo na ang mga tagalabas kung paano bigkasin ang isang termino. Ipinasuri ang mga leksikal na aytem sa parehong eksperto sa wika at kultura upang mailapat ang tamang palabigkasan. Kasunod naman nito ang pagtukoy sa bahagi ng pananalita. Ang mga hakbang na ito ay hango sa ginawang pag-aaral nina Casanova (1998) at Francisco (2016) kung saan isinaalang-alang ang ikatlong parametro sa leksikograpiya ang *datos*. Patunay rin ito sa sinabi nina Sterkenburg (2003) at Svensén at Svensén (1993) na isa sa katangian ng diksiyonaryo ay nagpapakita ng pagbaybay at pagbigkas upang magamit sa espesipikong sitwasyon.

Kontekstuwalisasyon. Malaki at mahalaga ang ambag ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo ng wika dahil higit na nabibigyang diin ang ugnayan ng wika at kultura ng isang pangkat. Sa tulong din ng kontekstuwalisasyon, nabibigyan ng pagkakataon ang isang komunidad na mailahad ang natatanging kaalaman ng isang pangkat at maibahagi ang mga ito sa mga tagalabas. Sa layuning maunawaan ng mga tagalabas ang mga leksikal na aytem sa Mansaka, isinalin ito sa Filipino habang ang mga entri na walang tahasang salin sa Filipino at binigyan naman ng deksripsiyon.

Sa pagsasaling kultural sa mga nakolektang entri ito ay nagsusulong ng mas malalim na katuturan ng mga salita sa kultura ng isang pamayanan. Ito ay higit pa sa isang literal na kahulugan dahil naiimpluwensyahan ito ng konteksto ng kultura kung saan ito'y ginagamit ang isang salita o simbolo. Kalimitan, may mga salitang hindi na

gaanong ginagamit sa makabagong panahon ngunit ang kultural na kahulugan nito ay mananatiling buhay at may ambag sa kaugalian, tradisyon, at pamumuhay ng isang pamilyanan (Angelone, 2024). Nagbibigay-daan din ito sa mga konsepto, tradisyon, o simbolismo ng isang pangkat upang direktang maiintindihan ng iba. Kung maayos na nagawa ang mga ito, makatutulong ito sa pagpapabuti ng komunikasyon, pag-iwas sa hindi pagkakaunawaan, at paggalang sa paniniwala at gawi ng iba. Sa ganitong paraan, ang pagsasalin ng kultura ay nagiging behikulo sa pagpapanatili sa espiritu at diwa ng orihinal na mensahe habang iniangkop ito sa target na kultura o pangkat.

Pagkatapos ng pagsasalin o pagbibigay ng deskripsiyon, binigyan ng kultural na kahulugan ang mga leksikal na aytem. Ang kultural na kahulugan ay tumutukoy sa mga deskripsiyong nakakabit sa isang salita, simbolo, o kilos batay sa mga paniniwala, tradisyon, at kaugalian ng isang partikular na pangkat. Sa pag-aaral na ito, mismong ang mga kalahok at mga miyembro ng komunidad ang nagbigay ng deskripsiyon at paliwanag sa mga natukoy na entri. Ibig sabihin, ang kultural na kahulugan ay naaayon sa konteksto, gamit ng salita, at kultural na kaugnayan sa komunidad ng Mansaka kaya, naging katangi-tangi ang diskisionaryong nabuo. Naipakita ang kontekstuwalisasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan nito ayon sa gamit at pagkaunawa ng mga miyembro ng tribo. Samakatuwid, ang kultural na kahulugan na nabuo ay naaayon sa deskripsiyong ibinahagi ng mga kalahok.

Konsultasyon. Ang balidasyon ay isang napakahalagang hakbang upang matingnan ng mga eksperto ang kawastuhan ng mga naisamang entri sa diskisionaryo. Mahalagang maisagawa ang pagrebyu sa mga kahulugan ng mga katutubong salita sa tulong

ng mga eksperto sa kultura ng komunidad. Sa kabilang banda, mainam ding masuri ang kawastuhan ng gramatika at naisaling salita sa tulong ng mga dalubhasa sa wika. Sa bahaging ito, sinusuri ng mga eksperto ang napiling leksikal na aytem na isinama sa diksiyonaryo, kaangkupan ng mga deskripsiyong ginamit, at kawastuhan ng kahulugang ibinigay.


Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang balidasyon sa mga salitang kabilang sa diksiyonaryong Mansaka-Filipino. Sa pagpapatibay ng kawastuhan sa mga naisaling salita, sumangguni ang mananaliksik sa tatlong dalubhasa sa katutubong wika at kultura ng mga Mansaka (*cultural master*). Sa naging resulta ng balidasyon, napatunayang lubos na katanggap-tanggap ang mga naibigay na pagsasalin o deskripsiyon at ang mga ito ay nabigyan ng angkop na kultural na kahulugan ayon sa konteksto ng mga katutubong Mansaka. Pagkatapos masuri ng mga eksperto sa kultura, sumangguni naman ang mananaliksik sa tatlong eksperto sa wika upang masuri naman ang aspetong gramatikal ng diksiyonaryo. Batay sa naging resulta ng balidasyon, napatunayang lubos na katanggap-tanggap ang paglalapat ng kahulugan sa konteksto ng wikang Filipino. Pagkatapos ng balidasyon, isinagawa ang rebisyon ng diksiyonaryo ayon sa naging mungkahi at suhestiyon ng dalawang grupo ng mga eksperto.

Gaya ng mga nabanggit sa unahan, ang lahat ng mga entri na napasama sa diksiyonaryo ay nagsimula sa natukoy na Komunidad at ang mga Koleksiyon ng mga leksikal na aytem ay sa loob rin mismo ng komunidad. Sa kabuoan, ang nadebelop na diksiyonaryong Mansaka-Filipino ay dumaan sa limang proseso at sa bawat hakbang ay kaakibat mabusising pagsusuri upang mapabilang ang isang leksikal na aytem sa diksiyonaryo.

Dahil dito, ang kakayahang lingguwistiko ng isang mananaliksik ay mahalaga sa pagpapayaman ng kaalaman at sa preserbasyon hindi lang ng mga katutubong wika ng isang tenikong pangkat kundi maging kultura sa kabuoan.

Pigura 1

Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral



Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryong Mansaka-Filipino. Naisakatuparan ng mananaliksik ang hangaring na ito batay sa sumusunod na tiyak na mga layunin:

1. Makapangalap ng mga korpus sa komunidad ng Mansaka
2. Maikatergorya ang mga salita ayon sa dalawang uri ng kultura: (a) nakikitang kultura; at (b) nakakubling kultura
3. Matumbasan sa Filipino at kultural na kahulugan ang mga katutubong salita ng Mansaka
4. Mataya ang nabuong diksiyonaryo: (a) eksperto sa komunidad; at (b) eksperto sa wika

Saklaw at Limitasyon

Saklaw sa pag-aaral na ito ang pagbuo ng diksiyonaryong Mansaka-Filipino kung saan ang mga entri ay wikang Mansaka at saka binigyan ng kultural na kahulugan sa Filipino. Ang mga nakalap na entri ay nagmula sa komunidad ng tribong Mansaka sa Maco, Davao de Oro, partikular na sa mga barangay ng Mainit, Masara at Teresa. Napili ang nasabing mga komunidad dahil sa higit na nakararami ang bilang ng mga katutubong Mansaka na naninirahan dito kumpara sa ibang mga barangay na sakop ng bayan ng Maco. Maliban pa rian, ang pagkakaroon ng lubos na kaalaman sa wika at kultura ng tribo ay binigyang konsiderasyon din sa pagpili ng lugar para sa pag-aaral na ito.

Panayam at obserbasyon ang pangunahing pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos. Ang mga nakalap na entri ay mula mismo sa mga naging sagot ng mga kalahok sa panahon ng IDI (*in-depth interview*) at FGD (*focus group discussion*). Ang mga natukoy na kalahok ay mga matatanda at mga indibidwal na may angking malalim na kaalaman tungkol sa tribo. Lubos ang paniniwala ng mananaliksik na may sapat na kakayahan ang mga natukoy na indibidwal upang matugunan ang kahingian ng pag-aaral kung saan kinakailangang mabatid at makapagbigay ng lehitimong impormasyon tungkol sa mga katangi-tanging kultura ng tribong Mansaka.

Ang mga salita ay pinili batay sa naging sagot ng mga kalahok at miyembro ng komunidad. Binibigyang-diin na ang mga salitang napasama sa diksiyonaryo ay may kultural na gamit at kabuluhan sa tribong Mansaka.

Kahulugan ng mga Termino

Sa ikalilinaw ng pag-aaral na ito, binigyang kahulugan ang sumusunod na kaisipan batay sa pagtalakay ng mga eksperto at binigyang paliwanag ng mananaliksik batay sa pagkakagamit nito sa panahon ng pag-aaral.

Diksiyonaryo. Isang imbakan ng impormasyon na nakaayos nang paalpabeto at ginagamit bilang sanggunian ng isang indibidwal o mag-aaral upang alamin ang kahulugan o impormasyon ng isang partikular na salita (buhay man o patay) batay sa pangangailangan ng isang sitwasyon (Jackson, 2013; Sterkenburg, 2003). Sa pag-aaral na ito, ang diksiyonaryo ay tumutukoy sa mga entri na nakalap sa komunidad ng Mansaka. Binigyang-kahulugan ang mga salitang katangi-tangi batay sa kanilang tugon. Tematiko

itong inaayos na may katumbas na kahulugan o deksripsyon sa wikang Filipino upang maunawaan ng mga tagalabas. Ang mga entri ay nasa wikang Mansaka at ang kahulugan naman ay nasa wikang Filipino.

Kontekstuwalisadong Diksiyonaryo. Isang diksiyonaryo na nagpapakita kung paano ginagamit ang salita sa araw-araw na pamumuhay at ang kahulugan nito ay hindi humihiwalay sa konteksto ng mga gumagamit o ng komunidad (Newmark, 2008; Svensén, 2009). Sa pag-aaral na ito, ang kontekstuwalisadong diksiyonaryo ay tumutukoy sa nabuong diksiyonaryong Mansaka-Filipino kung saan ang mga salita ay nagmula mismo sa komunidad at kahulugan ay may kultural na kaugnayan sa tribo.

Kontekstuwalisasyon sa Diksiyonaryo. Ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapalawak at pagbibigay ng kahulugan sa mga salita batay sa tiyak na gamit, sitwasyon, at kultura kung saan ito ginagamit (Béjoint, 2010). Sa pag-aaral na ito, inilarawan sa kontekstuwalisadong diksiyonaryo ang lokal na kahulugan ng salita upang mai-pakita ang kultural na kaugnayan kahulugan ng salita batay sa konteksto ng komunidad.

Leksikogapiya. Ito ay tumutukoy sa teorya at praktikal na proseso ng paglilista ng mga salita, pagpapakahulugan, at pagbibigay ng kaugnay na impormasyon tulad ng etimolohiya, bahagi ng pananalita, at paggamit ng mga salita sa konteksto (Hartmann at James, 2002). Sa pag-aaral na ito, ito ay paglilista ng mga entri mula sa komunidad ng Mansaka kung saan ito'y paalpabetong inayos, binigyan ng katumbas sa Filipino, tinukoy ang bahagi ng pananalita. ikinategorya ayon sa materyal at di-materyal na kultura at saka binigyan ng kultural na kahulugan.

Leksikal na Aytem. Ito ay tumutukoy sa isang salita, parirala, o ekspresyon na may partikular na kahulugan sa isang wika. Ito ay maaaring simpleng salita o isang komplikadong parirala (Crystal, 2008). Sa pag-aaral na ito, ang leksikal na aytem ay mga entri o salita na likas mula sa tribong Mansaka na binigyan ng kultural na kahulugan sa Filipino kaya nakabuo ng diksiyonaryong Mansaka-Filipino.

Kultural na Aytem. Tumutukoy sa anumang bagay, kaugalian, paniniwala, o simbolo na may kaugnayan sa kultura ng isang komunidad. Ito ay maaaring nakikita o nakakubling kultura na nagsisilbing mahalagang identidad ng isang lipunan o pangkat (Guillermo, 2010). Sa pag-aaral na ito, ang kultural na aytem ay tumutukoy sa mga entri o salita mula sa tribong Mansaka na binigyan ng kultural na kahulugan batay sa paniniwala at tradisyon ng tribo.

Lokalisasyon. Isang proseso ng adapsiyon ng isang produkto o serbisyo upang matugunan ang pangangailagan ng isang partikular na grupo, kultura o komunidad (Pecson, 2014). Sa pag-aaral na ito, ang lokalisasyon ay tumutukoy sa paggamit ng mga materyal at di-materyal na kultura, paniniwala o tradisyon na makikita sa komunidad upang gamitin bilang lunsaran sa pagbuo ng mga kagamitang pagtuturo gaya ng diksiyonaryo.

Nakikitang Kultura. Ito ay tumutukoy sa 10% na uri ng kultura na nakikita o *surface culture* batay sa *cultural iceberg* ni (E. T. Hall, 1976). Kabilang dito ay ang pagkain, pagdiriwang, kasuotan, musika, laro, pagtatanghal, sayaw, sining, literatura, at wika. Sa pag-aaral na ito, ito ay tumutukoy sa mga leksikal na aytem ng nakikitang kultura ng tribong Mansaka na kinabibilangan ng pagkain, gamit sa bahay, halaman, hayop,

kalikasan, kalusugan, kasuotan, palamuti sa katawan, sayaw, musika, instrumentong pangmusika, laro, lugar, pagdiriwang at hanapbuhay.

Nakakubling Kultura. Ito ay tumutukoy sa 90% na uri ng kultura na nakakubli o *deep culture* batay sa *cultural iceberg* ni Hall (1989). Napabilang sa kategoryang ito ang pamamaraan ng komunikasyon, konsepto tungkol sa pamilya, sarili at iba pa, pakikitungo sa mga nakatatanda, sa lipunan, at sa kapwa, at ang panghuli ay ang mga paniniwala tungkol sa kamatayan, relasyon, at sa mga nangyayari sa kapaligiran. Sa konteksto ng pag-aaral, ito ay tumutukoy sa mga leksikal na aytem tungkol sa nakakubling kultura ng tribong Mansaka na may kinalaman sa pamilya, magkamag-anak, katawagan, relihiyon, pinuno sa komunidad, pinuno sa seguridad at kapayapaan, eleksiyon, siklo ng buhay, panitikan, tradisyon, paniniwala, seremonya o ritwal, emosiyon at ugali o katangian.

Pagsasakatutubo. Pagsasalokal at pagsasakonteksto ng isang kaisipan, teorya o proseso upang magkaroon ng malalim na kaugnayan at kabuluhan sa isang pangkat ang isang gawain tungo sa isang makabuluhang awtput (Cheng, 2001). Sa pag-aaral na ito, ang pagsasakatutubo ay tumutukoy sa kung paano inilapat ng mananaliksik ang mga hakbang sa pagbuo ng diksiyonaryo ayon sa konteksto ng tribo. Sa pangkalahatan, ang pangangalap ng datos ay nangyayari at nagsisimula mismo sa komunidad. Lahat ng mga nakalap na entri ay awtentikong nakuha mula sa mga kalahok. Binigyan ito ng deskripsyon o katumbas sa Filipino batay sa mga pahayag at paglalaawan ng mga kalahok.

Tribong Mansaka. Ang salitang Mansaka ay hango sa salitang *man* na ang ibig sabihin ay *una* at *saka* na ang ibig sabihin ay umakyat. Sa madaling salita, *ang unang mga taong umakyat sa bundok* (De Leon, 2015; Lewis, 2009; Marfil, 2014). Matatagpuan

ang malaking bahagi ng *ancestral domain* ng mga Mansaka sa mga lalawigan ng Davao de Oro at Davao del Norte na parehong matatagpuan sa Rehiyon XI. Sa pag-aaral na ito, ang tribong Mansaka ay tumutukoy sa lugar na pinagkunan ng datos partikular na sa mga barangay ng Mainit, Masara at Teresa sa bayan ng Maco, Davao de Oro kung saan higit na maraming Mansaka ang nakatira rito.

Kabanata 2

Metodolohiya

Sa ikalilinaw kung paano isinagawa ang pag-aaral, detalyadong inilahad sa kabanatang ito ang mga pamamaraan kung paano napagtagumpayan ang nakalatag na mga layunin at inaasahang bunga ng pananaliksik. Ang paglalapat sa mga natutuhang simulain ay nakaangkla mula sa mga kaisipan ng mga eksperto sa kani-kanilang larangan.

Disenyo ng Pag-aaral

Sandigan ng pag-aaral na ito ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik ni Creswell (2009, 2014); Creswell at Poth (2018) gamit ang etnolingguwistikong pamamaraan ng pangangalap ng datos. Ang nasabing pamamaraan ay nakatuon sa masusing pagsusuri ng wika, kultura, at kaugnay na mga salik sa lipunan sa pag-unawa ng mga karanasan, konteksto, at kahulugan. Kaya naman sa pag-aaral na ito, binigyang-diin ng mananaliksik ang mga naratibo at obserbasyong nakalap sa loob ng tribong Mansaka sa pamamagitan ng panayam at malayang pagpapasagot sa mga *open-ended question*. Ayon kay Paz (2005), malaki ang naitutulong ng pagbibigay ng mga *open-ended question* dahil nabibigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na maipaliwanag at mailarawan nang malinaw at maayos ang mga tugon dahil hindi nalilimitahan ang pagpapahayag ng kanilang kaalaman.

Isinagawa ang pormal at di-pormal na panayam sa loob ng komunidad sa tulong ng *interview script* na binuo ng mananaliksik. Sa hangaring makakuha ng awtentiko at

komprehensibong datos, isinagawa ang IDI (*in depth interview*) at FGD (*focus group discussion*) sa mga kuwalipikadong kalahok. Maliban pa nito, nakatulong din ang pag-lulublob ng mananaliksik sa loob ng komunidad upang masuri ang kilos, ugali, at interaksyon ng mga Mansaka sa natural na kapaligiran.

Lugar ng Pag-aaral

Makikita sa mapang ito ang lugar na pinagkukunan ng datos kung saan ito ay isinagawa sa mga barangay ng Mainit, Masara, at Teresa, sa Lungsod ng Maco, na sakop sa probinsiya ng Davao de Oro. Ang nasabing probinsiya ay matatagpuan sa Rehiyon XI (Davao Region) kung saan ang sentro nito ay ang Lungsod ng Nabunturan. Ang nasabing lalawigan ay napapaligiran ng Davao del Norte sa Kanluran, Agusan del Norte sa Hilaga, Davao Oriental sa Silangan, at Davao Gulf sa Timog-Kanluran. Sa senso ng 2020, ito ay may populasyon na 83,237 na katao at 6,524 na kabahayan. Ang bayan ng Maco ay binubuo ng 37 barangay na kung saan 26 sa mga barangay nito ay itinuturing na ancestral domain ng Tribong Mansaka.

Pigura 2*Mapa ng Davao De Oro*

Makikita ang malaking bahagi ng *ancestral domain* ng mga Mansaka sa lugar ng Davao de Oro at Davao del Norte. Ang Tribong Mansaka ay makikita sa mga bukirin sa Hilagang-Silangan bahagi ng Davao Gulf, sa Masara, sa itaas na bahagi ng Hijo River, sa malalaki at malalawak na kapatagang nasa pagitan ng mga bundok ng Maragusan at sa pangunahing yamang-tubig ng Agusan. Ang iba sa kanila ay nakatira sa itaas na bahagi ng Ilog Sumlug na humihiwalay sa matataas na bundok ng Maragusan Valley.

Sa ngayon, madali na ang transportasyon at komunikasyon dahil maayos na ang mga kalsada. Naaabutan na sila ng serbisyo ng pamahalaan maging lokal man o nasyonal. Gayunpaman, mayroon pa ring ibang bahagi ng Maragusan Valley na hindi kayang

abutin ng komunikasyon dahil nasa matataas na bukid na siyang nagiging hadlang sa pag-abot at paghatid ng impormasyon.

Ang barangay Mainit, Masara, at Teresa ay matatagpuan sa hilagang-silangan na bahagi ng Maco, Davao de Oro. Batay sa 2020 Census, ang Mainit ay may kabuoang populasyon na 940 katao. Samantala, ang Masara at Teresa ay may populasyon na 1,125 at 2,051 na katao (PhilAtlas, 2020). Naging lehitimong batayan ng pagpili sa mga nabanggit na lugar dahil kinikilala ang mga barangay na ito bilang bahagi ng *ancestral domain* ng Mansaka. Katunayan, dito nakabase ang naitatag na kalipunan ng mga angkan ng Tribong Mansaka ang *Sumpaw ng Inangsabong Mansaka Inc.* o SIMI. Ito ay samahan ng mga unang angkan sa tribong Mansaka na rehistrado sa *Security and Exchange Commission (SEC)* at kasalukuyang pinamumunuan ni Chairman Aurelio G. Mataas, isang katutubong Mansaka at residente ng Barangay Teresa.

Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga piling miyembro ng tribong Mansaka sa tatlong barangay gaya ng Mainit, Masara at Teresa sa Lungsod ng Maco, Davao de Oro. Pinili ang mga kalahok ayon sa mga sumusunod na pamantayan: (1) mamamayang nasa edad 50 pataas; (2) ipinanganak at lumaki sa mismong komunidad; (3) marunong at bihasa sa pagsasalita ng wikang Mansaka; at (4) mayaman ang kaalaman tungkol sa mga nakikita at nakakubling kultura ng komunidad.

Gamit ang *purposive sampling*, tinukoy ng mananaliksik ang 18 residente mula sa mga lugar na nabanggit. Ang mga ito ay ang mga kalahok sa isinagawang IDI (*in-depth*

interview) at FGD (*focus group discussion*). Ang distribusyon ng mga kalahok ay makikita sa talahanayan sa ibaba.

Talahanayan 1

Distribusyon ng mga Kalahok n=18

Panayam	Kasarian					
	Lalaki		Babae		Kabuoan	
	f	%	f	%	f	%
<i>In-Depth Interview (IDI)</i>	0	0.00	6	33.33	6	33.33
<i>Focus Group Discussion (FGD)</i>	5	27.78	7	38.89	12	66.67
Kabuoan	5	27.78	13	72.22	18	100.00

Pangongolekta ng mga Datos

Ang mga sumusunod na hakbang ay isinagawa upang maisakatupran ang pag-aaral na ito. Una, paghingi ng permiso sa mga kinauukulan. Ikalawa, paghahanda ng gabay na panayam. Ikatlo, pagtukoy sa kalahok ng pag-aaral at ang panghuli ang pangangalap ng datos.

Binalikan ng mananaliksik ang nakarekord na sagot upang maisagawa ang transkripsiyon at saka ikinategorya ang mga nakalap na datos ayon sa nakikita at nakakubling kultura. Ipinarinig sa isang eksperto sa wika ang inirekord na panayam upang malagyan ng diin ang mga salita bilang gabay sa tamang pagbigkas nito. Isinaayos ito nang paalpbeto at binigyan ng katumbas na salita sa Filipino. Pagkatapos nito, tinukoy ang bahagi ng pananalita at binigyan ng kultural na kahulugan.

Paghingi ng Permisong sa Pagsasagawa ng Pag-aaral. Binigyang konsiderasyon sa panahon ng pangongolekta ng datos ay ang komunidad na pagkukunan ng impormasyon (Creswell at Poth, 2018) kung saan ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa mga kinauukulan upang makapagsagawa ng pag-aaral. Nagpadala ang mananaliksik ng liham pahintulot kalakip ang panukalang papel pananaliksik (*research proposal*) sa pinuno ng Municipal IPS (*Indigenous People Structure*) sa pamamagitan ng tanggapan nito sa *Municipal Tribal Affairs* na makikita sa Apendiks A. Pakay ng liham na ito na mabigyan ng permiso na makapasok sa komunidad ang mananaliksik upang makapagsagawa ng pag-aaral. Sumunod ang pag-endoso ng *Municipal Tribal Affairs Office* sa liham kahilingan ng mananaliksik sa *Barangay Tribal Affairs Office*, pinuno ng SIMI (*Sumpaw ng Inangsabong Mansaka Inc.*) at Kapitan ng Barangay na makikita pa rin sa Apendiks A.

Paghahanda ng Gabay na Panayam sa Pananaliksik. Matapos nito, inihanda ng mananaliksik ang gabay sa panayam. Pinasuri ang nasabing gabay sa panayam sa tatlong eksperto sa Filipino at kaugnay na disiplina may kinalaman sa isinagawang pananaliksik na makikita ang ginawang pagtataya sa Apendiks H. Inayos ng mananaliksik ang nabuong gabay sa panayam batay sa suhestiyon at rekomendasyon ng mga eksperto bilang pagpapaunlad ng instrumento. Ginamit ang pinal na instrumento sa pagsasagawa ng panayam sa mga kalahok tungkol sa isinagawang pananaliksik. Binigyang pokus sa panayam ang tungkol sa demograpikong propayl, katawagan, natatanging tradisyon, kultura, pamumuhay at iba pang may kaugnayan sa pag-aaral. Makikita na ang

nasabing gabay sa panayam sa Apendiks G na nakasulat sa wikang Mansaka at isinalin sa Filipino.

Pagtukoy sa mga Kalahok sa Pag-aaral. Naging gabay ng mananaliksik ang *purposive sampling* ni Creswell (2009) sa pagtukoy sa mga kalahok ng pag-aaral. Sa layuning maging malinaw ang kanilang partisipasyon sa ginawang pag-aaral, ipinaliwanag ng mananaliksik ang rasyonal at layon ng pag-aaral, ipinaunawa ang papel na kanilang gagampanan sa panahon ng pag-aaral, at binigyan ng kasiguraduhan sa pagiging kumpidensyal ng kanilang pagkakilanlan upang maging panatag sila sa buong proseso ng panayam. Ang paghingi ng pahintulot sa mga kalahok ay isang malaking bagay na tiningnan, isinaalang-alang at hindi kinaligtaan ng mananaliksik. Ang nasabing *Consent Form* ay makikita sa Apendiks F na nakasulat sa wikang Mansaka at isinalin sa Filipino.

Pangangalap ng Datos. Ang mananaliksik ay nakipag-ugnayan sa lider ng komunidad kung kailan at saan isasagawa ang panayam sa mga napiling kalahok. Maliban sa katutubong pamamaraan ng pangangalap ng datos gaya ng pakikipagkuwentuhan, patanong-tanong, at iba pa, nagsagawa rin ang mananaliksik ng *in-depth interview* (IDI) at *focus group discussion* (FGD). Humingi ng pahintulot ang mananaliksik na irekord ang mga sagot ng kalahok. Pagkatapos nito, ginawan ng transkripsiyon.

Pagsusuri ng Datos

Matapos makapangalap ng datos, isinaayos ng mananaliksik ang lahat ng mga impormasyong nakuha mula sa mga kalahok. Muling pinakinggan ang pahayag ng mga

kalahok mula sa nairekord na panayam at tematikong inayos ang mga impormasyong magkakatulad.

Gabay ang *cultural iceberg* ni Hall (1989), inayos ang mga nakalap na entri batay sa nakikitang kultura (*surface culture*) at sinundan naman ito ng nakakubling kultura (*deep culture*). Ang nakikitang kultura ay tumutukoy sa mga pisikal na bagay na nahahawakan o tuwirang nakikita, samantalang ang nakakubling kultura naman ay mga konsepto, ideya, paniniwala, pilosopiya o mga bagay na hindi nahahawakan at tuwirang nakikita. Tinukoy ng mananaliksik ang nakikita at nakakubling kultura bilang mga pangunahing kategorya. Kabilang sa nakikitang kultura ay mga entri na may kinalaman sa pagkain, gamit sa bahay, halaman, hayop, kalikasan, kalusugan, kasuotan, palamuti sa katawan, sayaw, musika, instrumentong pangmusika, laro, lugar, pagdiriwang, at hanapbuhay. Samantala, ang nakakubling kultura naman ang mga entri na may kinalaman sa pamilya, magkamag-anak, katawagan, relihiyon, pinuno sa komunidad, pinuno sa seguridad at kapayapaan, eleksiyon, siklo ng buhay, panitikan, tradisyon, paniniwala, seremonya o ritwal, emosiyon at ugali o katangian ay napailalim naman sa nakakubling kultura.

Sumangguni ang mananaliksik sa isang eksperto sa komunidad (*cultural master*) upang matiyak ang kawastuhan ng bigkas at diin ng mga salita. Inirekord ng mananaliksik ang ginawang pagbigkas bilang gabay sa tamang paggamit at paglalagay ng tuldik. Ipinarinig ito sa isang eksperto sa lingguwistika bilang gabay sa paglalagay ng tamang tuldik. Matapos matukoy ang tamang palabigkasan ng mga entri, tinukoy ng mananaliksik kung naman ang bahagi ng pananalita. Makikita ang nabuong diksiyonaryo sa Apendiks K.

Nang matiyak ang tamang bigkas ng mga salita ay inaayos ng mananaliksik ang kahulugan ng mga entri ayon sa konteksto at deskripsiyon ng mga kalahok. Sa pagbibigay kahulugan, ginamit na batayan din ang konsepto ni (Cheng, 2001) kung saan pagbibigay kahulugan ay nakaayon sa paglalarawan at gawi ng mga kalahok sa isang lugar. Dito naipapakita ang pagsasakatutubo ng mga salita dahil ito ay nagmumula sa kanilang kaisipan, damdamin, nadarama, kultura at gawi bilang isang lokal na Mansaka. Nabuo ang inisyal na entri ng diksiyonaryong Mansaka na binubuo ng 204 salita kung saan 111 salita ay napabilang sa Nakikitang Kultura, samantala ang 93 salita ay napabilang naman sa Nakakubling Kultura.

Tungkulin ng Mananaliksik

Malaki ang tungkulin ng mananaliksik upang maging maayos ang proseso sa pangangalap ng datos. Kailangang handa ang kaniyang puso at isipan sa anumang posibleng mangyayari, kasama na rito ang kahandaan sa pagharap at paglutas kung sakaling may suliranin at hamong makakaharap. Narito ang ilan sa mga naging tungkulin ng mananaliksik sa panahon ng pangangalap ng datos.

Bilang Tagapangolekta Ng Mga Datos. Pangunahing tungkulin ng mananaliksik ay mangalap ng impormasyon kaugnay sa pag-aaral. Ang datos ay nagsisilbing utak ng pananaliksik kung kaya walang saysay ang mga layuning inilatag kung wala ito. Ang datos din ay nagsisilbing patunay upang pabulaan o patotohanan ang isang pananaliksik. Kung walang tamang datos magiging mahina at walang bisa ang anumang kongklusyon na magpapalakas sa kredibilidad ng pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik

ay humingi ng permiso sa pinuno ng tribo kung saan makikita ang aprubadong liham sa Apendiks A. Ipinakita ang aprubadong liham ng *Municipal IPS* o *Indigenous Political Structures* (Apendiks A.1) sa mga *Barangay IPS* o *Indigenous Political Structures* (Apendiks A.3 at A.4), sa pinuno ng *SIMI* o *Sumpaw ng Inangsabung Inc.* (Apendiks A.4), at sa mga kalahok bilang pagpapatunay na ito ay mas basbas mula sa kanilang mga pinuno.

Bilang Tagapanayam. Isa sa mga bagay na nararapat tingnan ng mananaliksik bago ang panayam ay ang kaayusan at kapanatagan ng loob ng mga kalahok. Nararapat mabigyan ng sapat na pagkakataong makapagtanong at makapagpahayag ang sinomang kalahok tungo sa kalinawan at layon ng panayam. Sa panahon ng panayam o *in-depth interview*, nagbigay ng panimulang pahayag ang mananaliksik upang lubos na maunawaan ang layon ng pag-aaral. Sa pamamagitan nito, naging panatag ang kalahok sa pagbahagi ng kaniyang sagot at kalaunan ay nagkaroon ng tiwala sa mananaliksik (Bogdan at Bilden, 1992). Napatunayan ng mananaliksik na ang pagbibigay ng malinaw na kaligiran ay nagbigay linaw sa mga pag-aalinlangan ng kalahok na makiisa sa panahon ng panayam.

Bilang Tagapakinig. Kailangan din ang matamang pakikinig habang nagbabahagi ang mga kalahok. Sa pag-aaral na ito, hinayaan ng mananaliksik ang mga kalahok na magbahagi ng kanilang kaalaman nang naaayon sa mga tanong upang maging natural ang pakikipag-usap ng dalawang kampo. Sinigurado ng mananaliksik na iwasan ang anumang distraksiyon at siya'y nakatuon sa lahat ng sinasabi ng kalahok. Maliban pa nito, ibinigay rin ng mananaliksik ang angkop na reaksiyon kagaya ng pagtango upang ipakita ang pag-

unawa at kumpirmasyon sa lahat ng sinasabi ng kalahok. Kung may pagkakataong hindi malinaw ang pagtanggap ng mga impormasyon, humingi ng paglilinaw ang mananaliksik pagkatapos ng kaniyang pagsagot sa halip na gambalain siya habang nagsasalita.

Bilang Tagarekord. Tungkulin din ng mananaliksik na irekord ang lahat ng mga tugon gamit ang *audio-recorder* basta sigiraduhin lamang na may pahintulot sa mga kalahok at naipaliwanag ang kadahilanan nito. Mahalagang may kasangkapan sa pagrekord ng mga tugon upang walang makaligtaang impormasyon at magiging maayos ang transkripsiyon. Maiiwasan din nito ang paulit-ulit na paglilinaw ng tagapanayam sa naging sagot ng kalahok dahil maaaring balik-balikan ng mananaliksik ang impormayong hindi klaro at nakalilito sa tulong ng mga nairekord na panayam.

Bilang Tagasulat (Transcriber). Ang responsibilidad ng mananaliksik ay hindi lamang nagtatapos sa pakikinig at pagbibigay ng panayam, kailangang isulat niya ang mahahalagang impormasyong nakuha sa panahon ng panayam. Ang mga naisulat na datos sa pag-aaral na ito ay malaking tulong sa panahong nagsuri, nagbigay ng interpretasyon, at bumuo ng kongklusyon ang mananaliksik. Instrumental ang mga naisulat na impormasyon sa pagbigay ng maayos, detalyado, at wastong mga datos. Habang paulit-ulit na pinakinggan ng mananaliksik ang tugon ng mga kalahok, isinulat din ang impormasyong may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral.

Bilang Tagasalin. Hindi lahat ng indibidwal ay marunong sa isang partikular na wika, kaya mahalagang maisalin ang mga impormasyon upang maibahagi sa iba. Sa panahon ng panayam, ang mananaliksik ay gumamit ng Bisaya at isinalin ng *informant* sa Mansaka upang magkaunawaan. May mga pagkakataon namang magkahalong Bisaya-

Mansaka ang naging panayam. Sa pagsusulat naman ng mga datos, isinalin ng mananaliksik ang mga tugon ng kalahok sa Bisaya at Mansaka sa Filipino. Kailangan ang pag-sasaling ito upang mas maunawaan ng mga nasa akademya ang mga impormasyong nakuha. Higit sa lahat, isinalin ng mananaliksik sa Filipino ang mga leksikal na aytem na napasama sa diksiyonaryong nabuo bilang pagtugon din sa layuning ng pag-aaral na makabuo ng Mansaka-Filipino na diksiyonaryo.

Pamamaraan ng Balidasyon

Matapos makompleto ang proseso sa pagbuo ng diksiyonaryong Mansaka-Filipino, ipinasuri isa-isa ang mga entri sa tatlong eksperto sa komunidad (*cultural master*) na may katungkulan sa komunidad gaya ng *Bia*, *clan representative* at *binukaw*. Sa panahon ng ganitong mga gawain, kagaya ng pag-aaral na ito, sila ang inaasahan ng mga lider na makapagbigay ng awtentikong kaalaman. Nakapokus ang kanilang pagsusuri sa kawastuhan at kaangkupan ng mga salita, diin at kultural na kahulugan. Ang bawat salita at kahulugan nito ay nilagyan ng karampatang numero kung saan ang 4 ay Lubos na Katanggap-tanggap, 3 - Katanggap-tanggap, 2 - Hindi Katanggap-tanggap at 1 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap. Sa panahon ng pagsusuri, naglagay ng mga mungkahi at rekomendasyon ang mga eksperto sa ikawawasto ng nilalaman ng diksiyonaryo. Makikita sa Apendiks G ang pinagsama-samang resulta ng balidasyon ng tatlong eksperto sa komunidad ng Mansaka.

Matapos matingnan ng mga eksperto sa komunidad (*cultural masters*), ipinasuri naman ito sa tatlong eksperto sa wika. Ang mga nasabing eksperto ay parehong

nakapagtapos ng degrading doktorado sa mga prestihiyosong unibersidad. Nakapokus naman ang kanilang pagsusuri sa kawastuhan ng gramatika at bantas. Ang bawat deskripsiyon o kahulugan ng mga entri ay nilagyan ng karampatang numero kung saan ang 4 ay Lubos na Katanggap-tanggap, 3 - Katanggap-tanggap, 2 – Hindi Katanggap-tanggap at 1 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap. Gaya ng mga naunang tagasuri, naglagay ng mga mungkahi at rekomendasyon ang mga eksperto sa ikakaayos ng bawat deskripsiyon o kahulugan. Makikita sa Apendiks H ang pinagsama-samang resulta ng balidasyon ng tatlong eksperto sa wika.

Etikal na Konsiderasyon

Ang bahaging ito ay naglalaman ng etikal na prinsipyo kung saan isinaalang-alang ng mananaliksik ang interes at kapakanan ng mga kalahok sa pag-aaral. Ang etika na ito ay nagsisilbing proteksiyon ng kapwa mananaliksik at kalahok sa panahon ng pagsasagawa ng pag-aaral. Binigyang halaga ng mananaliksik ang etikal na konsiderasyon upang maisakatuparan ang pagbuo ng diksiyongaryong Mansaka-Filipino.

Isa sa matibay na pundasyon sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay ang respeto na mahalagang maitaguyod ng mananaliksik upang masigurado ang boluntaryong partisipasyon ng kalahok, maiiwasan ang sapilitang pagsang-ayon at higit sa lahat mabigyang proteksiyon ang bawat kampo (Resnik, 2020). Ito rin ay hindi dapat nakakahon lamang sa mismong mga kalahok kundi maging ng buong komunidad kung saan napabilang ang nasabing kalahok. Kaya naman, upang maiwasan ang pagkakaroon ng pag-aalinlangan at kawalan ng tiwala ang kalahok, isinaayos ng mananaliksik ang

rasyonal at pamamaraan ng pagkalap ng datos upang lubos na maunawaan ang buong proseso. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang kapakinabangan ng pag-aaral na ito hindi lang sa layuning nais makamtan kundi higit sa lahat ang magandang oportunidad na magamit ang datos upang makatulong sa mga mag-aaral.

Naging gabay naman ng mananaliksik ang mga sumusunod na elemento sa etika ng pananaliksik ng (Philippine Council for Health Research and Development., 2017) bago, habang at pagkatapos ng ginawang pag-aaral:

Kahalagahan ng Pag-aaral sa Lipunan. Ipinaliwanag ng mananaliksik kung paano makakatulong ang awtput sa pag-aaral na ito sa mismong komunidad. ito ay mag-sisilbing dokumentasyon ng kultura at tradisyon na maipapasa sa susunod na salinlahi. Binigyang-diin din ng mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay walang dalang panganib sa Tribong Mansaka. Sa halip ito ay maaring makapagbigay ng malaking pakinabang sa kanilang komunidad. Makikita sa Apendiks B ang Informed Consent Form na naglalaman sa paliwanag ng kahalagahan ng pag-aaral na ito sa komunidad ng Mansaka.

Estado ng Kalahok. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kalahok na boluntaryong maging bahagi ng pag-aaral na ito. Sinigurado rin ng mananaliksik na malinaw sa kanila ang papel na ginampanan sa panahon ng pangangalap ng datos, makikita ito sa Apendiks B. Nagpadala ng liham paghingi ng pahintulot ang mananaliksik sa *Municipal Tribal Chieftain* (Apendiks A.1), *Barangay Tribal Chieftain* (Apendiks A.3), pinuno ng SIMI o *Sumpaw ng Inangsabung Inc.* (Apendiks A.2), at Kapitan ng Barangay (Apendiks A.4), kalakip ang panukalang pananaliksik (*research proposal*). Komprehensibong ipinaunawa ng mananaliksik ang layunin at magiging awtput ng pag-aaral upang

magkaroon sila ng malalim na kabatiran tungkol sa tunguhin at matanto ang benepisyong maibigay ng pag-aaral sa buong tribo. Isang maiksing oryentasyon din ang ibinigay ng mananaliksik sa mga mismong kalahok upang maintindihan ang rasyonal at proseso ng pag-aaral. Siniguro rin ng mananaliksik na maiwasan ang pagkalito sa partisipasyon nila sa pag-aaral.

Bulnerabilidad ng mga Kalahok. Binigyang-diin din ng mananaliksik ang estadong pangkatauhan ng mga kalahok. Tininyak ng mananaliksik na naipaliwanag nang malinaw at maayos ang layunin ng pag-aaral at laging isinaalang-alang ang kanilang pisikal, mental at sosyal na kondisyon. Sinigurado ng mananaliksik na buo ang kanilang pagsang-ayon bilang kalahok upang makamtan ang nilalayon ng pag-aaral.

Panganib, Pakinabang at Kaligtasan. Bago isinagawa ng mananaliksik ang panayam ay sinigurado munang maayos at panatag ang loob ng mga kalahok. Sa pag-aaral na ito, binigyan din ang mga kalahok ng sapat na oras na magtanong at magpahayag sa mga bagay na hindi nila nauunawaan. Binigyang katiyakan ang mga kalahok na pawang paglilikom lamang ng mga entri at pagpapakaluhugan nito sa tribong Mansaka ang nasa-bing gawain. Ang nabuong diksiyonaryong Mansaka-Filipino ay malaking pakinabang hindi lamang bilang sanggunian kundi preserbasyon ng mga nakikita at nakakubling kultura ng komunidad na makikita sa Apendiks I. Higit sa lahat, binigyang kasiguraduhan ng mananaliksik na ang mga impormasyong nakuha mula sa kanila ay mananatiling kumpidensyal kasama na ang pangangalaga sa identidad ng kalahok. Binigyan rin sila ng kasiguraduhan na walang nakaambang panganib ang pakikilahok nila sa pag-aaral na ito. Makikita ang nilalaman nito sa Apendiks B ang *Informed Consent Form*.

Panunumpa sa Pagiging Kumpidensyal at Pahintulot na Malaman ang Personal na Impormasyon. Pinag-ingatang mabuti ng mananaliksik na hindi mailantad ang pagkakakilanlan ng mga kalahok at maging protektado ang kanilang katauhan sa pamamagitan ng paggamit ng koda o *code*. Siniguro rin ng mananaliksik na ang mga nalikom na datos ay hindi magamit sa iba pang pag-aaral maliban sa pag-aaral na ito. Samantalang opsiyonal naman ang pagbibigay ng pangalan ng kalahok at iba pang kaugnay na personal na impormasyon na hiningi ng mananaliksik. Nananatiling kumpidensyal, pribado, at walang ilalantad na detalye o impormasyon ng mga kalahok na magagamit sa ibang layunin o anumang kaganapan.

Pagiging Pantay at Patas (Justice). Ang mananaliksik ay nagsagawa ng *debriefing* sa mga kalahok upang maiwasan ang anumang pagkiling sa pag-aaral. Nagbigay-alam rin ang mananaliksik sa layunin ng pag-aaral upang maging maliwanag para sa mga kalahok ang patutunguhan ng nasabing pag-aaral. Malinaw na tinalakay at ipinaunawa ng mananaliksik sa mga kalahok ang kanilang malayang pakikisangkot. Hindi rin sila pinilit na sagutin ang lahat ng mga tanong. Sinabihan rin sila ng mananaliksik na sa oras na sila'y umayaw at umatras may karapatan silang hindi na ipagpatuloy ang pakikilahok. Sa pag-aaral na ito, hindi nakaranas ang mananaliksik ng pag-ayaw at pag-atras dahil naging malinaw sa simula pa lang ang hangarin ng pag-aaral na ito. Ang panayam naman ay isinagawa sa libre o bakanteng oras ng mga kalahok.

Transparency. Bago sinimulan ang pag-aaral, ipinaliwanag ng mananaliksik ang rasyonale at layunin. Ipinaliwanag din niya ang pamamaaraan sa panahon ng panayam, pagkatapos ng pangangalap ng impormasyon, pinasuri at ipinakita muli sa mga kalahok

ang naging resulta ng pag-aaral upang makompirma ang kanilang mga tugon. Tinugunan ng mananaliksik ang anumang paglilinaw ng mga kalahok kaugnay ng mga tanong. Samantala, ang mga kongklusyong nabuo sa pag-aaral na ito ay kompirmadong nagmula at ibinatay sa mga pahayag at tugon ng kalahok at hindi sa sariling interpretasyon ng mananaliksik. Sa layuning makatugon naman agad sa mga paglilinaw o pag-usisa ng mga kalahok kaugnay sa pag-aaral ang mananaliksik ay nagbigay ng mga personal na mga detalye at ibinigay rin ang kanyang numero na makikita sa Apendiks F ang Kumpirmasyon ng mga Kalahok. Sa kabilang banda, ang mga anotasyon

Salungat ng Interes. Ang mga impormasyong nalikom ay pawang pang-iskolar na gawain at ang mananaliksik ay hindi kabilang ng tribong Mansaka. Ang tunguhin ng pag-aaral na ito ay mangolekta ng mga entri sa Mansaka sa layuning makabuo ng diksiyonaryong magagamit ng buong komunidad. Wala ring kasangkot na bayad o halaga sa mga naging kalahok ng pag-aaral.

Kakayahang Mailipat. Ang pag-aaral na ito ay maaaring mailipat at magamit sa ibang konteksto, sitwasyon, oras, at populasyon. Ang mga simulain, teorya, at kaisipan ng mga eksperto na makikita sa mga anotasyon at mga balik-banggit ay malinaw na kinilala ng mananaliksik at ito'y makikita sa bahaging sanggunian.

Kabanata 3

Paglalahad at Kinalabasan ng Pag-aaral

Saklaw sa kabanatang ito ang pagtalakay sa resulta ng ginawang pag-aaral kung saan ito ay nahahati sa apat na bahagi: (1) pangangalap ng mga salita; (2) kategorisasyon ng mga nakalap na salita; (3) pagbibigay ng katumbas na salita sa Filipino; at (4) resulta ng balidasyon mula sa dalawang grupo ng mga eksperto.

Pangangalap ng mga Salita sa Komunidad ng Mansaka

Matapos matiyak ang pagsang-ayon ng mga lider ng komunidad at mga kalahok sa pag-aaral, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa *informant*, na miyembro rin ng komunidad, na panahon na upang simulant at isagawa ang paglublob sa komunidad.

Katutubong Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos

Ang unang ginawa ng mananaliksik ay binisita ang lugar upang matingnan at maging pamilyar gaya ng pag-ikot-ikot, pag-obserba, at pakikisalamuha. Isinagawa rin ang pagtanong-tanong bilang preliminaryong pagkalap ng impormasyon. Matapos matiyak ang lugar ay tumungo muli ang mananaliksik sa pinuno ng tribo at barangay bilang pagbibigay-galang at pagbibigay-hudyat ng opisyal na pagsisimula ng pag-aaral.

Ang mananaliksik ay nakipagpalagayang-loob muna sa loob ng ilang araw para makabuo ng mas malalim na ugnayan sa mga kalahok. Sa loob ng mga panahong ito, nagkapa-kapa (Santiago, 1977), nagtanong-tanong (Gonzales, 1977), at nakikipagkuwentuhan (De Vera, 1976) ang mananaliksik sa umpukan ng komunidad. Nakikisama (Nery,

1979) at nakikipanuluyan (Henson, 1977) ang mananaliksik sa loob ng tatlong buwan mula Oktubre-Enero, 2020 bago ang pandemya. Sa mga panahong ito, nag-observa ang mananaliksik sa araw-araw nilang gawi, ugali, at pamumuhay. Ibinatay ang ginawang proseso sa isinagawa ni Henson (1977) gaya ng pakikisalamuha, pakikisangkot, pagmamasiid, patanong-tanong, at pakikipanayam upang makapagpangalap ng awtentikong impormasyon sa komunidad.

Ang mga katutubong pamamaraan ng pananaliksik na ito ay nakatulong nang malaki sa mananaliksik upang hindi magiging teknikal ang pagkuha ng impormasyon at maiiwasan ang pagsasaulo ng mga tanong. Hinahayaan lamang ng mananaliksik ang mga kalahok na magbahagi, magkuwento, at magsalaysay tungkol sa kanilang kaalaman sa tribong kinabibilangan. Sa pangkalahatan, naiwasan ang pag-aalinlangan at walang katiyakang sagot ng mga kalahok dahil sa pagbabahagi ng kanilang karanasan at nalalaman kaugnay sa paksang tinalakay.

Maraming hamon ang naranasan sa panahon ng pangangalap, may mga pagkakataong natukoy na sana ang kalahok batay sa mga pamantayang inilahad ngunit wala naman itong kompiyansa na magbahagi ng kaalaman sa kadahilanang hindi siya sigurado kung masasagot niya ang lahat ng mga tanong. May mga pagkakataon namang hindi natutuloy ang itinakdang pagsasagawa ng panayam sa iba-ibang kadahilanan. Sa kasamaang palad, natigil ang pangangalap ng datos dahil sa pandemya taong 2020-2022.

Pormal na Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos

Nakabalik ang mananaliksik sa komunidad taong Nobyembre, 2022 at tinuloy-tuloy na ito hanggang Mayo 2023. Ipinaalam ng mananaliksik ang kaniyang pagbabalik

bilang paggalang sa mga pinuno ng komunidad. Sa kasamaang palad, malungkot na balita ang sumalubong sa mananaliksik dahil dalawa sa mga kalahok ay sumakabilang buhay na noong kasagsagan ng pandemya.

Sa pagkakataong ito, isinagawa ang isang linggong *in-depth interview* (IDI) sa layuning mabigyan ng komprehensibong paliwanag at paglalarawan ang mga salitang nakalap. Isa sa mga bagay na ikinonsidera bago isinagawa ang panayam ay ang kaayusan at kapanatagan ng loob ng mga kalahok. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at tiniyak niya ang kaligtasan sa personal na buhay ng mga kalahok. Siniguro rin ng mananaliksik na nasa mabuting kalagayan ang bawat panig upang makapagbigay ng tumpak at detalyadong impormasyon. Humingi rin ang mananaliksik ng permiso mula sa mga kalahok na mairekord ang mga panayam upang maging maayos ang transkripsiyon sa datos na makukuha. Binigyan din ng sapat na pagkakataong makapagtanong at makapagpahayag ang mga kalahok tungo sa kalinawan ng layon ng pananaliksik. Makikita sa Apendiks E ang Sertipiko ng Pahintulot para sa pag-aaral na ito na nakasulat sa wikang Mansaka at isinalin sa Filipino.

Bumalik ang mananaliksik sa lugar upang magsagawa ng FGD (*focus group discussion*) para makakuha ng dagdag na impormasyon. Ito ay dinaluhan ng apat na matatandang lalaki na ginanap sa *Mansaka Tribal Hall*. Isinagawa ng mananaliksik ang panayam sa mga piling kalahok bilang kinatawan sa kabuoang populasyon na may karanasan at kaugnayan sa tribo ng Mansaka (Nyumba et al., 2018). Isinaalang-alang din ng mananaliksik na may sapat na panahon ang bawat kalahok sa pagbibigay ng kanilang mga sagot. Ang mga *open-ended question* na inihanda ng mananaliksik ay nakatulong sa

mga kalahok na mabigyan ng pagkakataong makapagpaliwanag at makapaglarawan nang malinaw dahil hindi sila nalilimitahan ng oras sa pagpapahayag ng kanilang sagot.

Sa mga sumunod na buwan, nagsagawa naman ng IDI (*in-depth interview*) ang mananaliksik na sinabayan ng pagmamasid muli sa mga lokal na mamamayan sa kanilang pang-araw-araw na Gawain. Nagtanong-tanong ang mananaliksik kaugnay sa mga gawaing naobserbahan. Ipinagpatuloy ang panayam sa sumunod na araw dahil sa kahilingan din ng mga kalahok. Makikita sa Apendiks C ang Gabay sa Panayam na ginamit sa *in-depth interview* at FGD samantalang matutunghayan naman sa Apendiks J ang mga larawan ng isinagawang panayam at obserbasyon.

Bumalik muli ang mananaliksik sa lugar para sa karagdagang FGD na ginanap naman sa Masara, Maco sa bulwagan ng SIMI ((*Sumpaw ng Inangsabong Mansaka Inc.*)). Ito ay dinaluhan ng limang babae at isang lalaki. Kinabukasan, isinagawa ang IDI sa baryo ng Teresa kung saan ang kalahok ay dalawang babae. Ipinatupad ng mananaliksik ang prosesong ito bilang pagsasaalang-alang sa *saturation* ng mga impormasyong nakuha mula sa kalahok.

Sa pangkalahatang proseso ng pangangalap ng datos naging mabunga at makabuluhan ang talakayan dahil sa aktibong pakikilahok at kooperasyon ng mga kalahok lalong-lalo na sa pagbabahagi ng kanilang kaalaman kaugnay sa mga tanong. Naipahayag din nila ang kanilang mga sagot nang walang pag-aalinlangan na naging susi upang makalikom ng awtentikong datos. Natapos ang panayam na may taos-pusong pasasalamat mula sa mananaliksik dahil sa sigasig na ipinamalas ng bawat kalahok sa panahon ng panayam.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, naisagawa ang unang K na Komunidad bilang hanguan ng mga leksikal na aytem upang makabuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo. Ang komunidad ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo dahil ito ang pangunahing tagapagdala ng wika at kultura. Ang kanilang aktibong partisipasyon ay nakatutulong sa pagkalap ng mga salitang tunay na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay, na may kahulugan at gamit na nakaugat sa kanilang sariling konteksto. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad—tulad ng mga matatanda, lider, at karaniwang tagapagsalita—natitiyak na ang mga salitang isinasama sa diksiyonaryo ay may awtentikong kahulugan at kultural na kabuluhan. Dagdag pa rito, ang pagkuha ng paliwanag mula sa mismong mga tagapagsalita ay nagbibigay ng mas malalim na pananaw sa di-nakikitang aspeto ng kultura, gaya ng paniniwala, kaugalian, at pananaw sa mundo. Ayon kina Hinton et al. (2018), ang paglahok ng komunidad sa mga proyektong pangwika ay mahalaga hindi lamang sa pagkalap ng datos kundi sa pagtiyak na ang dokumentasyon ay nagpapakita ng tunay na identidad at boses ng komunidad.

Kabuoang Bilang ng mga Salitang Nakalap

Sa kabuoan, nakakalap ang mananaliksik ng 258 na salita ngunit sa lebel pa lang ng mga kalahok hindi nila sinang-ayonan ang 29 sa mga ito na mapasama sa diksiyonaryo. Samot-saring opinyon ang nagsilabasan pero karaniwan sa kanilang mga tugon ay hindi ito purong salitang Mansaka. Kaya, para sa ikapanatag ng lahat tinanggal ang mga salitang ito batay sa naging rekomendasyon ng mga kalahok. Samakatuwid, 229 na lamang ang mga salitang isinailalim sa balidasyon ng mga *cultural master*.

Ang 29 na mga salitang tinanggal ayon sa rekomendasyon ng mga kalahok ay ang mga sumusunod: abol, amis, aos, atup, damang, daon, duga, duyan, ingod, kabitonan, kanta, kaoy, kural, kuto, kutsilyo, kool, langaw, lluya, maal, magabili, pawa, singsing, suga, tarum, tawagon, tuod, ugat, uring, at waris. Karamihan sa mga salitang ito ay magkasingtunog at magkasingkahulugan sa wikang Bisaya.

Samantala, sa 229 na salita, 25 sa mga ito ay hindi tinanggap sa kadahilanang 6 sa mga ito ay hindi sakop ng kanilang kultura gaya ng *bukon, gabawnun, gabuun, pag-indarana, taganak*, at *tagud*, habang ang 8 naman ay hindi purong Mansaka dahil ang mga ito ay ginagamit din ng mga Bisaya gaya ng *bulak, buya, inambitay, linti, lubid, suga, tawag*, at *ugangan*, samantala, ang 11 salita naman ay walang kultural na kaugnyan sa komunidad gaya ng *badi, garang, kanatam, limbutong, lugunan, managamun, pagarungan, pagsawit, rangub, sawal*, at *silag*. Kaya tinanggal ang mga ito sa pinal na diksiyonaryo dahil upang makabuo ng 204 na leksikal na aytem.

Bilang ng mga Salita sa Bawat Letra ng Alpabetong Filipino

Makikita naman sa ibaba ang naging distribusyon ng mga salitang nakalap sa bawat letra na napasama diksiyonaryong Mansaka-Filipino.

Talahanayan 2

Bilang ng mga Salita sa Bawat Letra ng Alpabetong Filipino

Letra	Bilang ng Mga Entri	Bahagdan
A	17	8.34%
B	36	17.65%
C	0	0.00%
D	10	4.90%
E	0	0.00%
F	0	0.00%
G	7	3.43%
H	0	0.00%
I	10	4.90%
J	0	0.00%
K	26	12.75%
L	12	5.88%
M	16	7.84%
N	0	0.00%
O	0	0.00%
P	20	9.80%
Q	0	0.00%
R	0	0.00%
S	18	8.82%
T	17	8.34%
U	10	4.90%
V	0	0.00%
W	1	0.49%
X	0	0.00%
Y	4	1.96%
Z	0	0.00%
Kabuoan	204	100.00%

Batay sa Talahanayan 2, pinakamaraming nakalap na leksikal na aytem ay nag-sisimula sa letrang B kung saan ito ay may 36 o 17.65% na leksikal na aytem, pumapan-galawa naman ang letrang K na may 26 o 12.75% na entri, pangatlo ang letrang P na may 20 o 9.80%, pang-apat ang letrang S na may 18 o 8.82%, panglima ang mga letrang A at

T na may parehong bilang ng mga leksikal aytem na 17 o 8.34%. Samantala, pang-anim naman ang letrang M na may 16 o 7.84% na entri, pampito ang letrang L na may 12 o 5.88%, pangwalo ang mga letrang D, I, at U na parehong may 10 leksikal na aytem o 4.90%.

Sa kabilang banda, wala namang nakalap na mga leksikal na aytem na nagsisimula sa mga letrang C, E, F, H, J, N, O, Q, R, V, X at Z sapagkat ang wikang ito, tulad ng iba pang katutubong wika sa Pilipinas, ay nag-ugat sa mas lumang sistemang ponolohikal na limitado lamang sa mga tunog na likas sa kanilang kapaligiran at paraan ng pamumuhay. Bukod dito, ang pagpakilala sa mga modernong letra ay bunga lamang ng kolonisasyon at impluwensiyang banyaga, na hindi agad umabot o lubusang nakaapekto sa ilang katutubong tribo gaya ng Mansaka. Nanatili ang tribo na hiwalay sa impluwensiya ng mga mananakop sa mahabang panahon, kaya napanatili ng komunidad ang orihinal na wika. Sa ganitong paraan, masasalamatin na ang wikang Mansaka ay may mataas na antas ng konserbasyon ng kultura, kung saan ang mga banyagang elemento ay hindi basta-basta tinanggap maliban na lamang kung kinakailangan sa makabagong konteksto o komunikasyon.

Sa pag-aaral na ito, ang ikalawang K o Koleksiyon ay pundasyon sa pagbuo ng isang kontekstuwalisadong diksiyonaryo. Ang maingat na pangangalap ng mga salitang aktuwal na ginagamit ng komunidad ay nagbibigay ng representasyon at makabuluhang larawan ng kanilang wika at kultura. Sa prosesong ito, hindi lamang basta kinokolekta ang mga salita, kundi kinikilala rin ang kanilang gamit, kahulugan, kontekstong pinagmumulan, at kultural na kahalagahan. Sa pamamaraang ito, nagsisiguro na ang

diksiyonaryo ay hindi lamang isang listahan ng mga salita, kundi isang makabuluhang kasangkapan para sa dokumentasyon, preserbasyon, at pagpapalaganap ng wikang katu-tubo. Ayon kay Mosel (2002), ang pagbuo ng isang diksiyonaryo para sa mga minoryang pangkat o wika ay nararapat na magsimula sa masinsinang koleksiyon ng mga salita na aktuwal na ginagamit sa konteksto ng pamumuhay ng komunidad. Sa ganitong paraan, napapanatili ang integridad ng wika, at naipapakita ang kaugnayan ng wika sa kaisipan, kultura, at pamumuhay ng mga tagapagsalita nito.

Kategorisasyon ng mga Nakalap na Salita

Ang kategorisasyon sa kultura ng Mansaka ay nakabatay sa *cultural iceberg* ni Hall (1989) na *surface culture* at *deep culture* kung saan ito ay isinalin sa Filipino na nakikitang kultura at nakakubling kultura. Mahalaga ito upang mas malalim na maunawaan ang kabuoan ng kultura ng nasabing tribo.

Nakikitang Kultura ng Tribong Mansaka

Ang nakikitang kultura ng tribong Mansaka ay kinapalooban ng mga pisikal na bagay na madaling napapansin, nahahawakan, o nakikita gaya ng pagkain, gamit sa bahay, halaman, hayop, kalikasan, kalusugan, kasuotan, palamuti sa katawan, sayaw, musika, instrumentong pangmusika, laro, lugar, pagdiriwang at hanapbuhay. Makikita sa Talahanayan 3 ang bilang ng mga salita na nakalap sa ilalim ng nakikitang kultura.

Talahanayan 3

Nakikitang Kultura ng Tribong Mansaka

Nakikitang Kultura	Bilang	Bahagdan
Pagkain	7	6.30
Gamit sa Bahay	7	6.30
Halaman	6	5.41
Hayop	19	17.12
Kalikasan	3	2.7
Kasuotan	7	6.31
Palamuti sa Katawan	12	10.81
Sayaw	10	9.01
Musika at Awit	4	3.6
Instrumentong Pangmusika	11	9.91
Tradisyonal na Laro	4	3.6
Pagtukoy sa Lugar	9	8.11
Pagdiriwang o Pagtitipon	6	5.41
Hanapbuhay	6	5.41
Kabuoan	111	100.00%

Pinakamarami sa mga ito ay mga katawagan tungkol sa hayop na may 19 o 17.12%, sumunod naman ang mga katawagan para sa palamuti sa katawan na may 12 o 10.81%, pumapangatlo ang instrumentong pangmusika na may 11 salita o 9.91%, termino sa sayaw na may 10 salita o 9.01%, pagtukoy sa lugar na may 9 na leksikal aytem o 8.11%. Samantala, parehong may 7 salita o 6.31% na nakalap ang tungkol sa pagkain, mga gamit sa bahay, at kasuotan. Magkaparehong 6 na bilang o 5.41% naman ng mga salitang nakalap tungkol sa halaman, pagdiriwang, at hanapbuhay. Parehong 4 na leksikal aytem o 3.60% naman ang nakuha na may kinalaman sa kanilang musika at awit at mga tradisyonal na laro. Pinakamaliit na bilang na leksikal na aytem na nakuha ay ang tungkol sa kalikasan na may 3 salita o 2.70% lamang.

Ang mga nakikitang kultura na nabanggit sa unahan ay ginagamit pa rin ng komunidad sa kanilang araw-araw na pakikipagtalastasan. Buhay na buhay ang mga ito dahil bahagi ito ng kanilang pamumuhay maging sa kasalukuyan. Ngunit hindi na ito masyadong pamilyar sa mga bagong sibol dahil kadalasang mga matatanda na lamang ang gumagamit nito.

Mahalagang maunawaan mismo ng komunidad na ang mga nakikitang kultura na ito ay karugtong ng pagkakilanlan ng kanilang tribo. Ito ay kanilang buhay at pamumuhay na ipapamana nila sa mga kabataan bilang tagaingat ng mga natatanging kayamanang kultural ng tribo. Maliban pa ryan, ang pagkakaroon din ng mayamang kultura ay simbolismo ng nagkakaisang komunidad.

Nakakubling Kultura ng Tribong Mansaka

Ang nakakubling kultura naman ay tumutukoy sa mas malalim na paniniwala, pagpapahalaga, gawi, at kaugalian na hindi agad nakikita o nauunawaan ng iba. Ang mga ito ay kinapalooban ng mga salitang Mansaka na may kaugnayan sa katawagan sa pamilya at magkamag-anak, relihiyon, pinuno sa komunidad, pinuno sa seguridad at kapayapaan, eleksiyon, siklo ng buhay, panitikan, tradisyon, paniniwala, seremonya o ritwal, emosiyon at ugali o katangian. Makikita sa Talahanayan 4 ang bilang ng mga salita na nakalap sa ilalim ng nakakubling kultura.

Talahanayan 4

Nakakubling Kultura ng Tribong Mansaka

Nakakubling Kultura	Bilang	Bahagdan
Katawagan sa Pamilya	12	12.90%
Katawagan sa Magkamag-anak	17	18.28%
Relihiyon	3	3.23%
Katawagan sa mga Pinuno ng Komunidad	9	9.68%
Pamamaraan sa Pagpili ng Lider	4	4.30%
Siklo ng Buhay	7	7.53%
Oral na Panitikan	4	4.30%
Tradisyon	5	5.38%
Paniniwala	6	6.45%
Pagsasagawa ng Seremonya o Ritwal	14	15.05%
Ugali/Katangian	12	12.90%
Kabuoan	93	100.00%

Pinakamarami sa mga ito ay mga katawagan tungkol sa magkamag-anak na may 17 na leksikal aytem o 18.28%, sumunod naman ang mga katawagan para sa pagsasagawa ng seremonya o ritwal na may 14 na salita o 15.05%, pumapangatlo ang tungkol sa katawagan sa pamilya at ugali o katangian na may parehong bilang na 12 salita o 12.90%, sumunod ang katawagan sa mga pinuno ng komunidad na may 9 na salita o 9.68%, siklo ng buhay na may 7 na leksikal aytem o 7.53%. Samantala, may 6 o 6.45% na salitang nakalap ang tungkol sa paniniwala at 5 o 5.38% naman ang ukol sa tradisyon. Magka-parehong 4 na bilang naman o 4.30% ng mga salitang nakalap ay tungkol sa pamamaraan sa pagpili ng lider at oral na panitikan. Pinakamaliit na bilang naman ng leksikal na aytem na nakuha ay ang tungkol sa relihiyon na may 3 salita lamang o 3.23%.

Kagaya ng mga inilahad na nakikitang kultura sa unahan, ang mga nabanggit na nakakubling kultura ay ginagamit at naririnig pa rin sa loob ng komunidad. Sa katunayan, pamilyar ang halos lahat ng kalahok sa mga terminong ito at malay sila kung ano at saang okasyon ginagamit o napapakinggan ang mga salita. Masasalamín ito sa kung paano galak na galak ang mga kalahok sa pagbabahagi ng kanilang nalalaman tungkol sa kanilang nakakubling kultura.

Mahalagang pangalagaan ang nakakubling kultura dahil ito ang nagsisilbing ugat ng pagkatao at pagkakakilanlan ng tribong Mansaka. Bagama't hindi ito agad nakikita—gaya ng paniniwala, pagpapahalaga, kaugalian, at mga tradisyong isinasabuhay—ito ang humuhubog sa kung paano mag-isip, magdesisyon, at makikitungo ang tribo lalo na sa mga tagalabas. Nararapat itong pahalagahan at pagyamanin upang hindi humina ang pagkakaisa ng komunidad at mawalan ng saysay ang mga panlabas na aspeto ng kultura. Ang pangangalaga sa nakakubling kultura ng tribo ay nangangahulugang lamang na magpapatuloy ito ng diwang bayan, karunungan-bayan, at mga halagahang nagpapalalim sa ating pagkakakilanlan bilang isang lahi.

Nakikitang Kultura vs. Nakakubling Kultura ng Tribong Mansaka

Batay sa mga datos na nakuha, narito ang paghahambing sa bilang ng mga nakalap na salita sa bawat kategorya.

Talahanayan 5

Nakikitang Kultura vs. Nakakubling Kultura ng Tribong Mansaka

Kategorya ng Kultura	Bilang	Bahagdan
Nakikitang Kultura	111	54.41%
Nakakubling Kultura	93	45.59%
Kabuoan	204	100.00%

Makikita sa Talahanayan 5 na ang nakikitang kultura ay binubuo ng 111 na entri o 54.41% samantalang ang nakakubling kultura naman ay binubuo ng 93 na entri o 45.59%. Lumalabas na mas maraming nakolektang entri na napabilang sa nakikitang kultura kaysa sa nakakubling kultura. Sa kabuoan, ang diksiyonaryong Mansaka-Filipino ay binubuo ng 204 na salita.

Ang pagkakaroon ng mas maraming salitang nakalap sa ilalim ng nakikitang kultura ay magbibigay ng implikasyon na maaaring magpakita ng pag-unlad sa aspeto ng pamumuhay sa loob ng komunidad. Gayunpaman, kung ang ganitong anyo ng kultura ang nangingibabaw maaaring mawalan ng balanse ang kabuoang pagkatao ng isang lipunan. Mahalagang balanse ang dalawang aspekto ng kultura upang mapanatili ang identidad ng lipunan—isang paalala na hindi sapat ang kaunlarang nakikita lamang sa mata, kundi ang mas malalim na ugnayang panlipunan na hindi madaling masukat (Anderson, 2006).

Ang ikatlong K o Kategorisasyon sa pag-aaral na ito ay mahalaga sa pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo dahil nagbibigay ito ng mas sistematikong pag-unawa sa wikang pinag-aaralan. Sa ganitong paraan, naipapakita hindi lamang ang lingguwistikong kahulugan ng salita, kundi pati ang mas malalim nitong ugnayan sa kultura,

paniniwala, at pamumuhay ng mga tagapagsalita. Ito rin ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa o mananaliksik na maunawaan kung paano ginagamit ang mga salita sa loob ng partikular na konteksto. Ayon kina Hall (1989), ang kultura ay may dalawang antas—ang nakikita (e.g., sining, kasuotan, pagkain) at ang nakakubli (e.g., mga pagpapahalaga, paniniwala, gawi). Sa pamamagitan ng paggamit ng ganitong klasipikasyon, nagiging mas malalim ang representasyon ng wika sa isang diksiyonaryo, dahil naipapaliwanag ang mga salita hindi lamang batay sa kahulugan kundi batay sa kanilang kultural na pinagmumulan.

Pagtutumbas ng mga Salita sa Filipino at Kultural na Kahulugan

Karamihan sa mga salitang Mansaka ay nabigyan ng direktang katumbas sa Filipino na kadalasang binubuo lamang ng isang salita. Gayunpaman, 14 sa mga ito ay walang direktang katumbas sa Filipino kaya ito ay nilagyan ng deksripsiyon batay sa paliwanag ng mga kalahok at sa naging mungkahi na rin ng mga eksperto sa wika.

Mga Leksikal na Aytem na Pekulyar sa Salitang Mansaka

Makikita sa ibaba ang talahanayan tungkol sa mga salitang Mansaka na walang direktang katumbas sa Filipino.

Talahanayan 6

Mga Leksikal na Aytem na Pekulyar sa salitang Mansaka

Kategorya	Entri	Deskripsiyon
Nakikitang Kultura	karaduy	Pinakuluang gabí na may kasamang ugat nito at murang dahon. Ang mga panlasang ginagamit ay luya, sibuyas, asin at iba pang mga sangkap.
	kyúdkudan	Paraan ng pagluluto ng isda na ibinabalot sa dahon at saka pakukuluan sa kaunting tubig na may asin at sangkap hanggang sa maluto.
	lyurut/ miyarutu	Ulam na niluluto sa kawayan kung saan ang lahat ng mga sangkap gaya ng karneng baboy, halamang dahon at iba pang pampalasa ay hinihiwa nang maliliit at inilalagay sa kawayan. Pagkatapos nito, ipinapatong ang kawayan sa apoy na may katamtamang init at ihahaon ito makalipas ang ilang minuto.
	tyabidak	Lugaw na may sangkap na gabi, bawang, sili at mga halamang damo.
	binudyaan kubing	Instrumentong kuwerdas Instrumentong panghangin na yari sa pinanipis na balat ng kahoy na <i>labnawan</i> , isang kahoy na parehong pamilya ng <i>palm tree</i> .
	kuratong	Instrumentong panghangin na yari sa tamburang o <i>damuruwan</i> na bahagi sa pamilya ng mga kawayan. Ito ay may butas na pahalang upang makapagbigay ng tunog.
	kurintang	Instrumentong pangmusika na pinupukpok at binubuo ng 9 na uri ng iba't ibang tunog
	parundag	Isang saksoponong kawayan na may habang 60 sentimetro at may limang butas. Pinapatugtog ito sa tulong ng hangin, gamit ang bibig o ilong.
	taku	Instrumentong pangkuwerdas na gawa sa kawayan na may habang 60 sentimetro. Ang mga kuwerdas sa gilid ay nilalagyan ng kahoy upang makabuo at makontrol ang tunog.
	tarabon	Instrumentong pangmusikang pinupukpok na mas malaki pa sa agong.
	longyab	Isang pamamaraan ng pangngisda kung saan gumagawa sila ng butas doon mismo sa ilog upang makulong ang isda at hindi makalangoy sa malayo.

Kategorya	Entri	Deskripsiyon
Nakakubling Kultura	pan-gampa	Isang seremonya kung saan ang mga lumang gamit ay tinitipon ng mga lider ng tribo bilang pagbibigay-halaga sa mga ninunong unang nagmamay-ari nito.
	pangapug	Pangkalahatang ritwal

Makikita sa Talahanayan 6 ang mga deskripsiyon ng mga salita na walang direktang katumbas sa Filipino. Kadalasan sa mga salita ay napabilang sa nakikitang kultura gaya ng sumusunod: pagkain - *karaduy*, *kyúdkudan*, *lyurut/miyarutu*, *tyabidak*; instrumentong pangmusika – *binudyaan*, *kubing*, *kuratong*, *kurintang*, *parundag*, *taku*, *tarabon*; at hanapbuhay – *longyab*. Samantala, isang sab-kategorya naman sa nakakubling kultura gaya ng ritwal - *pangampa*, *pangapug* ang wala ring direktang katumbas sa Filipino . Ang mga nasabing deskripsiyon ay isinama at dumaan din sa ginawang pagtataya ng mga eksperto.

Nakatulong ang mga deksripsiyon na ginamit upang maiparating hindi lamang ang kahulugan ng salita, kundi pati ang konteksto at damdaming kalakip nito. Kung pipilitin ang literal na salin, maaari itong magdulot ng kalituhan, maling interpretasyon, o mawalan ng saysay ang orihinal na diwa ng salita.

Kultural na Kahulugan ng mga Salita

Sa bahaging ito, makikita ang pagtalakay sa kultural na kahulugan ng mga piling salita sa Mansaka ayon sa konteksto ng kanilang komunidad. Pumili ang mananaliksik ng tatlong halimbawang salita sa bawat sab-katergorya ng kultura upang mailahad ang kaugnayan at implikasyon ng mga salitang ito sa ibang aspeto at sa kulturang Pilipino sa kabuoan. Sa layuning makapaglahad ng komprehensibong analisis ng mga salita, inayos

ang mga ito sa tulong ng mga talahanayan. Sa kabuoang pag-organisa ng mga kategorya, ito ay nakabuo ng 25 na talahanayan.

Ang talahanayan ay binubuo ng limang bahagi: (1) Leksikal na Mansaka – mga nakalap na salita mula sa tribong Mansaka; (2) Katumbas – katumbas ng salitang Mansaka sa Filipino o di kaya’y deskripsiyon sa mga salitang walang direktang katumbas sa Filipino; (3) Bahagi ng Pananalita – pagtukoy sa salita kung anong bahagi ito ng pananalita; at (4) Kahulugan – kultural na kahulugan ng salita ayon sa konteksto ng mga Mansaka.

Sa ibaba ng bawat talahanayan, makikita ang pagtalakay at pag-uugnay ng mga salita at ng mga kahulugan nito sa kultura at tradisyong Filipino sa pangkalahatan. Makikita rin sa bahaging ito ang pag-uugnay ng mga kulturang umiiral sa ibang pangkat-etniko sa loob at labas ng bansa batay sa mga literaturang nakalap. Sa hangaring mapatibay at mapalalim ang talakayan, nilakipan ito ng mga eksaktong pahayag ng mga piling kalahok sa panahon ng panayam. Ang mga aktuwal na pahayag ng mga kalahok ay nasa wikang Mansaka na sinundan ng pagsasalin sa Filipino.

Makikita sa Talahanayan 7 ang ilan sa mga korpus-Mansaka na may kinalaman sa pagkain gaya ng karaduy, lyurut o miyarutu at tyabidak. Ang mga nabanggit na entri ay mga pamamaraan kung paano niluluto ng mga katutubo ang mga gulay o pananim na makikita sa paligid.

Talahanayan 7

Katawagang Mansaka tungkol sa Pagkain

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
karaduy	<i>putahe</i>	<i>png</i>	Isang paraan ng pagluluto ng gabí kung saan pinapakuluan muna ang laman nito hanggang sa lumambot. Susundan ng ugat ng gabi at murang dahon, tsaka lalagyan ng mga panlasa gaya ng luya, sibuyas, asin at iba pang pampalasa. Karaniwan ang karaduy sa hapag ng pamilyang Mansaka dahil maraming ganitong tanim sa kanilang paligid. Madali kasi itong palakihin at paramihin.
lyurut/ miyarutu	<i>putahe</i>	<i>png</i>	Isa sa pangunahing pagkain ng mga katutubong Mansaka ang <i>lyurut</i> o <i>miyarutu</i> . Ito ay pinagsama-samang maliliit na hiwa ng karneng baboy, halamang dahon, at asin na niluluto gamit ang kawayan. Ang lahat ng mga sangkap ay inilalagay sa nasabing kawayan tapos ipinapatong ito sa apoy na may katamtamang init at pagkatapos ng ilang minuto puwede na itong ihaon at kainin. Malaki ang pakinabang ng lyurut lalo na sa mga magsasaka at manlalakbay noong unang panahon dahil ito basta-basta nasisira. Ang lyurut din ay tatak ng pagka-Mansaka dahil sila ang nagpakilala sa kakaibang pamamaraan ng paglulutong ito. Sa kasalukuyan, ang <i>lyurut</i> ay inihanda ng mga katutubo sa tuwing idinaraos ang Anlaw ng Tipanud.

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
tyabidak	<i>pagkain</i>	<i>png</i>	Isang katutubong pagkain ng Mansaka na espesyal na niluluto para mapanumbalik ang lakas at sigla ng katawan. Pinaghalong bigas, gabi, kamatis, bawang, sili at mga halamang damo. Ang bigas ay pinakukuluan hanggang sa maluto at saka idagdag ang ibang sangkap pati asin bilang pampalasa sa inihandang pagkain. Isa itong pagkaing-sabaw na pampainit sa mga komunidad na nasa bukid upang labanan ang lamig lalo na sa gabi. Ang <i>tyabidak</i> ay isang masustansiya at pampaganang pagkain para sa mga katutubong Mansaka. Bukod sa <i>lyurut</i> , kasama rin ang <i>tyabidak</i> sa mga pagkaing inihanda tuwing may malaking selebrasyon ang tribo tulad ng <i>Kaimunan Festival</i> .

Mapapansing sa mga putaheng inihanda, hindi nawawala ang mga *root crops* gaya ng *paruda* (kamote) at *wakag* (gabi) bilang mga pangunahing sangkap. Gumagawa sila ng paraan upang hindi magutom ang pamilya, kagaya ng *wakag* (gabi), hindi lang nagtatapos ang pakinabang nito sa bunga dahil pati mga dahon ay inihahalo nila upang makapaghanda ng isang masarap na pagkain. Maliban pa ryan, mas nagiging malinamnam ang kanilang mga pagkain dahil sa mga natural at organikong pampalasa na kanilang ginagamit. Patunay na anumang halaman na maaaring kainin at lutuin ay ginagawan nila ng pakinabang (IDI-01).

*IDI-01 Ningaon kariko ng pagkaan yang mga sari kyakaan na magsikun sang lupa. Yaan tungod kariko ng utaw kadini yakabasi sang kinaiyaan yang pagkaan anay magsikon sang lupa. Yang pawda/paruda, utya, kamanting arag baay. Wara pa man yakalugsong yang mga Mansaka ningaon tuyo adoon aon da pud uman mga pagkaan na pepreserb antak akaanon sang mataas na kagutom. Kung nana ra yang iyan sang palibot kontento yang Mansaka sama sang pako na kasagaran sisila, labay ug ugbos. Tungod wara kauso yang teknolohiya miskan pa man sang adoon yaan giyapun yang abay pagkaanon ng kautawan ng Mansaka. Bahin saan yang mga sestima sang pagpananum kyatigaman da pataan kay yakabasi man yang Mansaka sang kabituonan kawsa sang kagutom akalikayan da pataan. [Ang mga kinakain namin noon ay galing sa lupa kaya ang mga *root crops* gaya ng kamote, karlang at gabi ay mga pangunahin naming pinagkukunan ng mga sangkap sa pagluluto. Noong hindi pa uso ang teknolohiya, lahat ng mga pagkain ay presko. Kontento na ang mga Mansaka kung anong pagkaing makikita sa paligid. Maliban pa rian, ang mga pagkaing ito ay nagtatagal at naging malaking tulong sa panahon ng taggutom.]*

Gaya ng nabanggit sa unahan, ang *karaduy* ay bahagi ng pang-araw-araw na ulam sa isang pamilyang Mansaka. Kagaya ng ibang tribo na naninirahan sa bulubunduking bahagi ng Katimogang Mindanao, ang pagtatanim ng gabi bilang pangunahing sangkap nito ay isa sa mga hanapbuhay ng mga katutubo. Inilathala ng *Agriculture Magazine* (2019) na ang gabi ay may mahalagang papel sa kasaysayan ng Pilipinas dahil ito ang

siyang pinagkukunan ng pagkain ng karamihan sa mga Pilipino sa panahon ng taggutom sa kalagitnaan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (*World War II*).

Maliban sa *karaduy*, tatak-Mansaka rin ang katutubong pagkain na *lyurut* o *miyarutu*. Ito ay pagkaing iniluto sa kawayan kung saan ang mga organikong sangkap ang nagpapalasa sa karne. Sa kasalukuyan, ito ay inihanda ng mga katutubo sa tuwing idinaraos ang *Al'law ng Tipanud*. Ang pagluluto nito ay naging atraksiyon na rin sa tuwing may pagdiriwang ang komunidad. Patunay ito sa sinabi ni Espinosa (2023) na malaking ambag sa turismo ng ating bansa ang pagbibigay-halaga sa mga pagkaing katutubo.

Ang *tyabidak* naman ay binubuo ng mga sumusunod na sangkap: bigas, murang dahon ng gabi, kamatis, at ganda (halamang dahon na parang maliit na sibuyas). Ang *tyabidak* ay isang masustansiya at pampaganang pagkain para sa mga katutubong Mansaka (Macayra, 2015). Bukod sa *lyurut*, kasama rin ang *tyabidak* sa mga pagkaing inihanda tuwing may malaking selebrasyon ang tribo tulad ng *Kaimunan Festival*.

Ang pagkain ay isang mahalagang bahagi ng bawat kultura dahil dito nakatanim ang ating kultural na pagkakilanlan na nagsisilbing representasyon ng ating lahi. Isa itong paraan ng pagpapahayag ng sarili at pakikipag-ugnayan sa iba. Maliban pa ryan, isa rin itong pamamaraan upang maipasa at maipakita sa bawat henerasyon kung paano ipinakita ng mga ninuno ang paghahanda ng mga tradisyonal na resipe. Ang pamamaraan sa paghahanda ng pagkain ay nagsisilbing paalaala ng nakaraan at nagbibigay ng koneksiyon sa kasalukuyan (Evans, 2023). Ito ay repleksiyon ng halaga at paniniwala ng mga taong kabilang sa komunidad.

Mapapansing sa mga korpus-Mansaka na nakalap tungkol sa pagkain, ang isang pangkat-etniko ay may natatanging katawagan para rito, gaya halimbawa ng salitang *inun-unang isda* ng mga Bisaya, *pinamalhang isda* ng mga Ilonggo at *paksiw na isda* naman ng mga Tagalog na nagtataglay ng magkakaibang lasa at mga sangkap. Isang implikasyon na ang bawat rehiyon ay may sariling tradisyon at kultura na naaapektuhan ang paraan ng pagluluto at pagtawag sa pagkain. Nakadepende rin sa mga lokal na sangkap na ginagamit at sa paraan ng pagluluto ang pagkakaiba-iba ng pangalan ng isang pagkain.

Sa pag-aaral na ito, napatunayang ang pagkain ng isang komunidad ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga henerasyon, nagpapatibay ng ugnayan sa pamilya at komunidad, at nagpapahayag ng natatanging katangian ng kultura. Sa pamamagitan nito, ang mga tao ay nakakapagbahagi ng mga kuwento, nagdiriwang ng mga okasyon, at nagpapatuloy ng mga kaugaliang bumubuo sa kanilang kolektibong pagkakakilanlan.

Makikita sa Talahanayan 8, ang ilan sa mga korpus-Mansaka na may kinalaman sa mga gamit sa bahay gaya ng *kamun*, *kapo*, *lutwan*.

Talahanayan 8

Katawagang Mansaka tungkol sa mga Gamit sa Bahay

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
kamun	<i>banig</i>	<i>png</i>	Sapin sa sahig na yari sa romblong pinatuyo, pinanipis at kinulayan ng mga katas ng natural na mga halaman. Ang paggawa ng banig ay nakaatas lamang sa mga babae, bata man o matanda. Kaya,

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
kapo	<i>dikdikan</i>	<i>png</i>	mapapansing sa labas ng kani-kanilang mga bahay, kaniya-kaniyang umpukan ang mga kababaihan sa paggawa nito. Ito ay tinatawag na <i>mortar and pestle</i> sa wikang Ingles. Isang kasangkapan sa pagdurog o pagdikdik ng mga sangkap gaya ng kurigsaw o <i>beetle nut</i> at iba pa. Sa paniniwalang Mansaka, naging mas epektibo ang isang halaman o sangkap kapag ito'y dinudurog upang makuha ang natural na lasa at benepisyong pangkalusugan.
lutwan	<i>kaldero</i>	<i>png</i>	Ito ang pangunahing kasangkapan sa pagluluto ng mga <i>root crop</i> , kanin at anumang madaling lutuin na pagkain. Malaki ang pakinabang ng lutwan sa komunidad dahil madali nilang masukat ang laman ng tubig na kakailanganin lalo pa't kadalasang pagpapakulo ang pamamaraan ng kanilang pagluluto. Higit sa lahat, naitatantya nila ang init ng apoy na kakailanganin sa pagluluto.

Ang mga nasabing kagamitan ay tipikal na makikita sa bahay ng isang Mansaka maging sa kasalukuyan. Lahat ng mga bagay na makikita sa paligid ay ginagawan nila ng paraan kung paano ito magkaroon ng pakinabang sa araw-araw. Sa kabila ng modernong panahon, ginagamit pa rin ng iilang pamilya ang mga nasabing gamit.

IDI-05 Aon mga kagamitan yang mga Mansaka na disaan ra gaid pagakitaun aw aon uman mga komon na mga kagamitan. Kadini pinasai laban silan maski sang aduon na mga anlaw yang paya, tukog, tamburang, bura na ipan gyagamit na pundasyon sang mga duyan ng mga kadini aw aduon sang kasamtangan. Uman

kadini yang ipan g'yud na pyaga lutuwan nilan yang tyatawag na paso aw yang tamburang na maski sang ordinaryo na anlaw pagkitaon giyapon kung gustohon nila na gamiton kay yaan man yang kadini sang kanilan pagkinabuwe sang komunidad. [Ang mga kagamitan sa bahay ng mga Mansaka ay karaniwang naku-kuha lamang sa paligid kagaya ng bao ng niyog na ginagawang baso, kawayan bilang lutuan, at tangkay ng niyog sa paggawa ng walis tingting. Maliban pa rian, ang mga dahon ng niyog kasama ang tangkay ay hinahabi rin upang maging plato. Ginagawa ring lutuan ang mga paso at masaksihan ito kung paano ginagamit sa tuwing may selebrasyon ang komunidad pero hindi lang dito nagtatapos ang mga ito dahil sa pang-araw-araw ay ito talaga ang gamit namin.]

Ang pangunahing gamit ng *kamun* o banig sa isang pamilyang Mansaka ay simpleng sapin at higaan na nagsisilbing proteksiyon laban sa lamig at sa mga gumagapang na insekto lalo na sa gabi. Ito ang kanlungan ng mag-anak upang sa buong magdamag ay makatulog nang mahimbing, ngunit, sa kasalukuyan, binago at nabago ang kaisipang ito. Ang pagsasagawa ng sinaunang sining na ito, na ipinasa mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod, ay nagbago kamakailan dahil sa tumataas ng pangangailangan sa produkto (Labro, 2008). Ito ay dahil lumawak ang paggamit ng banig kung saan ang dating lumang banig ay ginagamit lamang sa pagtulog, ngayon ay ginagawa na itong mga palamuti sa mga modernong dingding o sa mga kisame. Maliban pa rian, ginagawa na rin itong mga *bag, throw pillow, framed decors, place mat* at *furniture matting*.

Ang *kapo* bilang matibay na mangkok na gawa sa bato, seramik, o kahoy ay isang sinaunang kagamitan na makikita sa kusina bilang panggiling, pangdurog o pangpukpok

sa mga sangkap sa pagluluto. Sa kasalukuyan, ito ay patuloy pa ring ginagamit hindi lang ng komunidad-Mansaka kundi maging ng mga parmasya at laboratoryo para sa paghahanda ng mga gamot at mga kemikal. Ang *kapo* ay ginagamit din sa paglikha ng mga *spices* mula pa sa mga nakalipas na mga siglo. Higit sa lahat, pinapanatili nito ang perpektong tekstura at lasa ng mga sangkap gamit ang *kapo*.

Ang pamamaraan at pamumuhay ng mga Pilipino lalo na ng tribong Mansaka ay repleksiyon kung paano tayo naimpluwensiyahan at nakikiayon sa anumang mayroon sa paligid. Hindi mapasusubalian na malaki ang papel ng kalikasan bilang kuhanan ng mga hilaw na materyales sa paggawa ng mga gamit tulad ng kahoy para sa mga muwebles, papel, at mga gusali. Kabilang din dito ang mga hibla mula sa mga halaman tulad ng abaka, *rattan*, at kawayan na ginagamit sa paggawa ng lubid, basket, at mga dekorasyon. Isang patunay na ang paggamit ng katutubong materyales ay isang paraan ng pagpapanatili at pagpapahalaga sa tradisyon at kultura ng isang komunidad. Sa kabila ng modernisasyon, may mga Pilipino pa ring nagnanais na gamitin ang mga katutubong materyales at tradisyonal na disenyo para sa kanilang bahay o kaya’y kagamitan (Joson, 2022). Palaging may kagandahan sa pagpapanatili ng mga katangian ng tradisyonal na disenyong Pilipino, gaano man naimpluwensiyahan ang bansa sa modernisasyon.

Ang kagandahang naidudulot ng mga katutubong materyales ay matibay, sagana at ang produksiyon ay may mababang epekto sa kapaligiran kaya lamang ito ay nasisira dahil sa kahalumigmigan at panahon (Danio, 2016). Maliban pa ryan, nangangailangan ng espesyal na kasanayan sa paggawa at mabagal na proseso kompara sa paggamit ng makinarya at teknolohiya.

Batay sa mga nakalap na korpus, ang komunidad ay gumagawa ng paraan kung paano maging magaan ang kanilang pamumuhay, ang kagamitan mula sa katutubong materyales ay nangangailangan ng tiyak na kasanayan at kaalaman. Ang pagsulong ng gantong uri ng sining ay maaaring magdulot ng mas mataas na antas ng kasanayan at kaalaman sa komunidad, na maaaring magbigay ng mga pagkakataon para sa edukasyon at pag-unlad. Nananatiling mabubuhay at patuloy na yumayabong ang mga *traditional craft* sa mas malawak na pamilihan, ngunit ang pagpapanatili nito ay nakasalalay sa kagustuhan ng mahuhusay na kabataang henerasyon na panatilihing buhay ang tradisyon.

Maliban pa nito, ang paggamit ng katutubong materyales ay nakatutulong sa lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga lokal na manggagawa at artisano dahil ang pangangailangan sa mga produktong ito ay maaaring magbigay ng trabaho at kabuhayan sa mga miyembro ng komunidad. Maliban pa nito, ang mga katutubong materyales ay karaniwang madaling makuha at hindi nangangailangan ng mahabang proseso sa paggawa, kadalasan ay mas mababa ang gastos nito kumpara sa mga *imported* o *synthetic* na materyales. Ito ay maaaring magresulta sa mas abot-kayang mga produkto at kagamitan para sa mga mamamayan. Dagdag pa nito, ang ang matibay at angkop sa klima at kondisyon ng isang partikular na lugar. Halimbawa, ang mga kagamitan mula sa *rattan* o kawayan ay matibay at may kakayahang magtagal ng mahabang panahon. Gayunpaman, mahalaga rin na isaalang-alang ang tamang pagproseso at pangangalaga upang matiyak ang tibay ng mga ito.

Makikita sa Talahanayan 9, ang ilan sa mga korpus-Mansaka na may kinalaman sa mga halaman gaya ng *bagaybáy*, *kurigsáw* at *turub*.

Talahanayan 9

Katawagang Mansaka tungkol sa mga Halaman

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
bagaybáy	<i>buwig ng niyog na hindi pa gaanong sumisibol o namumu-kadkad</i>	<i>png</i>	Sa kulturang Mansaka ang <i>bagaybáy</i> ay isa sa pangunahing gamit at sangkap tuwing may ritwal ang tribo. Ito ay simbolo ng kadalisan, kapuruhan at kaayusan sa pinaghahandugan. Nangan-gahulugan din itong pagkakaisa sa bawat miyembro ng komunidad.
kurigsáw	<i>isang uri ng palm tree</i>	<i>png</i>	May mala-niyog na hitsura na tumutubo sa maraming lugar dito sa Pilipinas. Ito ay namumulaklak ng dilaw at namumunga ng mapula at bilugang bunga. Sa kulturang Mansaka ito ay isang pangunahing sangkap sa pag-ipát o sayaw sa panggagamot na sinusunog tuwing isinasagawa ang seremonya. Ang pagsusunog ay simbolo ng pagtataboy ng masasamang espiritu na siyang pinaniniwalaang sanhi ng pagkakasakit ng isang tao.
turub	<i>halaman</i>	<i>png</i>	Isang uri ng halaman na ginagamit at sinusunog sa panahon ng ritwal Paniniwala ng komunidad na ang nasabing tanim ay may angking kapangyarihan upang palayasin ang masasamang elemento o espiritu na nasa paligid.

Ang mga halimbawang entri ay may malaking papel na ginagampanan sa pagsasagawa ng mga ritwal sa komunidad. Itinuturing na banal at mahalaga ang halaman sa komunidad ng Mansaka dahil maliban sa pangunahing pinagkukunan nila ito ng pagkain dito rin sila kumukuha ng sangkap sa pagsasagawa ng ritwal gaya ng panggagamot,

pagdarasal at pagpapaalis ng mga masasamang espiritu. Patunay ito sa sinabi ng isa sa mga kalahok sa pananaliksik.

IDI-03 Yang mga tanom tyutuowan na iinang ng manginangay “Magbabaya o tagallang” tungod yang tanom tyutuowan ng Mansaka na yang mga tanom aon tagtumon na diwata sang matag lugar. Tungud disidi yakabasi ng kanilan kyakaan aw panginabuwean ug pyaprarakitis gyud laban ng Mansaka na protektaan yang kinaiyahan ug tyutuonan pud yang pag peserbar nidi na antak yang sunod na henerasyon aw turin aon pay-akasunudan. Bukon lang disaan yakalimitaan yang kanilan tanom sang pagpalarom pa nini na pagsabot yang Mansaka sang paggamit nidi ikitaun pa kariko ng parte ng mga tanom sama sang ipan syasagol sang pagkaan na ganda, tanglad, sibodging, boboyna, sibuyas aw kadaygan pa na paballo na wara gyud pgaga imo ng purubos. [Ang mga halaman para sa aming mga Mansaka ay biyayang galing sa Panginoon o Magbabaya. Naniniwala kami na ang bawat lugar at pananim ay pinaninirahan at inaalagaan ng isang diwata kaya naman nirerespeto namin ito dahil dito kami kumukuha ng pagkain at pangkabuhayan sa araw-araw. Kaya naman, kami mismo ang gumagawa ng paraan upang proteksiyonan at maipreserba ang kalikasan upang magamit sa susunod na henerasyon. Maliban pa rian, ang mga halaman ay mga pangunahin at orihinal na sangkap sa pagluluto gaya ng ganda, tanglad, sibuyas at iba pa na nagbibigay ng kakaibang bango o aroma na hindi dumaan sa sintetikong proseso.]

Kung ang *bagaybáy* ay napabilang sa categoryang halaman para sa mga Mansaka ito naman ay nangangahulugang itlog ng isda para sa mga mamamayan ng Gitnang

Visayas (“Cebuano Dictionary,” 2010). Katulad ng laman ng bangus at iba pang mga isda, ang *bagaybáy* nito ay isinama sa pagluluto dahil mayaman ito sa protina at *calcium*.

Ang *kurigsáw* ay isa sa pangunahing sangkap sa *pag-ipat* (isang sayaw sa panggagamot) na sinusunog tuwing isinasagawa ang seremonya. Ang pagsusunog ay simbolo ng pagtataboy ng masasamang espiritu na siyang pinaniniwalaang sanhi ng pagkakasakit ng isang tao. Ang nasabing tradisyonal na pamamaraan ng panggagamot ay hindi naman nagkalayo sa Pagbilao, Quezon na tinawag nilang *pagsusuob*, kung saan isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagpapausok sa katawan ng taong may sakit gamit ang tawas, piraso ng bendita (palaspas), at kamanyang o insenso na pinagsasama-sama at inilalagay sa bága (Zafra, 2023). Ito ay ginagawa sa paniniwalang naaalis ang mga naturang sanhi ng karamdaman dahil sa mga kagamitang ginamit, lihim na dasal o bulong at matinding paniniwala sa Maykapal.

Sa mga halimbawang entri tungkol sa halaman, mapapansing ito ay may mahalagang papel sa pagsasagawa ng ritwal sa isang komunidad sa usapin ng simbolismo, espiritwal na kahulugan, at gamit sa mga pangkulturang gawain. Bilang isang bansang kinabibilangan ng marami at iba-ibang etnikong pangkat, maraming grupo ang naniniwalang ang mga halaman ay may espiritwal na kapangyarihan dulot gaya ng proteksiyon laban sa masasamang espiritu, pagdadala ng suwerte at kasaganaan, kakayahang magpagaling ng sakit, at makapagbibigay ng enerhiya at lakas. Maliban pa nito, ang mabangong usok mula sa mga halaman ay pinaniniwalaang makapagpapadalisa sa panahon ng ritwal dahil itinataboy nito ang negatibong enerhiya o masamang espiritu. Sa kabilang

banda, ang mga halaman tulad ng bulaklak, prutas, o dahon ay ginagawang pang-alay bilang simbolo ng pasasalamat o paghingi ng biyaya mula sa mga diyos o espiritu.

Sa konteksto ng Mansaka, ang mga halaman ay mahalaga hindi lamang bilang pisikal na materyales kundi bilang mga simbolo at instrumento sa pagpapanatili ng kultura at espiritwalidad ng isang komunidad. Ang paggamit ng mga halaman sa ritwal ay bahagi ng kanilang identidad sapagkat ipinapakita nito ang kanilang malalim na konseksiyon sa kalikasan at tradisyong ipinasa-pasa pa mula sa mga ninuno. Sa pamamagitan ng kolektibong pag-aani o paghahanda ng mga halaman para sa ritwal, ito ay nagpapati-bay ng ugnayan ng bawat kasapi ng komunidad at nagpapalalim ng samahan at pagkaka-isa.

Makikita sa Talahanayan 10, ang ilan sa mga korpus-Mansaka na may kinalaman sa mga hayop gaya ng *amû*, *kagi* at *karaw*.

Talahanayan 10

Katawagang Mansaka tungkol sa mga Hayop

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
<i>amû</i>	<i>unggoy</i>	<i>png</i>	Matatagpuan sa mga kagubatan at mga taniman. Paniniwala ng komunidad na ang mga <i>amû</i> ay mortal na kalaban ng mga katutubo dahil sa mapanira nitong mga gawi gaya ng pagsira ng taniman gaya ng mga kamote na siyang pangunahing pagkain ng mga katutubo.
<i>kagi</i>	<i>paniki</i>	<i>png</i>	Kung ang nakararami ay takot sa paniki, kabaliktaran naman ito sa tribo. Madalas na inuulam ito lalong-lalo ng mga nakatira

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
karaw	<i>kalaw</i>	<i>png</i>	sa bukid. Higit sa lahat, malaking tulong ang kagi sa pagpaparami ng mga punongkahoy dahil sa mga butong nadadala nito sa paglipat-lipat ng lugar ngunit itinuturing din itong pinsala ng iba dahil sa sinisira nito ang ilang mga pananim ng komunidad. Isang uri ng ibon na may itim, dilaw, at pulang balahibo. Mahaba ang buntot at may malaking tuka na pinagsamang pula at dilaw ang kulay. Pinaniniwalaan na ang ibong ito ay nauutusan bilang tagapagbigay-alam sa oras upang magampanan ng mga katutubo ang kanilang mga gawain sa loob ng isang araw.

Ang mga hayop sa pangkalahatan ay may mahalagang papel sa isang komunidad dahil sila ay nagbibigay ng iba't ibang benepisyo na nakakatulong sa kalikasan, ekonomiya, panlipunan, at pangkulturang aspeto ng pamumuhay ng maraming pangkat-etniko kabilang na rryan ang Mansaka.

Sa aspetong kalikasan, tumutulong sila sa pagbalanse ng ating paligid. Ang mga mandaragit (*predator*) ay tumutulong sa pagkontrol ng populasyon ng ibang mga hayop, habang ang mga *herbivores* naman ay tumutulong sa pagpapanatili ng kalusugan ng mga halaman. Malaking tulong din sa kalikasan ang dumi ng ilang mga hayop na nagbibigay ng sustansiya sa lupa na kailangan ng mga halaman upang lumago.

Sa usaping pang-ekonomiya, ang mga hayop gaya ng alagang baka, manok, baboy at iba pa, ang siyang pangunahing pinagkukunan ng pagkain at kabuhayan sa mga tao dahil ang mga produktong nanggagaling dito gaya ng gatas, itlog at karne ay maaaring

ibenta. Sa araw-araw na pakikipamuhay ng mga Mansaka, ang mga hayop ang kanilang katuwang upang maging madali at mapagaan ang trabaho, sila rin ang mga gabay at tagapagbantay upang makaiwas sa anumang panganib.

FGD-03 Yang mga binatang bukon lang importante pero yani na mga karsi na mga ininang na yagakinabuwe aon mga disini ikitaon uman yang mga sinyalis sang banwa. Sama sinyang mga “arimokon/limokon” aw maga-uni yani na langgam sidinyang pyaga-pyanawan mo na daran yagapasabot na aon maat na amaitabo o madatung kanmo, busa yang inangon mabarik aw dili da naa magapadayun sang panaw kay syusugat kaw ng “hothot/hotot”. Yang “Karaw” na yamasurit da pud ipan sang mga “babatukon/babarawon” tungod kadyaw na pisikal na kaimo nini ug yagapakita pa pud yani na yang banwa abunda arag madyaw pa uman yang sistema ng tibo ng tribo. Yang “barinsayaw” kung sng kawangan na ambong yni yagapasabot na mataas yang uraw, kung sang gabila yani silan manlayog manlurugwa yagapasabot na mataas yang tig-uran. Yang kadaygan na mga yaras sama sang “binaw aw yang mga yaras na baboy” kilara uman yadi silan sang mga kinadini na mga sila ng Mansaka tungod aon yamaatag nilan na mangkadyaw sang tribo. Yading “binaw” ipan yani lyuroto ng “til-lag” aw “lyurot” uman yang “yaras na baboy” sang paagi na “til-lag” aw “lyurot”. Pero yading paris ng “binaw” gyagamit pa pud yani na instrumento na pyaga-tapli libod sang lawas ng “ba-I/bahi” na yang tyatawag na “Gimbal”. [Malaki ang pakinabang ng mga hayop sa komunidad dahil maliban sa pagkain na ibinibigay nito, nagsisilbi rin silang gabay at palatandaan lalo na sa panahon ng sakuna. Isa

sa mga hayop na ito ay ang alimokon na kapag ito’y kanilang nakasalubong sa daan at tumutunog o humuhuni, senyales ito na huwag magpatuloy at dumaan sa nasabing lugar sa oras at araw na iyan dahil sa nakaambang panganib. Samantala, ang ibong kalaw naman ayon sa mga babatukun (kuwentong-bayan) at babarawon (alamat) ng tribo ay itinuturing pinakamaganda at pinakamasuwerte dahil ito ay senyales ng kasaganaan at kapayapaan. Ang balinsasayaw naman kapag nag-uumpukan ay nangangahulugang may paparating na mahabang panahon ng ulan. Ang binaw o usá at baboy-ramo naman ay kilalang-kilala bilang pangunahing pang-ulam na matatagpuan sa bukid ng Mansaka, niluluto nila ito sa pamamagitan ng lyurot (niluluto gamit ang kawayan). Malaki ang pakinabang ng binaw sa komunidad dahil maliban sa karne, ang balat nito ay ginagamit sa paggawa ng gimbal. Sa lahat ng mga nabanggit, nangangahulugan lamang na malaki ang pakinabang ng mga hayop sa komunidad dahil sila ang tagagabay, tagahatid ng mensahe, at tagapagbigay ng pagkain at kabuhayan sa lahat ng pamilyang Mansaka.]

Mapapansing sa konteksto ng Mansaka, ipinapakita nila kung paano nakatutulong ang mga hayop sa kanilang pamumuhay na malinaw na nailahad sa kanilang mga alamat, kuwentong-bayan at mitolohiya. Ang mga kuwentong ito ay kadalasang nagpapakita ng malapit na ugnayan sa pagitan ng mga tao at hayop at binibigyang-diin ang kahalagahan ng paggalang at pakikipagkapwa sa kalikasan (Jugli et al., 2020).

Sa kabilang banda, hindi lahat ng hayop ay kaibigan ng kanilang komunidad dahil ang *amû* (unggoy) at *ambaw* (daga) ay itinuturing nilang mortal na kaaway. Kabaliktaran

naman ito sa panitikang Tsino na kung saan isang hari ang turing nila sa unggoy batay sa isang klasikong nobelang Tsino na *Journey to the West* (Sun, 2018). Ayon kay Pearson (2006), makikilala rito ang isang pilyo at makapangyarihang unggoy na sumisimbolo sa pagiging matalino at tusong nilalang na madalas na iniuugnay sa mga unggoy (Pearson, 2006).

Sa aspetong kultural, kadalasang tinitingnan ng halos lahat ng Asyano ang mga paniki bilang masasamang pangitain dahil ang kanilang biglaang paglipad sa gabi ay pinaniniwalaang nagdadala ng kamalasan o masamang balita at minsan ay iniuugnay ito sa kamatayan, kasamaan, at mga espiritu. Kabaliktaran naman ang paniniwalang ito sa komunidad ng Mansaka dahil ang *kagi* (paniki) ay buhay nila sapagkat ito ay pagkain at kabuhayan. Ang katotohanang ito ay patunay na bawat pangkat-etniko ay may kani-kaniyang paniniwala na sinusunod, halimbawa, ang mga baka ay itinuturing na simbolo ng kayamanan sa ilang kultura (Agustine et al., 2023). Madalas silang itinuturing na mga sagradong nilalang at isinasama sa iba't ibang ritwal at seremonya (Narvekar, 2023). Ang ilang mga hayop naman ay maaaring piliin bilang *totem*, na nagsisilbing simbolo o sagisag ng isang partikular na grupo o angkan (“Urban Dictionary,” 2010).

Sa iba’t ibang kultura, ang mga ibon ay simbolismo ng isang bagay na naaayon din sa paniniwala ng isang grupo, halimbawa, sa Kristiyanismo, ang kalapati ay sagisag ng kapayapaan, habang ang agila naman ay simbolo ng lakas at espiritwal na koneksiyon sa kalikasan. Ang *karaw* (kalaw) ng Mansaka ay nagpapahiwatig naman ng oras o panahon. Samakatuwid, ang kultural na ugnayan ng mga tao sa mga ibon ay nagpapatunay na ang kalikasan at kultura ay hindi hiwalay na konsepto, kundi

magkatulad at nagpapahiwatig ng malalim na ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran (Abad et al., 2014; Cadias, 2017; Vecaldo et al., 2015; Zabala, 2021). Sa madaling sabi, ang pag-unawa sa kahalagahan ng mga hayop sa komunidad ng isang pangkat-etniko ay repleksiyon ng kanilang mga paniniwala, kaugalian, at pangkalahatang pananaw sa mundo.

Makikita sa Talahanayan 11, ang ilan sa mga korpus-Mansaka na may kinalaman sa kalikasan gaya ng *bituon*, *buran* at *salitan*.

Talahanayan 11

Katawagang Mansaka tungkol sa Panahon

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
bituon	<i>bituin</i>	<i>png</i>	Ang nagsisilbing-gabay ng tribu sa pagtukoy sa tamang panahon ng pagsasaka. Kapag maraming <i>bituon</i> , pahiwatig ito na magandang magtanim dahil sa paniniwalang malapit ang mundo sa mga bituin.
buran	<i>buwan</i>	<i>png</i>	Malaki ang papel na ginagampanan ng <i>buran</i> sa komunidad ng Mansaka. Ang buran ang tagapagsabi kung kailan ang tamang panahon ng pagtatanim at iba pang gawaing may kaugnayan sa agrikultura. Kapag malaki at bilog ang buwan sa panahon ng pagtatanim, ito ay nangan-gahulugang buo at maraming makukuhang ani.

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
sa•li•tan	<i>silangan</i>	<i>png</i>	Ang posisyon kung saan unang makikita ang sinag ng araw. Sa kulturang Mansaka, ito ay nangangahulugang maganda ang buong araw at isang magandang pagkakataong magtanim sa sakahan. Higit sa lahat ito ay hudyat na pagsisimula ng mga gawaing nakagawain at nakasanayan na sa buong komunidad.

Para sa mga Mansaka, ang buwan at bituin ay pangunahing gabay sa agrikultura. Nakasalalay sa mabusising pagmamasid ng mga miyembro sa *bituon* at *buran* ang mabungang produksiyon nito pagdating ng ani. Ang ganitong pamamaraan ay hindi nagkakalayo sa mga Ifugao at iba pang katutubong grupo sa Pilipinas dahil ang mga posisyon ng buwan at mga bituin ay ginagamit din nila upang tukuyin ang tamang panahon para magtanim at anihin ang mga pananim.

Sa akdang "*Pigs and ritual-hunting among the highland Tau-Buhid in Mounts Igit-Baco natural park, Philippines*" (Rosales, 2021), binanggit na ang mga katutubong Tau-Buhid ay nagkakaroon ng malalim na koneksiyon sa kalikasan, kabilang na ang mga *celestial bodies* tulad ng buwan at mga bituin. Bagamat hindi direktang tinukoy sa akda ang mga paniniwala nila tungkol dito, maaaring ipagpalagay na ang kaalaman sa astronomiya ay mahalaga sa kanilang pamumuhay, tulad ng pagtukoy ng panahon ng pagtatanim at iba pang mga ritwal.

Dagdag nito, mahalaga ang papel ng buwan at mga bituin sa kultura at paniniwala ng maraming tribo sa Pilipinas at sa iba't ibang panig ng mundo dahil ito ay ginagamit

bilang gabay sa paglalakbay, pananda sa panahon ng pagtatanim at pangingisda, at basehan ng mga alamat at kuwento (Warbrick et al., 2023). Sa kabilang dako naman, ang buwan ay itinuturing na banal at sentro sa kanilang mga ritwal at pananampalataya. Paniniwala ng mga Aeta ng Luzon ang buwan ay may kinalaman sa mga espiritu ng kalikasan, at ito ay kasama nila sa kanilang mga seremonya sa pagpapagaling o pakikipag-ugnayan sa mga Espiritu (Salazar, 1999). Sa ilang bahagi ng Africa, tulad ng mga Zulu, ang mga ritwal ng pag-aalay ay isinasagawa tuwing kabilugan ng buwan bilang simbolo ng *fertility* at pagpapala (Finney, 1994). Sa maraming kultura, ang silangan ay itinuturing na simbolo ng bagong simula dahil ito ang direksyon kung saan sumisikat ang araw. Sa mga kultura tulad ng *Indigenous American tribes*, ang silangan ay nauugnay sa kapanganakan at pagkabuhay, dahil dito nagsisimula ang araw, na nagbibigay ng liwanag at buhay sa mundo. Ang silangan ay isang simbolo ng pag-asa, paglago, at muling pagsilang. Sa katutubong paniniwala ng mga Igorot sa hilagang Luzon, ang silangan ay sagrado sapagkat ito ang direksyon ng pagsikat ng araw, at ito ang itinuturing na pinagmumulan ng buhay at enerhiya (Santos, 1999). Kaya't ang mga ritwal para sa masaganang ani o proteksyon ng komunidad ay isinasagawa habang nakaharap sa direksyong ito.

Ang mga nabanggit na literatura sa itaas ay hindi nagkakalayo sa paniniwala ng mga Mansaka dahil ang *salitan* (silangan) para sa kanila ay hudyat ng simula at positibong pananaw upang simulan ang araw. Patunay lamang ito, na ang *salitan* (silangan) ay hindi lamang isang simpleng direksyon para sa maraming pangkat-etniko at kultura kundi ito ay simbolo ng bagong simula at kaliwanagan. Higit sa lahat, ito ay mahalagang bahagi

sa pagsasagawa ng mga ritwal, pagpapatuloy ng tradisyon, at pagbabahagi ng paniniwala na bumubuo sa kultural na pagkakilanlan ng maraming grupo.

Makikita sa Talahanayan 12 ang ilan sa mga korpus-Mansaka kaugnay sa kanilang kasuotan gaya ng dagmay, dagúm at turong.

Talahanayan 12

Katawagang Mansaka tungkol sa mga Kasuotan

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
dagmay	<i>saya</i>	<i>png</i>	Ang telang hinabi ay gawa sa abaka. Ang paggawa nito ay gumagamit ng tradisyonal na pamamaraan kung saan mabusisi at kailangan ng mahabang pasensiya. Ilan sa mga disenyo ng dagmay ay parisukat, hugis-tao, buwaya at mga tuldok.
dagúm	<i>blusa</i>	<i>png</i>	Isang tradisyonal na kasuotang pambabae ng tribo na may sadyang hati upang mai-pakita ang hubog ng katawan ng mga kababaihang Mansaka na magsusuot nito. Ito ay gawa sa iba't ibang kulay gaya ng dilaw, asul, at itim upang higit na kaakit-akit tingnan. Hindi kasama ang kulay pula dahil ginagamit lamang ito ng mga Matikadung at mga Bagani. Ang kulay puti naman ay ginagamit ng mga <i>Bia</i> at asawa ng isang <i>Matikadung</i> . Ang tela o pangunahing sangkap sa paggawa ng dagúm ay hinabi pa ng mga ninuno.
turong	<i>sombrero</i>	<i>png</i>	Isang uri ng panakip sa ulo na gawa sa tela na may iba't ibang kulay depende sa ranggo ng nagsusuot.

Ang kasuotan ng mga katutubo partikular na sa mga Mansaka ay sumasalamin sa mayamang kasaysayan, paniniwala, at tradisyon ng tribo. Ito ay kadalasang nagsisilbing biswal na tanda ng pagkakakilanlan ng isang pangkat etniko, na nagpapakilala sa iba't ibang grupo at sa kanilang natatanging pamana (Wahed et al., 2022). *Dagúm* ang pangkalahatang tawag nila sa kanilang kasuotan, nagkakaiba lamang ang kulay at disenyo nito ayon sa kasarian at katungkulan sa komunidad ng nagsusuot. Samantala, ang mga disenyo naman ay naaayon sa mga bagay na kanilang nakikita sa kalikasan at malapit sa kanilang komunidad.

FGD-04 Tibo sang tribo ng Mansaka tyatawag ng dagum kariko mapang-usog aw pambubay man yaan sang ubos ra gaid magakatubok kay “dagmay” para sang bubay na ipan tyatawag ng palda ug Pintot isab sang usog na syusoot o syuot ng mga usog. Dagmay na gyagamitan ng abaka na yamagaun ng lugay ug yang “pintot” ng mga kausganan tyatapliyan yaan ng mga inunto, mga istiro ng kaimo ng binatang maynang kagaun ng mga butiki, binaw, usa, langgam, aniput, putyukan/pukyutan ug yang mga kabituonan. Yang mga gidaguman ng Mansaka panasahi gyud yani sikun pa sang “dagum” yang mga pattern sang pagkatabing aw pagkautod nidi dili pagkitaun sang kadaygan na tribo sang Pilipinas tungod matag desenyong na pyambubutang aw pyantatpli sang dagum aon pud kariko mga aran nini na mga desenyong. Yani uman na mga dagum maski sang mga stilo yakadependi ra pud yadi sang mga inang ng dagum kay matag manabingay na utaw tubok yang makaya na desenyong busa aon mga daum na tubok yang desenyong gadara ng kariko ng mensahe aon ra pud mga dagum na wara kabutangi ng

mangkalarum na disenyo. [Ang kasuotan ng tribo ay tinatawag na dagúm, mapalalaki man ito o mapababae. Malaki ang kinalaman ng kalikasan sa mga disenyong nabubuo para sa kanilang ga damit. Mapapansing ang mga disenyo ng mga ibinuburda sa damit panlalaki at pambabae ay hugis o replika ng mga hayop na nakikita sa kanilang paligid kagaya ng tutubi, butiki, usa, ibon, bubuyog at iba pa. Malaki ang kaibahan ng disenyo ng damit Mansaka sa ibang pang pangkat-etniko at masasabing ito’y nakaukit lamang sa kanilang tribo. May ibang disenyo rin na nakadepende sa pagiging malikhain ng tagagawa.]

Ang mga nabanggit na pahayag sa itaas ay pagpapatunay na ang kasuotan ng mga katutubo ay may malalim na kahalagahan sa kanilang kultura sapagkat ito’y pagpapahayag ng kanilang kasaysayan, identidad, at paniniwala. Hindi lamang nakakahon sa pagiging damit ang mga ito dahil ito ay mga simbolo ng yaman ng kanilang kultura, ugnayan sa kalikasan, ugnayan sa kanilang mga ninuno, at pagkakakilanlan bilang isang pangkat-etniko. Simboliko ring maituturing ang pagsusuot ng katutubong kasuotan dahil ito ay nagsasabi ng kaniyang katayuan sa lipunan, kagaya ng mga lider ng tribong Mansaka, ang mga datu ay nagsusuot ng kulay pula bilang palatandaan ng kanilang kapangyarihan at katungkulan.

Maliban pa ryan, ang paggawa ng mga tradisyonal na kasuotan ay isang mahalagang aspeto ng sining ng mga katutubo dahil ang paghahabi, pagbuburda, at iba’t ibang dekorasyon ay pagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan ng mga katutubong kababaihan at kalalakihan. Kaya naman, may mga komunidad na gumagamit ng tradisyonal na pamamaraan ng paghahabi, natural na pangkulay, o mga simbolikong disenyo

bilang pagpapahalaga at pagtataguyod sa kamalayan sa kultura at pagsama sa mga elementong pangkatutubo sa kontemporaryong mundo ng *fashion*.

Makikita sa Talahanayan 13, ang ilan sa mga korpus-Mansaka kaugnay sa mga palamuting isinusuot nila sa katawan kagaya ng *balyúg*, *pamurang* at *sampad*.

Talahanayan 13

Katawagang Mansaka tungkol sa mga Palamuti sa Katawan

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
balyúg	<i>kuwintas</i>	<i>png</i>	Ito ay isang uri ng kuwintas bilang panakip sa dibdib ng mga babae at may habang umaabot sa puson ng nagsusuot. Ang iba't ibang hugis nito ay sumisimbolo sa kalikasan at kaugalian ng mga Mansaka. Ang <i>balyúg</i> ay gawa sa hinabing beadwork, mga barya, at mga ngipin ng buwaya.
pamurang	<i>pulseras</i>	<i>png</i>	Isang uri ng pulseras na gawa sa kahoy at pinatuyong <i>seashells</i> . Karaniwang isinusuot ito ng mga kababaihan sa tuwing may <i>piyagsawitan</i> o pagtitipon-tipong nagaganap sa loob ng tribo. Ang <i>pamurang</i> ay isinusuot na magkakasunod ayon sa laki nito. Samakatuwid, mas maraming pamurang, mas kaakit-akit tingnan.
sampad	<i>palamuti</i>	<i>png</i>	Ang palamuti na nasa loob ng <i>barikug</i> o hikaw na gawa sa ginto o pilak. May disenyonong mandala at hugis bilog kagaya ng paratina. Ang <i>sampad</i> ay simbolismo ng mayamang deposito ng ginto sa kanilang lugar. Makikita itong sinusuot ng mga <i>gibubayan</i> sa panahon ng mga espesyal na pagdiriwang.

Ang laki at disenyo ng *balyúg* ay nagpapakita ng yaman at posisyon ng isang tao sa komunidad kaya naman, ang mga may mataas na katayuan sa lipunan ang may marangyang *balyúg*. Itinuturing din itong sagradong palamuti na may simbolikong kahulugan para sa mga nagsusuot kung saan ang disenyo nito ay sumasalamin sa sining at kultura ng mga Mansaka (Abinales at Amoroso, 2017). Ipinapakita nito ang kanilang kahusayan sa paggawa ng mga alahas at ang kanilang malalim na koneksyon sa kalikasan, dahil ang mga materyales para sa paggawa nito ay kadalasang likas.

Kung ang mga Mansaka ay may *balyúg*, *lingling-o* naman sa mga Igorot (Peanut, 2019). Ito ay kadalasang ibinibigay bilang regalo sa bagong kasal, na kilala bilang *supon*, sa paniniwalang mabibiyayaan ang mag-asawa ng anak. Ang mga materyales na ginagamit sa paggawa ng *lingling-o* ay maaaring magpahiwatig ng katayuan sa lipunan ng nagsusuot, na may mga pagpipilian mula sa pilak hanggang ginto (Murillo at Acala, 2021). Bukod sa mga katutubong Mansaka, ang pagsusuot ng *balyúg* ay bahagi rin ng iba't ibang kultura na napapabilang sa *Mandaya Ethic Group* tulad ng mga Mangwanga, Mangrangan, Mangosan, Magosan, Pagsupan, Divavaonon, at Dibabaon na matatagpuan sa iba't ibang bayan ng Davao Oriental kagaya ng Caraga, Manay, Cateel, Lupon, and Tarragona.

Magkasinghalaga ang simbolismo ng pagsusuot ng *pamurang* ng mga Mansaka, sa mga Indiano sa kanilang *bangles* bilang simbolo ng kasal o sa mga pagdiriwang ngunit nagkakaiba naman ang dalawa sa mga materyales na ginagamit. Ang *bangles* naman ng India ay mula sa iba't ibang materyales gaya ng ginto o pilak samantalang, gawa naman sa kahoy ang sa tribong Mansaka (Kanungo, 2022). Ang pagsusuot ng *sampad* ng mga

Mansaka ay simbolismo ng katiwasayan at balanse sa buhay, ngunit sa wikang Sanskrit ito ay tumutukoy sa katuparan ng mga pangarap at kaginhawaan sa buhay (“Sanskrit Dictionary,” 2023). Samantala, iba pang kahulugan nito ay magarang kuwintas na yari sa perlas.

Ang mga palamuting ito sa katawan ay itinuturing ng komunidad na identidad ng isang indibidwal at ng kaniyang katayuan sa lipunan. Minsan, ito rin ay may kaugnayan sa mga relihiyosong paniniwala at ritwal ng tribo. Maliban pa ryan, ang mga palamuti ay sumasalamin din sa kasaysayan, kultura, at tradisyon ng tribo. Para sa mga Mansaka, ang pagsusuot ng palamuti ay mahalaga sa mga okasyon tulad ng kasal, pagdiriwang ng ani, at iba pang mahahalagang seremonya dahil sumisimbolo ito ng pagpapahalaga at pagbibigay-diin sa espesyal na mga sandali sa buhay ng isang indibidwal o ng buong komunidad. Sa pamamagitan ng pagsusuot ng parehong uri ng palamuti, napapalakas nito ang pagkakaisa at pagkakakilanlan ng isang tribo na kumakatawan sa kanilang pagiging bahagi ng isang komunidad, na nagpapatibay sa kanilang samahan at pagpapahalaga sa kanilang pangkat-etniko.

FGD-04 Yang mga gyagamit ng Mansaka bukon gaid ng pampagwapa aw pampagwapo kaw sa yani silan makadugpo ng kaanyag sang magasoot mapa-bubay kaw man o usog. Masgakadaig yang sang bubay kay yaan man silan yang syasangunan aw byabantog na matigam ug gakatigam pud gyud silan kay yaan man yang kanilan sari pyang-iinang. Yang bubay man yang magadara sang kinadini uman yang usog sang pagpadigun ug pagbutang ng unto sang mga balaod sang tibo ng Tribo. [Ang mga palamuti sa katawan ng mga Mansaka ay

hindi lamang nakakahon bilang pampaganda kundi ito'y pagkakilanlan ng isang miyembro. Mas maraming isinusuot ang mga babae kaysa sa mga lalaki, ito ay dahil mas mahusay ang mga nauna sa paggawa ito. Itinuturing ding tagapag-ingat ng kultural na kayamanan ng tribo ang mga babae, samantalang ang mga lalaki naman ang tagapagpatibay at tagapagtanggol sa buong komunidad.]

Sa konteksto ng mga katutubong komunidad, ang kaugalian sa pagpapalamuti ng katawan gamit ang mga alahas, at iba pang pandekorasyon na elemento ay may malalim na kahalagahang kultural, na nagsisilbing daluyan ng simbolikong komunikasyon at repleksyon ng mayamang pamana ng komunidad (Satpathy, 2017). Kinakatawan nito ang mga ritwal at espiritwal na paniniwala na naipapasa sa bawat henerasyon kaya naman itinuturing na lampas ito sa kanilang materyal na katangian Nagsisilbi ring "*buhay na pamana ng kultura*" ang mga palamuti dahil ito ay nagpapakita ng kuwento ng pamumuhay ng isang pangkat.

Sa patuloy na pag-agos ng modernisasyon, mahalagang pahalagahan at panatilihin ang mga ganitong tradisyon. Ang pagsusuot ng mga palamuti ay hindi lamang pagpapakita ng kagandahan, kundi isang paraan din ng pagpapakilala sa mundo ng mayamang kultura at pamana ng mga katutubo. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ng boses at pagkakakilanlan ang mga tribo at patuloy na naipapasa ang kanilang mga kuwento sa susunod na henerasyon.

Makikita sa Talahanayan 14 ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa kanilang tradisyonal na sayaw kagaya ng binalyan, kinabuwa at pag-ipát.

Talahanayan 14

Katawagang Mansaka tungkol sa Sayaw

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
binalyan	<i>sayaw-panalangin</i>	<i>png</i>	Isang sayaw para sa panalangin o ritual bilang pakikipag-usap sa <i>Magbabaya</i> (Diyos). Ito ay kinalalakipan ng mga hakbang o kilos ng pasasalamat at pagpupuri sa Diyos na siyang biyaya, proteksiyon at gabay ng buong komunidad.
gásarút	<i>sayaw pandigma</i>	<i>png</i>	Sayaw pandigma gamit ang isang sibat at kalasag na kadalasang isinagawa tuwing may espesyal na pagtitipon tulad ng pagsawit. Ang sayaw ay sumisimbolo ng kanilang pakikipaglaban upang maprotektahan ang pamayanan at mga katribo. Isa sa mga katangian ng katutubong Mansaka ay ang pag-iwas sa kaguluhan at alitan sa ibang tribo subalit sila ay natututong makipaglaban kung ang kanilang pamayanan ay nasa panganib gaya ng hindi inaasahang paglusob o pang-aapi ng ibang pangkat.
pag-ipát	<i>panggagamot</i>	<i>png</i>	Isang sayaw sa panggagamot upang mapagaling ang maysakit na ginagamitan ng sinunog na halaman gaya ng kurigsaw, buyo, apog, tabako at turob. Ang mga hakbang ay naka- <i>pattern</i> na hindi basta-bastang nababago at habang ginagawa ito ay may dasal na ibinubulong.

Ipinagmamalaki ng kulturang Mansaka ang kanilang galing sa pagsasayaw kabilang na dito ang sayaw na *binalyan*. Ang *binalyan* ay hango sa salitang *balyan* na ang ibig sabihin ay manggagamot. Ito ay isang ritwal na sayaw-panalangin bilang pakikipag-usap kay *Magbabayà* (Diyos). Sumisimbolo ito ng lubos na paniniwala sa kapangyarihan ni *Magbabayà* at pasasalamat sa Kaniyang mga nagawang kabutihan para sa kanilang tribo. Katulad din ng mga katutubong Igorot na naninirahan sa bulubunduking bahagi ng Cordillera, isinasagawa nila ang pagsasayaw ng *tayaw* tuwing may espesyal na selebrasyon sa kanilang pamayanan. Patunay ito sa sinabi ni Marticio (2019) na ang gawaing ito ay pagbibigay-pugay sa mga biyayang natanggap mula sa kanilang mga *anito*.

Gasarut naman ang tawag sa sayaw na sumasagisag sa katapangan ng mga mandirigmang Mansaka. Ang sayaw na ito ay hindi naman nalalayo sa sayaw ng tribong Maranao, na karamihang naninirahan sa lalawigan ng Lanao del Sur, ang *sagayan*. Ito ay isang sayaw-pandigma na itinatanghal sa tuwing may espesyal na selebrasyon ang tribo. Ang kilos, galaw, hakbang at kumpas ng mga kamay at paa ay simbolismo ng katapangan at kahandaang mag-alay ng buhay ng dalawang tribo alang-alang sa komunidad. Kagaya ng mga Maranao (Maruhom, 2013) ang tribong Mansaka ay handang makipaglaban para sa kapakanan ng kanilang mga mamamayan sa kabila ng ang pagiging kalmado sa pagharap sa mga hamon sa buhay.

Pag-ipat naman ang tawag sa isang sayaw na sumisimbolo sa ritwal ng paggagamot. Sa pangunguna ng isang balyan, inaalay ang sagradong sayaw sa paniniwalang mas mapapabilis ang paggaling ng maysakit. Kasabay ng seremonyang ito ay paggamit ng sinunog na mga halaman gaya ng *kurigsaw*, *buyo*, *apog*, tabako at *turob*. Ang nasabing

ritwal ay katulad din ng Tribong Talaindig na matatagpuan sa Bukidnon. Ang kanilang sayaw na *dugso* ay sumisimbolo sa malakas na paniniwalang mapapagaling ang mga maysakit sa pamamagitan ng pagsasayaw kasama ang sinunog na mga halaman (Lobo, 2023). Mapapansing sa pagsasagawa ng ritwal na *pag-ipat* at *dugso* hindi nawawala ang papel ng kalikasan upang epektibong maisasagawa ito. Ito’y pagpapatunay lamang na may malaking ugnayan at malalim na koneksyon ang paligid sa mga tao. Ang kanilang mga kilos sa sayaw ay nagpapakita rin ng kanilang koneksiyon sa mga elementong likas, tulad ng hangin, lupa, tubig, at apoy dahil dito epektibong naipakita ng mga tribo partikular na ang Mansaka ang pagkilala at paggalang sa kalikasan na dapat tularan.

IDI-02 Yang mga sayaw ng Mansak magaatag ng patigan sang mga yanlarabay da na mga anlaw aw sang mga mandadatung pa na mga anlaw. Kay yadi uman yang yaga-umbad sang gugma sang kinaiyahan aw banwa uman sang relasyon ng kawtawan sang kadaygan pa na mga binatang. [Ang sayaw sa Mansaka ay naghahatid ng mensahe kung ano ang mga pangyayari noong unang panahon at maging sa kasalukuyan. Ipinapakita rin dito kung paano biniyayaan ang komunidad ng masaganang at ang pakikipag-ugnayan ng mga tao sa mga hayop.]

Ang sayaw ay kasaysayan, kalikasan, seremonya, relihiyon, tradisyon at kultura hindi lang ng Mansaka kundi ng kahit na anong pangkat. Isa itong pangunahing aspeto ng pagkakakilanlan at pagpapahayag ng kultura sa loob ng komunidad dahil nagsisilbi itong imbakan ng kalinangan. Maliban pa rian, ang sayaw ay paraan din ng pakikipagkomunikasyon sa Manlilikha (Pangestu at Kuswarsantyo, 2020). Sa pamamagitan rin ng sayaw, naipapahayag ng sino man ang kaniyang damdamin sapagkat may mga partikular

na sayaw na sumasalamin sa iba't ibang emosyon na bahagi na rin ng buhay ng tribo (Wilson, 2002). Lagpas pa sa pagtatanghal ang layunin ng mga sayaw dahil ito ay isang paraan ng pagpasa ng mahahalagang kaalaman, kuwento, at pagpapahalaga sa kultura sa susunod na henerasyon.

Maliban sa pakikilahok at pag-aaral ng iba't ibang mga sayaw na ito, nagagawa ng sinoman na magkaroon ng koneksiyon sa pamana ng kanilang ninuno at bumuo ng isang matibay na pagkakakilanlan na maaaring angkinin ng buong komunidad. Kaya, narapat lamang na ito'y mapanatili lalong-lalo na ang mga natatanging pamana at halaga ng komunidad para sa susunod na henerasyon.

Makikita sa Talahanayan 15, ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa kanilang tradisyonal na musika kagaya ng *binarig*, *dawut* at *saryada*.

Talahanayan 15

Katawagang Mansaka tungkol sa Musika o Awit

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
binarig	<i>musika sa panliligaw</i>	<i>png</i>	Sa pamamagitan ng musika, naipapahayag ng binata ang kaniyang damdamin sa dalagang napupusuan dahil naglalarawan ito ng paghanga sa pisikal at panloob na katangian ng dalaga. Maliban pa ryan, naglalaman din ito ng mga pangako at kasiguraduhan na hindi mabibigo ang dalaga sa pag-ibig na iniaalay nito.
dawut	<i>awit</i>	<i>png</i>	Isang awit o pagkanta na walang paghahanda na natutungkol sa kasaysayan, kultura at tradisyon ng tribong

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
saryada	<i>kanta</i>	<i>png</i>	Mansaka. Isang anyo ng pagku-kuwento na sa paglipas ng panahon ay nadagdagan ang mga impormasyon kaya pahaba nang pahaba ito. Ang <i>dawut</i> ay nagsisilbing-impukan at tambakan ng mayamang kultura ng tribo at nagpapanatili ng kanilang pinagmulan at pagkakakilanlan, kaya lamang ito’y hindi nakatala o nakasulat. Hindi rin basta-basta na lang pini-pili ang magtatanghal ng <i>dawut</i>, kailangan siyang maalam at pinagpala. Isang uri ng kanta o <i>chant</i> na nagsasalaysay sa mga kaganapan sa buong tribo na batay sa kanilang nakita at nasaksihan. Ito ay kadalasang ginagawa kapag may pagdiriwang o pag-sasalo-salo na kung saan ito’y isang angkop na sitwasyon upang maibahagi sa ibang miyembro ng tribo ang mga kaganapan sa buong komunidad.

Ang musika ay bahagi ng mga seremonyang panrelihiyon at mga ritwal hindi lang ng mga Mansaka kundi sa lahat ng tribo sa Pilipinas. Ito ay paraan ng pagpapahayag ng damdamin o saloobin na ginagamit upang makipag-ugnayan sa mga diyos o Espiritu at ipagdiwang ang mga okasyon tulad ng pagtatanim, ani, o kasal, at iba pa. Ito ay patunay sa binanggit ng isa sa mga kalahok na ang musika ay may malaking papel na ginagampanan sa tribo dahil ito ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng musika sa kanilang kultura, tradisyon, at araw-araw na pamumuhay.

FGD-01 *Yang mga instrumento ng Mansaka aon maparawang na parte sang kaseng-kaseng aw utok sang matag Mansaka yani tungod parte gyud ng tribo.*

[Para sa mga aming mga Mansaka, ang musika ay may malaking bahagi sa aming puso dahil bahagi ito sa pang-araw-araw naming gawain.]

Ang *binarig* ng Mansaka bilang musika ng panliligaw ay nagsasalaysay ng paghanga sa pisikal at panloob na kagandahan at kabutihan ng babae. Kagaya ng mga Mansaka, ang *T'boli* naman ay may *udol* o *tudbulul*, isang uri ng awit na nagpapahayag ng pagmamahal at paghanga ng isang binata sa isang dalaga (Maceda, 1998). *Dionli* naman ang tawag sa musika ng pag-ibig para sa mga Subanen (Subanon, Subanun) na matatagpuan sa Zamboanga del Norte at Zamboanga del Sur.

Ang *dawut* ay nagsisilbing talaan ng kasaysayan ng komunidad ng Mansaka kung saan naipapasa ang kaalaman mula sa isang henerasyon patungo sa susunod, kasama na rito ang mga kaugalian, paniniwala, at mga mahalagang kaganapan ng tribo. Ito nama'y hindi nagkakalayo sa *darangen* ng mga Meranao (Maranao) na isang sinaunang epikong awit na nagsasalaysay ng kabayanihan, pag-ibig, digmaan, at pakikipagsapalaran, na sumasalamin sa kultura ng Meranao. Ang *tultul* ng Palawan naman ay inaawit partikular ng mga pamayanang Batak at Tagbanwa bilang pagsasalaysay sa kuwento ng kanilang mga diyos at ninuno. *Ullalim* naman sa lalawigan ng Kalinga kung saan ito'y nakatuon sa kuwento ng kagitingan, digmaan, at kabayanihan ng mga mandirigmang Kalinga (UNESCO, 2001). Ang mga nabanggit na kilalang awit o *chants* ay nagsisilbing daluyan ng mga aral sa moralidad, pagsusumikap, pagtutulungan, at paggalang sa kalikasan dahil nagbibigay ito ng mga Proseso ng etikal na pamumuhay at mga patnubay sa tamang asal

at pakikitungo sa lipunan. Ito rin ay nagiging mahalagang bahagi ng kolektibong alaala ng isang tribo o pamayanan sapagkat ito ay nagbibigay-daan sa mga tao na magkaroon ng mas malalim na kooperasyon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga karanasan at paniniwala.

Makikita sa Talahanayan 16, ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa kanilang instrumentong pangmusika kagaya ng *bandayun*, *gimba* o *gimbal* at *kudlung*.

Talahanayan 16

Katawagang Mansaka tungkol sa Instrumentong Pangmusika

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
bandayun	<i>instrumentong-kuwerdas</i>	<i>png</i>	Ang tawag sa dalawang kudlung na pinagsabay-sabay na tinutugtog. Isa sa mga pangunahing instrumentong ginagamit ng komunidad lalong-lalo na sa panahon ng pagdiriwang.
gimba, gimbal	<i>dram</i>	<i>png</i>	Isang instrumentong pangmusika na pangunahing ginagamit ng tribo na <i>double-headed drum</i> . Ito ay gawa bahi o <i>betel nut</i> at balat ng usa. Pinatugtog ito sa pamamagitan ng magkabilaang pagpukpok ng <i>drum</i> upang makabuo ng tunog.

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
kudlung	<i>instrumentong pangmusika</i>	<i>png</i>	Ito ay may dalawang kuwerdas na kahawig sa <i>kudyapi</i> ng mga Muslim kung saan ang isang kuwerdas ay gumaganap bilang <i>drone</i> o <i>monotone</i> habang ang isa pang kuwerdas ay tumutugtog ng himig. Itinuturing itong sagrado ng tribo dahil ang taong nakarinig lang ng mahiwagang huni mula sa kalikasan ang maaaring humawak at tumugtog nito.

Katulad ng iba't ibang pangkat ng mga katutubo sa buong kapuluan ng Pilipinas, ang mga Mansaka ay mayroon ding sariling katawagan tungkol sa mga instrumentong pangmusika, isa na rito ang tinatawag na *bandayun*. Ang instrumentong pangmusikang ito ay isa sa mga pangunahing ginagamit ng tribo sa lahat ng okasyon. Ang paggamit ng ganitong uri ng instrumentong pangmusika ay naging bahagi rin ng kulturang B'laan pangkat ng mga katutubong naninirahan sa bulubunduking bahagi ng Davao del Sur kung saan gumagamit sila ng *tanguo* tuwing may ritwal na gagawin, ito ay gawa sa metal kung saan ito'y pinapalo upang makabuo ng tunog.

Ang *gimba* o *gimbal* bilang instrumentong pangmusika ay hindi lamang gamitin sa tribong Mansaka, pamilyar din ito sa tribong Mandaya ng Davao Oriental at sa ilang bahagi ng lalawigan sa Palawan bilang pantugtog sa mga katutubong sayaw tulad *dagsa-dagsa* at *tugda-tugda* (Alabi, 2021). Karaniwang ginagamit ng iba't ibang tribo sa Pilipinas ang gimbal sapagkat nagbibigay ito ng malakas at matatag na ritmo, na mahalaga sa mga ritwal at seremonyang pang-tribo. Ang malalim at malakas na tunog nito ay

pinaniniwalaang may espiritwal na kahalagahan na nagsisilbing pantawag sa mga espiritu upang dumalo sa mga ritwal. Kapag ang isang buong komunidad ay nagsasama-sama para sa isang seremonya o pista (Maceda, 1998), ang sabayang pagtugtog ng gimbal ay nagiging simbolo ng kanilang pagkakaisa upang makabuo ng kolektibong karanasan kung saan ang bawat isa ay sumasabay sa iisang tiyempo at ritmo.

Ang *kudlung* ay isa sa pinakatanyag na instrumentong pangmusika ng mga Mansaka. Laganap din ang paggamit nito sa mga katutubong Mandaya sa Davao Oriental, tribong Bagobo sa Davao del Sur, T'boli sa Timog Cotabato, at Manobo sa Isla ng Sarangani at mga probinsya ng Agusan del Sur, Davao, Bukidnon, at Hilaga at Timog Cotabato. Kadalasan, ang paggamit ng *kudlung* ayon sa (Travel and Lifestyle Blog, 2022), ito ay sinasabayan ng *paundag* at *bonabon*, mga uri ng plawta na gawa sa kawayan at *tambourine* upang mas maging kaaya-aya ang mga mabubuong himig sa tuwing may pagtitipon-tipon na gaganapin.

Katulad ng iba pang tradisyonal na instrumento, ito ay gawa sa mga likas na materyales tulad ng kahoy na sumasalamín sa koneksiyon ng komunidad sa kalikasan. Ang tunog ng *kudlung* ay kadalasang inihahalintulad sa mga tunog ng kalikasan gaya ng hangin o tunog ng mga hayop. Sa kabilang banda, ang *kudlung* sa tribong Mansaka, ay hindi lamang instrumento ng musika kundi ito ay simbolo ng panlipunang katayuan kung saan ang mga bihasang gumagamit nito ay kadalasang tumatayo bilang isang lider o kilalang personalidad sa komunidad.

Sa kahit na anong tribo mapa-Pilipinas man o sa ibang bahagi ng mundo, mahalaga ang gampanin ng mga instrumentong pangmusikang ito sa kanilang pamumuhay. Ito

ay hindi lamang simpleng kasangkapan para sa paglikha ng tunog, kundi ito ay may malalim na kaugnayan sa mga aspetong kultura, relihiyon, at panlipunang buhay ng bawat miyembro ng katutubong komunidad.

Makikita sa Talahanayan 17, ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa kanilang tradisyonal na laro kagaya ng *busúg*, *sumpit* at *tuklû*.

Talahanayan 17

Katawagang Mansaka tungkol sa Tradisyonal na Laro

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
busúg	<i>panà</i>	<i>png</i>	Isang tradisyonal na laro na sumusukat sa kakayahan ng mga kalalakihan sa larangan ng pangangaso. Ang nasabing laro ay sukatan din ng tapang at galing sa paggamit ng panà upang makakuha ng pagkain tulad ng hayop. Ang laro ay ginagamitan ng isang panà kung saan kailangang tamaan ng isang manlalaro ang imahe ng isang usa o anumang uri ng hayop na nasa kaniyang harapan. Ang unang makatama nito ang siyang idedeklarang panalo.
sumpit	<i>laro</i>	<i>png</i>	Isang katutubong laro gamit ang maliit na kawayan kung saan hinihipan ng manlalaro ang butas ng kawayan upang mailabas ang buto ng <i>kurigsaw</i> na isinuksok sa butas nito. Ang manlalarong may pinakamalayong distansiya sa pag-ihip ng buto ng <i>kurigsaw</i> ay siyang tatanghaling panalo. Ang larong ito ay tagisan ng lakas sa pag-ihip o pagbuga ng hangin. Dito masusukat kung gaano katibay ang baga ng isang tao.
tuklû	<i>sibat</i>	<i>png</i>	Isang sibat na naging batayan sa tradisyonal na laro. Ang panuntunan sa nasabing laro ay kinakailangang tamaan ng manlalaro ang isang bagay na nakapuwesto ng mahigit kumulang 10 metro ang layo. Uusad ang layo nito sa tuwing may manlalarong tumama sa target. Tatanggalin sa kompetisyon ang hindi makatama sa target at ang natirang manlalaro ay siyang mag-uui ng gantimpala.

Ang larong *busúg* ng Mansaka ay may pagkakatulad sa larong Pinoy na *bangkaw* kung saan ang mga manlalaro ay gumagamit ng mga maliit na piraso ng kahoy o bato upang makuha ang mga target. Ang larong *busúg* at *bangkaw* ay simbolismo ng kahusayan sa pagbato at pag-target ng isang bagay (Rocamora, 2019). Hindi rin ito nalalayo sa katutubong laro na tinawag na *busig* at *busog-ugyong* ng mga taga-Palawan (Perez, 2021) partikular na sa mga naninirahan sa bayan ng Quezon, Rizal, Aborlan, at Siyudad ng Puerto Princesa City.

Ang larong *sumpit* ng Mansaka na gumagamit ng buto ng *kurigsaw* ay may modernong bersiyon sa kasalukuyan na ginagamitan naman ng mga butil ng monggo o anomang maliit na butil bilang pambala (Tabor, 2018). Ang parehong laro ay sukatan ng katumpakan at kagalingan sa pagtama sa target na bagay. Magkakapareho rin ang konsepto nito sa larong *lagori* o *pithu* ng mga bansang India, Pakistan, Bangladesh, at Nepal. Ito'y nilalaro ng dalawang koponan kung saan ang kalaban ay maghahagis ng bola upang itumba ang isang salansan (stack) na binubuo ng pitong bato, itatayo nila itong muli habang ang kalabang koponan ay naghahagis ng bola (Nagpal et al., 2019; Rahman et al., 2020). Ang mga larong ito ay parehong nagsusulong ng pisikal na gawain, koordinasyon ng kamay at mata, at higit sa lahat pagtutulungan at kooperasyon ng bawat kalahok.

Ang larong *tuklû* ng Mansaka ay simbolismo ng lakas at tapang ng mga kalalaki-han sa paghagis ng sibat. Kadalasang nilalaro ito sa panahon ng mga pagdiriwang at pagtitipon ng komunidad gaya ng Kaimunan Festival at Pyagsawitan. Sa panahon na ang bawat galaw ay nakabatay sa *electronic gadgets* at *social media*, nakatutuwang isipin na

nananatiling payak ang pamumuhay ng mga katutubo at itinuturing na isang tunay na yaman ang kanilang ipinagmamalaking kultura.

IDI – 03 Yani na mga katgaan ng mga Mansaka didi pyapakita nilan yang kanilan katigam ug igmat, kusugan sila na mga giusugan pyapakita nilan yani ilabida sang mga kaisuwan na patigam yani yang kanatun sagda ug para antak dida nila akaringawan. [Ang mga larong ito ay nagpapakita ng bilis, husay at gal-ing sa paggamit ng lakas at tapang lalong-lalo na sa mga kalalakihan at nararapat lamang na matutuhan, maranasan at pakatandaan ng mga kabataan ang mga tradisyonal na larong ito.]

Ang mga larong nabanggit ay hindi lamang nakatutulong sa pagpapaunlad ng mga pisikal na kakayahan gaya ng bilis, lakas, at koordinasyon kundi ito ay nagdadala ng mga aral tulad ng pagtutulungan, disiplina, at paggalang sa kapwa. Maliban pa rito, ito ay nagsisilbing pagkakataon upang magtipon-tipon ang mga miyembro na magdadala sa pagpapalakas ng kanilang ugnayan sa loob ng komunidad na magbibigay-diin sa kanilang pagkakakilanlan.

Makikita sa Talahanayan 18, ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa pagtukoy sa lugar kagaya ng *dipag, pawâ* at *simbaray*.

Talahanayan 18

Katawagang Mansaka tungkol sa Pagtukoy sa Lugar

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
dipag	<i>katapat o harap</i>	<i>png</i>	Sa kulturang Mansaka, kapag may nakatira sa tapat ng bahay nangan-gahulugang marunong makitungo ang pamilyang nakatira rito.
pawâ	<i>sakahan</i>	<i>png</i>	Isang bahagi ng bukid na kadalasang makikita ang iba't ibang uri ng mga pananim. Ang masagana at luntiang <i>pawâ</i> ay nangangahulugan ng kasipagan at dedikasyon ng may-ari. Ito'y indikasyon na may makakain ang buong mag-anak sa panahon ng tag-ulan. Simbolismo rin ito ng karagdagang kita bilang pantustos sa gastusin ng buong pamilya.
simbaray	<i>kapitbahay</i>	<i>png</i>	Ang pagpapahalaga sa pamilya ay pangunahing prinsipyo ng tribo kaya naman, ang magkakamag-anak ay narapat magkakasama sa isang lugar upang pangalagaan at protektahan ang bawat isa. Naniniwala rin silang ang komunidad ay nabubuo dahil sa pagkakaisa ng mga mamamayan. Dagdag pa nito, ang pagkakalapit-lapit ng mga bahay ay simbolismo ng pagkakasundo dahil sa usok na ibinubuga ng bawat kusina.

Ang *dipag* ng tribong Mansaka ay nagsisilbing palatandaan ng komunidad kung gaano kabuti o kasama ang taong nakatira sa isang partikular na lugar. Sa sitwasyong ito, natutukoy ng sinomang miyembro sa tribo kung marunong bang makitungo at makisama ang isang tao. Kaya naman, para sa kanila ang pagkakaroon ng maraming dipag ay

positibong katagian ng isang Mansaka. Ang katumbas na salita ng *dipag* sa Filipino ay *katapat* na may iba-ibang kahulugan depende sa konteksto nito, halimbawa, ito ay maaaring tumutukoy sa taong kalaban o kakompetensiya sa laban, maaari rin itong mangahulugan ng katumbas o kahalintulad ng iba o ‘di kaya’y may kaugnayan sa isang tungkulin o responsibilidad.

Pangunahing ikinabubuhay ng tribong Mansaka ang pagsasaka, kaya naman hindi nakapagtataakang masagana at luntian ang kani-kanilang *pawâ* na simbolismo rin ng hanapbuhay at kabuhayan. Maliban pa ryan, ito ay nangangahulugan din ng kasipagan, katiyagaan at pagsisikap. Sa modernong panahon, ang *pawâ* o sakahan ay simbolismo ng pag-unlad at oportunidad dahil ang mga produktong manggagaling dito ay maaaring ipagbili sa ibang mga lugar o bansa, maliban sa ito’y nagbibigay ng pagkain sa lokal na komunidad (Pawlak at Kołodziejczak, 2020).

Ang *simbaray* ay simbolismo ng pakikipagkapwa-tao hindi lang ng tribong Mansaka kundi ng kabuoang mamamayang Pilipino. Sa kulturang Pilipino, mahalagang maayos at matiwasay ang relasyon ng magkakapitbahay dahil sila ang unang takbuhan sa oras ng pangangailangan. Dito rin nailuwal ang konsepto ng *bayanihan* kung saan naitapakita kung paano nagtutulungan ang isang komunidad tungo sa isang layunin. Sa kabilang banda, nagkakaroon din ng negatibong kahulugan ang *simbaray* o kapitbahay kung ang kapitbahay ay masyadong mapagmatyag o pakialamero sa buhay ng iba. Kaya naman sa ganitong sitwasyon ang *kapitbahay* ay tumutukoy sa pagiging *usosero* o *tsismosa/o* (Aguilar, 2010). Sa kabuoan, ang pagkakaroon ng mabuting relasyon sa kapitbahay ay isang mahalagang aspeto ng pagkakaroon ng maayos na komunidad.

Ang pagkakaroon ng tiyak na katawagan sa pagtukoy sa isang lugar ay mahalagang papel sa aspetong komunikasyon, kultura, kasaysayan, at pagkakakilanlan ng isang lipunan. Ito ang nagtatakda ng pagkakakilanlan nito sa loob ng mas malaking konteksto ng bansa o rehiyong pagpapanatili ng mga orihinal na pangalan ng lugar ay isang anyo ng paggalang sa kanilang tradisyon at pagkakakilanlan. Ang pagpapalit o pagpapawalang-bisa sa mga katutubong pangalan ay maaaring makapagdulot ng pagkawala ng mahalagang bahagi ng kanilang kasaysayan at kultura. Samakatuwid, ang mga eksaktong pangalan ng lugar ay tumutulong upang mapayaman ang mga kultural na katawagan ng isang komunidad.

FGD – 01 Iyan la gyud yaan sang Mansaka yang kanilan katigan ug hilig sang pag-atag aran sang mga lugar antak yadi mallog nilan akadumduman. Anay yang pag-atag nilan ng aran sang mga lugar, itabo sang mga lugar yaan kariko byabasi sang kanilan mga kaimo aw yamununu yaan ug yaan uman na mga aram magapakilara sang mga utaw sang masmalarum pa na patigam. [Natural lamang na bigyan ng partikular na ngalan ang isang lugar upang madali itong makilala at matandaan. Maliban sa ngalan ng lugar, mahalaga ring magkaroon ng katawagan para sa mga bagay, pangyayari at katangian upang mas mapalalim pa ang pag-unawa ng mga tao sa mga nakikita sa paligid.]

Samakatuwid, ito’y nagpapanatili sa kasaysayan, kultura, at identidad ng mga tao at loob ng komunidad dahil ito ay bahagi ng panlipunang estruktura na nagpapayaman sa lubos na pag-unawaan ng mga lokal at katutubong mamamayan.

Makikita sa Talahanayan 19, ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa pagdiriwang o pagtitipon kagaya ng *Al'láw ng Tipanúd*, *pabal'long* at *Piyagsawitan*.

Talahanayan 19

Katawagang Mansaka tungkol sa mga Pagdiriwang o Pagtitipon

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
Al'láw ng Tipanúd	<i>Araw ng Pagkatatag o Foundation Day</i>	<i>png</i>	Ang pinakamalaking pagdiriwang ng tribo sa bulubunduking bahagi ng Maco, Davao de Oro na isinasagawa tuwing buwan ng Oktubre. Ito ay dinadaluhan ng mga pinuno, mga bal-yan, at lahat ng miyembro ng komunidad. Matutunghayan sa pagdiriwang na ito ang pagtatanghal ng iba't ibang tradisyonal na sayaw at pagtugtog ng musikang Mansaka gamit ang kanilang natatanging instrumentong pangmusika. Kasabay rin dito ang pagsasagawa ng mga tradisyonal na laro. Samantala, naipapakita rin sa okasyong ito ang makukulay na damit at magagandang palamuti sa katawan lalong-lalo na sa mga kababaihan. Ang pagdiriwang ay bukas sa lahat ng mga panauhin na gustong magalugad ang mayamang kultura ng tribong Mansaka.
pabal'long	<i>libangan</i>	<i>png</i>	Ang libangan ng komunidad ay sayawan, kantahan at tugtugan gamit ang tradisyonal na instrumentong pangmusika. Kasama rin dito ang mga larong palakasan gaya ng sipa, bangkaw at pakikipagbuno. Sa anumang kasiyahan mayroon ang komunidad palaging nasusunod ang mga matatanda, gaya halimbawa na kapag

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
Piyagsawitan	<i>pagdiriwang</i>	<i>png</i>	sinabihang itigil na ang kasiyahan lalo na kapag malalim na ang gabi, kailangang sundin ito ng mga tao. Ginagawa ito ng mga matatanda sa paniniwalang may mga masamang espiritu na daraan sa gitna ng kanilang kasiyahan. Tulad ng <i>Al'law ng Tipanud</i>, ang buong tribo ay nagsama-sama para sa isang espesyal na okasyon. Ang <i>piyagsawitan</i> ay isang pagtitipon-tipon ng pasasalamat bago at pagkatapos ng ani bilang pasasalamat sa <i>Magbabaya</i> (Diyos). Ang buong tribo ay gayak na gayak at nagsusuot ng magagarang damit lalong-lalo na ang mga kaba-baihan. Sari-saring mga sayaw at musika ang ipinamalas na nagpadagdag sa pagiging buhay at makabuluhan ng <i>piyagsawit</i>. Nagiging instrumento ang ganitong pagtitipon upang magkumustahan sa mga buhay-buhay. Pagkakataon din ito upang pansamantalang makapagpahinga sa mga araw-araw na gawain lalo na sa bukid.

Pagdating sa mga pagdiriwang, kinagigiliwan ng mga Mansaka ang pagtitipon-tipon sapagkat ito ang nakikita nilang tamang pagkakataon upang lubos na makilala hindi lang ang mga tao kundi pati ang kulturang kinalakihan. Bilang suporta sa mga katutubo, hinihikayat ni Director General Jose A. Torres, Jr., na makiisa ang lahat sa buong kapuluan, lalo na ang mga hindi kabilang sa mga etnikong pangkat, na makiisa sa pagdiriwang ng *International Day of the World's Indigenous People* at *National Indigenous*

Peoples Day. Sa tulong ng pakikiisa ng mamamayang Pilipino, napapalakas ang kama-
layan sa kahalagahan at kagalingan ng mga Katutubong Pilipino, lalo na sa mga kabataan
sa makabagong henerasyon.

Kaugnay pa rin sa pagsasagawa ng pagdiriwang, kilala ang mga Mansaka sa mga
makukulay na selebrasyon na representasyon ng mayaman nilang kultura. Sa mga pagka-
kataong ito, ipinapamalas ng bawat kasapi ng kanilang pamayanan ang kagalakang mai-
bahagi ito sa mga tagalabas. Ang ganitong pagdiriwang ay maihahambing sa *Tipun-Tip-
uan Festival* sa bayan ng Tipo-Tipo, Basilan, na taunang ginaganap tuwing huling linggo
ng Agosto, na sumasagisag sa makulay na kulturang katutubo (Tabor, 2018). *Lemlunay
Festival* naman ng mga B'laan sa Sarangani bilang pasasalamat sa mga diyos para sa
masaganang ani. Sa pagdiriwang na ito, matutunghayan ang pagtatanghal ng mga tradisy-
onal na sayaw, awit, at ritwal.

Ang libangan ng isang pangkat ay nakadepende sa henerasyon, lokasyon, at antas
ng kabuhatan ng mga Pilipino, kagaya ng mga Mansaka, nakapaloob palagi sa
pabal'long ang laro, kantahan at sayawan dahil ito ay bahagi ng kanilang kultura. Ito ang
kanilang nakagisnang at patuloy na isinasagawa upang hindi mawala at makalimutan
sapagkat nagiging pangangailangan ng tribo ang kasiyahan hindi lang pagpapahinga
kundi pagpapatibay ng relasyon ng pamilya at komunidad. Pinatunayan ni Aguilar (2010)
malaking bahagi ng libangan ng mga Pilipino ang pagsali at pakikiisa sa mga piyesta o
mga *festival* na nagtatampok ng mga lokal na kultura at relihiyon gaya ng pagsasayaw,
parada, at mga paligsahan na nagbibigay kasiyahan sa mga Pilipino.

Bukod sa pagdiriwang ng *Al'láw ng Tipanúd*, kinagigiliwan din ng mga katutubo ang *Piyagsawitan*. Isang espesyal na pagtitipon-tipon ng mga katribo na maihahalintulad sa *Kaamulan Festival* sa lalawigan ng Bukidnon kung saan ito ay idinadaos mula ika-23 ng Marso hanggang ika-23 ng Abril. Itinatampok sa pagdiriwang na ito ang sari-saring katutubong sayaw at musika. Ang *Kaamulan Festival* ay selebrasyon ng kultura at tradisyon ng pitong tribo sa Bukidnon gaya ng Higaonon, Talaandig, Manobo, Matig-salug, Tigwahanon, Umayamnon, at Bukidnon (Epan, 2023). Maliban sa kantahan at sayawan, ginugunita rin dito ang mga mahahalagang kaganapan ng tribo tulad ng mga ritwal ng pagtalaga ng bagong datu, seremonya ng kasal, at pasasalamat para sa masaganang ani (Jocano, 1998). Kaya naman, mapapansing kahit saang anggulo tingnan, sobrang mahalaga ang mga pagdiriwang sa kahit na anong tribo.

IDI-03 *Yang mga syasaurog na mga Festival sama sang Pyagsawitan, L'yurot, kyudkudan ug Bya-is Festiva pipila ra gaid yadi ng mga ilado na mga syasaurog ng tribo sang kanilan mga matag-Banwa ng Mansaka. Yani na mga kaliyukan yakabatay pud uman yani sa kung nana yang butang na abunda ug mga pagkaan na abunda na kyakamataa. Yani kariko importansti gyud kay yani man yang pa-maagi sang kanilan pag-indu sang kadaygan na yani yang kanaton tribu ug kini ang atoang buhaton kay kini ang kabilin ng kanatun mga kadini ang kabatun angayan sundon tungud yani yang tuman. [Ang mga pagdiriwang kagaya ng Pyagsawitan, L'yurot, Kyudkudan ug Bya-is ay ilang lamang sa mga kilalang kapistahan ng mga Mansaka sa iba't ibang parte ng Davao. Mahalaga ang pagdiriwang na ito dahil ito ay araw ng pagpapasalamat sa maraming grasya at biyaya lalo na*

sa ani at pananim, kaya naman, ipinapakita at ipinagmamalaki nila sa buong komunidad ang naging bunga ng kanilang pagsusumikap sa bukid. Maliban pa nito, itinuturo rin nila sa mga miyembro ang pamamaraan upang magkaroon ng masaganang ani na natutuhan pa nila mula sa kanilang mga ninuno.]

Ang mga pagdiriwang ay hindi lamang simpleng kasiyahan o selebrasyon; ito ay pagpapalalim ng pagkakakilanlan ng isang komunidad, pagtataguyod ng pagkakaisa, at pagpapayaman ng kultura at tradisyon. Isa rin itong pangunahing paraan sa pagpapanatili ng mga tradisyonal na kultura ng isang komunidad. Sa pamamagitan nito, napapalalim ang samahan dahil sa mga gawaing sama-samang isinakatuparan gaya ng bayanihan, paligsahan, at mga prusisyon. Sa usaping ekonomiya, nakatutulong ang mga ito upang buhayin ang mga lokal na negosyo at industriya ng turismo dahil nabibigyan ng pagkakataong mapansin ang mga lokal na produkto, pagkain, at serbisyo (Jocano, 1998). Ang pagtangkilik ng mga bisita sa mga produkto at serbisyonang ito ay magbibigay ng malaking oportunidad para sa kabuhayan ng mga residente, higit sa lahat, naibebenta at nakikilala ang mga ito mas malawak na merkado. Ang mga pagdiriwang o *festival* upang makilala ang kasaysayan at relihiyon ng isang komunidad sapagkat naipapakita nito ang mga mahahalagang kaganapan sa nakaraan at nabibigyang-pugay ang mga personalidad o patron ng relihiyon na simbolo ng pananampalataya at pagpapasalamat sa mga biyaya ng nakaraan.

Makikita sa Talahanayan 20, ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa pamumuhay kagaya *longyab*, *magaaru* at *tabing*.

Talahanayan 20

Katawagang Mansaka tungkol sa Hanapbuhay

Leksikal na Man-saka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
longyab	<i>paraan ng pangingisda</i>	<i>png</i>	Isang pamamaraan ng pangingisda kung saan gumagawa sila ng butas doon mismo sa ilog upang makulong ang isda at hindi makalangoy sa malayo. Sa pagiging maparaan, nagiging madali na lang ang paghuli sa isda at siguradong may madadalang pang-ulam pag-uwi sa bahay.
magaaru	<i>paggawa ng kape</i>	<i>pnd</i>	Isang proseso ng paggawa ng kapeng mais. Ito ay karaniwang makikita sa harap ng bahay ng buong komunidad kung saan sinasangag at dinudurog ang mga mais upang gawing kape. Ang kape ay bahagi ng almusal ng pamilyang Mansaka.
tabing	<i>pananahi</i>	<i>pnd</i>	Ang trabahong ito ay nakaatas sa mga bae. Inaasahan sa mga babaeng Mansaka ang pagiging mahusay sa mga gawaing-bahay dahil nga sa paniniwalang sila ay mga palamuti lang. Kasama sa pagtatahi nito ang mga tradisyonal kasuotan.

Tipikal na pamamaraan ng mangangisdang Pilipino ang paggamit ng lambat upang makapangbingwit ng isda na maaaring ulamin o ibenta. Sa komunidad ng Mansaka naman, kilala ang *longyab* bilang isang pamamaraan ng paghuli ng isda. Itinuturing nila itong madali at praktikal na paraan dahil hindi nila ginagamitan ng anumang kasangkapan upang makuha ang sinasabing lamang-dagat. Hindi rin sila gumagamit ng bitag, sa halip, inoobserbahan lamang nila ang direksyon ng paglangoy ng isda at saka nila palilibutan ng

mga bato ang lugar na pinaglanguyan nito, kapag nakahanap na ng tiyempo saka na huhulihin (Santos, 2011). Sa kabilang banda, isa rin ang pana o *spearfishing* sa mga sinaunang paraan ng pangingisda. Ginagamitan nila ito ng isang tirador o sibat upang hulihin ang isda sa mababaw na bahagi ng dagat o ilog.

Sa komunidad ng Mansaka, ang kape ay bahagi ng pagsisimula ng panibagong araw. Nagsisilbi itong panlaban sa lamig at pampasigla para sa maghaponing gawain. Ang tradisyonal na paghahanda ng kape ay kadalasang isinasagawa sa paraang paano ito nai-pasa ng kanilang mga ninuno kung saan nagpapakita ito ng pagpapahalaga sa tradisyon at simpleng pamumuhay. Kaya naman, mahalaga ang *magaaru* sa kahit na anong komunidad.

Sa maraming katutubo, ang kape ay hindi lamang isang inumin kundi isang bahagi ng mga ritwal at pagdiriwang sapagkat ito’y nagsisilbing simbolo ng pagkakaisa at pagsasama-sama. Maliban pa ryan, madalas ihahain ang kape sa mga ritwal ng tribo, bilang simbolo ng pagbati at pagrespeto sa mga bisita o sa mga kalahok ng seremonya. Kagaya ng mga taga-Kalinga sa hilagang Luzon, ang kape ay iniinom tuwing may mga espesyal na okasyon gaya ng kasalan o anihan (Lee-Chua, 2012). Kadalasang ibinabahagi ang inuming ito bilang tanda ng mabuting ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng komunidad.

Ang *tabing* ay isang mahalagang elemento sa komunidad dahil ang mga *manabin-gay* (mananahi) ang susi sa preserbasyon ng mga tradisyonal na kasuotan ng tribo na sumasalamin sa kultura at pagkakakilanlan ng grupo. Ang mga mananahi ay nagsisilbing tagapangalaga ng mga sinaunang disenyo, pamamaraan ng pananahi, at simbolismo ng

mga kasuotan na ginagamit sa mga ritwal at pagdiriwang, gaya ng mga mananahi sa tribo ng T'boli na kilala sa paggawa ng *T'nalak*. Ito ay isang uri ng telang hinahabi mula sa abaka na may kakaibang disenyo at ginagamit sa mga seremonya ng komunidad (Shaider, 2024). Ang ganitong mga tela ay hindi lamang damit kundi bahagi ng pamanang kultural ng mga katutubo.

FGD-02 Sang aktuwal gyud na panginabuwian nila pagpananom gyud sang pawa magaburig silan ug yaan pud yang numiro unong kyakamangan nilan ng panginabuwian magsikon pa man datu hantud sang adoon na mga anlaw. Sama sang gaayop ug mga pinawa na gubok uman sang pag-nang ng mga aksesorya na pyagabari-gya nilan kay yani yang kasagaran nilan na panginabuwian.

[Pangunahing kabuhayan talaga naming mga Mansaka ay pagtatanim, pumapan-galawa nito ay paghahayop sa mga kalalakihan. Samantala, paggawa naman ng palamuti ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga kababaihan sa loob.]

Samakatuwid, ang kabuhayan sa bawat tribo ay mahalaga hindi lamang para sa pang-araw-araw na pangangailangan, kundi ito ay pagpapanatili ng kanilang kultura, pagkakaisa, at karapatan sa lupa. Sa pamamagitan ng kanilang kabuhayan, kasabay ng re-speto sa kalikasan, nakikita ang kahalagahan ng kanilang papel bilang tagapangalaga ng kapaligiran at kasapi ng komunidad na may ambag sa lokal na ekonomiya habang pinapa-natili ang tradisyon (Gaspar, 2011). Ang kanilang mga pamamaraan ay hindi lamang nag-bibigay ng pangmatagalang seguridad sa kanilang kabuhayan kundi nagiging pundasyon din ng kanilang pag-unlad at pagkakakilanlan ng komunidad.

Makikita sa Talahanayan 21, ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa pamilya kagaya *amà*, *isù* at *umpù* na *bubáy*.

Talahanayan 21

Katawagang Mansaka tungkol sa Pamilya

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
<i>amà</i>	<i>tatay, itay, tatang, papang</i>	<i>png</i>	Magkapareho ang kahulugan o katumbas sa Filipino pero nagkakaiba lang ito sa pagbigkas dahil sa diing ginamit. Sa tribong Mansaka, ito ay may pangunahing tungkulin na maghanapbuhay at itaguyod ang buong pamilya. Ilan sa mga tungkuling ito ay ang pagsasakatuparan ng mga mabibigat na gawain gaya ng pagsasaka, pagkuha ng mga uway, abaka, niyog at mga malalaking troso sa gubat na kakailanganin ng buong mag-anak. Maliban pa rian, ang <i>amà</i> ay tumatayo ring hukom sa anumang pagpapasya sa loob ng tahanan.
<i>isù</i>	<i>anak</i>	<i>png</i>	Sila ang tinaguriang tagasunod at tagapagmana sa buong komunidad ng Mansaka dahil sila ang magpapatuloy sa pagbibigay-buhay sa kanilang makulay na kultura at magpapatupad ng kanilang mga batas, gawi at kalinangan. Ang <i>isù</i> ay ginagamit din bilang pantukoy sa isang batang nasa pangangalaga ng kamag-anak o ng ibang angkan. Pagpapatunay ito sa katangiang angkin ng mga Mansaka ang pagiging mapagmahal sa kapwa lalo na sa mga bata. Samakatuwid, ang salitang ito ay nagpapahiwatig ng pagmamahal ng magulang sa anak.

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
umpù na bubáy	<i>lola</i>	<i>png</i>	Sa kulturang Mansaka ang <i>umpù na bubáy</i> ay nagsisilbing haligi sa kanilang pamayanan. Sila ang nagbibigay-proteksiyon sa buong komunidad upang ang kanilang pagkakilanlan at nata-tanging kultura ay hindi basta-bastang mawawala at mananakaw. Sila rin ang inaasahang magpapamana ng kanilang kultura at tradisyon sa mga bagong sibol na Mansaka sa komunidad.

Ang salitang *amà* at *inà* ay karaniwang binabanggit ng mga mamamayan sa malaking bahagi ng Luzon. Sa Visayas at maging sa kabuoang bahagi ng Mindanao, *tatay/nanay* at *papa/mama* ang karaniwang tawag ng isang anak sa magulang. Bagama't tipikal na naririnig ang salitang *ama* at *ina* dito sa Pilipinas, ang pagkakaroon nito ng mas malalim na kahulugan ay siyang nakalakihan ng Tribong Mansaka, katulad din ibang pangkat etniko sa buong bansa. Batay sa nakalap na impormasyon ng mananaliksik, ang salitang *amà* at *inà* ay tumutukoy sa payak na paggalang, pagpupugay, at pagmamahal ng anak sa magulang. Patunay ito sa sinabi ni (Kelly, 2015) na magkaiba man ang pantawag na kinagisnan, ang pagkakaroon ng iisang kahulugan sa terninong nakasanayan ay hiyas ng pagkakaisa sa sambayanang Pilipino.

Samakatuwid, ang tamang paggamit ng mga katawagan ay nagpapanday ng pagkakaisa sa pamilya at nagpapanatili sa mga mahalagang tradisyon sa susunod na henerasyon. Isa rin itong mahalagang elemento sa pamilyang Pilipino at simbolo ng pagpapahalaga sa mga sakripisyo ng mga magulang. Higit sa lahat, ang kanilang mga

tungkulin ay malaking salik sa pag-unlad ng kanilang mga anak na siyang magpapanday naman ng bagong pamilya sa hinaharap.

Ang terminong *isù* sa katutubong Mansaka ay hindi lamang nangangahulugang anak, ito ay nagpapahiwatig din ng lubos na pagmamahal ng mga magulang na Mansaka (Reyes, 2017). Naipapakita rin nito ang likas na pagmamahal at paggiliw ng mga magulang sa kanilang mga anak o supling sa kabila ng pagiging simple ng kanilang pamumuhay.

Ang salitang *umpù na bubáy* ay tumutukoy sa isang matandang babae na siya ring nagsisilbing haligi na napapabilang sa Tribong Mansaka na kumakatawan sa mga kababaihan. Bilang isang *umpù*, tungkulin niyang makikibaka para sa kapakanan ng isang ina at kapatid na babae. Subalit, iilan lamang ito sa mga karapatang hindi naipagkaloob sa mga kababaihang Mangyan, tribo ng mga katutubo na naninirahan sa isla ng Mindoro. Ang mga babaeng Mangyan ay patuloy pa rin sa kanilang pakikibaka sa pagkakaroon ng pantay-pantay na karapatan at proteksiyon (Chavez, 2013). Kung susuriin, mas mainamin na ang kalagayan ng mga babaeng Mansaka sa kasalukuyan dahil unti-unti ng binibigyang-pansin at diin ang tungkulin at gampanin nila sa komunidad, kabilang na rito ang pagsali nila sa mga pagpupulong-pulong kasama ang kalalakihang lider. Higit sa lahat, binibigyan na rin sila ng karapatang mahalal o mapili ng isang posisyon sa komunidad.

Ang mga nabanggit sa unahan ay pagpapatunay lamang na ang mga katawagan ay nagpapakita ng ugnayan at pagsasama ng mga tao sa komunidad. Nararapat lamang na gamitin ito nang tama dahil ito ang magsisilbing gabay sa pakikipag-ugnayan ng bawat

miyembro ng komunidad. Ito rin ang magtataguyod sa pagtutulungan at pagkakaisa sa anumang mithiin at layunin ng komunidad.

Makikita sa Talahanayan 22, ang ilan sa mga katawagan sa Mansaka kaugnay sa magkamag-anak kagaya ng *babù*, *bapà* at *indás*.

Talahanayan 22

Katawagang Mansaka tungkol sa Magkamag-anak

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
<i>babù</i>	<i>tiyahin</i>	<i>png</i>	Sa kulturang Mansaka, <i>babù</i> ang tuma-tayong pangalawang ina o magulang sa kakulangan o kawalan ng presensiya ng tunay na magulang. Sa pagkakataong nawala o pumanaw ang tunay na magulang ng bata, responsibilidad ng <i>babù</i> na akayin ang nauna kabilang na rito ang pagpapalaki at pagpapaaral. Sinisiguro rin ng <i>babù</i> na lumaking responsable at may maayos na buhay ang naulila. Nararapat na pantay ang pagtingin at trato ng <i>babù</i> sa kaniyang pamangkin at anak o mga anak.
<i>bapà</i>	<i>tiyuhin</i>	<i>png</i>	Sa tribong Mansaka ang <i>bapà</i> ay tuma-tayo ring pangalawang ama sa kawalan o kakulangan ng presensiya ng isang ama. Kagaya ng <i>babù</i> , responsibilidad niyang alagaan at palakihin nang maayos ang kaniyang pamangkin. Higit sa lahat, ituturing niya itong tunay na anak dahil ang pagiging sakit sa lipunan ng isang bata ay pananagutan ng <i>bapà</i> .

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
indás	<i>bayaw/hipag</i>	<i>png</i>	Ang pagpapakasal sa Mansaka ay hindi lamang pagsasama ng dalawang taong nagmamahalan kundi pagtanggap at pagiging bahagi nito sa pamilya ng taong pinakasalan na may respeto at katapatan.

Ang tiyak na katawagan sa pagkakamag-anak ay nagtatakda ng estruktura kaya mahalaga ito sa isang komunidad. Sa pamamagitan nito napapaigting ang pagkakaisa at napapalalim ang ugnayan ng bawat miyembro ng pamilya. Ang mga katawagang ito ay nangunguhulugan ding ang bawat miyembro ng pamilya at angkan ay may tungkulin at responsibilidad sa iba pang miyembro (Tian, 2018). Hindi lamang nagpapakita ng posisyon sa pamilya ang tradisyonal na tawag na *tiyo* at *tiya* kundi ito ay nagbibigay rin ng respeto sa kanilang katayuan at edad (Rasyimah at Yunanda, 2021). Kaugnay ng kaisipang ito, ang pagtugon sa mga kamag-anak na may partikular na mga pangalan ay maaaring magsulong ng koneksiyon at pagkakakilanlan dahil ito ay sumasalamin sa malapit na ugnayan at relasyon ng buong pamilya o mag-anak. Itinuturing ding isang salamin sa aspetong kultural ang mga katawagan ng pagkakamag-anak dahil ipinapasa ito sa mga henerasyon (Obasi, 2016). Ang paggamit ng komunidad sa mga terminong ito ay instrumental sa pagpapasa ng mga kultural na paniniwala at tradisyon na maaaring maka-buo ng malalim na pag-unawa sa panlipunang organisasyon at pananaw sa mundo.

Ang mga termino ng pagkakamag-anak ng tribong Mansaka ay may mahalaga sa kanilang komunidad. Sa pamamagitan nito, nagiging malinaw ang kanilang papel at

tungkulin kung paano nila maisakatuparan ang mga gawain. Ito ay hindi lamang nakakahon sa kanilang tribo dahil bawat grupo o etniko sa buong Pilipinas ay may kani-kaniyang katawagan. Ito ay pagpapatunay na hanggang sa kasalukuyan ay may matibay na pagkakabuklod-buklod ang bawat mag-anak o pamilya dahil pinapahalagahan nito ang respeto, tungkulin at samahan na nagpapatibay ng kultura ng isang lipunan.

Makikita sa Talahanayan 23 ang ilan sa mga entri sa Mansaka kaugnay sa relihiyon kagaya ng *Balyán* at *Magbabayà*.

Talahanayan 23

Katawagang Mansaka tungkol sa Relihiyon

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
Balyán	<i>pari</i>	<i>png</i>	Ang <i>Balyán</i> o <i>Baylán</i> ay siyang pinuno ng mga Mansaka sa larangan ng relihiyon o pananampalataya na kadalasang babae. Bihira lang nagkakaroon ng lalaking <i>Balyán</i> maliban na lamang kung ito ay may angking katangian tulad ng isang babaeng <i>Balyán</i> (<i>effeminate</i>). Siya ay nagsisilbing-tagapamagitan ng buong tribo at sa mga tinaguriang Sagradong Nilalang (<i>Divine Beings</i>). Ang <i>Balyán</i> rin ang nagsisilbing herbalista o manggagamot sa kanilang panahon. Nakamtan niya ang kaalaman tungkol sa mga gamit at kahalagahan ng mga halamang gamot sa tulong ng mga naunang <i>Balyán</i> at higit sa lahat, ang hangaring maging isa sa kanila. Sa pangkalahatan, ang isang <i>Balyán</i> ay maituturing na dalubhasa sa pangangalaga sa kalusugan ng kaniyang mga

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
Magbabayà	<i>Diyos</i>	<i>png</i>	katribo sa tulong ng mga espiritu mula sa mga sagradong nilalang. Ang pinaniniwalaang dakilang manlilikha na nagbibigay ng mga biyaya at siyang pinagmulan ng buhay ng Tribong Mansaka. Malaki ang respeto at pagpapahalaga ng tribo sa <i>Magbabaya</i> , makikita ito sa mga alay na kanilang ibinibigay sa panahon ng pagdarasal. Maliban pa rityan, itinuturo rin nila sa mga kabataan kung gaano sila pinagpala at kung paano dininig ng <i>Magbabaya</i> ang kanilang mga dasal. Kaya naman, ang mga kabataang ito ay kakikitaan ng pagiging madasalin at relihiyoso.

Ang relihiyon at pananampalataya ay mahalaga sa paghubog ng paniniwala at pakikipag-ugnayan sa lipunan at sa komunidad. Ito rin ay nagbibigay-daan upang maunawaan ang mga paniniwala, tradisyon at ritwal na representasyon at pagkakakilanlan ng komunidad. Ang mga ibinahaging paniniwala at gawi sa relihiyon ay magsilbing ugnayang panlipunan upang palakasin ang komunidad. Habang ang mga indibidwal ay nakikibahagi sa mga sama-samang gawain kaugnay sa relihiyon at pananampa ito ay nagpapalakas at nagpapaangat ng kamalayang moral at etikal.

Katulad ng ibang mga katutubo sa buong kapuluan ng Pilipinas, ang tribong Mansaka ay mayroon ding makulay na kultura tungkol sa kanilang paniniwala. *Magbabaya* ang pinaniniwalaang nilang dakilang manlilikha na siyang pinagmulan ng buhay ng angkang Mansaka. Siya rin ang pinaniniwalaang tagapagbigay ng mga biyaya at tagasagot sa kanilang mga dasal. Dagdag pa nito, siya ang tinaguriang nagbibigay lakas-loob sa

mga katutubo upang magkaroon ng kompiyansa sa sarili, lalong-lalo na sa pagharap ng mga suliranin at iba't ibang balakid sa buhay. Ang usaping ito ay maihahalintulad sa sinaunang sibilisasyong Griyego (Hardy, 2022) kung saan kanilang pinaniniwalaan na si *Phanes* ang kanilang tagapaglikha at nagmamay-ari ng kanilang buhay.

Samantala, ang mga katutubong Inca na naninirahan sa bansang Peru ay may higit na paniniwala kay *Viracocha*, isang diyos na nagmula sa pusod ng dagat. Siya ang pinananiwalaang nagmamay-ari ng buong kalawakan kabilang na ang mga hayop at pananim na nabubuhay rito. Ang mga nasabing hayop at halaman naman ay biyayang kanilang ipinapasalamat kay *Viracocha* na pangunahing pinagkukunan ng kanilang pagkain at kabuhayan (Hamilton, 2022). Ang pagkakaroon ng iisang pananaw, idealismo at gawi kaugnay sa relihiyon ay maaaring nakakaimpluwensya sa pagbuo ng desisyon at ka-launan sa pag-uugali ng indibidwal o grupo (Basedau et al., 2017). Kaugnay nito, natutulungan ang isang indibidwal na mahubog ang pagkatao gabay ang mga mithiin o nilalayon sa buhay na nais makamtan. Ang relihiyon ay nakikitaan din bilang isang paraan ng pagbibigay ng moral na patnubay para sa pang-araw-araw na gawain. Samakatuwid, ang relihiyon at pananampalataya ng tribong Mansaka ay mahalaga sa pagpapanatili ng kanilang mga tradisyon at paniniwala. Ito rin ay repleksiyon ng kanilang pagtutulungan at pagkakakilanlan na magreresulta sa isang matibay na pundasyon tungo sa pagkakaisa at kasaganaan ng kanilang komunidad.

Makikita sa Talahanayan 24, ang ilan sa mga entri sa Mansaka kaugnay sa mga pinuno sa komunidad kagaya ng *Bià*, *Gibubayan* at *Matikadung*.

Talahanayan 24

Katawagang Mansaka tungkol sa mga Pinuno sa Komunidad

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
Bià	<i>babae</i>	<i>png</i>	Ito ay babaeng katutubo na nasa lehitimong gulang na may angking talino at kakayahan tulad ng isang <i>gibubayan</i> subalit sila ay hindi napapabilang sa hanay ng mga namamahala sa tribo ngunit sila ay pinapayagang makilahok, mag-ing tagapayo at magbigay ng suhestiyon sa mga namumuno tuwing may pagtitipon.
Gibubayan	<i>babaeng lider</i>	<i>png</i>	Ang pangalawa sa pinakamataas na posisyon sa lipunan na ipinagkatiwala sa mga kababaihang may angking talino, katapatan, at pagpapahalaga sa mga batas ng tribo. Siya rin ang nagsisilbing-tagausig at tagapamahala sa mga kaganapang panlipunan na nakatuon sa mga babaeng Mansaka.
Matikadung	<i>pinuno</i>	<i>png</i>	Ang pinakamataas at pinakasagradong posisyong panlipunan na ipinagkatiwala sa komunidad kung saan kadalasang mga lalaki ang nabibigyan ng pagkakataong humawak at manungkulan sa ganitong posisyon. Ito rin ay tumutukoy sa nakatatandang pinuno na pinili, iginagalang, minamahal at pinagkakatiwalaan ng mga katribo batay sa kaniyang mga katangian sa pamumuno. Isang kahingian din sa pagpili ng Matikadung ay ang pagkakaroon ng malalim at komprehensibong kaalaman sa mga nakagawang batas, kaugalian at kulturang Mansaka. Dagdag pa nito, nararapat ding may angking talino at kakayahan sa pamamahala ng pananalapi, kakayahan sa pagdedesisyon at higit sa lahat

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
			ang pagiging isang mahusay na tagapamagitan.

Sa alinmang tribo sa buong Asya, matagal nang pinangungunahan ng mga kababaihan ang paggawa tela at damit para sa buong komunidad. Ang gawaing ito ay malaking ambag hindi lang sa aspetong panlipunan kundi magiging sa kultural at ekonomiyang salik.

Sa halos lahat ng etnikong komunidad, kadalasang nakaatas sa mga kababaihan ang pamamahala sa bahay tulad ng pangangalaga sa pamilya at pagsasagawa ng mga gawaing bahay. Maliban pa rito, may tungkulin din siya sa kaniyang komunidad gaya ng pagsasagawa ng ritwal at pangagamot (Benazir et al., 2021). Kailangan din niyang makilahok sa mga gawaing magtataguyod sa kabuhatan, agrikultura at ekonomiya ng komunidad. Ang sitwasyong nabanggit sa unahan ay kabaliktaran sa konteksto ng tribong Mansaka dahil ang mga babae o *Bià* ay pinapayagang makilahok sa mga gwain sa loob ng komunidad (Balilla et al., 2013). Mas naging makabuluhan ang lahat dahil binibigyan ng pantay na karapatan ang kuwalipikadong katutubo na mamuno mapalalaki man o babae.

Gibubayan naman ang tawag sa isang babaeng may mataas na katungkulan sa tribong Mansaka. Ang pagkakaroon ng karapatang maging lider ng mga kababaihang Mansaka ay isang patunay na pantay ang turing ng bawat miyembro ng tribo. Nangangahulugan din itong pinapangalagaan nila ang karapatang pantao ng bawat mamamayan.

Nabigyan naman ng angkop na karapatan ang mga kababaihang Muslim sa ginawang Usapang Pangkapayapaan sa Mindanao noong 2014 kung saan binigyang-diin ang aspetong politikal at pakikilahok ng mga kababaihan sa larangan ng edukasyon, ekonomiya, at masusing pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor ng pamahalaan (Santiago, 2015). Ang kababaihan sa pangkalahatan ay siyang nangangasiwa sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng balanseng pamayanan. Ginagampanan nila ang kanilang tungkulin hindi lamang bilang mga tagapag-alaga ng pamilya kundi bilang mga tagapagsulong ng kultura, kabuhayan, at paniniwala ng komunidad. Ang mabigat na responsibilidad na ito ay nagpapakita at nagpapatunay ng kanilang natatanging ambag sa kasaysayan at pag-unlad ng isang tribo o komunidad.

Makikita sa Talahanayan 25, ang ilan sa mga entri sa Mansaka kaugnay sa pagpili ng pinuno sa komunidad kagaya ng *bagis*, *baraw-baraw* at *tutunli*.

Talahanayan 25

Katawagang Mansaka tungkol sa Pagpili ng Pinuno

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
bagis	<i>pagtali</i>	<i>png</i>	Isang pamamaraan ng pagpili ng kanilang mga pinuno o tinatawag na eleksiyon sa kasalukuyan. Sa prosesong ito, nakasulat sa likod ng dingding o pisara ang mga pangalan ng mga nominado ayon sa posisyong nais nilang hawakan. Upang mapanatili ang katiwasayan at pagiging sagrado sa gagawing halalan, ang mga botante o hindi nominado ay

			paiza-isang pupunta sa likod ng dingding o pisara at kukudlitan ang pangalan ng nominadong napili bilang palatandaan ng kaniyang pagboto. Pagkatapos ng nabanggit na proseso, bibilangin ang mga kudlit na nakuha ng bawat indibiduwal na nagpapapili. Sa huli, ang kandida-tong makakakuha ng pinaka-maraming kudlit ang siyang mananalo at itatanghal sa nasabing posisyon.
baraw-baraw	<i>pagpupulong-pulong</i>	<i>png</i>	Sa kulturang Mansaka, ang <i>baraw-baraw</i> ay isang pamamaraan ng pagpili ng potensiyal na kandidato para sa isang posisyon. Sa prosesong ito, magsasagawa ng pagpupulong-pulong ang buong tribo upang pumili ng mga indibiduwal na may sapat na kakayahang mamuno sa buong komunidad. Upang lubos na maisakatuparan ito, kailangang buo at kompleto ang kinatawan ng tribo, mula sa mga <i>mangtikadung</i>, <i>usúg</i> at <i>gibubayan</i>. Ginagamit din ang <i>baraw-baraw</i> sa pagpili ng panibagong “<i>Matikadung</i>” kung sakaling yumao ang kasalukuyang nanunungkulan o ‘di kaya’y nagnanais na bumitiw sa puwesto sa kadahilanang pangkalusugan o kawalan ng kompiyansa na pamunuan ang buong tribo. Ito ay nangangahulugang diretsahang pagturo sa indibiduwal para sa isang posisyon. Ito ay pamamaraan ng pagpili ng pinuno sa kanilang tribo. Sa panahon ng botohan, tatayo sa harap ng katribo ang mga nominado. Itatala ng mga inatasang indibiduwal ang bawat pagtuturong matatanggap ng bawat kandidato. Kagaya ng nakasanayang proseso, bibilangin ang bawat <i>pagtunli</i> para
tutunli	<i>pagturo (point)</i>	<i>png</i>	

sa isang nominado at ang maka-kakuha ng pinakamaraming boto ang siyang mananalo. Kalimitang ginagamit ang *pagtunli* kung may mga katribong wala o kulang ang kakayahang bumasa at sumulat.

Ang pamamaraan sa pagpili ng lider sa isang etnikong pangkat ay nagkakaiba-iba depende sa kanilang tradisyon, kultura, at pamantayang alam ng lahat. Sa ibang tribo, ang pagiging lider ay ipinapasa ayon pinagmulan ng angkan kung saan ginagawa rin ng tribong Mansaka. Ang ganitong sistema ng pagpili ng bagong lider ay nagbibigay-diin sa tradisyon, katatagan at pagpapasa ng kaalaman at kapangyarihan.

Samantala, may mga pangkat etniko ring tinitingnan nila ang katangian ng pipiling lider gaya ng kakayahan nitong mamuno, talino sa pagbibigay ng pasya o desisyon at higit sa lahat ang kaniyang naging ambag sa komunidad na pinakinabangan ng mga miyembro (Allen, 2000). Sa ibang pagkakataon, nakikilala rin ang mga potensiyal na lider sa pamamagitan ng kaniyang kakayahang mangaso, manggamot, malalim na kaalaman sa kanilang tribo at kakayahan nitong lutasin ang anumang sigalot sa loob ng komunidad (Bowman, 2014; Von Rueden et al., 2014). Sa mga sinaunang tribo sa Palawan, pinipili nila ang isang pinuno ayon sa uri ng kinabibilangang angkan ng sinumang nagnanais mamuno.

Kalakip sa mga batayan ng pagpili ay ang kakayahang mamuno nang matiwasay, pagiging makatarungan, sapat na kaalaman sa pagpapatupad ng mga batas, at katatagan (Perez, 2014). Hindi naman ito nagkakalayo sa nakagawian ng tribong Mansaka sa

pagpili ng pinunong Mansaka. Kapag ang ama ay nagdesisyong magretiro na o di kaya'y nasakit at namatay, awtomatikong ipapalit sa posisyon ang anak nito. Pero bago pa man makuha ang naiwang katungkulan ng ama, magsasagawa muna ng *baraw-baraw* (pagpupulong) ang mga respetadong lider ng komunidad upang masuri kung ang nasabing anak ay may kakayahang mamuno at pamunuan ang buong komunidad.

Sa maayos na pagpili ng lider sa isang komunidad, nakakamtan ang pangmatagalang mithiin ng tribo. Ang maayos na pagpili ng lider ay sumasalamin sa kaayusan at pagkakaisa ng tribo dahil nakasisiguro ang mga miyembro na ang napiling lider ay may kakayahan, karunungan, at integridad. Maliban pa ryan, epektibong naipapasa ang mga kaugalian at pagpapahalaga ng komunidad sa susunod na henerasyon dahil dumaan ito sa tamang pamamaraan at proseso. Sa kabuoan, ang paglapat sa tamang proseso ng pagpili ng lider ay nagpapanatili ng kanilang kultura at kasaysayan.

Makikita sa Talahanayan 26, ang ilan sa mga entri sa Mansaka kaugnay sa siklo ng buhay kagaya ng *byabangkay*, *sipit* at *yagkarim*.

Talahanayan 26

Katawagang Mansaka tungkol sa Siklo ng Buhay

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
byabangkay	<i>paglilibing</i>	<i>png</i>	Isang tradisyonal na paglilibing ng tribong Mansaka kung saan inilalagay ang bangkay sa lantay ng kawayan at sinusunog ito sa paniniwalang ito'y makakasugpo sa sakit na sanhi ng kamatayan ng isang nilalang. Pagkatapos

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
sipit	<i>pagkarga</i>	<i>png</i>	ng <i>byabangkay</i>, nililisan ng mga naiwang pamilya ang kanilang tahanan sa paniniwalang ito'y may taglay na malas. Maghahanap ang pamilya ng bagong lugar na sa tingin nila ay mabubuhay sila roon at magsisimulang muli. Pagkarga sa isang bata sa panahon ng pagbibinyag. Ang buong mag-anak o kakilala ay magtitipon-tipon upang pagdesisyonan ang magiging apelyido ng bata. Ang apelyido ng sinumang ikalabingwalong nagkarga sa bata ang siyang susundin at gagamitin ng batang bibinyagan. Wala sa konsepto ng Mansaka na kung ano ang apelyido ng tatay ay iyon ang susundin ng mga anak. Natutukoy nila ang magiging apelyido ng bata sa pamamagitan ng <i>sipit</i>. Kaya, hindi nakapagtataka na kahit magkapatid ang dalawang nilalang ay hindi sila magkaapelyido.
yagkarim	<i>panliligaw</i>	<i>png</i>	Isang yugto ng panliligaw na kung saan hindi puwedeng tumanggi ang babae sa lalaking nagkagusto sa kaniya sa paniniwalang ito'y biyaya sa dalawang pamilya. Pagkatapos mai-pahayag ng lalaki ang pagkagusto sa dalaga, sa ayaw at sa gusto niya, isusunod kaagad ang mga pagpapalano sa kasal.

Ang *byabangkay* ay isang makalumang pamamaraan ng tribong Mansaka bilang pamamaalam sa mahal sa buhay na namatay. Ang paniniwalang may dalang malas o sakit ang lugar na kanilang tinitirhan ay naging sanhi upang sila ay palipat-lipat ng tirahan noon.

Batid naman ng lahat na ang mga Muslim ay may ibang pamamaraan sa pagpapalibing ng patay. Una, hinuhugasan ng mga pangunahing miyembro ng pamilya na may kaparehong kasarian ang bangkay. Pagkatapos, ito ay ibinabalot sa isang puting tela at saka inililibing sa hukay na nakatayo (Stacey, 2018) Kung walang mahanap na kamag-anak, ang mga pinagkakatiwalaan at respetadong taong naroroon ang maaaring gumawa sa nabanggit na tungkulin.

May ibang pamamaraan din ang ibang pangkat o komunidad sa pagpapalibing ng mga yumao. Ang iba ay inililibing sa hukay na nakaayos na parang sanggol ang patay, samantala ang iba naman ay inililibing kasama ang kani-kanilang personal na kagamitan. Karaniwan din sa ibang pangkat etniko sa India ang *cremation* o pagsusunog ng bangkay na may kasabay na ritwal (Sebola, 2021). Ang mga abo ay ikinakalat sa mga sagradong lugar o di kaya'y inilalagay sa isang *urn* o banga.

Ang *sipit* o pagkarga ay isang pamamaraan ng pagbibigay ng pangalan para sa isang bata o sanggol na Mansaka. Ito ang itinuturing nilang binyag sa loob ng komunidad na simbolo ng kaligtasan sa lahat ng uri relihiyon sa buong mundo. Ang pagsasagawa ng *sipit* ay hindi nalalayo sa isang tradisyon din ng Mansaka ang *byubunong*. Ang *byubunong* ay isang pagdiriwang na kadalasang nagaganap tatlong araw ang pagkatapos maisilang ang isang sanggol. Ito ay ipinagdiriwang ng komunidad sa pamamagitan ng pagkatay ng baboy bilang isa sa mga palatandaan na nasa mabuting kalagayan ang mag-ina.

Kadalasan, ang panliligaw sa karamihan ng mga etnikong pangkat sa Asya ay ipinagkasundo ng kapwa mga magulang kahit nasa murang edad pa lamang ang kani-

kanilang mga anak. Ito ay may isinasagawang ritwal bilang pagsasaopisyal ng kanilang pagmamahalan at saka pinaplano ang pagpapakasal.

Nagbibigyan ng malalim na pag-unawa ang mga tao sa pag-alam sa siklo ng buhay sa komunidad sa tulong ng mga gawain, ritwal at tradisyon. Ang pagsasaalang-alang sa mga yugto ng buhay, mula sa kapanganakan hanggang sa kamatayan, ay nagbibigay rin ng kaayusan at direksyon sa buong tribo. Kaya naman, malaking tulong ito sa mga miyembro upang maunawaan nila ang kanilang papel at tungkulin sa lipunan.

Makikita sa Talahanayan 27, ang ilan sa mga entri sa Mansaka kaugnay sa panitikan kagaya ng *babarawon*, *babatukun* at *tigmad*.

Talahanayan 27

Katawagang Mansaka tungkol sa Panitikan

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
babarawon	<i>alamat</i>	<i>png</i>	Isa sa mga tanyag na alamat ng kanilang tribo ay ang pagkalikha ng mundo. Sa kanilang paniniwala, si Tanlang ang lumikha ng daigdig sa tulong ng ibon kung saan inutusan niya itong kumuha ng lupa sa pinakadulong bahagi ng sandaigdigan. Siya rin ang pinaniniwalaang lumikha ng tao at nagturo sa kaniyang mga nilikha kung ano ang mga pangalan ng mga hayop at mga bagay na makikita sa mundo.
babatukun	<i>kuwentong-bayan</i>	<i>png</i>	Tumutukoy sa mga kuwento ng tribo noong unang panahon na naglalaman ng mga makukulay na salaysay. Ito ay naratibo rin ng mga matatanda na

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
tigmad	<i>pinagmulan</i>	<i>png</i>	ibinabahagi sa mga kabataan na ipinapasa-pasa sa loob ng maraming henerasyon. Kabilang sa mga ito ay ang <i>Yang Buyag Aw Yang Baklug</i> (Kuwento ng Isang Mag-asawa) at <i>Yang Anak Aw Yang Ama Sang Kagurangan</i> (Ang Anak at ang Ama sa Kagubatan). Ang mga kuwentong ito ay may temang patungkol sa buhay ng tao, kasaysayan at kahulugan ng kalikasan na naririnig pa rin hanggang sa kasalukuyan. Ang simula at pagsilang ng tribong Mansaka. Ito'y pagkilala sa kultura at tradisyon ng tribo upang mas lalong maunawaan at mapahalagahan ng mga bagong sibol ang kanilang pinanggalingan. Ang pagyabong ng tribo ay nakasalalay na ngayon sa mga kabataang Mansaka kung paano nila pagyamanin at pag-ibayuhin upang hindi mawala at makalimutan ang kanilang pinagsimulan.

Sa tulong ng panitikan naipapasa ang mga kaalaman, tradisyon, paniniwala at kasaysayan ng isang komunidad. Ito ay mahalagang elemento upang mga kaalamang-bayan ay maipasa at matutuhan ng susunod na henerasyon. Maliban pa ryan, nagsisilbi rin itong hanguan ng totoong pagkakakilanlan ng isang pangkat partikular na ang Mansaka dahil ang panitikan ay hindi lamang nakasentro sa mga pangunahing elemento nito bagkus ito ay naghahatid ng mensahe at aral na siya'y magiging gabay ng mga miyembro sa araw-araw na pakikipamuhay.

Ang mga oral na tradisyon ng tribong Mansaka ay nagtataguyod ng kanilang pagkakakilanlan dahil sa pamamagitan nito nauunawaan ng bawat miyembro ang kanilang pinagmulan. Nagiging batayan din ito sa pag-uugnay ng bawat kasapi ng komunidad na nagbubunga sa kanilang pagkakaisa. Ang panitikan ay mahalaga sa pagtamo ng matibay na pagkakilanlan dahil ito ay repleksiyon ng kanilang kultura at paniniwala (Hernik et al., 2022). Behikulo ring maituturing ang mga alamat at kuwentong-bayan ng kahit na anong tribo dahil ito ang nagdadala at naghahatid ng mga salaysay tungkol sa ritwal at paniniwala sa kinikilala nilang espiritu at diyos, na nagpapalakas sa kanilang pananam-palataya. Sa pangkalahatan, ang panitikan ay hindi lamang nakakahon bilang pang-aliw sa tuwing may pagtitipon-tipon ang anumang tribo komunidad. Ito ay nagsisilbing taga-ingat ng kultura at nagbibigay-inspirasyon sa kasalukuyan upang gumawa ng paraan na hindi basta-basta mabubura sa alaala ng mga miyembro.

Nararapat lamang tandaan na ang katutubong panitikan ay ginagamit bilang isang paraan ng paghahatid ng kaalaman at kultural na pag-unawa. Ang simpleng pagku-kuwento at pakikinig ay malaking bagay upang mapahalagahan ng mga miyembro ang kanilang pinagmulan at kinabibilangang komunidad. Ito rin ay nagbibigay sa kanila ng oportunidad upang pag-usapan ang mga isyung kinasasangkutan kung mayroon man. Higit sa lahat, ito ay plataporma ng sinumang miyembro na nagnanais pasiklabin ang kaniyang imahinasyon, pagkamalikahain at kritikal na pag-iisip (Makgabo at Quintero, 2024). Patunay lamang na lubos na makapangyarihan ang panitikan upang ipagmalaki at angkinin ang komunidad na kinabibilangan.

Makikita sa Talahanayan 28 ang ilan sa mga entri sa Mansaka kaugnay sa kanilang tradisyon at paniniwala kagaya ng bubungár, lungan at ubád.

Talahanayan 28

Katawagang Mansaka tungkol sa Tradisyon at Paniniwala

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
bubungár	<i>subuan</i>	<i>png</i>	Subuan ng binilog na kanin at ulam na ginagawa sa panahon ng seremonya ng kasal. Ang pagsusubuan ng pagkain ay simbolismo ng pagiging matiwasay ng buhay ng mag-asawa.
lungan	<i>alay o donasyon</i>	<i>png</i>	Ito ay tawag sa alay na maaaring pera, bagay, pagkain o anumang may halaga na ibinibigay sa panahon ng panggagamot. Ang isang miyembro ng komunidad na nagpapagamot ay hindi na kailangang magbigay ng lungan. Samantala, ang mga hindi naman miyembro ng tribo na nagpapagamot ay sinasabihang boluntaryong magbigay sa paniniwalang hindi gagaling ang karamdamang dinadala nito.
ubád	<i>dote (dowry)</i>	<i>png</i>	Ito ay ari-arian o bayad na ibinibigay sa oras ng kasal. Ang mga magulang ng babae ang siyang nagtatakda ng halaga ng <i>ubád</i> para sa kanilang anak sa anyo ng mga anlang (alipin) o <i>agong</i> at <i>patakyâ</i> (isang lalagyan ng nangunguyang <i>betel nut</i>). Subalit, may ibang pagkakataon na ang lalaking ikakasal ang naghahanda ng <i>ubád</i> sa pamamagitan ng pera o anumang bagay na kapaki-pakinabang.

Likas ng Tribong Mansaka ang malayang pagpapahayag ng kanilang paniniwala, sa kahalagahan ng pagsasagawa ng mga ritwal sa panggagamot. Alinsunod dito, *maglungan* ang tawag sa pagbibigay ng kaunting halaga o alay gaya ng baboy sa paniniwalang mas magiging epektibo ang panggagamot sa tulong ng mga alay na ito. Higit sa lahat, ginagawa ang pag-aalay upang hindi mahahawaan ang manggagamot sa panahon ng ritwal. Ang kagawian ng pag-aalay ay angkop lamang sa mga nagpapagamot na hindi kabilang sa tribo. Sadyang magkakaugnay ang nakaugalian ng mga sinaunang Pilipino sa larangan ng panggagamot. Sa lalawigan ng Camarines Sur, likas na malakas ang paniniwala ng mga mamamayan sa pagsasagawa ng iilang ritwal sa panggagamot (Rebuya et al., 2020). Kalakip na rin dito ang pagbibigay ng alay sa tuwing isinasagawa ang ritwal upang gamutin ang isang may karamdaman.

Ang mga tradisyon at paniniwala ng tribong Mansaka ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng kanilang araw-araw na pamumuhay. Dito rin nakaugat ang kanilang samahan na pinatatag ng panahon at patuloy na itinataguyod hanggang sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng kanilang tradisyon, naging mayaman at makulay ang kulturang Pilipino sa kabuoan.

Makikita sa Talahanayan 29 ang ilan sa mga entri sa Mansaka kaugnay sa kanilang seremonya at ritwal kagaya ng *Aton-aton*, *burungun* at *pag-indù*.

Talahanayan 29

Katawagang Mansaka tungkol sa Seremonya at Ritwal

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
Aton-aton	<i>Ritwal-pangkaluluwa</i>	<i>png</i>	Isang uri ng ritwal na isinasagawa para sa kaluluwa ng mga namayapang mahal sa buhay. Kagaya ng ibang ritwal ng kanilang komunidad, ito'y ginagamitan ng mga sangkap na apog, bunga, tabako at inumin. Sa pagsasagawa ng ritwal, kinakailangang tahimik ang lahat upang higit na maipadama sa mga yumaong minamahal ang kanilang taimtim na dalangin para sa katahimikan ng mga kaluluwa.
burungun	<i>panggagamot</i>	<i>pnd</i>	Ang proseso ng panggagamot gamit ang katutubong padasal o orasyon at mga halamang-gamot o <i>herbal medicine</i> . Ito ay isinasagawa lamang ng tanging may malalim na pag-unawa, matibay na karanasan at angking kahasayan sa pagsasagawa ng ritwal.
pag-indù	<i>pagtuturo</i>	<i>pnd</i>	Eksklusibong seremonya para sa miyembro ng pamilya na isinasagawa ng <i>Balyán</i> at ng iba pang pinuno ng komunidad upang ipasa ang kaalaman tungkol sa tribo. Ito'y ginagamitan ng bagaybáy na inilalagay sa gitna ng bahay, <i>kurigsaw</i> na nakabitin at banig na nakalatag sa sahig. Sa tribong Mansaka, dalawang babaeng miyembro ng pamilya ang tumatanggap ng nasabing seremonya.

Bukod sa paniniwala ng mga Mansaka, ang pagsasagawa ng iba't ibang ritwal ay isa rin sa mga nakagisnang gawi ng komunidad. Isa na rito ang *Aton-aton*, isang ritwal

para sa mga namayapang mahal sa buhay. Ang nasabing ritwal ay halos magkapareho sa tribong Manobo ng bulubunduking bahagi ng Surigao del Sur. Isinasagawa ng mga Manobo ang *uyagdok* sa pangunguna ng isang *Baylan* upang tawagin ang mga kaluluwa. Kabilang sa nasabing ritwal ang pagkatay ng isang baboy-ramo kung saan ang dugo nito ay ipinapahid sa gitna ng maliit na mesa na pinaglagyan ng iba't ibang sangkap pampausok (Cos, 2021). Pagkatapos nito, ang karne ng baboy-ramo ay niluluto at saka inihahain kasabay ng kanin at ilang inumin upang pagsaluhan ng sinomang nakasaksi sa nasabing ritwal.

Burungun naman ang tawag sa proseso ng panggagamot ng tribong Mansaka. Ang katutubong pamamaraan ng panggagamot na ito ay laganap din sa iba't ibang lalawigan sa Silangang Visayas. Buhay na buhay pa ang katutubong panggagamot ng mga taga-Tacloban na tinatawag nilang *pagluon*, *pagtayhop* at *pag-uslob* (Amat, 2021). Ilan sa mga pamamaraan nito ay ang pagpapainit sa baga ng mga halamang gamot at saka pinapahid sa katawan ng pasyente upang makaiwas sa kulam at pagkalason. Albularyo rin ang tawag nila sa kanilang manggagamot na gumagamit ng dasal at pagbisita sa mga *religious shrine* (Cariaso, 2012). Ginagawa ito ng albularyo sa paniniwalang ang paggaling mula sa karamdaman ay maaaring matamo sa pamamagitan ng pagdarasal o mga ritwal na humahatak sa presensiya ng kakaibang lakas at kapangyarihan upang makapagpagaling.

Pag-indù naman ang tawag sa isang eksklusibong seremonya upang ipamana ang kaalaman tungkol sa tribo. Itunuturo ng mga matatanda ang natatanging kultura at tradisyon ng komunidad bilang pamana sa mga bagong henerasyon. Ang *pag-indù* ay isa

sa mga hakbang ng tribo upang pangalagaan at pahalagahan ng mga kabataan ang kanilang pagkakilanlan. Samantala, ang nasabing seremonya tungkol sa pagpapasa ng kaalaman sa kanilang tribo ay tinatawag namang *putikaan* o Aklat ng Karunungan ng mga Badjao (Solis, 2022). Isinasangguni nila sa *Imam*, na siyang nakakaalam at may likas na kasanayan sa pagbasa ng *putikaan*, ang mga bagay-bagay sa paggawa ng *tinitik* o paghuhula.

Malaki ang papel ng ritwal hindi lang sa tribong Mansaka kundi sa bawat etnikong pangkat. Sa tulong nito, naipapasa ang tradisyon at paniniwala ng komunidad na magreresulta sa katatagan at pagkakaisa. Maliban pa ryan, ito ay pagpapanatili sa kanilang kultura at pangangalaga sa kanilang pagkakilanlan.

Makikita sa Talahanayan 30 ang ilan sa mga entri sa Mansaka kaugnay sa kanilang ugali at katangian kagaya ng *ibak*, *kaan* at *pabal'long*.

Talahanayan 30

Katawagang Mansaka tungkol sa Ugali at Katangian

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
ibak	<i>pagsagot</i>	<i>png</i>	Ang pagsagot ay nagpapakita ng respeto batay sa sitwasyon. Malumanay at tila kumakanta ang pamamaraan pagsasalita ng mga Mansaka at ito ay maoobserbahan sa kanilang pormal na pakikipag-usap.
kaan	<i>magiliw</i>	<i>pnr</i>	Isa sa katangiang Mansaka ang pagiging magiliw sa mga panauhin na kumain at sumalo sa hapag kasama ang buong miyembro ng pamilya lalo na

Leksikal na Mansaka	Katumbas sa Filipino	Bahagi ng Pananalita	Kahulugan
pabal'long	<i>libangan</i>	<i>png</i>	sa panahon ng pagtitipon-tipon. Maliit man o malaking handaan, buong galak nilang ibinabahagi ang kanilang pagkain na bunga sa masaganang ani ng kanilang bukid. Ang libangan ng komunidad ay sayawan, kantahan at tugtugan gamit ang tradisyonal na instrumentong pangmusika. Kasama rin dito ang mga larong palakasan gaya ng sipa, bangkaw at pakikipagbuno. Sa anumang kasiyahan mayroon ang komunidad palaging nasusunod ang mga matatanda, gaya halimbawa na kapag sinabihang itigil na ang kasiyahan lalo na kapag malalim na ang gabi, kailangang sundin ito ng mga tao. Ginagawa ito ng mga matatanda sa paniniwalang may mga masamang espiritu na daraan sa gitna ng kanilang kasiyahan.

Ang *ibak* ng tribong Mansaka ay hindi nalalayo sa pagsagot ng *po* at *opo* ng mga Tagalog bilang tanda ng paggalang sa mga nakatatanda. Kabilang din sa pagpapakita ng paggalang sa ibang pangkat ay ang pagmamano (Medina, 2005). Ito ay hindi lamang isang simpleng kilos o aksiyon kundi ito ay pagpapakita ng respeto at pagpapahalaga sa mga nakatatanda.

Ang *kaan* o pagiging magiliw ay tipikal ding katangian ng mga Pilipino. Bukas-palad at walang pinipili sa pagtanggap ng bisita mapalokal man o turista (Aguilar, 2010). Kabilang diyan ang pag-alok ng pagkain o matutuluyan, katapatan sa pagbibigay ng direksiyon kapag may nagtatanong, pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan, at iba

pa. Ang *pabal'long* ng mga Mansaka ay hindi lamang itinuturing na simpleng kasiyahan o pagtitipon. Ito rin ay selebrasyon ng komunidad na sama-samang napagtagumpayan ang isang layunin. Sa konteksto ng mamamayang Pilipino, isinasagawa ang kasiyahan at libangan upang maging balanse ang ating pamumuhay (Aguilar, 2010). Ito rin ay pakikiisa at pakikisama upang mapalakas ang ugnayan ng pamilya at komunidad. Ang katangian o ugali ng tribong Mansaka ay nabubuo dahil sa heograpikal na aspeto. Ang pagkakalapit-lapit ng kanilang mga bahay ang siyang pangunahing dahilan kung bakit matatag at matibay ang relasyon at ugnayan ng bawat miyembro ng komunidad. Dagdag pa ang malalim na paniniwala nila sa kanilang Magbabayà na sumasalamin sa kanilang kolektibong pananampalataya.

Sa pangkalahatan, ang mga nabuong kultural na kahulugan sa bawat entri sa Mansaka ay naaayon sa pagbabahagi at paglalarawan ng mga kalahok tungkol sa paniniwala, gawi, kultura at tradisyon ng komunidad ng Mansaka sa barangay ng Mainit, Masara at Teresa. Ginamit ng mananaliksik ang panloob na pananaw at pag-unawa ng komunidad para sa mas makatotohanang representasyon ng kanilang mga salita at kahulugan.

Ang ikaapat na K o Kontekstuwalisasyon sa pag-aaral na ito ay nakatulong upang maipakita ang tunay na gamit at kabuluhan ng salitang Mansaka batay sa partikular na kontekstong kultural at sosyal ng komunidad. Sa halip na bigyan lamang ng pangkalahatang kahulugan, inilalarawan ang salita batay sa kung paano ito ginagamit sa aktuwal na pamumuhay ng mga tagapagsalita ng wika. Dahil dito, mas naipapahayag ang malalim na koneksiyon ng wika sa kultura, pananaw sa mundo, at mga panlipunang ugnayan ng komunidad. Maliban pa ryan, ang kahulugan ng isang salita ay maaaring magbago

depende sa konteksto—maaaring ito'y tumukoy sa isang partikular na ritwal, kaugalian, o paniniwala na wala sa ibang kultura. Sa ganitong paraan, ang kontekstuwalisasyon ay hindi lamang nagbibigay-linaw sa denotatibong kahulugan ng salita kundi pati na rin sa mga kultural at emosyonal na konotasyon nito. Ayon kay Wierzbicka (1997), ang wika ay salamin ng kultura, at upang lubos na maunawaan ang isang salita, kinakailangang isaalang-alang ang kontekstong pinagmumulan nito. Ang paglalagay ng kontekstong kultural sa kahulugan ng salita ay mahalaga sa mga proyektong leksikograpikal, lalo na para sa mga katutubong wika.

Pagtataya ng mga Nakalap na Datos

Makikita sa bahaging ito ang resulta ng ginawang balidasyon sa mga nakalap na datos. Ang una at ikalawang bahagi ay resulta ng balidasyon sa ginawang diksiyonaryo mula sa tatlong eksperto sa komunidad (*cultural master*) at sa tatlong eksperto sa wika. Samantala, ang panghuling bahagi naman ay balidasyon ng transkripsiyon mula sa isang eksperto sa wika.

Resulta ng Pagtataya ng mga Cultural Master

Ang mga *cultural master* na gumawa ng balidasyon ay mga may katungkulan sa tribo at mayamang kaalaman sa komunidad na may edad 40-65. Tungkulin nilang suriin ang tamang deskripsiyon at paglalarawan tungkol sa kultural na kahulugan ng mga salita. Sa ginawang balidasyon, ginamit ng mga *cultural master* ang *4-point Likert Acceptability Scale* (Vagias, 2006) upang masukat ang katumpakan ng mga naibigay na kultural na kahulugan sa nabuong diksiyonaryong Mansaka-Filipino. Naglagay rin sila ng mga puna at

mungkahi sa ikawawasto ng nabuong diksiyonaryo. Narito ang rubrik sa pagsusuri o balidasyon: 4 - Lubos na Katanggap-tanggap; 3 - Katanggap-tanggap; 2 – Hindi Katanggap-tanggap; at 1 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap.

Makikita sa Talahanayan 31 ang resulta ng pagtataya na ginawa ng mga *cultural masters* ng tribong Mansaka.

Talahanayan 31

Resulta ng Pagtataya ng mga Cultural Master

<i>Likert Acceptability Scale</i>	<i>Scale</i>	Bilang	Bahagdan
Lubos na Katanggap-tanggap	3.1 - 4.0	203	88.65%
Katanggap-tanggap	2.1 - 3.0	1	0.44%
Hindi Katanggap-tanggap	1.1 - 2.0	19	8.29%
Lubos na Hindi Katanggap-tanggap	0.1 – 1.0	6	2.62%
Kabuoan		229	100.00%

Alinsunod sa Talahanayan 31, 203 sa 229 o 88.65% ng mga leksikal aytem mula sa nabuong diksiyonaryo ay Lubos na Katanggap-tanggap, 1 sa 229 o 0.44% ay Katanggap-tanggap, samantala, 19 sa 229 o 8.29% naman ay Hindi Katanggap-tanggap, ang at panghuli, 6 sa 229 o 2.62% ang may deskripsiyon na Lubos na Hindi Katanggap-tanggap. Sa balidasyong ginawa, 25 leksikal na aytem sa Mansaka ay hindi tinanggap sa kahilanang 6 sa mga ito ay hindi sakop ng kanilang kultura gaya ng *bukon*, *gabawnun*, *gabuun*, *pagindarana*, *taganak*, at *tagud*, habang ang 8 naman ay hindi purong Mansaka dahil ang mga ito ay ginagamit din ng mga Bisaya gaya ng *bulak*, *buya*, *inambitay*, *linti*,

lubid, suga, tawag, at ugangan, samantala, ang 11 salita naman ay walang kultural na kaugnayan sa komunidad gaya ng *badi, garang, kanatam, limbutong, lugunan, managmun, pagarungan, pagsawit, rangub, sawal, at silag*. Kaya tinanggal ang mga ito sa pinal na diksiyonaryo dahil upang makabuo ng 204 na leksikal na aytem.

Resulta ng Pagtataya ng mga Eksperto sa Wika

Matapos mapasuri at mataya ang diksiyonaryong Mansaka-Filipino sa mga *cultural master* ito ay pinasuri naman sa tatlong eksperto sa wika. Ang tatlong eksperto sa wika na gumawa ng balidasyon sa diksiyonaryo ay nakapagtapos ng degrading doktorado sa Filipino. Tungkulin nilang suriin ang kawastuhan sa gramatika at gamit ng mga bantas. Ginamit ng mga eksperto sa wika ang *4-point Likert Acceptability Scale* (Vagias, 2006) upang masukat ang kawastuhan ng gramatika sa pagbibigay ng kultural na kahulugan. Naglagay rin sila ng mga puna at mungkahi sa ikawawasto ng nabuong diksiyonaryong Mansaka-Filipino. Narito ang rubrik sa pagsusuri o balidasyon: 4 - Lubos na Katanggap-tanggap; 3 - Katanggap-tanggap; 2 – Hindi Katanggap-tanggap: at 1 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap.

Makikita sa Talahanayan 32 ang resulta ng pagtataya ng mga eksperto sa wika.

Talahanayan 32

Resulta ng Pagtataya ng mga Experto sa Wika

<i>Likert Acceptability Scale</i>	<i>Scale</i>	<i>Bilang</i>	<i>Bahagdan</i>
Lubos na Katanggap-tanggap	3.1 - 4.0	201	98.53%
Katanggap-tanggap	2.1 - 3.0	3	1.47%
Hindi Katanggap-tanggap	1.1 - 2.0	0	0.00%
Lubos na Hindi Katanggap-tanggap	0.1 - 1.0	0	0.00%
Kabuoan		204	100.00%

Batay sa Talahanayan 32, 201 sa 204 o 98.53% na entri ay may deskripsiyon na Lubos na Katanggap-tanggap, samantala, 3 sa 204 o 1.47% naman sa mga entri ang may deksripsiyong Katanggap-tanggap, habang walang bilang para sa Hindi Katanggap-tanggap at Lubos na Hindi Katanggap-tanggap. Sa kabuoang nakalap na entri ng mananaliksik 204 lamang sa mga ito ang opisyal na napabilang sa nabuong diksiyonaryo. Ang mga entri na hindi naisali sa diksiyonaryo dahil may pag-aalinlangan ang mga eksperto sa komunidad (*cultural master*) sa katumpakan ng entri at kawastuhan ng kahulugan.

Pagtataya ng Transkripsiyon

Gaya ng nabanggit sa unahan, ang mga datos na nakalap ay inirekord ng mananaliksik sa tulong ng *audio-recorder*. Pagkatapos nito, binalikan ng mananaliksik ang nairekord na mga pahayag upang masimulan ang transkripsiyon. Ang mga pahayag ng mga kalahok ay magkahalong Mansaka at Bisaya. Kaya naman, isinalin ang mga tugon

sa Mansaka patungong Bisaya sa tulong ng *informant*. Pagkatapos nito, ang mga naisaling Mansaka-Bisaya ay isinalin naman ng mananaliksik sa Filipino. Sa kabilang banda, ang mga tugon na nasa Bisaya ay diretshana nang isinalin ng mananaliksik sa Filipino.

Sa layuning makaiwas sa maling interpretasyon ng impormasyon ipinasuri ng mananaliksik ang mga transkripsiyon sa isang dalubhasa sa wika. Binigyan ng kopya ng transkripsiyon ang eksperto kalakip ang papel-balidasyon. Tuon ng ginawang balidasyon ang mga sumusunod na aspeto: (1) naitala nang buo ang lahat ng mga sagot; (2) tiyak at naisulat nang tama, kumpleto, at walang dagdag o bawas ang bawat detalye; (3) napanatili ang orihinal na wika at tono; (4) wasto ang pagbaybay, pagbantas, at gramatika; at (5) tumpak at tapat sa nilalaman batay sa ginawang panayam. Makikita ang sampol ng ginawang balidasyon ng transkripsiyon sa Apendiks I. Sa dulo ng proseso, nilalagdaan ng *validator* ang sertipikasyon bilang patunay na ang transkripsiyon ay wasto at maaasahan para gamitin sa pagsusuri ng datos. Makikita naman ang sertipikasyon ng *validator* sa Apendiks J.

Sa konteksto ng pag-aaral, ang ikalima at huling K o Konsultasyon ay isang kritikal na bahagi sa pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo dahil ito ang nagsisiguro ng katumpakan, kredibilidad, at kultural na pagiging angkop ng mga salitang isinama at ng kanilang mga kahulugan. Sa pamamagitan ng balidasyon mula sa mga *cultural masters* at eksperto sa wika, nasusuri ang kawastuhan ng lingguwistikong interpretasyon at representasyon ng mga salita at kung totoo ang mga ito batay sa pananaw ng mismong komunidad at sumasalamín sa orihinal na gamit at kahulugan ng mga salita

ayon sa kanilang kultural na konteksto. Ang prosesong ito ay hindi lamang teknikal na hakbang, kundi isang etikal na responsibilidad upang igalang at mapanatili ang integridad ng wika ng komunidad. Ayon kay Czaykowska-Higgins (2009), ang partisipasyon ng komunidad sa bawat yugto ng dokumentasyong pangwika—kabilang ang balidasyon—ay mahalaga upang ang produkto ay maging tunay na representasyon ng kanilang identidad at kaalaman.

Sintesis

Ang pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryo ay isang masusing prosesong nakaugat sa aktibong partisipasyon ng komunidad at sa maka-kulturang pananaw sa wika. Nagsisimula ito sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, na siyang pangunahing tagapagdala ng wika at kultura. Ang kanilang kaalaman at karanasan ay nagsisilbing batayan sa pagkilala ng mga salitang may kultural na kabuluhan (Hinton et al., 2018). Samantala, sa koleksiyon ng mga entri, kinakalap ang mga salitang aktuwal na ginagamit sa konteksto ng pamumuhay ng mga tagapagsalita, na nagpapakita ng awtentikong gamit ng wika (Mosel, 2002). Kasunod nito, ang mga salita ay ikinakategorya ayon sa uri ng kultura—nakikita (surface) at nakakubli (deep)—upang maipakita ang ugnayan ng wika sa materyal at ideolohikal na aspeto ng kultura (Hall, 1989).

Kaugnay nito, nasisiguro naman ng kontekstuwalisasyon na ang bawat salita ay may paliwanag batay sa aktuwal na gamit, kultural na kahulugan, at sosyal na konteksto ng komunidad (Wierzbicka, 1997). Sa huling yugto, mahalaga ang balidasyon upang matiyak ang kawastuhan, kaangkupan, at kredibilidad ng mga lahok, sa tulong ng mga

cultural masters at eksperto sa wika (Czaykowska-Higgins, 2009). Sa kabuoan, ang Prosesong 5K – Komunidad, Koleksiyon, Kategorisasyon, Kontekstuwalisasyon, at Konsultasyon ay hindi lamang lingguwistikong gawain kundi kultural din, sapagkat kinikilala nito ang wika bilang ekspresyon ng kolektibong kaalaman at karanasan ng isang komunidad.

.

Kabanata 4

Lagom, Kongklusyon, at Rekomendasyon

Saklaw sa kabanatang ito ang lagom ng pag-aaral at resulta, limitasyon ng pag-aaral, kongklusyon at rekomendasyon batay sa kinalabasan ng pananaliksik.

Lagom ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito na may pamagat na Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryo ng Mansaka-Filipino ay naglalayong maisakatuparan ang mga sumusunod na layunin: (1) makapangalap ng mga salitang katutubo sa komunidad ng Mansaka at maikategorya ang mga salita ayon sa nakikita at nakakubling kultura ng komunidad; (2) mabigyan ng katumbas na salin sa Filipino ang mga salita; at (3) maipataya ang nabuong diksiyonaryo sa mga eksperto sa komunidad at sa mga eksperto sa wika, at mairebisa ayon sa mga mungkahi.

Isinagawa ang pag-aaral sa tatlong barangay ng Maco, Davao de Oro partikular na sa Mainit, Masara, at Teresa kung saan kinilalang *ancestral domain* ng tribong Mansaka. Sa tulong ng *informant* at pahintulot ng mga kinauukulan nakapasok ang mananaliksik sa komunidad. Pinili ang mga kalahok sa ayon sa kanilang edad at malawak na kaalaman tungkol sa kultura ng kanilang komunidad. Magkahalong pormal at di-pormal ang pamamaraan ng pangangalap ng datos kung saan ang mismong mananaliksik ang nagsagawa nito.

Ang nabuong diksiyonaryo ay naglalaman ng 204 na salita na may kultural na kahulugan ayon sa konteksto ng komunidad ng Mansaka. Sa ginawang pag-aaral, naging batayan ng mananaliksik ang prosesong 5K sa pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryong Mansaka-Filipino. Ang proseso ay nagsimula sa loob ng komunidad, sinundan ng koleksiyon ng mga leksikal na aytem, ginawan ng kategorisasyon ayon sa uri ng kultura, ibinigay ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto ng Mansaka at saka pag-sasagawa ng balidasyon sa mga eksperto komunidad at sa mga eksperto sa wika.

Sa pag-aaral na ito, napatunayang ang pagbuo ng diksiyonaryo para sa mga katutubong pangkat ay isang mabisang paraan sa pagpanatili at pagbibigay ng proteksiyon sa kanilang wika at kultura. Sa pamamagitan nito, hindi lang naitatala ang mga salita, kahulugan, at tamang gamit ng wika, kundi nagkakaroon ng mas matibay na sanggunian ang mga nais matuto at magsanay ng naturang wika lalong-lalo na sa paaralan. Higit sa lahat, ang diksiyonaryong Mansaka-Filipino ay nagsisilbing dokumentong nagpapatunay ng yaman at lalim ng kanilang kaalaman, paniniwala, at paraan ng pamumuhay. Ang nabuong diksiyonaryo ay instrumental din upang muling yakapin nila ang kanilang identidad. Nagbibigay-daan din ito upang ang ibang tao ay umunawa at igalang ang kanilang pinagmulan.

Lagom ng mga Resulta

Ang pag-aaral na ito ay nakakalap ng kabuoang 204 na katutubong salita sa Mansaka. Ito ay ikinategorya ayon sa nakikita at nakakubling kultura kung saan mas maraming salita ang napabilang sa nakikita kaysa sa nakakubling kultura. Halos lahat ay

may katumbas sa Filipino maliban sa iilan na walang direktang salin, sa halip ito ay ginawan ng deskripsiyon upang maunawaan ng mambabasa kung ano ang tinutukoy na salita. Ang mga kultural na kahulugan ay iniaayos ayon sa paglalarawan ng komunidad.

Sa isinagawang balidasyon ng mga eksperto sa komunidad, nakakuha ng malaking porsiyento ang deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap, Sa balidasyong ginawa, 25 leksikal na aytem sa Mansaka ay hindi tinanggap sa kadahilanang ito ay hindi sakop ng kanilang kultura, hindi purong salitang Mansaka, at walang kultural na kaugnyan sa komunidad. Sa kabilang banda, sa isinagawang balidasyon ng mga eksperto sa wika, nakakuha ng malaking porsiyento ang deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Limitasyon ng Pag-aaral

Isa sa naging limitasyon ng pananaliksik ay ang pagtukoy sa mga kalahok at bilang o dami na isasalang sa pormal na panayam. Naging hamon sa mananaliksik ang pagkuha ng mga impormasyon sa panahon ng impormal na panayam sa kadahilanang wala silang kompiyansa sa kanilang sagot kahit pa man pasok sila sa mga pamantayan bilang kalahok sa pag-aaral.

Dagdag pa nito, ang kakaunting bilang ng mga matatanda sa komunidad at kung mayroon man kawalan ng pisikal na kakayahan para sa panayam. Sa kabila ng kahirapang inilahad sa itaas, ito ay hindi nakaapekto sa layunin ng pananaliksik. Sinikap ng mananaliksik na magkaroon ng pantay na distribusyon ng mga kalahok sa bawat barangay. Batay naman sa ginawang inisyal na paghahambing ng mananaliksik sa mga naging tugon ng mga kalahok hindi nagkakalayo ang mga deskripsiyon na ibinigay ng mga

kalahok. Ibig sabihin, magkapareho ang gamit at pag-unawa ng isang partikular na entri ng mga kalahok na magkalapit lang ang mga baryo. Sa kabilang banda, naging hamon din ang kakulangan ng mga aklat na magagamit at makakatulong bilang dagdag na sanggunian.

Kongklusyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, narito ang kongklusyong nabuo ng mananaliksik:

1. Sa pangangalap ng mga korpus mahalagang magkaroon ng sistematikong proseso upang makatipid sa oras at hindi makaabala lalo na sa mga kalahok. Mahalagang magkaroon din ng alternatibong plano sa panahong magkaroon ng hindi inaasahang pangyayari. Samakatuwid, ang mananaliksik ay laging handa sa ano mang posibleng mangyari.
2. Nakatulong ang kategorisasyon upang masukat ang kaalaman ng komunidad tungkol sa kanilang pamumuhay at gawi. Mahalagang pagtuonan ng pansin ng tribo ang kaunting bilang ng mga salitang nakalap sa nakakubling kultura. Ito ay maaaring magbigay ng implikasyon nang unti-unting paglimot sa mga mahalagang kultural ng pangkat na siyang ugat ng kanilang pagkatao, at pagkakakilanlan sa lipunan.
3. Napatunayang halos lahat ng mga salita sa Mansaka ay may direktang katumbas na salin sa Filipino na indikasyon ng pagiging mayaman ng ating wika. Samantala, kahit na may ilang mga korpus sa Mansaka na walang

direktang salin sa Filipino ito ay natutumbasan naman ng deskripsiyon. Patunay lamang na ipinapakita nito na ang salita ay may partikular na gamit, kahulugan, o konsepto na mahalaga sa kultura ng pinanggalingang wika, ngunit maaaring wala sa karanasan o konsepto ng kulturang Filipino.

4. Ang pagbibigay ng deskripsiyon sa Filipino ay indikasyon na ang isang salita mula sa ibang wika gaya ng katutubong wika ay may kahulugan hindi agad matutumbasan ng isang salitang Filipino. Kaya't kailangang ipaliwanag ito sa pamamagitan ng mas malawak na paglalarawan habang ipinapakita nito ang paggalang sa orihinal na kultura upang mas nauunawaan ito ng mas malawak na mambabasa.
5. Ang detalye at paglalarawan sa kultural na kahulugan ng salita ay nakatulong upang maunawaan lalo na ng mga tagalabas kung ano ang ibig sabihin ng isang partikular na konsepto. Ang nabuong diksiyonaryong ay makakatulong hindi lang sa paaralan kundi maging ng komunidad.
6. Ang nabuong diksiyonaryong Mansaka-Filipino ay hindi magiging ganap kung wala ang suporta ng mga lider sa komunidad, kadalubhasaan ng mga *cultural master*, propesyonal at *informant*, at higit sa lahat ang kooperasyon ng mga kalahok at ng buong komunidad.

Rekomendasyon

Gaya ng ibang mga pananaliksik, may mga limitasyon ang kasalukuyang pag-aaral na maaaring mapunan sa mga nagbabalak na gumawa ng magkaparehong pananaliksik sa hinaharap. Kaugnay nito, narito ang ilan sa mga rekomendasyon ng mananaliksik:

1. Sa pangangalap ng mga korpus sa pagbuo ng kontekstuwalisadong diskinyaryo, maaaring gawing gabay ng ibang mananaliksik ang prosesong 5K (Komunidad, Koleksiyon, Kategorisasyon, Kontekstuwalisasyon, at Konsultasyon) na komprehensibong ipinaliwanag sa pag-aaral na ito.
2. Maaaring dagdagan ang paunang bilang ng mga korpus sa nabuong diksiyaryong Mansaka-Filipino. Maganda ring magkaroon pa ng ibang pananaliksik sa ibang bahagi ng Davao upang maipakita ang baryasyon nito.
3. Sa pagkakategorya ng mga nakalap na korpus, maaaring komunsulta sa komunidad upang tukuyin kung aling mga aspekto ng kultura ang itinuturing nilang mahalaga at dapat kilalanin sa leksikon upang magkaroon ng makabuluhang dokumentasyon ng wika.
4. Sa pagtutumbas ng mga katutubong salita patungong Filipino, mahalagang ito ay nakabatay sa kahulugan, gamit, at kahalagahan ng salita sa kulturang pinanggalingan, hindi lamang sa anyo o tunog.

5. Sa pagsasagawa ng balidasyon, maaaring ipakita hindi lamang ang salita at kultural na kahulugan nito kundi pati ang halimbawang pangungusap upang mas madaling maunawaan at masuri ang gamit.
6. Magbigay ng kopya ng diksiyonaryo sa mga paaralan lalong-lalo na sa lugar na pinagkunan ng datos. Maganda ring isaalang-alang ang paggawa ng *digital* o *online* na bersiyon ng diksiyonaryong Mansaka-Filipino para sa mas malawak na akses.
7. Maaaring palakasin ang ugnayan ng komunidad at paaralan sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng mga natatanging kultura ng isang etnikong pangkat. Mabisang kasangkapan ang mga guro sa dokumentasyon ng tradisyon, paniniwala, kultura at wika, sa ganitong paraan hindi basta-bastang mawawala ang identidad ng isang etnikong pangkat.

Sanggunian

- Abad, P. J. B., Tan, M. L., Baluyot, M. M. P., Villa, A. Q., Talapian, G. L., Reyes, Ma. E., Suarez, R. C., Sur, A. L. D., Aldemita, V. D. R., Padilla, C. D., & Laurino, M. Y. (2014). Cultural beliefs on disease causation in the Philippines: Challenge and implications in genetic counseling. *Journal of Community Genetics*, 5(4), 399–407. <https://doi.org/10.1007/s12687-014-0193-1>
- Abinales, P. N., & Amoroso, D. J. (2017). *State and society in the Philippines* (Second edition). Rowman & Littlefield.
- Agrimag. (2019, July 13). Gabi: An indigenous vegetable of the Philippines. *Agriculture Magazine*. <https://bit.ly/4kXQDgB>
- Aguilar, F. (2010). *Philippine festivals and their role in community life*. Ateneo de Manila University Press.
- Agustine, R., Muzayyanah, M. A. U., Putra, A. R. S., & Baliarti, E. (2023). Utilization of farmer priority on local beef cattle development strategy in Central Java, Indonesia. *Biodiversitas Journal of Biological Diversity*, 24(1). <https://doi.org/10.13057/biodiv/d240159>
- Alabi, R. (2021, November 11). *NCCA documents Pala'wan tribal dance* [Arts & Culture]. <https://short-link.me/18Dt9>
- Alcantara, R. G. (1997). *Diksiyonaryong Hiligaynon-Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino.

- Allen, M. (2000). Rank and leadership in Nduindui, Northern New Hebrides. *Sydney Studies in Society and Culture*, 19, 1–27. <https://short-link.me/14kyk>
- Amano, T., Sandel, B., Eager, H., Bulteau, E., Svenning, J.-C., Dalsgaard, B., Rahbek, C., Davies, R. G., & Sutherland, W. J. (2014). Global distribution and drivers of language extinction risk. *Proceedings of the Royal Society B: Biological Sciences*, 281(1793), 20141574. <https://doi.org/10.1098/rspb.2014.1574>
- Amat, A. (2021). Sikolohiya ng katutubong panggagamot ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, 9(1), 17–25. <http://bit.ly/4olOD55>
- Anderson, B. R. O. (2006). *Imagined communities: Reflections on the origin and spread of nationalism*. Verso.
- Angelone, L. (2024). Co-leading class with students: Shared responsibility and understanding. *eLearn*, 2024(2), 5–6. <https://doi.org/10.1145/3646555.3641550>
- Balilla, V. S., Anwar McHenry, J., McHenry, M. P., Parkinson, R. M., & Banal, D. T. (2013). Indigenous Aeta Magbukún self-Identity, sociopolitical structures, and self-determination at the local level in the Philippines. *Journal of Anthropology*, 2013, 1–6. <https://doi.org/10.1155/2013/391878>
- Bangalan, N. (1994). *Ibanag-Filipino lexicon*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- Basedau, M., Gobien, S., & Prediger, S. (2017). The ambivalent role of religion for sustainable development: A review of the empirical evidence. *German Institute of Global and Area Studies (GIGA)*, 297, 8–10. <https://short-link.me/18DtD>
- Béjoint, H. (2010). *The lexicography of English*. Oxford University Press.

- Benazir, B., Bashir, S., Zarar, R., Ahmed, M., & Farooq, K. (2021). A sociological analysis of the attitude of working females towards Joint Family System: A case study of Quetta City. *Indian Journal of Economics and Business*, 20(2), 1779–1791.
- Bergenholtz, H., Nielsen, S., & Tarp, S. (2009). *Lexicography at a crossroads: Dictionaries and encyclopedias today, lexicographical tools tomorrow*. P. Lang.
- Bogdan, R., & Bilden, S. (1992). *Qualitative research for education: An introduction to theory and methods* (2nd ed). Allyn and Bacon.
- Bowman, R. (2014). Educators as serving leaders in the classroom and on campus. *Education Resources Information Center*, 10. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1028305>
- Cadias, A. (2017). Indigenization of English in five short stories of Manuel Arguilla. *SSRN Electronic Journal*, 269. <https://doi.org/10.2139/ssrn.3073458>
- Canilao, I. P. (1998). *Pampango-Filipino lexicon*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- Cariaso, B. (2012, May 9). Albulario, espiritista, magtatawas, atbp. *Bandera*. <https://short-link.me/18DtZ>
- Carlos, B. (2018, December 23). Ano ang kultura?kahulugan | elemento | kahalagahan [Education]. *Pinoy Newbie*. <https://short-link.me/18Du2>
- Casanova, A. (1998). *Pagbuo ng monolinggwal na diksyunaryong Filipino sa drama at teatro*. Philippine Normal University.
- Cebuano Dictionary. (2010). In *Meaning of bagaybay*. Pinoy Dictionary. <https://cebuano.pinoydictionary.com/word/bagaybay/>
- Chavez, J. (2013, August 5). *Mangyan women, the struggle for gender equality*. <https://jmachavez.wordpress.com/>

- Cheng, Y. C. (2001). *New vision of school-based management: Globalization, localization, and individualization*. Hongkong [Online post]. Hongkong: Asia-Pacific Centre for Education Leadership and School Quality. <https://short-link.me/18DAI>
- Constantino, P. C. (2005). *Filipino at pagpaplanong pangwika: Ikalawang sourcebook ng sangfil*. UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Cos, F. (2021). Uyagdok: Ethnography on the ritual of permission of the Manobo tribe in Pantukan, Carrascal, Surigao del Sur, Philippines. *World Journal of Social Sciences and Humanities*, 7(3), 68–82. <https://doi.org/10.12691/wjssh-7-3-1>
- Creswell, J. (2009). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches*. SAGE Publication.
- Creswell, J. (2014). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (4th Edition). Sage Publications.
- Creswell, J., & Poth, C. (2018). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (4th Edition). SAGE Publication.
- Crystal, D. (2008). *A dictionary of linguistics and phonetics* (6th ed). Blackwell Publishing.
- Czaykowska-Higgins, E. (2009). Research models, community engagement, and linguistic fieldwork: Reflections on working within Canadian indigenous communities. *University of Hawai'i Press*, 3(1), 37. <http://hdl.handle.net/10125/4423>
- Daguison, J. (2016, November 24). *Diksiyonaryong Pangasinan-Ilokano-Filipino-English* [Symposium]. Simposyum sa leksikograpiya, Quezon City.

- Danio, D. J. (2016, December 6). What is indigenous materials? [Blog]. *Makasining Org*.
<https://short-link.me/18DuD>
- De Leon, L. (2015, July 4). The Manobo tribe. *Manobo Blog*. <https://short-link.me/18DuH>
- De Vera, M. (1976). Pakikipagkuwentuhan: Paano kaya pag-aaralan ang pakikiapid? In *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit (Filipino Psychology: Theory, Method and Application)* (1st ed., pp. 187–193). Surian ng Sikolohiyang Pilipino.
- Eberhard, D., Simons, G., & Fennig, C. (2022). *What is the most spoken language?* [Education]. <https://short-link.me/18DuS>
- Epan, B. (2023, April 30). Kaamulan Festival sa Bukidnon nagpakita sa abundang tradisyon ug kultura sa tribo. *Philippine Information Agency*. <https://short-link.me/18DuW>
- Espinosa, I. (2023, April 27). Kalutong Pilipino ‘should help promote’ traditional dishes. *Sunstar Publishing Inc*. <https://short-link.me/18Dv0>
- Evans, S. (2023, July 19). Food as culture: Cuisine, food customs, and cultural identity. *SLO Food Bank*. <https://slofoodbank.org/en/food-as-culture/>
- Finney, B. (1994). *Voyage of rediscovery: A cultural odyssey through Polynesia*. University of California press.
- Firchow, E. (1972). The Scandinavian languages as cultural artifacts. In *Studies by Einar Haugen* (pp. 564–579). DE GRUYTER. <https://short-link.me/14kHn>
- Francisco, C. (2016, Nobyembre). *Espesyal na diksiyonaryong bilingguwal sa print at brodkas midya* [Symposium]. Simposyum sa leksikograpiya, Quezon City.

- Gaspar, K. M. (2011). *Manobo dreams in Arakan: A people's struggle to keep their homeland*. Ateneo de Manila University press.
- Gilles, M., Schryver, D., & Prinsloo, D. (2000). *Dictionary-making process with 'simultaneous feedback' from the target users to the compilers*.
- Gleason, H. A. (1961). *An introduction to descriptive linguistics* (Rev. ed). Holt, Rinehart and Winston.
- Gonzales, L. (1977). Ang pagtatanung-tanong: Dahilan at katangian. In *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit* (Filipino Psychology: Theory, Method and Application (pp. 175–186). Surian ng Sikolohiyang Pilipino.
- Gouws, R. H., & Prinsloo, D. J. (2005). *Principles and practice of South African lexicography*. Sun Press.
- Guillermo, R. (2010). *Pook at paninindigan: Kritika ng pantayong pananaw*. University of the Philippines Press.
- Hall, E. T. (1976). *Marxism and culture*. Radical History Review.
- Hall, E. T. (1989). *Beyond culture* (Anchor Books ed). Anchor Books.
- Hall, S. (1978). Marxism and Culture. *Radical History Review*, 18, 5–14.
<https://doi.org/10.1215/01636545-1978-18-5>
- Hamilton, J. (2022, December 13). *South American mythology 101: The ultimate guide*.
<https://mythbank.com/south-american-mythology/>
- Hardy, J. (2022, May 31). *9 Gods of life and creation from ancient cultures*. <https://short-link.me/18DAA>

- Harmon, David. (2010). *The index of linguistic diversity: A new quantitative measure of trends in the status of the world's languages*. 4, 97–151. <https://short-link.me/18Dve>
- Hartmann, R., & Landau, S. I. (2002). Dictionaries: The art and craft of lexicography. *The Modern Language Review*, 97(1), 255. <https://doi.org/10.2307/3735704>
- Hartmann, R. R. K. (2016). *Teaching and researching lexicography*. Routledge.
- Hartmann, R. R. K., & James, G. (2002). *Dictionary of lexicography*. Taylor and Francis.
- Henson, E. (1977). *Pakikipanuluyan: Tungo sa pag-unawa sa kahulugan ng panahon* (pp. 209–220). Surian ng Sikolohiyang Pilipino.
- Hernik, J., Walczycka, M., Sankowski, E., & Harris, B. J. (Eds.). (2022). *Cultural heritage—Possibilities for land-centered societal development* (Vol. 13). Springer International Publishing. <https://doi.org/10.1007/978-3-030-58092-6>
- Hinton, L., Huss, L., & Roche, G. (Eds.). (2018). *The Routledge handbook of language revitalization* (1st ed.). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9781315561271>
- Jackson, H. (2013). *Lexicography: An introduction* (1st ed.). Routledge. https://books.google.com.ph/books?id=6Bt9EAAQBAJ&q=lexicography&source=gbs_word_cloud_r&cad=4#v=snippet&q=lexicography&f=false
- Jocano, F. (1998). *Filipino indigenous ethnic communities: Patterns, variations, and typologies* (Vol. 2). F. Landa Jocano and Punlad Research House, Incorporated,.
- Joson, J. (2022, November 25). The use of indigenous and locally sourced materials in Philippines architecture. *ArchDaily*. <https://short-link.me/14kAS>

- Jugli, S., Chakravorty, J., & Meyer-Rochow, V. B. (2020). Tangsa and Wancho of North-East India use animals not only as food and medicine but also as additional cultural attributes. *Foods*, 9(4), 528. <https://doi.org/10.3390/foods9040528>
- Kanungo, A. K. (2022). Glass bangles in India: Antiquity, functional use and traditional production. *South Asian Studies*, 38(1), 19–39. <https://doi.org/pxdz>
- Kelly, P. (2015). A comparative analysis of Eskayan and Boholano-Visayan (Cebuano) phonotactics: Implications for the origins of Eskayan lexemes. *Journal of the Southeast Asian Linguistics Society (JSEALS)*, 8(iii–xiv). <https://short-link.me/18Dw4>
- Krauss, M. (1992). The world's languages in crisis. *Language*, 68(1), 4–10. <https://doi.org/10.1353/lan.1992.0075>
- Labro, V. (2008). “Banig” gets to be more than a mat to sleep on [Business]. *Visayas Bureau*. <https://short-link.me/14kB8>
- Landau, S. I. (2001). *Dictionaries: The art and craft of lexicography* (2. ed). Cambridge Univ. Press.
- Lee-Chua, Q. (2012). *Philippine indigenous peoples and coffee traditions*. Ateneo de Manila University Press.
- Lewis, P. M. (2009). *Ethnologue: Languages of the world*. SIL International. Online.
- Lobo, J. (2023). Protecting Philippine dance traditions via education of tomorrow's pedagogues: The role of individual interest and school engagement. *Journal of Ethnic and Cultural Studies*, 10(1), 98–124. <https://doi.org/10.29333/ejecs/1527>

- Macayra, J. (2015, July 2). *REGION XI* [Online Presentation].
https://prezi.com/0zszzde_ok0p/region-xi
- Maceda, J. (1998). *A panorama of Philippine music instruments*. University of the Philippines Press.
- Makgabo, C., & Quintero, G. J. (2024). Philippine and South African Experiences on folk literature research: Relevance, gains, and challenges. *Journal of Languages and Language Teaching*, 12(2), 985. <https://doi.org/10.33394/jollt.v12i2.10667>
- Marfil, J. (2014). Fieldwork report on the Mansaka of Davao [Education]. *Center for Philippine Studies*. <https://short-link.me/18Dwl>
- Marticio, E. (2019). Level of familiarity of Kankana-Ey students in Tayaw. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(20). <https://short-link.me/14kBp>
- Maruhom, S. (2013). Sagayan: The dance of Meranao Royalty. *JPAIR Multidisciplinary Research*, 14(1), 104–115. <https://doi.org/10.7719/jpair.v14i1.238>
- Medina, B. T.-G. (2005). *The Filipino family* (2. ed., 3. printing). Univ. of the Philippines Press.
- Miclat, M. (2002). Leksikograpiya: Domain ng lingguwistika o lingguwistika: Katulong ng leksikograpiya. *Daluyan: Journal Ng Wikang Filipino*, 11, 1–12.
- Mosel, U. (2002). *Dictionary making in endangered communities*. University of Kiel.
- Murillo, P. V., & Acala, M. (2021). Marital dilemma on the context of Filipino family: A literary analysis on the work of Diego Atienza Quisao. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(4). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.601>

- Nagpal, B., Bathina, L., & Das, S. (2019). Redesign of Indian games: A case study of traditional Indian games Gilli Danda (tip cat) and Gatte ka Khel (game of five stones). In A. Chakrabarti (Ed.), *Research into Design for a Connected World* (Vol. 134, pp. 689–701). Springer Singapore. <https://short-link.me/18DDG>
- Narvekar, H. N. (2023). A reflection on the current status of animal-assisted therapy in India. *Human Arenas*, 6(4), 760–775. <https://doi.org/pxd4>
- Nery, L. (1979). Pakikisama as a method: A study of a subculture. *Philippine Journal of Psychology*, 12(1), 27–32.
- Newmark, P. (2008). *A textbook of translation* (Twelfth impression). Longman.
- Nyumba, O., Wilson, T., Derrick, C., & Mukherjee, N. (2018). The use of focus group discussion methodology: Insights from two decades of application in conservation. *British Ecological Society*, 9(1), 20–32.
- Obasi, S. N. (2016). Naming patterns in rural South-Central Nebraska. *Names: A Journal of Onomastics*, 64(3), 158–165. <https://doi.org/10.1080/00277738.2016.1197644>
- Olivera, P. A. (Ed.). (2010). *Specialised dictionaries for learners*. De Gruyter.
- Olivera, P. A. F., & Tarp, S. (2011). *Lexicography for the third millennium: Cognitive-oriented specialised dictionaries for learners*. Ibérica. <https://short-link.me/18Dwx>
- Otero, M., Adorio, M., Alonzo, M., Chi, C., Diaz De Rivera, L., de Guzman, L., de Vera, L., Ganaden, M., Garcia, F., Ignacio, T., Lara, A., Marcelo, E., Otinero, A., Pado, F., Sanchez, Soria, R., & Vivencio, E. (2002). Glosari sa edukasyon. In *Glosari sa edukasyon*. Surian ng Wikang Pambansa.

- Pangestu, H. & Kuswarsantyo. (2020). Functions of Lang Nginang ritual dance in Mengayau traditional rite in Belitang. *Proceedings of the 3rd International Conference on Arts and Arts Education (ICAAE 2019)*. 3rd International Conference on Arts and Arts Education (ICAAE 2019), Yogyakarta, Indonesia.
<https://doi.org/10.2991/assehr.k.200703.011>
- Pawlak, K., & Kołodziejczak, M. (2020). The role of agriculture in ensuring food security in developing countries: Considerations in the context of the problem of sustainable food production. *Sustainability*, 12(13), 5488. <https://doi.org/fn3w>
- Paz, C. (2005). *Gabay sa fild wurk*. The University of the Philippines Press.
- Peanut. (2019, December 5). *Lingling-o: An Igorot jewelry*. <https://www.igorotage.com/p/yegnv7lgm>
- Pearson, J. (2006). The monkey king in the American Canon: Patricia Chao and Gerald Vizenor's use of an iconic Chinese character. *Penn State University Press*, 43(3), 355–374.
- Pecson, R. (2014, June). Localization and contextualization in teaching K-12 Social Studies. *Teaching for a Living*. <https://short-link.me/18DwJ>
- Perez, D. (2014). Governance and leadership of the Palaw'an Tribe of Palawan, Philippines. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 1(5), 136–143.
<https://short-link.me/18Dxu>
- Perez, D. (2021). Indigenous games of Palawan tribes: Enhancing cultural diversity. *European Journal of Humanities and Educational Advancements*, 2(5), 94–102.
<https://doi.org/10.17605/OSF.IO/5U8PM>

- PhilAtlas. (2020). Davao de Oro 2020 Census of Population. *Davao de Oro*.
<https://www.philatlas.com/mindanao/r11/davao-de-oro.html>
- Philippine Council for Health Research and Development. (2017). National Ethical Guidelines for Health-Related Research (NEGHRR). *Philippine Health Research Ethics Board*. <https://short-link.me/18DxB>
- Ptaszynski, M. O., & Leroyer, P. (2011). Pedro Fuertes-Olivera (ed.). Specialised Dictionaries for Learners. Lexicographica Series Maior 136. *International Journal of Lexicography*, 24(3), 342–353. <https://doi.org/10.1093/ijl/ecq030>
- Rahman, M., Raja, K., Rashid, M., & Kumar, J. (2020). Listing of Indian folk games for potential therapeutic benefits in children with neurodevelopmental disability. *Games for Health Journal*, 9(6), 453–460. <https://doi.org/10.1089/g4h.2019.0191>
- Rasyimah, R., & Yunanda, F. (2021). Male and female family social addresses in the Minangkabau tribes of Sumatera Barat, Indonesia. *English Teaching and Linguistics Journal*, 3(1), 50–56. <https://doi.org/10.30596/etlij.v3i1.9328>
- Rebuya, N. R., Lasarte, E. S., & Amador, M. M. A. (2020). Medical pluralism, traditional healing practices, and the Partido Albularyo: Challenge in inclusion. *Open Journal of Social Sciences*, 08(06), 72–79. <https://doi.org/10.4236/jss.2020.86007>
- Resnik, D. (2020, December 23). What is ethic in research & why is it important [Health and Environment]. *National Institute of Environmental Health Sciences*.
<https://short-link.me/18DxL>

- Reyes, A. (2017). *Language, identity, and stereotype among Southeast Asian American youth: The other Asian* (First edition). Taylor and Francis.
<https://doi.org/10.4324/9781315092027>
- Rocamora, M. (2019). Traditional games of the Philippines: A means of cultural preservation. *Philippine Journal of Cultural Studies*, 20(2), 25–37.
- Rosales, C. A. (2021). Pigs and ritual-hunting among the highland Tau-Buhid in mounts Iglit-Baco natural park, Philippines. *Anthropozoologica*, 56(9).
<https://doi.org/pxd5>
- Salazar, Z. A. (1999). Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas. *Palimbagan ng Lahi*, 4(1), 30–33. <https://short-link.me/18DxX>
- San Juan, D. M. M. (2012). *Glosaryo ng mga termino sa panitikan*. Philippine Normal University.
- Sanskrit dictionary. (2023). In *Sampad*. <https://www.sanskritdictionary.com/?q=sampad>
- Santiago, C. (1977). Pakapa-kapa: Paglilinaw ng isang konsepto sa nayon (Pakapa-kapa: Clarifying a concept in a rural setting). In *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit* (Filipino Psychology: Theory, Method and Application (pp. 161–170). Surian ng Sikolohiyang Pilipino.
- Santiago, I. (2015). The participation of women in the Mindanao peace process. *United Nations Entity for Gender Equality and the Empowerment of Women*, 1–18.
<https://short-link.me/18Dy3>
- Santos, B. (2011). Traditional maritime practices of indigenous peoples in the Philippines. *Ateneo de Manila University Press*.

- Santos, I. (1999). *Philippine mythology and cosmology*. University of the Philippines Press.
- Satpathy, C. (2017). Jewelry: A medium of symbolic communication. *SSRN Electronic Journal*. <https://doi.org/10.2139/ssrn.2909408>
- Sebola, B. R. (2021). Interaction of culture and grief amongst women who terminated a pregnancy in adolescence: A narrative approach. *Curationis*, 44(1). <https://doi.org/10.4102/curationis.v44i1.2247>
- Shaider. (2024, July 18). *T'nalak festival ng South Cotabato*. <https://short-link.me/18Dyg>
- Solis, J. (2022). Ang konsepto sa kalluman ng Badjao: Pagsilang hanggang pagkamatay. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(14). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b018>
- Stacey, A. (2018, April 3). *Mga kaugalian sa libing*. <https://short-link.me/14kDn>
- Sterkenburg, P. van. (2003). *A practical guide to lexicography*. John Benjamins Publishing Company. <https://doi.org/10.1075/tlrp.6>
- Sun, H. (2018). *Transforming Monkey: Adaptation and representation of a Chinese epic*. University of Washington Press.
- Svensén, B. (2009). *A handbook of lexicography: The theory and practice of dictionary-making*. Cambridge university press.
- Svensén, B., & Svensén, B. (1993). *Practical lexicography: Principles and methods of dictionary-making*. Oxford Univ. Press.

- Tabor, J. (2018, September 2). Makulay na Tipun-Tipun Festival ng Basilan. *Balita Online*. <https://balita.mb.com.ph/2018/09/03/makulay-na-tipun-tipunan-festival-ng-basilan/>
- Tarp, S. (2009). Reflections on lexicographical user research. *Lexikos*, 19(1).
<https://doi.org/10.4314/lex.v19i1.49131>
- Tian, C. (2018). Translation of kinship terms from Chinese into English from the perspective of relevance theory. *Arts & Humanities Open Access Journal*, 2(2).
<https://doi.org/10.15406/ahoaj.2018.02.00042>
- Travel and Lifestyle Blog. (2022, September 13). *Mansaka tribe of the Philippines: History, culture and arts, customs and traditions [Davao indigenous people | ethnic group]*. <https://short-link.me/14kDK>
- Tupas, R. (2015). Inequalities of multilingualism: Challenges to mother tongue-based multilingual education. *Language and Education*, 29(2), 112–124.
<https://doi.org/10.1080/09500782.2014.977295>
- UNESCO. (2001, 2005). Masterpieces of the oral and intangible heritage of humanity. *Intangible Cultural Heritage*. <https://short-link.me/14kEw>
- Urban dictionary. (2010). In *Totem*. <https://www.urbandictionary.com/define.php?term=Totem>
- Vagias, V. (2006). Likert-type scale response anchors. *Clemson International Institute for Tourism & Research Development, Department of Parks, Recreation and Tourism Management*. <https://short-link.me/18DzM>

- Vecaldo, R. T., Clemente, R. C., & Tamangen, A. Y. (2015). Effectiveness of Bodong as an alternative dispute resolution: A glimpse of Kalingas' peace framework. *Sociology and Anthropology*, 3(3), 145–152. <https://doi.org/10.13189/sa.2015.030301>
- Vergara, M. (2014). *Pagbuo ng glosaryong Filipino sa mga Agham Panrehabilitasyon*. Philippine Normal University.
- Von Rueden, C., Gurven, M., Kaplan, H., & Stieglitz, J. (2014). Leadership in an Egalitarian society. *Human Nature*, 25(4), 538–566. <https://doi.org/10.1007/s12110-014-9213-4>
- Wahed, W., Saad, N., & Yusoff, S. (2022). *Academics' perspectives of the visual complexity and community acceptance of Pua Kumbu textile*. 12(5).
- Warbrick, I., Makiha, R., Heke, D., Hikuroa, D., Awatere, S., & Smith, V. (2023). Te Maramataka—An indigenous system of attuning with the environment, and its role in modern health and Well-being. *International Journal of Environmental Research and Public Health*, 20(3), 2739. <https://doi.org/10.3390/ijerph20032739>
- Wierzbicka, A. (1997). *Understanding cultures through their key words: English, Russian, Polish, German, and Japanese*. Oxford University Press New York, NY. <https://doi.org/10.1093/oso/9780195088359.001.0001>
- Wilson, A. (2002). *Tribal rituals and dances: Their cultural significance*. Cultural Anthropology Press.
- Zabala, P. S. (2021). The manifestation of sociocultural factors among the local universities and colleges' administrators. *International Review of Social Sciences Research*, 1(1), 1–17. <https://doi.org/10.53378/346496>

- Zafra, R. (2023). Ang tradisyonal na pamamaraan ng panggagamot sa Pagbilao, Quezon at ang kontekstuwalisasyon nito sa sikolohiyang Pilipino. *Dalumat E-Journal*, 7(2021), 73–99.
- Zgusta, L., Cerny, V., & Cerny, V. (2010). *Manual of lexicography*. De Gruyter.
<https://doi.org/10.1515/9783111349183>

Apendiks

Apendiks A_{go}

Mga Liham-Paghingi ng Pahintulot

A.1 Aprobong Liham mula sa Maco Municipal Indigenous Political Structures



Pamantasang Normal ng Pilipinas
 Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro
 Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at Edukasyong Pananaliksik
 Pamantasang Normal ng Pilipinas
 Taft Avenue, Manila



Agosto 10, 2020

Mtkdg. Rolando Casigloman
 Pinuno, IPS
 Maco, Davao de Oro

Mtkdg. Casigloman:

Madyaw na masorom!

Ako po ay si **Gng. Ellen Ladaga-Generalao**, isang guro sa Tagum National Trade School, Apokon, Siyudad ng Tagum at kasalukuyang nag-aaral ng kursong doktorado na may espesyalisasyon sa Filipino (Ph. D. – Filipino) sa gradwadong paaralan ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Siyudad ng Maynila (PNU-Manila). Sa ngayon po ang inyong lingkod ay nasa proseso ng pagsasagawa ng kanyang disertasyon na may pamagat na, **"Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksyonaryo"**. Ang pangunahing layunin po ng pag-aaral na ito ay makapaglista ng mga salitang Mansaka upang makabuo ng diksyonaryong magagamit ng komunidad. Kaugnay po nito, nais ko po sanang humingi ng permiso na makapag-observa at makapagsagawa ng panayam sa inyong komunidad.

Ang positibo po ninyong pagtugon ay malaking bagay po sa ikatatamo ng nasabing pag-aaral.

Maraming salamat po at pagpalain nawa tayo ng Dakilang Manlilikha.

Lubos na nagpapasalamat,


Ellen Ladaga-Generalao
 Mananaliksik

Pinagtibay:


Mtkdg. Rolando Casigloman
 Pinuno, IPS ng Munisipyo

Apendiks A.2: Aprobadong Liham mula sa Pinuno ng *Sumpaw ng Inangsabung Inc.*

(SIMI)



Pamantasan Normal ng Pilipinas
Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro
 Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at Edukasyong Pananaliksik
 Pamantasan Normal ng Pilipinas
 Taft Avenue, Manila



Nobyembre 21, 2022

Mtkdg. Aurelio G. Mataas
 Pinuno, Sumpaw ng Inangsabung Mansaka Inc. (SIMI)
 Masara, Maco, Davao de Oro

Mtkdg. Mataas:

Madyaw na masorom!

Ako po ay si **Gng. Ellen Ladaga-Generalao**, isang guro sa Tagum National Trade School, Apokon, Siyudad ng Tagum at kasalukuyang nag-aaral ng kursong doktorado na may espesyalisasyon sa Filipino (Ph. D. – Filipino) sa gradwadong paaralan ng Pamantasan Normal ng Pilipinas, Siyudad ng Maynila (PNU-Manila). Sa ngayon po ang inyong lingkod ay nasa proseso ng pagsasagawa ng kanyang disertasyon na may pamagat na, **"Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksiyonaryo"**. Ang pangunahing layunin po ng pag-aaral na ito ay makapaglista ng mga salitang Mansaka upang makabuo ng diksiyonaryong magagamit ng komunidad. Kaugnay po nito, nais ko po sanang humingi ng permiso na makapag-observa at makapagsagawa ng panayam sa inyong komunidad.


Ang positibo po ninyong pagtugon ay malaking bagay po sa ikatatamo ng nasabing pag-aaral.

Maraming salamat po at pagpalain nawa tayo ng Dakilang Manlilikha.

Lubos na nagpapasalamat,


Ellen Ladaga-Generalao
 Mananaliksik

Pinagtibay:


Mtkdg. Aurelio G. Mataas

Pinuno, Sumpaw ng Inangsabung Mansaka Inc. (SIMI)

Apendiks A.3: Aprobadong Liham mula sa *Mainit Indigenous Political Structures*



Pamantasang Normal ng Pilipinas
Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro
 Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at Edukasyong Pananaliksik
 Pamantasang Normal ng Pilipinas
 Taft Avenue, Manila



Oktubre 18, 2019

Gibubayan Lydia C. Donato
 Pinuno, IPS
 Mainit, Maco, Davao de Oro

Gibubayan Lydia:

Madyaw na masorom!

Ako po ay si **Gng. Ellen Ladaga-Generalao**, isang guro sa Tagum National Trade School, Apokon, Siyudad ng Tagum at kasalukuyang nag-aaral ng kursong doktorado na may espesyalisasyon sa Filipino (Ph. D. – Filipino) sa gradwadong paaralan ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Siyudad ng Maynila (PNU-Manila). Sa ngayon po ang inyong lingkod ay nasa proseso ng pagsasagawa ng kanyang disertasyon na may pamagat na, **"Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksyonaryo"**. Ang pangunahing layunin po ng pag-aaral na ito ay makapaglista ng mga salitang Mansaka upang makabuo ng diksyonaryong magagamit ng komunidad. Kaugnay po nito, nais ko po sanang humingi ng permiso na makapag-oberba at makapagsagawa ng panayam sa inyong komunidad.


Ang positibo po ninyong pagtugon ay malaking bagay po sa ikatatamo ng nasabing pag-aaral.

Maraming salamat po at pagpalain nawa tayo ng Dakilang Manlilikha.

Lubos na nagpapasalamat,


Ellen Ladaga-Generalao
 Mananaliksik

Pinagtibay:


Gibubayan Lydia C. Donato
 Pinuno, IPS Mainit

Apendiks A.4: Aprobadong Liham mula sa *Teresa Indigenous Political Structures*



Pamantasang Normal ng Pilipinas
 Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro
 Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at Edukasyong Pananaliksik
 Pamantasang Normal ng Pilipinas
 Taft Avenue, Manila



Nobyembre 21, 2022

Gibubayan Lydia M. Dansigan
 Pinuno, IPS
 Teresa, Maco, Davao de Oro

Gibubayan Dansigan:

Madyaw na masorom!

Ako po ay si **Gng. Ellen Ladaga-Generalao**, isang guro sa Tagum National Trade School, Apokon, Siyudad ng Tagum at kasalukuyang nag-aaral ng kursong doktorado na may espesyalisasyon sa Filipino (Ph. D. – Filipino) sa gradwadong paaralan ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Siyudad ng Maynila (PNU-Manila). Sa ngayon po ang inyong lingkod ay nasa proseso ng pagsasagawa ng kanyang disertasyon na may pamagat na, **"Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksiyonaryo"**. Ang pangunahing layunin po ng pag-aaral na ito ay makapaglista ng mga salitang Mansaka upang makabuo ng diksiyonaryong magagamit ng komunidad. Kaugnay po nito, nais ko po sanang humingi ng permiso na makapag-observa at makapagsagawa ng panayam sa inyong komunidad.

Ang positibo po ninyong pagtugon ay malaking bagay po sa ikatatamo ng nasabing pag-aaral.

Maraming salamat po at pagpalain nawa tayo ng Dakilang Manlilikha.

Lubos na nagpapasalamat,


Ellen Ladaga-Generalao
 Mananaliksik

Pinagtibay:


Gibubayan Lydia M. Dansigan
 Pinuno, IPS

11/25/22

Apendiks A.5: Aprobadong Liham mula sa Punong Barangay ng Mainit



Pamantasang Normal ng Pilipinas
Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro
 Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at Edukasyong Pananaliksik
 Pamantasang Normal ng Pilipinas
 Taft Avenue, Manila



Oktubre 18, 2019

Kagalang-galang Michelle B. Lim
 Punong Barangay
 Mainit, Maco, Davao de Oro

Kgg. Lim:

Madyaw na masorom!

Ako po ay si **Gng. Ellen Ladaga-Generalao**, isang guro sa Tagum National Trade School, Apokon, Siyudad ng Tagum at kasalukuyang nag-aaral ng kursong doktorado na may espesyalisasyon sa Filipino (Ph. D. – Filipino) sa gradwadong paaralan ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Siyudad ng Maynila (PNU-Manila). Sa ngayon po ang inyong lingkod ay nasa proseso ng pagsasagawa ng kanyang disertasyon na may pamagat na, **“Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksyonaryo”**. Ang pangunahing layunin po ng pag-aaral na ito ay makapaglista ng mga salitang Mansaka upang makabuo ng diksyonaryong magagamit ng komunidad. Kaugnay po nito, nais ko po sanang humingi ng permiso na makapag-oberba at makapagsagawa ng panayam sa inyong komunidad.


Ang positibo po ninyong pagtugon ay malaking bagay po sa ikatatamo ng nasabing pag-aaral.

Maraming salamat po at pagpalain nawa tayo ng Dakilang Manlilikha.

Lubos na nagpapasalamat,


Ellen Ladaga-Generalao
 Mananaliksik

Pinagtipay:


Kgg. Michelle B. Lim
 Punong Barangay, Mainit

Appendiks B

Informed Consent Form

Mansaka

Pyagasugudan

Madyaw na al'law! Yani kadi si Gng. Ellen Ladaga-Generalao, magindurway sang ustilaan ng Tagum National Trade School kasamtangan uman na yaga ustila sang kurso na dyoktorado na aon pyukusan sang Filipino (Ph. D. – Filipino) sang aduon kamayo la uman alagad aw kamayo na yangaragad na yaaga inang ng kanidi disertasyon na yuruwan ng, “**Moderong sang Tiribuwanong Diksiyonaryo**”. Gindawanan sini, tyatawag nami kammo antak na amaimo ng isa sang mga amatawag na partisipanti sang yama laong na panginap. Uman yang kamayo partisipasyon sini na pagpanginap kay bulontaryo gaid aw bukon ng pyugos. Kintahay sang tungga ng baraw yamabago ng ungod mayo pwede da pud kamo na amatras kayan dire da kita magapadayon sini na research. Yaan aw ikaw wara yauyon sini rerespitoon nami agad yang kani kinasang kasing na pagsabot. Uman aw yamaburong-burong kaw sang papel pede kaw pud dumurod sang yaga panginap o tyawag na manginapay. Antak na akasabutan da pud uman kariko. Diri mo kinahanglan na magasurit dadari atagadan yani nga maga-usip.

Yani na pag-ustilaan o pagpanginap agamiton yani na maga silbing giya uman sini arekordun yang kanmo ibak gamit yang audio-recorder ng maga usip. Yama panli kaw na partisipanti sang pagpanginap basi sang mga munod na basiyan: (1) orig sang banwa na isa aw kawaruan 18; (2) yamaiso aw yuturin sang mismong banwa; (3) Matigam aw hanas laban sang pagsurit sang pyagsuritan; uman (4) madaig yang kyatigaman sang material aw bukon uman ng mga material na kultura sang gurupo.

Dakura laban yang tabang sang kamayo buluntaryo na pagtugot para nini na pagsurat. Pero aw kyaungudan mayo na bukon kamo madyaw sini na pagbaraw irespitun la giyapun nami yang kamayo disisyon ug atagan pa kamo nami ng oras na antak amatanaw mayo yang kamayo surit kayan kamo tugutan na mabaribad sadtong wara mo kagustuwi o kauyuni.

Tumong sini nap ag-ustila

Yani na iyustiraan yakapukos kariko sang tiribuwanong pagkatipud ng surit sang diksiyonaryo ng Tribo ng Mansaka. Dyumdum arag nini na pagpanginap yang amatinood sang mga amalaong: (1) amasunod-sunod yang mga prosiso sang pagkatipo kontekstaradong diksiyonaryo ng Mansaka; (2) Amainang yang balidasyon sang disksonaryong Mansaka; (3) Akasabutan yang panuritan ng Tribong Mansaka; uman (4) makainang ng moderong pagkatiriniibo sang kainangan sang diksiyonaryo.

Partisipanti sang paginap

Kariko ng partisipanti magsikun sang Tribo ng Mansaka na yakauya sang banwa ng Mainit, Maco, Davao De Oro. Tariwa pa nini syasaalang-alang arag yang musunod na ama laong: (1) nitibo nay aga edad ng 18 pataas; (2) yamaiso aw yuturin sang mismong banwa; (3) matigam arag laban sang pagsurit ng sinuritan ng Mansaka; uman (4) madaig yang kyatigaman sang kariko kultura ng tribo ng Mansaka.

Yani gyamitan ng direktang pagpanli sang amapil, tyunli ng yagapanginap yang banw ng Mainit, Maco na madaig yang yaka uya na mga Mansaka. Pagkatpos nini, K=kyakatigaman na yang kariko aw halos sang mga yaga edad ng 18 kay mga matigam da magasurit ng minansaka sang yamasambit na banwa.

Mga katungud sang pagdumiri aw pagpugong sang impormasyon

Sang panaon na dida kaw marem na amapil pa sang lyaong na pagpanginap o dida mo g'yud gusto na amaparti kaw sini gawasnon da kaw na maatras uman rerespitoon nami yang disisyon mo.

Pamaage

Sang baya pa yang pag-usip amaimo yang maga-usip yanabi da pataan na magrecord sang mga ibak ng mga partisepanti ng yamalaong na pagpanginap sang pagdumundun na amadukumento yani, gidawanan pa pud sini kikinahanglan arag yani para sang mabugat aw matutong na sa pagpalugwa sini na mga pyagbarawan. Yni na pyagbarawan magadugay gaid yani ng 30 hantud da sang 90 na minu. Dyungan da disini yang mga pyangagamit na mga materyalis para sang inangun nga pagbaraw na arag dapat aktwal na aatag ng maga usip disadtong mga partisipanti.

Karisud, Kadyawan aw Kasiguruan

Yaatan ng tuman na ksiguraduwan yang kariko na yamapil sini na baraw nay ani kay anatak gaid sang pagtipud ng mga surit ng minasaka na tyumong antak magamit aw akabutang sang paginang ng diksiyonaryo na yubad sang Mansaka-Pilipino nay ani kay arag amagamit nilang sang mismong komunidad. Laban pa, kariko ng mga katigaman na amakamang kanilan magapabilin g'yud yani na pribado ug aampingan yani ng yagpanginap nini. Waray yakatagad na mga mangkapraat nini.

Mga katungud sang pagpugong aw pag-dumiri sang impormasyon

Sang panaon na dadari magabago yang ungod ng yampil ug deri la silan magapadayun sang pag-ibak sini na pagusip yaan uman aw dida g'yud nila gusto yani. Aon katungud nilan na magadumiri sini kay yaga ungod-ungud pa silan samtang iinang yang pag-usip.

Katungud ng Partisipanti

Laban kilaraa ng yag-usip yang kanilan mga katungud nini na paginap, kariko pa arag sini apabarik pabasa kamayo yang mga gyamit sang pag-usip anatak na akauryunan mayo aw akabalibadan sang di pa akapinal yang yamakamang na ibak.

Impormasyon maitungud sang yagpanginap

Antak sang kamayo dugpo ng katigaman sang yaga usip aw sang mga butang na kyakaburungan pwedi ra kamo matawag kanan, yaan si Ellen L. Generalao sang numiro na 0915-575-4021. Yaang pagbaraw aw mga pag-usi asugudan aw andam la kaw.

Informed Consent Form – Filipino

Introduksiyon

Magandang araw! Ako po ay si Gng. Ellen Ladaga-Generalao, isang guro ng Tagum National Trade School, Apokon, Siyudad ng Tagum at kasalukuyang nag-aaral ng kursong doktorado na may espesyalisasyon sa Filipino (Ph. D. – Filipino) sa paaralang gradwado ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Siyudad ng Maynila (PNU-Manila). Sa ngayon po ang inyong lingkod ay nasa proseso ng pagsasagawa ng kanyang disertasyon na may pamagat na, “**Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryo ng Mansaka-Filipino**”. Kaugnay po nito, nais po namin kayo ay maimbitahan na maging isa sa mga kalahok sa nasabing pag-aaral. Ang inyong partisipasyon sa pag-aaral na ito ay boluntaryo at hindi sapilitan. Kung sakaling sa kalagitnaan ng panayam ay nagbago ang inyong isip ay maaari po kayong umatras. Kung ikaw ay hindi sasang-ayon buong-pusong igagalang po ito ng mananaliksik. Kung may pang-aagam ka sa nilalaman ng papel na ito, maaari mo itong isangguni sa mananaliksik upang mabigyang-linaw. Hindi mo kailangang magdesisyon kaagad malugod itong hihintayin ng mananaliksik.

Ang pananaliksik na ito ay gagamitan ng gabay na panayam kung saan irerekord ang inyong tugon gamit ang *audio-recorder* ng mananaliksik. Kayo po ang napiling kabahagi ng pananaliksik dahil sa sumusunod na pamantayan: (1) mamamayang nasa edad 18 at pataas; (2) ipinanganak at lumaki sa mismong komunidad; (3) marunong at bihasa sa pagsasalita ng kanilang wika; at (4) mayaman ang kaalaman tungkol sa mga materyal at di-materyal na kultura ng kanilang pangkat.

Malaki pong ambag ang inyong boluntaryong partisipasyon para sa pag-aaral na ito ngunit kung pakiramdam po ninyo na hindi ninyo kaya ang nasabing gawain irerespeto po ng mananaliksik ang inyong desisyon at maaari po kayong tumanggi. Bibigyan po kayo ng pagkakataong masuri ang naihandang gabay na panayam at maaari mong isantabi ang bahaging hindi mo nagustuhan o naunawaan.

Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagdebelop ng Prosesong pagsasakatutubo sa pagbuo ng diksiyonaryo sa tribong Mansaka. Hangarin din ng mananaliksik na maisakatuparan ang sumusunod na tiyak na layunin: (1) maisa-isa ang mga hakbang o paraan sa pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryong Mansaka; (2) maisagawa ang balidasyon ng binuong diksiyonaryong Mansaka; (3) maunawaan ang korpus pangwika ng mga katutubong Mansaka; at (4) makabuo ng Prosesong pagsasakatutubo sa paggawa ng isang diksiyonaryo.

Kalahok sa Pananaliksik

Ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay miyembro tribong Mansaka ng Mainit, Maco, Davao de Oro. Maliban pa nito, isinasalang-alang din ang sumusunod na pamantayan sa pagpili ng mga kalahok: (1) mamamayang nasa edad 18 pataas; (2) ipinanganak at lumaki sa mismong komunidad; (3) marunong at bihasa sa pagsasalita ng wikang Mansaka; at (4) mayaman ang kaalaman tungkol sa mga materyal at di-materyal na kultura ng tribong Mansaka.

Gamit ang *purposive sampling* sa pagpili ng kalahok, tinukoy ng mananaliksik ang mga barangay Mainit, Maco na may maraming mamamayang Mansaka. Pagkatapos nito, inalam ang bilang ng mga Mansaka na may edad 18 pataas na magaling at may alam sa wikang Mansaka sa nasabing barangay.

Karapatan sa Pag-atras at Pagpigil sa Impormasyon

Sa panahong biglang nagbago ang iyong desiyon at ayaw mo nang maging bahagi ng pag-aaral na ito o di kaya'y ayaw mo nang ipagpatuloy kayo po ay malayang tumanggi sa inyong partisipasyon.

Pamamaraan

Bago ang panayam ay humingi ng pahintulot ang mananaliksik na mairekord ang nasabing panayam sa hangaring magkaroon ng dokumentasyon, maliban pa ryan ito ay kailangan din para sa kongkreto at eksaktong transkripsiyon sa naging sagot ng kalahok sa panahon ng panayam. Ang panayam ay magtatagal po ng 60-90 minuto. Kalakip ng *informed consent form* na ito ang mga tanong na inaasahang ibibigay ng mananaliksik sa aktuwal na panayam.

Panganib, Pakinabang at Kaligtasan

Binigyan ng katiyakan ang mga kalahok na pawang paglilikom lamang ng mga salitang Mansaka ang nilalayon ng pag-aaral na ito, na ang tanging hangarin nito ay makabuo ng diksiyonaryong Mansaka-Filipino na magagamit sa kanilang komunidad. Higit sa lahat, ang mga impormasyong makukuha mula sa kanila ay mananatiling kompidensiyal at nakasisiguro sila na pangangalagaan ito ng mananaliksik. Walang nakaharap na mga panganib habang nakikilahok sa pag-aaral.

Karapatan sa Pag-atras at Pagpigil sa Impormasyon

Sa panahong biglang nagbago ang iyong desiyon at ayaw mo nang maging bahagi ng pag-aaral na ito o di kaya'y ayaw mo nang ipagpatuloy kayo po ay malayang tumanggi sa inyong partisipasyon. May karapatan po kayong umayaw sa panahong biglang nagkaroon kayo ng pag-aalinlangan habang isinasagawa ang pananaliksik.

Karapatan Bilang Partisipante

Lubos na kinikilala at pinapangalagaan ng mananaliksik ang iyong karapatan bilang isang partisipante. Ang transkripsiyon ng panayam na ito ay ipababasa sa iyong muli para sa iyong pagsang-ayon o pagtanggì bago maisapinal ang impormasyong nakuha mula sa inyo.

Impormasyon Tungkol sa Mananaliksik

Para sa karagdagang katanungan at paglilinaw sa mga bagay na maaaring magdulot ng kalituhan o pagkabahala maaari ninyong matawagan ang mananaliksik na si ELLEN L. GENERALAO sa numero 0915-575-4021. Ang panayam ay magsisimula sa panahong ikaw ay handa na.

Apendiks C

Gabay sa Panayam

Mansaka

Pangaran ng yaga-usip:

ELLEN L. GENERALAO

Petsa:

Pangaran ng yapatipar:

Pirma:

Madyaw na al'law yani kadi si Gng. Ellen Ladaga-Generalao, maginduwang sang ustilaan ng Tagum National Trade School kasamtangan uman na yaga ustila sang kurso na dyoktorado na aon pyukusan sang Fiipino (Ph. D. – Filipino) sang aduon kamayo la uman alagad aw kamayo na yangaragad na yaaga inang ng kanidi disertasyon na yuruwan ng, "Modero sang Tiribuwanong Diksiyonaryo". Gindawanan sini, tyatawag nami kammo antak na amaimo ng isa sang mga amatawag na partisipanti sang yama laong na panginap. Uman yang kamayo partisipasyon sini na pagpanginap kay bulontaryo gaid aw bukon ng pyugos. Kintahay sang tungga ng baraw yamabago ng ungod mayo pwede da pud kamo na amatra kayan dire da kita magapadayon sini na research. Yaan aw ikaw wara yauyon sini rerespitoon nami agad yang kani kinasang kasing na pagsabot. Uman aw yamaburong-burong kaw sang papel pede kaw pud dumurod sang yaga panginap o tyawag na manginapay. Antak na akasabutan da pud uman kariko. Diri mo kinahanglan na magasurit dadari atagadan yani nga maga-usip.

Yakapukos yani nap ag-ustila sng pakaimo ng tribuwanong surit ng diksiyonaryong Mansaka. Dyumdum la arag nini na proyekto yang munod: (1) maisa la kariko ng mga prosiso para sang pagkaimokontekstuwalisadong diksiyonaryo ng tribong mansaka; (2) Amaimo yang isang kabaidasyonMansaka; (3) akasabutan yang korpus ng pyagsuriitan sini na Proseso para sang tribo.

Laumi la sa mayo na kariko na kanaton kyakabarawan magpabilin yani na pribado, uman sang kadyawan mayo ug sang madatong pa na mga mangkadyaw. Yangyua ko na pernae da lang gaid mayo yang patigam isip pagpamatood na yubulontaryo gaid kamosini. Gawasnon kamo na amatra aw di mayo gusto, gidawanan pa pud sini pwedi ra kamo magasugod aw andam la kamo.

1. Nana yang katawagan sang estiro ng mansaka sang banwa sama sang pamiya aw kaarayunan? Monono pub a yani sang kamagkaedad bag aid yani? Yamonono pagkatratuay yang kada pamilya sang entire na banwa?
2. Nana sang mansaka yang tawag sang estiro o kabutang ng pagdumara maynang pagdumara sang kumunidad? Yamonono pagpani ng mga tribo yang amaimo na leder? Sini yang aon Karapatan na magapapili? Laongan.
3. Nana pa yang katawagan sang Mansaka yang pyagkamangan ng lidong sama sang paghabi (lala) pagimo ng mga dagum o palamuti, aw kadaygan pa? yamonono pagkainang yang mga yama-usip? Ikitau pa ba giyapon yani silan sang panaon adoon? Laongan.
4. Nana pa sang mansaka yang tawag sang mga yaga dumal sang simbagan? Nana na mga pamaagi sang pagsamba o mga ritwal yang inang sang kumunidad? Nana yang mga tumong sang mga ritwal aw yumonono yani paginang? Laongan yani.
5. Nana yang mga katawagan sang minansaka yang mga musika?
6. Kano agamiton yang maynini na karasi ng tugtug? Nana pud yang gyagamit na instrumento sini? nana yang mga instrumentong pang musika na gyagamit ng tribo? Unoon

yani pagamit? Nana na mga sayaw na iyan sang tribo? Nana yang importansya nini sang komunidad? Nana yang mga tradisyonal ng sagda sang tribo ng Mansaka? Unoon yani pag sagda? Nana yang pagkatubok sang pyandaguman ng mansaka? Yamunono yamatubok tubok yang dagum ng bobay aw usog?

7. Nana yang katawagan ng tribong Mansaka yang paagi sang aon amarem, bunyag, kawin, lubong o patay, nana yang mga selibrasyong ng Mansaka? Nana yang mga pinasahi sang yama laong?

Untong saramat sang malarum na pagsabot tuman sang pag-ibak sang kang mg pyang-uusip. Tuman sang panaon na gyagahin mayo sang kanakun proyekto yagamalampuson gyud yani. L aumi pa man mayo na magapabilin yani na pribado sigun sang kanaton syabutan.

Madaig na saramat burigan pa kamo ng magbabaya.

Gabay sa Panayam – Filipino

Pangalan ng Mananaliksik: ELLEN L. GENERALAO
 Petsa: _____
 Pangalan ng Kalahok: _____
 Pirmang: _____

Magandang araw! Ako po ay si Gng. Ellen Ladaga-Generalao, isang guro ng Tagum National Trade School, Apokon, Siyudad ng Tagum at kasalukuyang nag-aaral ng kursong doktorado na may espesyalisasyon sa Filipino (Ph. D. – Filipino) sa paaralang gradwado ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila (PNU-Manila). Sa ngayon po ang inyong lingkod ay nasa proseso ng pagsasagawa ng kaniyang disertasyon na may pamagat na, **“Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryo ng Mansaka-Filipino”**. Kaugnay po nito, nais po namin kayong maimbitahan na maging isa sa mga kalahok sa nasabing pag-aaral. Ang iyong partisipasyon sa pag-aaral na ito ay boluntaryo at hindi sapilitan. Kung sakaling ikaw ay hindi sasang-ayon buong-pusong igagalang po ito ng mananaliksik.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagdeblop ng Prosesong pagsasakatutubo sa pagbuo ng diksiyonaryo sa tribong Mansaka. Hangarin din ng mananaliksik na maisakatuparan ang sumusunod na tiyak na layunin: (1) maisa-isa ang mga hakbang o paraan sa pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryong Mansaka; (2) maisagawa ang balidasyon ng binuong diksiyonaryong Mansaka; (3) maunawaan ang korpus pangwika ng mga katutubong Mansaka; at (4) makabuo ng Prosesong pagsasakatutubo sa paggawa ng isang diksiyonaryo.

Makakaasa po kayong ang mga impormasyong makukuha ay mananatiling kompidensiyal at nakasisigurong pangangalagaan ng mananaliksik ang iyong pagkakakilanlan. Isaalang-alang ng mananaliksik sa abot ng kanyang makakaya ang iyong kaligtasan at ilayo sa anomang posibleng kapahamakan. Walang nakaharap na mga panganib habang kayo ay nakikilahok sa pag-aaral. Kung inyo pong pahihintulutan ang panayam na ito, mangyaring pakipirmahan na lang po ang *informed consent form* bilang pagpapatunay na boluntaryo po kayong nakikiayon sa gawaing ito. Malaya po kayong magbahagi ng iyong sagot kaugnay sa pag-aaral. Kung kayo po ay handa na, maaari na po natin itong simulan.

1. Ano-ano ang katawagan na ginagamit ng tribong Mansaka sa estruktura ng lipunan kagaya ng pamilya at magkakamag-anak? Paano ipinapakita ang paggalang sa nakatatanda? Paano naman sa magkakaedad lang? Paano nagtuturingan ang bawat miyembro ng pamilya at komunidad? Ipaliwanag.
2. Ano-ano ang katawagan ng tribong Mansaka ukol sa estruktura at sistema ng pamamahala tulad ng namumuno sa komunidad? Paano pinipili ng tribo ang mga lider ng komunidad? Sino-sino ang may karapatang pumili at magpahalal? Ipaliwanag.
3. Ano-ano ang katawagan ng tribong Mansaka ukol sa sistemang pangkabuhayan katulad ng paghahabi, paggawa ng palamuti, paggawa ng damit at iba pa? Paano ginagawa ang mga nabanggit? Makikita pa rin ba ito sa kasalukuyan? Ipaliwanag.
4. Ano-ano ang katawagan ng tribong Mansaka ukol sa namumuno sa simbahan? Ano-anong mga pagsamba o ritwal ang ginagawa ng komunidad? Ano ang layunin ng bawat ritwal at paano ito isinasagawa? Ilarawan.
5. Ano-ano ang katawagan ng tribong Mansaka ukol sa kultura gaya ng musika? Kailan ginagamit ang mga musikang ito? Ano naman ang mga instrumentong pangmusikang

ginagamit ng tribo? Paano ito ginagamit at sa anong okasyon? Ano-ano ang sayaw ng Mansaka? Ano ang kahalagahan ng mga ito sa komunidad? Anong tatak ng Mansaka sa larangan ng pagluluto? Paano ito isinasagawa? Ano-ano ang tradisyonal na laro ng komunidad na hanggang ngayon ay nilalaro pa rin? Paano ito laruin? Ano ang pagkakakilanlan ng Mansaka sa larangan ng pananamit? Paano nagkakaiba ang damit ng lalaki sa mga babae? Ilarawan ang bawat isa.

6. Ano ang mga katawagan ng tribong Mansaka ukol sa tradisyon sa larangan ng panliligaw, binyag, pamamanhikan, kasal, libing o patay at pagdiriwang o *festival*? Paano isinasagawa ang mga tradisyong ito? Ano ang natatangi sa mga nabanggit na tradisyon?

Maraming salamat po sa komprehensibo at matapat na sagot sa aking mga tanong. Higit sa lahat sa panahong inilaan mo para sa ikatatagumpay ng pag-aaral na ito. Muli, makaasa po kayong ang inyong mga tugon ay mananatiling kompidensiyal. Ang inyong lingkod po ay babalik para sa balidasyon at sa panahong nabuo at nakompleto na ang diksyonaryo ay magbibigay po ng kopya ang mananaliksik upang magamit ng buong komunidad.

Salamat po at pagpalain nawa kayo ng Dakilang Lumikha.

Apendiks D -

Balidasyon ng Gabay sa Panayam

PAPEL-BALIDASYON PARA SA GABAY SA PANAYAM

Pamagat ng Pag-aaral: Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksiyonaryo

Pangalan ng Mananaliksik: Ellen L. Generalao

Pangalan ng Tagasuri: Ar. [redacted] hD

Digring Natapos ng Tagasuri: PhD Filipino

Pirma ng Tagasuri: _____

Kalakip ng dokumentong ito ang panukalang gabay sa panayam ng mananaliksik. Ang gabay sa panayam ay binubuo ng introduksiyon, mga tanong at panapos na pahayag. Mangyaring tayain ang kabisaan ng nasabing gabay sa panayam sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa kaukulang kolum.

Mga Aytem	Oo	Hindi	Puna
Introduksiyon:			
1. Introduksiyon (rasyonal, layunin, tagal, pamamaraan ng pagsasagawa at iba pang mga preliminarilyo).	/		
2. May reong pahayag ng katiyakan ng pagiging kompidensyal ng kalahok.	/		
3. May kalakip na <i>Informed Consent Form</i> .	/		
Katanungan:			
4. May mga <i>follow-up</i> na tanong sa bawat tanong-pananaliksik.	/		Tingna ang puna
5. Makikita sa gabay sa panayam ang introduksiyon, gabay at panapos na pahayag Script is included/build in, so interview can introduce, guide and conclude the interview in a consistent manner.	/		
6. Ang mga tanong ay naaayon at akma sa pag-aaral, naglalahad ng posibleng narasyon ng kuwento o karanasan.	/		
7. Ang mga tanong ay <i>open-ended</i> upang makahikayat ng malalimang sagot at tugon	/		Ilagay ang atbo.
8. Ang terminong ginagamit ay angkop sa uri at kakayahan ng mga kalahok.	/		
Panapos na Pahayag:			
9. Ang bahaging ito ay nagbibigay katiyakan na may karapatang bawiin o magkomento ang mga kalahok sa mga tugon na kanyang ginawa.	/		
10. Ang bahaging ito ay nagpapakita ng kasunduan na kanais-nais sa magkabilang panig lalo na sa kalahok.	/		

Komento/Puna: _____

PAPAL-BALIDASYON PARA SA GABAY SA PANAYAM

Pamagat ng Pag-aaral: Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksyonaryo

Pangalan ng Mananaliksik: Ellen L. Generalao

Pangalan ng Tagasuri: [REDACTED]

Digring Natapos ng Tagasuri: DA, PhD

Pirma ng Tagasuri: [REDACTED]

Kalakip ng dokumentong ito ang panukalang gabay sa panayam ng mananaliksik. Ang gabay sa panayam ay binubuo ng introduksiyon, mga tanong at panapos na pahayag. Mangyaring tayain ang kabisaan ng nasabing gabay sa panayam sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa kaukulang kolum.

Mga Aytem	Oo	Wala	Puna
Introduksiyon:			
1. Introduksiyon (rasyonal, layunin, tagal, pamamaraan ng pagsasagawa at iba pang mga preliminaryo).	/		
2. Mayroong pahayag ng katiyakan ng pagiging kompidensyal ng kalahok.	/		
3. May kalakip na <i>Informed Consent Form</i> .	/		
Katanungan:			
4. May mga follow-up na tanong sa bawat tanong-pananaliksik.		/	Nasaan ang open-ended question mo
5. Makikita sa gabay sa panayam ang introduksiyon, gabay at panapos na pahayag Script is included/build in, so interview can introduce, guide and conclude the interview in a consistent manner.	/		
6. Ang mga tanong ay naaayon at akma sa pag-aaral, naglalahad ng posibleng narasyon ng kuwento o karanasan.	/		
7. Ang mga tanong ay open-ended upang makahikayat ng malalimang sagot at tugon.		/	
8. Ang terminong ginagamit ay angkop sa uri at katayahan ng mga kalahok.	/		
Panapos na Pahayag:			
9. Ang bahaging ito ay nagbibigay katiyakan na may karapatang bawlin o magkomento ang mga kalahok sa mga tugon na kanyang ginawa.		/	
10. Ang bahaging ito ay nagpapakita ng kasunduan na kanais-nais sa magkabilang panig lalo na sa kalahok.		/	

Komento/Puna:

Kailangan na lagyan ng optional an pagsulat ng pangalan, tapos kailangan siguraduhin ang karapatan ng kalahok kaya dapat banggitin na malaya siya na magpatuloy o hindi bilang kalahok ng pananaliksik. Isulat din ang malinaw na kasunduan sa bawat panig sa pamamagitan ng isang oryentasyon.

PAPEL-BALIDASYON PARA SA GABAY SA PANAYAM

Pamagat ng Pag-aaral: Modelo sa Pagpapakatutubo ng Diskryonaryo
 Pangalan ng Mananaliksik: Ellen L. Generalao
 Pangalan ng Tagasuri: Elisa T. Alvarez, PhD
 Digring Natapos ng Tagasuri: PhD in Filipino

Pirma ng Tagasuri: 

Kalakip ng dokumentong ito ang panukalang gabay sa panayam ng mananaliksik. Ang gabay sa panayam ay binubuo ng introduksiyon, mga tanong at panapos na pahayag. Mangyaring tayain ang kabisaan ng nasabing gabay sa panayam sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa kaukulang kolum.

Mga Aytem	Oo	Wala	Puna
Introduksiyon:			
1. Introduksiyon (rasyonal, layunin, tagal, pamamaraan ng pagsasagawa at iba pang mga preliminariyo).	/		Mainam na lagyan ng panahat na ideya kung paano kahalaga ang pagsagawa ng pananaliksik.
2. Mayroong pahayag ng katiyakan ng pagiging kompidensyal ng kalahok.	/		Bigyang-din na ang pagsagot ay bontaryo at hindi pipitin ang ayaw sumagot at tiyakin din kung anong makukuhang benepisyo kung sasagot sila.
3. May kalakip na <i>Informed Consent Form</i> .		/	
Katanungan:			
4. May mga follow-up na tanong sa bawat tanong-pananaliksik.		/	
5. Matikila sa gabay sa panayam ang introduksiyon, gabay at panapos na pahayag.		/	Hindi na kailangang itagay sa bahaging ito.
6. Ang mga tanong ay naaayon at akma sa pag-aaral, naglalahad ng posibleng narasyon ng kuwento o karanasan.		/	
7. Ang mga tanong ay open-ended upang makahikayat ng malalimang sagot at tugon.		/	
8. Ang terminong ginagamit ay angkop sa uri at kakayahang ng mga kalahok.		/	Mainam na may salin sa <i>Katubong Mansaka</i> .
Panapos na Pahayag:			
9. Ang bahaging ito ay nagbibigay katiyakan na may karapatang bawin o magkomento ang mga kalahok sa mga tugon na kanyang ginawa.		/	Maaaring tanungin kung matamo ba ang inaasahan sa pangangalap.
10. Ang bahaging ito ay nagpapakita ng kasunduan na kanais-nais sa magkabilang panig lalo na sa kalahok.		/	Maaaring itagay ang numero ng mananaliksik kung sakaling may concern ang mga tagatugon.

mento/Puna:

- May ginamit ka bang batayan sa pagbuo ng tanong? Mainam na may parametro upang may tuon sa mga tanong.
- Mainam na gumamit ng wikang Mansaka sa gabay sa panayam at isalin lang sa Filipino.
- Sa mga opsyon ng sagot mainam sigurong Oo o Wala.
- Sa bahaging introduksiyon sa gabay, ilahad ang pangkalahatang ideya pananaliksik at tumbukin ang gamparin nila bilang kalahok ng pananaliksik.
 - Tumbukin din ang oras na gugulin ng mga kalahok sa pagsagot.
 - Ilarawan din kung paano isagawa ang panayam o pamaraan na gagamitin sa panayam. Mainam na may opsyon sila sa pamaraang gamitin halimbawa, sa panahon ng panayam, maaari ba silang magtanong.
 - Ilahad kung paano magiging kompidensyal ang kanilang mga sagot na lahat ng personal na impormasyon ay hindi lalabas na walang pahintulot nila.
- Mainam na kalakip dito ang informed consent at sana gumamit ng wikang mansaka.
- Ang mga tanong ay may pagpipilian, mainam sana na malayang sagot upang mas maraming makalap. Maaaring magbigay ng follow-up question kung hindi gaanong nakakuha ng sagot ayon sa nais.
- Maaaring idagdag ang paniniwala, pamahin, ritwal, tradisyon, kilos, gawi at iba pa na dimensyon partikular sa kultura.
- Ang mga terminong ginamit ay langkop sa lebel ng mga kalahok.
- Sa huling bahagi ng tanong, dagdagan ng bahaging, itala ang iba pang mga termino na hindi nabanggit batay sa tanong.
- Sa panapos na pahayag, bigyang-halaga ang lahat ng kanilang mga sagot. Maaaring ilahad din ang iyong ibibigay na token bilang pasasalamat pagkatapos ng panayam. Ilahad din kung pagkatapos ng pag-aaral, babalik ka ba para gagawa ng balidasyon o magbibigay ka ba ng kopya sa diskryonaryong mabubuo.

Kyakaimbitaan ako ni Gng. Ellen L. Generalao, tagapag-usip aw magindurway sikon sang Pamantasang Normal ng Pilipinas na amaemo ng isa sang Kanaan partisipanti ng kanaan pagustila. Yang yamalaong na yagapanginap yani kariko para sang pagkamang nga mga datos maifungod sang mga surit aw mga panuritan ng mansaka na yuruwan ng “Proseso sa Pangkatutubo ng Diksiyonaryo”.

Yang tumong laban nini kay yang pagkainang aw pagkinabuwi ng madayaweng subay sang kyakamataan arag yang pagkatipud ng mg surit sang diksiyonaryo ng tribong Mansaka tyumong arag yag inang nini na diksiyonaryo na amaisa ra yang kariko balidasyon sang yama imo na diksiyonaryong Mansaka, akasabutan yang pinakadumdum sang tribuwanong surit ng Mansaka uman yang makaimo nining Prosesong pagsasakatutubo sang paginang sang ngisa na diksiyonaryo.

Boluntaryo ako na mapagbaraw sigun sang kanak ininang ng mag-usip sang kadugayon na 30-90 na minuto uman yang mga ibak na yamakamang ko kay arecord ko kariko. Kinasingkasing arag na tyaguman ko yang kariko ng syabutan nami na aampingan ko yang mga datos na amakamang ko. Yutoo ako na kariko ng kanak amakamang na mga datos sini kay amagamit para sang pagkatinoood ng mga pag-ustila ko sang pagkasabot nini ubos.

Aran ng partisipanti: _____

Pirma ng partisipanti: _____

Petsa: _____

Pyapamatuodan ko na kariko nila tyagan ko ng panaon na makapag-usip sining inang na pagbaraw aw pyamakutan arag ng yaga-usip na amatubag kariko ng mga usip saot sang Kanaan kay. Dugpo pa pud nini yang mga yamapil sini kay boluntaryo nay yag atag ng pagtugot na amaparti sining pagbaraw-baraw.

Isa na kopya ng Pagtugot na Pagpapatigam byain sang kada amapil.


Ellen L. Generalao

Apendiks E

Sertipiko ng Pahintulot

Mansaka

Kyakaimbitaan ako ni Gng. Ellen L. Generalao, tagapag-usip aw magindurway sikon sang Pamantasang Normal ng Pilipinas na amaemo ng isa sang Kanaan partisipanti ng kanaan pagustila. Yang yamalaong na yagapanginap yani kariko para sang pagkamang nga mga datos maitungod sang mga surit aw mga pamunitan ng mansaka na yuruwan ng “Modelo sa Pangkatutubo ng Diksyonaryo”.

Yang tumong laban nini kay yang pagkainang aw pagkinabuwi ng madayaweng subay sang kyakamataan arag yang pagkatipud ng mg surit sang diksyonaryo ng tribong Mansaka tyumong arag yag inang nini na diksyonaryo na amaisa ra yang kariko balidasyon sang yama imo na diksyonaryong Mansaka, akasabutan yang pinakadumdum sang tribuwanong surit ng Mansaka uman yang makaimo nining Modelong pagsasakatutubo sang paginang sang ngisa na diksyonaryo.

Boluntartyo ako na mapagbaraw sigun sang kanak ininang ng mag-usip sang kadugayon na 30-90 na minuto uman yang mga ibak na yamakamang ko kay arecord ko kariko. Kinasingkasing arag na tyaguan ko yang kariko ng syabutan nami na aampingan ko yang mga datos na amakamang ko. Yutoo ako na kariko ng kanak amakamang na mga datos sini kay amagamit para sang pagkatinood ng mga pag-ustila ko sang pagkasabot nini ubos.

Aran ng partisipanti:

Pirma ng partisipanti:

Petsa:

Pyapamatuodan ko na kariko nila tyagan ko ng panaon na makapag-usip sining inang na pagbaraw aw pyamakutan arag ng yaga-usip na amatubag kariko ng mga usip saot sang Kanaan kay. Dugpo pa pud nini yang mga yamapil sini kay boluntaryo nay yag atag ng pagtugot na amaparti sining pagbaraw-baraw.

Isa na kopya ng Pagtugot na Pagpapatigam byain sang kada amapil.


Ellen L. Generalao

Sertipiko ng Pahintulot – Filipino

Ako ay inimitahan ni **Gng. Ellen L. Generalao**, mananaliksik at guro-mag-aaral ng Pamantasang Normal ng Pilipinas na maging isa sa mga kalahok ng kaniyang pag-aaral. Ang nasabing mananaliksik ay pangangalap ng datos tungkol sa mga salitang Mansaka na may pamagat na **“Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryo ng Mansaka-Filipino”**.

Layunin ng pag-aaral na ito ang pagdebelop ng Prosesong pagsasakatutubo sa pagbuo ng diksiyonaryo sa tribong Mansaka. Nilalayon din ng mananaliksik na maisa-isa ang mga hakbang o paraan sa pagbuo ng kontekstuwalisadong diksiyonaryong Mansaka, maisagawa ang balidasyon ng binihong diksiyonaryong Mansaka, maunawaan ang korpus pangwika ng mga katutubong Mansaka at makabuo ng Prosesong pagsasakatutubo sa paggawa ng isang diksiyonaryo.

Ako ay boluntaryong kakapanayamin batay sa gabay na pamayam na inihanda ng mananaliksik na tatagal ng 60-90 minuto at ang mga impormasyong makakalap ay irerekord. Lubos ko ring pinanghahawakan ang pangako ng mananaliksik na magiging kompedensiyal ang lahat ng impormasyong aking ibinahagi. Naniniwala ako sa katapatan ng mananaliksik na ang lahat ng impormasyong makukuha rito ay sa layuning maisakatuparan ang nasabing pag-aaral.


Pangalan ng Kalahok (Opsiyonal): _____

Pirma ng Kalahok: _____

Petsa: _____

Pinatutunayan kong ang mga kalahok ay binigyan ng pagkakataong makapagtanong tungkol sa pag-aaral na ito at sinikap ng mananaliksik na matugunan ang lahat ng katanungan sa abot ng kaniyang makakaya. Dagdag pa nito, ang mga kalahok ay kusa at boluntaryong nagbigay ng pahintulot upang maging bahagi ng pananaliksik na ito.

Isang kopya ng *Informed Consent Form* ay ilalaan sa kalahok.

 **Ellen L. Generalao**

Apendiks F


Kumpirmasyon ng mga Kalahok

KOMPIRMASYON NG MGA KALAHOK SA PAMAMARAAN NG PANAYAM AT MGA NATUKLASAN SA PANANALIKSIK

Pamagat : **Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksiyonaryo**
 Mananaliksik : **Ellen L. Generalao**
 Petsa ng Panayam : Nov. 25, 2022
 ID ng Kalahok : 101-B

Detalye ng Pangongolekta ng Datos

Blg.	Palatandaan	Puna	
		Oo	Hindi
Kompirmasyon sa Pamamaraan ng Panayam			
1	Pinahintulutan ako ng mananaliksik na magpasya sa aking pakikilahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng <i>informed consent/assent</i> .		
2	Pinahintulutan ako ng mananaliksik na magpasya sa iskedyul (oras at petsa).		
3	Ipinaliwanag sa akin ng mananaliksik ang rasyonal at layunin ng pag-aaral, at ang epekto ng aking pakikilahok.		
4	Hiniling ng mananaliksik ang aking pagsang-ayon na i-rekord (<i>audio/video</i>) ang proseso ng pakikipanayam.		
Kompirmasyon sa mga Natuklasan sa Pananaliksik			
5	Binigyan ako ng mananaliksik ng kopya ng mga transkripsiyon at pagsasalin ng panayam.		
6	Binigyan ako ng mananaliksik ng sapat na oras upang basahin ang mga transkripsiyon at pagsasalin ng panayam.		
7	Ang mananaliksik ay hindi gumawa ng anumang mga pagbabago sa aking mga pahayag sa panahon ng pakikipanayam na makikita sa mga pagsasalin at transkripsiyon.		
8	Tinalakay sa akin ng mananaliksik ang mga natuklasan sa pag-aaral.		
9	Tinanong ako ng mananaliksik tungkol sa aking opinyon sa mga resulta ng pag-aaral.		
10	Binigyan ako ng mananaliksik ng kopya ng pinal na manuskrito.		

Pirma ng Kalahok:  Petsa: _____

KOMPIRMASYON NG MGA KALAHOK SA PAMAMARAAN NG PANAYAM AT MGA NATUKLASAN SA PANANALIKSIK

Pamagat : **Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksiyonaryo**
 Mananaliksik : **Ellen L. Generalao**
 Petsa ng Panayam : Nov. 25, 2022
 ID ng Kalahok : 101-A

Detalye ng Pangongolekta ng Datos

Blg.	Palatandaan	Puna	
		Oo	Hindi
Kompirmasyon sa Pamamaraan ng Panayam			
1	Pinahintulutan ako ng mananaliksik na magpasya sa aking pakikilahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng <i>informed consent/assent</i> .	✓	
2	Pinahintulutan ako ng mananaliksik na magpasya sa iskedyl (oras at petsa).	✓	
3	Ipinaliwanag sa akin ng mananaliksik ang rasyonal at layunin ng pag-aaral, at ang epekto ng aking pakikilahok.	✓	
4	Hiniling ng mananaliksik ang aking pagsang-ayon na i-rekord (<i>audio/video</i>) ang proseso ng pakikipanayam.	✓	
Kompirmasyon sa mga Natuklasan sa Pananaliksik			
5	Binigyan ako ng mananaliksik ng kopya ng mga transkripsiyon at pagsasalin ng panayam.	✓	
6	Binigyan ako ng mananaliksik ng sapat na oras upang basahin ang mga transkripsiyon at pagsasalin ng panayam.	✓	
7	Ang mananaliksik ay hindi gumawa ng anumang mga pagbabago sa aking mga pahayag sa panahon ng pakikipanayam na makikita sa mga pagsasalin at transkripsiyon.	✓	
8	Tinalakay sa akin ng mananaliksik ang mga natuklasan sa pag-aaral.	✓	
9	Tinanong ako ng mananaliksik tungkol sa aking opinyon sa mga resulta ng pag-aaral.	✓	
10	Binigyan ako ng mananaliksik ng kopya ng pinal na manuskrito.	✓	

Pirma ng Kalahok: _____ Petsa: _____

KOMPIRMASYON NG MGA KALAHOK SA PAMAMARAAN NG PANAYAM AT MGA NATUKLASAN SA PANANALIKSIK

Pamagat : **Modelo sa Pagsasakatutubo ng Diksyonaryo**
 Mananaliksik : **Ellen L. Generalao**
 Petsa ng Panayam : Nov. 28, 2022
 ID ng Kalahok : 101-C

Detalye ng Pangongolekta ng Datos

Blg.	Palatandaan	Puna	
		Oo	Hindi
Kompirmasyon sa Pamamaraan ng Panayam			
1	Pinahintulutan ako ng mananaliksik na magpasya sa aking pakikilahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng <i>informed consent/assent</i> .		
2	Pinahintulutan ako ng mananaliksik na magpasya sa iskedyl (oras at petsa).		
3	Ipinaliwanag sa akin ng mananaliksik ang rasyonal at layunin ng pag-aaral, at ang epekto ng aking pakikilahok.		
4	Hiniling ng mananaliksik ang aking pagsang-ayon na i-rekord (<i>audio/video</i>) ang proseso ng pakikipanayam.		
Kompirmasyon sa mga Natuklasan sa Pananaliksik			
5	Binigyan ako ng mananaliksik ng kopya ng mga transkripsiyon at pagsasalin ng panayam.		
6	Binigyan ako ng mananaliksik ng sapat na oras upang basahin ang mga transkripsiyon at pagsasalin ng panayam.		
7	Ang mananaliksik ay hindi gumawa ng anumang mga pagbabago sa aking mga pahayag sa panahon ng pakikipanayam na makikita sa mga pagsasalin at transkripsiyon.		
8	Tinalakay sa akin ng mananaliksik ang mga natuklasan sa pag-aaral.		
9	Tinanong ako ng mananaliksik tungkol sa aking opinyon sa mga resulta ng pag-aaral.		
10	Binigyan ako ng mananaliksik ng kopya ng pinal na manuskrito.		

Pirma ng Kalahok:  Petsa: _____

Apendiks G

Resulta ng Pagtataya ng mga *Cultural Master*

Korpus Mansaka at Kahulugan sa Filipino	<i>Cultural Master</i>			<i>Mean</i>	Deskripsiyon
	1	2	3		
abyan. gabay, tagabantay o anghel. (png) – Naniniwala ang mga Mansaka na ang bawat nilalang ay may kani-kaniyang <i>abyan</i> na siyang nagbibigay-proteksiyon sa kanila sa araw-araw, saanman at anoman ang kanilang ginagawa. Ang mga <i>abyan</i> din ay nagbibigay ng babala o mensahe sa mga hindi kaaya-ayang pangyayari.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
alimokon. isang uri ng ibon na may malapad na tuka at kadalasang kumakain ng mga insekto. (png) - Sa kulturang Mansaka, ang huni ng <i>alimokon</i> ang nagbibigay ng palatandaan kung saang lugar sila pinahihintulutan ng mga anito na magkaingin. Upang matukoy ang lugar, maglalakad muna ang magsasaka at pakikingan ang huni ng ibong alimokon, at kapag sa kanang bahagi narinig ang huni ng ibon ito’y nangangahulugang magiging maganda ang resulta samantala, kapag sa kaliwang bahagi naman magkakaroon ng masaganang ani.	3	4	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
Al’lâw ng Tipanûd. Araw ng Pagkatatag o Foundation Day (png) Ito ang pinakamalaking pagdiriwang ng tribong Mansaka sa bulubunduking bahagi ng Maco, Davao de Oro. Isinasagawa ito tuwing buwan ng Oktubre na dinadaluhan ng mga pinuno, mga balyan, at lahat ng miyembro ng komunidad-Mansaka. Dito matutunghayan ang pagtatanghal ng iba’t ibang tradisyonal na sayaw, pagpapatugtog ng musikang Mansaka gamit ang kanilang natatanging instrumentong pangmusika at pagsasagawa ng mga tradisyonal na laro. Naipapakita rin sa okasyong ito ang makukulay na damit at magagandang palamuti sa katawan lalong-lalo na sa mga kababaihan. Ang pagdiriwang ay bukas sa lahat ng mga panauhin na gustong magalugad ang mayamang kultura ng tribong Mansaka.	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
amà. tatay, itay, tatang, papang (png) Sa tribong Mansaka, siya ay may pangunahing tungkulin na maghanapbuhay at itaguyod ang buong pamilya. Ilan sa mga tungkuling ito ay ang pagsasakatuparan ng mga mabibigat na gawain gaya ng pagsasaka, pagkuha ng mga uway, abaka, niyog at mga malalaking troso sa gubat na kakailanganin ng buong mag-anak. Maliban pa rian, ang <i>amà</i> ay tumatayo	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

ring hukom sa anumang pagpapasya sa loob ng tahanan.

ambak. palaka (png) Ito ang pinaghanguan ng isa sa mga tradisyonal na laro ng mga Mansaka. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagtalon kagaya ng isang palakang-bukid. Ito ay kinabibilangan ng dalawang pangkat ng mga kabataan na binubuo ng sampung manlalaro. Walang pinipiling kasarian ang nasabing laro dahil ang tanging kahingian lang nito ay ang pagiging mabilis sa pagtalon. Ang pangkat na unang makapagtapos sa pagtalon nang paisa-isa ang siyang itatanghal na panalo.	3	4	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
ambaw. daga (png) Itinuturing itong peste ng komunidad Mansaka dahil mahirap itong sugpuin. Kinakain nito ang mga karlang, saging, kamote at iba pang mga halaman na may malaking halaga sa pamumuhay at kabuhatan ng komunidad.	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
amimuna. uri ng sayaw (png) Isang uri ng sayaw na ginagamitan ng panyo. Karaniwan itong itinatanghal sa mga espesyal na pagtitipon kung saan isang pangkat ng mga babaeng mananayaw ang nagpapakitang gilas sa kanilang husay at galing sa pagsayaw sa pamamagitan ng paggamit ng panyo.	4	4	3	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
amû. unggoy (png) Matatagpuan ito sa mga kagubatan at mga taniman. Pinaniniwalaan ng komunidad na ang mga <i>amû</i> ay mortal na kalaban ng mga katutubo dahil sa mapanira nitong mga gawi gaya ng pagsira ng taniman gaya ng mga kamote na siyang pangunahing pagkain ng mga katutubo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
anág. pampalasa gaya ng bawang, sibuyas, pampinta, at iba pa. (png) – Sa kulturang Mansaka ang paggamit ng organikong pampalasa ay simbolismo ng mahabang buhay dahil sa wala itong taglay na artipisyal na kemikal na makakasira sa katawan ng tao. Ang simpleng pamamaraan ng kanilang pagluluto gaya ng paggamit ng kawayan na nilalagyan ng karne o gulay, mga natural na sangkap at saka isasalang sa apoy ay makapaghahandog na ng masarap at masustansiyang pagkain sa hapag.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
anlang. alipin (png) Ito ang tawag sa isang <i>bubáy</i> o babaeng Mansaka na nagustuhan ng isang <i>Matikadung</i> na maging pangalawa o pangatlong asawa. Sa pagkakataong humadlang ang naunang asawa o mga asawa, maaari pa ring tumira ang isang <i>amlang</i> sa bahay ng <i>Matikadung</i> . Ibig sabihin, magkakasama sa iisang bubong ang <i>Matikadung</i> , ang asawa niya at ang <i>amlang</i> ngunit siya ay magiging	3	3	3	3.0	Katanggap-tanggap

tagapagsilbi o katulong ng *Matikadung*. Hindi rin siya pinahihintulutan na makipagsiping sa *Matikadung* at ang kaniyang tanging tungkulin ay pagsilbihan ito.

apug. abó (png) Ito ay tumutukoy sa mga abó na mula sa kabibe na binabasag at dinidikdik hanggang sa maging pulbos. Ang <i>apug</i> ay may mataas na sangkap na <i>calcium</i> kaya naman ito ay ginagawang panghalo para babaluting <i>buyo</i> . Ito ay nginunguyá upang tumibay ang ngipin. Ginagamit din ito sa mga sakahan upang magiging maganda ang tubo ng mga pananim.	3	4	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
aran. pangalan ng tao (png) Isang pamamaraan sa pagbibigay ng pangalan ng tao na nakabatay sa kaniyang hitsura, pagkilos, aksiyon, pagsasalita at pag-uugali. Iniuugnay ng mga matatanda ang nata-tanging kaugalian o katangiang naobserbahan ng isang tao at nagiging batayan ito sa pagbibigay ng pangalan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
arayun. magkamag-anak (png) Katawagan sa mga kamag-anak na naninirahan sa isang purok o sityo. Isang katangiang Mansaka na nagpapatunay ng mahigpit at matibay na ugnayan ng magkakapamilya na handang magdamayan at magtulungan lalo pa't magkalapit-lapit lang ang kanilang mga bahay.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
arindanaw. tutubi (png) Ang <i>arindanaw</i> ay isa sa mga inspirasyon sa pagbuo ng disenyo para sa kanilang mga damit. Ang hugis <i>arindanaw</i> sa mga burda ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng malakas at matibay na relasyon ng tribong Mansaka sa kalikasan. Isa rin sa mga katangian ng <i>arindanaw</i> ay ang pagiging kalmado na ginagawang Proseso ng buong tribo.	4	3	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
atapaan. pausok (pnd) Karaniwang ginagawa ng komunidad tuwing hapon sa paniniwalang itinataboy ng usok ang masasamang espiritu na umaaligid sa kanilang bahay.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
Aton-aton. Ritwal-pangkaluluwa (png) Isang uri ng ritwal na isinasagawa para sa kaluluwa ng mga namayapang mahal sa buhay. Kagaya ng ibang ritwal ng kanilang komunidad, ito'y ginagamitan ng mga sangkap na <i>apog</i> , bunga, tabako at inumin. Sa pagsasagawa ng ritwal, kinakailangang tahimik ang lahat upang higit na maipadama sa mga yumaong minamahal ang kanilang taimtim na dalangin para sa katahimikan ng mga kaluluwa.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

aturón. apoy (png) Ang <i>aturón</i> sa Tribong Mansaka ay mahalaga at makahulugan dahil ito ay simbolo ng kabuhayan, proteksiyon at ritwal. Pangunahing pangangailangan ang <i>aturón</i> sa paghahanda at pagluluto ng pagkain. Maliban pa ryan, sangkap din ito sa paghahanda ng sakahan para sa pagtatanim sa pamamagitan ng pagsusunog o <i>kaingin</i>. Sa kabilang dako, ginagamit din ito sa panahon ng ritwal bilang pausok. Nagsisilbi ring proteksiyon laban sa mga kaaway o mababangis na hayop ang <i>aturón</i> bilang panaboy o panakot.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
babarawon. alamat (png) Isa sa mga tanyag na alamat ng kanilang tribo ay ang pagkalikha ng mundo. Sa kanilang paniniwala, si Tanlang ang lumikha ng daigdig sa tulong ng ibon kung saan inutusan niya itong kumuha ng lupa sa pinakadulong bahagi ng sandaigdigan. Siya rin ang pinaniniwalaang lumikha ng tao at nagturo sa kaniyang mga nilikha kung ano ang mga pangalan ng mga hayop at mga bagay na makikita sa mundo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
babatukun. kuwentong-bayan (png) Tumutukoy sa mga kuwento ng tribo noong unang panahon na naglalaman ng mga makukulay na salaysay. Ito ay naratibo rin ng mga matatanda na ibinabahagi sa mga kabataan na ipinapasa-pasa sa loob ng maraming henerasyon. Kabilang sa mga ito ay ang <i>Yang Buyag Aw Yang Baklug</i> (Kuwento ng Isang Mag-asawa) at <i>Yang Anak Aw Yang Ama Sang Kagurangan</i> (Ang Anak at ang Ama sa Kagubatan). Ang mga kuwentong ito ay may temang patungkol sa buhay ng tao, kasaysayan at kahulugan ng kalikasan na naririnig pa rin hanggang sa kasalukuyan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
babù. tiyahin (png) Sa kulturang Mansaka, <i>babù</i> ang tumatayong pangalawang ina o magulang sa kakulangan o kawalan ng presensiya ng tunay na magulang. Sa pagkakataong nawala o pumanaw ang tunay na magulang ng bata, responsibilidad ng <i>babù</i> na akayin ang nauna kabilang na rito ang pagpapalaki at pagpapaaral. Sinisiguro rin ng <i>babù</i> na lumaking responsable at may maayos na buhay ang naulila. Nararapat na pantay ang pagtingin at trato ng <i>babù</i> sa kaniyang pamangkin at anak o mga anak.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
badi. kutsilyo (png) Gamit sa kusina bilang pantulong sa paghahanda ng pagkain	1	1	1	1.0	Lubos na Hindi Katanggap-tanggap
Bagani. mandirigma (png) Sa tribong Mansaka ang <i>bagani</i> ang siyang ministro ng depensa na	4	4	4	4.0	

nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa komunidad. Karaniwang nakukuha ang kanilang katayuan sa pamamagitan ng katapangan sa labanan, lakas ng loob, makisig na pangangatawan, at higit sa lahat, ang pagkakaroon ng natural na karisma at kakayahan sa pamumuno. Isa rin sa mga kahingian sa mga miyembrong nagnanais maging bagani ay kailangang makapaslang muna siya ng higit sa labindalawang (12) katao sa panahon ng digmaan.

Lubos na Katanggap-tanggap

bagaybáy, buwig ng niyog na hindi pa gaanong sumisibol o namumukadkad (png) Sa kulturang Mansaka ang *bagaybáy* ay isa sa pangunahing gamit at sangkap tuwing may ritwal ang tribo. Ito ay simbolo ng kadalisan, kapuruhan at kaayusan sa pinaghahandugan. Nangangahulugan din ito ng pagkakaisa sa bawat miyembro ng komunidad.

4 4 4 4.0

Lubos na Katanggap-tanggap

bagis, pagkuwenta (png) Isang pamamaraan ng pagpili ng kanilang mga pinuno o tinatawag na eleksiyon sa kasalukuyan. Sa prosesong ito, nakasulat sa likod ng dingding o pisara ang mga pangalan ng mga nominado ayon sa posisyong nais nilang hawakan. Upang mapanatili ang katiwasayan at pagiging sagrado sa gagawing halalan, ang mga botante o hindi nominado ay paisa-isang pupunta sa likod ng dingding o pisara at kukudlitan ang pangalan ng nominadong napili bilang palatandaan ng kaniyang pagboto. Pagkatapos ng nabanggit na proseso, bibilangin ang mga kudlit na nakuha ng bawat indibidwal na nagpapapili. Sa huli, ang kandidatong makakakuha ng pinakamaraming kudlit ang siyang mananalo at itatanghal sa nasabing posisyon.

3 3 4 3.3

Lubos na Katanggap-tanggap

Balyán, pari (png) Ang *Balyán* o *Baylán* ay siyang pinuno ng mga Mansaka sa larangan ng relihiyon o pananampalataya na kadalasang babae. Bihira lang nagkakaroon ng lalaking *Balyán* maliban na lamang kung ito ay may angking katangian tulad ng isang babaeng *Balyán* (*effeminate*). Siya ay nagsisilbing-tagapamagitan ng buong tribo at sa mga tinaguriang Sagradong Nilalang (*Divine Beings*). Ang *Balyán* rin ang nagsisilbing herbalista o manggagamot sa kanilang panahon. Nakamtan niya ang kaalaman tungkol sa mga gamit at kahalagahan ng mga halamang gamot sa tulong ng mga naunang *Balyán* at higit sa lahat, ang hangaring maging isa sa kanila. Sa pangkalahatan, ang isang *Balyán* ay maituturing na dalubhasa sa pangangalaga sa kalusugan ng kaniyang mga katribo sa tulong ng mga espiritu mula sa mga sagradong nilalang.

4 4 4 4.0

Lubos na Katanggap-tanggap

balyúg. kuwintas (png) Ito ay isang uri ng kuwintas na may iba't ibang hugis nito na sumisimbolo sa kalikasan at kaugalian ng mga Mansaka. Ang <i>balyúg</i> ay gawa sa hinabing <i>beadwork</i> , mga barya, at mga ngipin ng buwaya.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
bandayun. instrumentong-kuwerdas (png) Ang tagwag sa dalawang <i>kudlung</i> na pinagsasabay-sabay na tinutugtog. Isa ito sa mga pangunahing instrumentong ginagamit ng komunidad lalong-lalo na sa panahon ng pagdiriwang.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
banwa. lugar (png) Katawagan sa buong angkan at komunidad ng Mansaka. Simbolismo ng mamamayang nagkakaisa at nagtutulungan tungo sa isang mithiin na dapat pangalagaan at pagyamanin ang natatanging kultura ng tribo na siyang matibay nilang pagkakilanlan sa mahabang panahon.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
bapà. tiyuhin (png) Sa tribong Mansaka ang <i>bapà</i> ay tumatayo ring pangalawang ama sa kawalan o kakulangan ng presensiya ng isang ama. Kagaya ng <i>babù</i> , responsibilidad niyang alagaan at palakihin nang maayos ang kaniyang pamangkin. Higit sa lahat, ituturing niya itong tunay na anak dahil ang pagiging sakit sa lipunan ng isang bata ay panagutan ng <i>bapà</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
barabay. instrumentong pangmusika (png). Ito'y tinutugtog sa panahon ng pagdiriwang sa loob ng komunidad. Simbolismo ng kasiyahan at tagumpay na sinasabayan ng <i>kudlung</i> at <i>takul</i> .	3	3	3	3.0	Katanggap-tanggap
baraw-baraw. pagpupulong-pulong (png) Sa kulturang Mansaka, ang <i>baraw-baraw</i> ay isang pamamaraan ng pagpili ng potensiyal na kandidato para sa isang posisyon. Sa prosesong ito, magsasagawa ng pagpupulong-pulong ang buong tribo upang pumili ng mga indibiduwal na may sapat na kakayahang mamuno sa buong komunidad. Upang lubos na maisakatuparan ito, kailangang buo at kompleto ang kinatawan ng tribo, mula sa mga <i>mangtikadung</i> , <i>usúg</i> at <i>gibubayan</i> . Ginagamit din ang <i>baraw-baraw</i> sa pagpili ng panibagong " <i>Matikadung</i> " kung sakaling yumao ang kasalukuyang nanunungkulan o 'di kaya'y nagnanais na bumitiw sa puwesto sa kadahilanang pangkalusugan o kawalan ng kompiyansa na pamunuan ang buong tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
baráy. bahay (png) Ang tipikal na <i>baráy</i> ay itinayo gamit ang <i>sagesi</i> (mga dahon ng palma), mga dahon ng <i>Lumbia</i> (isang uri rin ng palma) bilang mga bu-bong, <i>Bahi</i> (isang uri rin ng palma) para sa sahig, mga kahoy na <i>pine</i> na may bilog na <i>timber</i> para sa mga poste. Ang mga <i>rattan stem strip</i> ay ginagamit	4	3	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap

bilang panali at pandugtong sa estruktura ng bahay. Ang *pakat* o hagdanan ay gawa sa kahoy na hugis pabilog na inukit upang maging apakan. Sinasabing matataas ang kanilang mga *baráy* bilang proteksiyon sa mga ligaw at mababangis na hayop upang hindi sila makain ng mga masasamang hayop at higit sa lahat nagsisilbi itong poste upang makita kaagad ang paparating na kalaban. Isa pang kakaiba sa *baráy* ng tribo ay ang disenyo ng lutuan. Hindi ito kagaya ng isang tipikal na kusina kung saan ang lutuan ay kasingtaas sa baywang ng tao, sa halip, pantay ang sahig at lutuan upang sa panahon na manganak ang ilaw ng tahanan kaya pa rin niyang magluto at maghanda ng pagkain. Kailangan ring palaging nakasalang ang takure nang sa ganoon kung may bisitang darating ay agad na nahanandugan ito ng kape.

barikug, hikaw (*png*) Isang palamuti sa tainga para sa mga babae. Ito ay gawa sa kahoy na may kulay itim at inilalagay sa kanilang tainga. Sa kulturang Mansaka, ang laki ng *barikug* ay simbolismo ng mataas na halaga ng mga babae sa kanilang lipunan. Ang proseso sa pagpapalaki ng butas ng tainga ay ginagawa pa rin hanggang sa kasalukuyan. Mula sa maliit na butas ito ay unti-unting pinapasukan ng kahoy hanggang sa lumaki at maipasok na ang tinatawag na barikug o bilog na parte ng hikaw. Itinuturing na banal at sagrado ang paglalagay ng barikug dahil isinasagawa lang ito sa harap ng mga nakatatanda. Ang gawaing ito ay simbolismo ng dedikasyon ng isang babaeng Mansaka na siyang mangangalaga sa tradisyon ng buong komunidad dahil ang babae mismo ay repleksiyon ng pagiging mabuti.

baru, biyudo o biyuda (*png*) Sa kulturang Mansaka, bilang bahagi ng mga napagkasunduan ang, *baru* ay malayang tatanggap ng maaaring kaniyang puwedeng asawahin basta susunod lamang ito sa kondisyon na magpapaalam sa pamilya ng unang asawa.

baru, kasal (*png*) Ang seremonya ng kasal ay pinamumunuan ng isang nakatatanda at isang pinuno ng tribo. Ito ay kinabibilangan ng pagsusubuan ng pagkaing bolang kanin at ulam ng ikinakasal na simbolismo ng ganap na pagkakaisa ng bagong kasal. Ang subuan ng pagkain ay

4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

ginaganap sa harap mismo ng pamilya ng lalaki at pamilya ng babae.

bayuk. kasaysayan (<i>png</i>) Ang tawag sa salaysay o kuwento ng mga nangyari sa nakaraan. Ito ay pagkukuwento tungkol sa kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng pag-awit. Sa pamamagitan ng <i>bayuk</i> , naituturo nila ang kasaysayan sa mga kabataan na ginagamitan ng instrumentong pangmusika.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Bià. babae (<i>png</i>) Ito ay babaeng katutubo na nasa lehitimong gulang na may angking talino at kakayahang tulad ng isang <i>gibubayan</i> subalit sila ay hindi napapabilang sa hanay ng mga namamahala sa tribo ngunit sila ay pinapayagang makilahok, maging tagapayo at magbigay ng suhestiyon sa mga namumuno tuwing may pagtitipon.	3	3	3	3.0	Katanggap-tanggap
binalyan. sayaw-panalangin (<i>png</i>) Isang sayaw para sa panalangin o ritwal bilang pakikipag-usap sa <i>Magbabayà</i> (Diyos). Ito ay kinalalakipan ng mga hakbang o kilos ng pasasalamat at pagpupuri sa Diyos para sa biyaya, proteksiyon at gabay ng buong komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
binarig. musika sa panliligaw (<i>png</i>) Sa pamamagitan ng musika, naipapahayag ng binata ang kaniyang damdamin sa dalagang napupusuan dahil naglalarawan ito ng paghanga sa pisikal at panloob na katangian ng dalaga. Maliban pa ryan, naglalaman din ito ng mga pangako at kasiguraduhan na hindi mabibigo ang dalaga sa pag-ibig na iniaalay nito.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
binaw. usá (<i>png</i>) Simbolismo ng buhay at tradisyon dahil ang karne nito ay pagkain ng buong tribo, samantalang ang balat naman nito ay ginagamit para sa paggawa ng <i>gimbal</i> . Maliban pa ryan, ang <i>binaw</i> ay nangangahulugan ding katapangan sa pagharap sa sinomang mananakop at katatagan sa pag-sasabuhay ng mga paniniwala at tradisyon ng tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
binudyaan. instrumentong kuwerdas (<i>png</i>) Isang instrumentong kuwerdas na maaaring tugtugin ng babae at lalaking miyembro ng pamilyang nagmamay-ari nito. Ito ay itinuturing ng tribong Mansaka na sagrado kaya naman tanging ang <i>kudlung master</i> at ang mga kamag-anak lamang nito ang puwedeng gumamit at tumugtog nito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
bituon. bituin (<i>png</i>) Ang nagsisilbing-gabay ng tribu sa pagtukoy sa tamang panahon ng pagsasaka	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap

at panganganak. Kapag maraming *bituon*, nagpapahiwatig ito na maganda nang magtanim dahil sa paniniwalang malapit ang mundo sa mga bituin.

biyag. busog (<i>pnr</i>) Isang kaugaliang Mansaka na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga bisita dahil hindi nila ito pinapaalis nang gutom. Nagluluto sila ng espesyal na pagkain na ihahandog sa mga panauhin o di kaya'y ipapabaon sa kanilang pag-alis. Hindi rin maaaring tumanggi ang mga bisita dahil naniniwala ang komunidad na ang bisitang umalis nang gutom ay walang pag-aasikasong ginawa mula sa may-ari ng bahay.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
biyais. alak (<i>png</i>) Isang uri ng alak na ginagamit sa panggamot at pinaniniwalaang epektibo para sa maraming karamdaman. Ang alak na ito ay gawa sa <i>panla</i> (luya) na matatagpuan sa gubat, Ang katas ng pinaghalo-halong prutas at inilalagay sa isang malinis na bote. Pagkatapos, inililibing sa ilalim ng lupa sa loob ng matagal na panahon. Habang tumatagal sa ilalim ng lupa ang nasabing katas ng prutas ay mas lalo itong sumasarap. Inihahain din ang alak na ito para sa espesyal na panauhin ng datu. Sa kabilang dako, hindi itinuturo ang pormula nito sa hindi kabilang sa tribo.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
bubungár. subuan (<i>pnd</i>) Subuan ng binilog na kanin at ulam na ginagawa sa panahon ng seremonya ng kasal. Ang pagsusubuan ng pagkain ay simbolismo ng pagiging matiwasay ng buhay ng mag-asawa.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
budyung. taklobo (<i>png</i>) Ginagamit itong panawag sa buong tribo bilang hudyat sa isang pagtitipon, kasiyahan, panganib o digmaan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
bukon. alituntunin (<i>png</i>) Tumutukoy sa mga patakaran na nararapat sundin bago ayawan ang isang sitwasyon. Mahalagang may balidong rason ang sinumang indibidwal na masangkot dito.	1	2	1	1.3	Hindi Katanggap-tanggap
bulak. bulaklak (<i>png</i>) Ang mga bulaklak sa tribong Mansaka ay hindi lamang pangdekorasyon dahil ang iba sa mga ito ay ginagamit sa panggagamot at ritwal. Pinaniniwalaan ding ito'y nagbibigay ng suwerte kapag ang mga <i>bulak</i> ay nakapaligid sa bahay.	1	1	2	1.3	Hindi Katanggap-tanggap
bunlan. multa (<i>png</i>) Kapag ang isang miyembro ng tribo ay lumabag sa anomang tuntunin o batas ng komunidad, siya ay pagbabayaran ng <i>bunlan</i> . Ang	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

halaga ay nakadepende sa bigat o laki ng kasalanang nagawa ng isang indibidwal.

buran. buwan (*png*) Malaki ang papel na ginagampanan ng buran sa komunidad ng Mansaka. Ang buran ang tagapagsabi kung kailan ang tamang panahon ng pagtatanim at iba pang gawaing may kaugnayan sa agrikultura. Kapag malaki at bilog ang buwan sa panahon ng pagtatanim, ito ay nangangahulugang buo at maraming makukuhang ani.

4 4 4 4.0 Lubos na Katanggap-tanggap

burung. (png) lugar na pinagdausan ng panggagamot sa mga taong maysakit. Itinuturing itong sagrado dahil dito isinasagawa ang mga ritwal sa panggagamot, kaya naman walang sinoman ang puwedeng pumasok sa nasabing lugar kundi ang *mambuburung* at ang nagpapagamot.

4 3 3 3.3 Lubos na Katanggap-tanggap

burungun. panggagamot (*pnd*) Ang proseso ng panggagamot gamit ang katutubong padasal o orasyon at mga halamang-gamot o *herbal medicine*. Ito ay isinasagawa lamang ng tanging may malalim na pag-unawa, matibay na karanasan at angking kausayan sa pagsasagawa ng ritwal.

4 4 4 4.0 Lubos na Katanggap-tanggap

busáy. talón (*png*) Ito ay tumutukoy sa mga talón at mga maliliit na uri ng ilog. Binibigyang-halaga ng tribo ang mga ilog at iba pang yamang-tubig sapagkat isa ito sa mga pinagkukunan nila ng pagkain at kabuhayan.

4 3 4 3.7 Lubos na Katanggap-tanggap

búsog. panà (*png*) Isang uri ng tradisyonal na larong Mansaka na sumusukat sa kakayahan ng mga kalalakihan sa larangan ng pangangaso. Ang nasabing laro ay sukatan din ng tapang at galing sa paggamit ng panà upang makakuha ng pagkain tulad ng hayop. Ang laro ay ginagamitan ng isang panà kung saan kailangang tamaan ng isang manlalaro ang imahe ng isang usa o anumang uri ng hayop na nasa kaniyang harapan. Ang unang makatama nito ang siyang idedeklarang panalo.

4 3 3 3.3 Lubos na Katanggap-tanggap

buya. ipinagkasundong kasal (*png*) Isang pagpapakasal ng dalawang nilalang na ipinagkasundo ng mga magulang pagkapanganak pa lamang. Ang mga magulang ang nagdedesisyon kung kailan at paano magaganap ang kasal kahit pa man labag ito sa ka-looban ng mga anak.

2 1 1 1.3 Hindi Katanggap-tanggap

buyag. asawa (*png*) Ang mga *ayup* ay inaasahang nasa bahay lamang upang pagsilbihan ang asawang lalaki at alagaan ang mga anak. Sa kaugaliang Mansaka, maaaring magkaroon ng hanggang pitong

4 4 4 4.0 Lubos na Katanggap-tanggap

asawang babae ngunit ang tungkulin nila ay mga katulong lamang sa bahay dahil ang unang asawa pa rin ang itinuturing na reyna.

byabangkay. paglilibing (<i>png</i>) Isang tradisyonal na paglilibing ng tribong Mansaka kung saan inilalagay ang bangkay sa lantay ng kawayan at sinusunog ito sa paniniwalang ito'y makakasugpo sa sakit na sanhi ng kamatayan ng isang nilalang. Pagkatapos ng byabangkay, nililisan ng mga naiwang pamilya ang kanilang tahanan sa paniniwalang ito'y may taglay na malas. Maghahanap ang pamilya ng bagong lugar na sa tingin nila ay mabubuhay sila roon at magsisimulang muli.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
byubunung. binyag (<i>png</i>) Ginagawa tatlong araw pagkatapos isilang ang isang sanggol. Ang pagkatay ng baboy ay isa sa mga palatandaan na naging maayos ang panganganak at nasa mabuting kalagayan ang bagong silang na supling. Samakatuwid, ang nabanggit na pagdiriwang ay nagsisimbolo ng binyag subalit hindi kalakip ng kulturang Mansaka ang pagrehistro ng kapanganakan ng isang sanggol sa alinmang sangay ng pamahalaan. Dahil dito, karanihan sa mga katutubong Mansaka na isinilang bago magdekada 70 ay walang angkop na <i>birth certificate</i> .	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
dagmay. saya (<i>png</i>) Ang telang hinabi ay gawa sa abaka. Ang paggawa nito ay gumagamit ng tradisyonal na pamamaraan kung saan mabusisi at kailangan ng mahabang pasensiya. Ilan sa mga disenyo ng dagmay ay parisukat, hugis-tao, buwaya at mga tuldok.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
dagúm. blusa (<i>png</i>) Isang tradisyonal na kasuotang pambabae ng tribo na may sadyang hati upang mai-pakita ang hubog ng katawan ng mga kababaihang Mansaka na magsusuot nito. Ito ay gawa sa iba't ibang kulay gaya ng dilaw, asul, at itim upang higit na kaakit-akit tingnan. Hindi kasama ang kulay pula dahil ginagamit lamang ito ng mga <i>Matikadung</i> at mga <i>Bagani</i> . Ang kulay puti naman ay ginagamit ng mga <i>Bia</i> at asawa ng isang <i>Matikadung</i> . Ang tela o pangunahing sangkap sa paggawa ng <i>dagúm</i> ay hinabi pa ng mga ninuno.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
danginan. pagtawag (<i>png</i>) Isang sayaw-ritwal na ginagawa ng <i>Balyan</i> upang tawagin ang <i>Magbabaya</i> . Itinuturing itong malaking gawain ng tribo na dinadaluhan ng mga lider at buong komunidad. Ito'y isinasagawa ng isang pamilya na may alay na manok at bigas upang itaboy ang	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

masasamang espiritu. Ang pagsasagawa ng ritwal ng bigas at manok ay pinaniniwalaang nakaaalis ng anumang kasamaan sa pamilyang dumalo sa sayawan.

daog. salo-salo (pnd) Sa kulturang Mansaka, hindi rin nawawala ang pagtitipon-tipon lalo na kapag may okasyon. Dito pinag-uusapan ang mga huling kaganapan sa kani-kanilang mga buhay at pamilya. Sa oras ng <i>daog</i> , itinatanghal ang tradisyonal na sayaw at kanta bilang selebrasyon ng naangking tagumpay dahil naniniwala silang ang tagumpay ng isa ay tagumpay ng buong komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
daran. daan (png) Naniniwala ang tribo na ang makitid na <i>daran</i> ay nagbibigay ng mas masayang karanasan at nagbibigay ng maraming aral na puwedeng matutuhan. Kasama rin sa paniniwala nila na kapag nakatagpo o nakasalubong ng isang ibong <i>al-imokon</i> sa <i>daran</i> at humuhuni, ito'y nangangahulugang may masamang mangyayari. Ito'y nagsisilbi ring babala na huwag nang tumuloy sa puntahan para sa kaligtasan at seguridad.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
dawut. awit (png) Isang awit o pagkanta na walang paghahanda na natutungkol sa kasaysayan, kultura at tradisyon ng tribong Mansaka. Isang anyo ng pagkukuwento na sa paglipas ng panahon ay nadagdagan ang mga impormasyon kaya pahaba nang pahaba ito. Ang dawut ay nagsisilbing impukan at tambakan ng mayamang kultura ng tribo at nagpapanatili ng kanilang pinagmulan at pagkakakilanlan, kaya lamang ito'y hindi nakatala o nakasulat. Hindi rin basta-basta na lang pinipili ang magtatanghal ng <i>dawut</i> , kailangan siyang maalam at pinagpala.	3	4	4	3.7	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
dayaw. pagtago (png) Ang mga mahahalagang bagay ay iniingatan kagaya ng buhay. Ang pagtatago ng mga bagay ay isa sa mga kaugaliang Mansaka para mapanatiling bago at kaaya-aya sa araw na kakailanganin ito. Minsan, ang salitang ito ay nangangahulugang ding pagsasagawa ng pagkukumpuni ng bagay.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
dipag. katapat o harap (png) Sa kulturang Mansaka, kapag may nakatira sa tapat ng bahay ito ay nangangahulugang marunong makitungo ang pamilyang nakatira rito.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
diwatanon. diwata (png) Isang diyos/diyosa na nangangalaga sa kaayusan ng isang lipunan, kasama sa kanilang tungkulin na bigyan ng proteksiyon ang	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

mga tao upang manatiling mapayapa ang kanilang pamayanan.

dumog. pakikipagbuno (<i>pnd</i>) Isang tradisyonal na laro na susukat sa lakas at tibay ng isang lalaki. Dalawang manlalaro ang magsusunggaban at kung saan sinuman ang unang makapagtumba ng katunggali siya ang itatanghal na panalo. Ito ay maaaring salihan ng mga taga-ibang barangay, kaya naman, kadalasang pinapanood at binabantayan ito ng mga matatanda sa takot na magkaroon ng kaguluhan dahil sa sobrang pisikal ng larong ito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
gabawnun. paniniwala (<i>png</i>) isang paniniwala ng tribo na ang langit ay kaibigan ng mga magsasaka lalo pa't dito makikita ang panahon at ang takbo ng tamang pagsasaka.	1	2	2	1.7	Hindi Katanggap-tanggap
gabuun. ulap (<i>png</i>) Instrumento ang ulap upang matukoy ng mga magsasaka kung magandang magbilad ng palay at magtanim sa bukid dahil sa kulay at hitsura ng ulap nalalaman nila ang mga pahiwatig nito.	1	3	1	1.7	Hindi Katanggap-tanggap
gakaimon. pagtitipon (<i>png</i>) Isang kaugalian ng tribo ay ang pagtitipon ng lahat ng miyembro ng pamilya upang pag-usapan ang mga plano o balak. Kadalasang ginagawa ito sa panahon ng binyag, kasal o anumang okasyon na madaling ipunin ang buong mag-anak. Ang gawaing ito ay isa na namang patunay kung paano pinapahalagahan ng kanilang tribo ang pamilya na makialam at makisangkot sa mga kaganapan ng kanilang angkan.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
gamaw-gamaw. ritwal sa panggagamot (<i>png</i>) Isang seremonya na ginagawa upang gamutin ang maysakit. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng paglalagay ng isang sisiw sa balsa bilang pang-alay sa mga masasamang espiritu na nakatira sa tubig at kung ang sanhi naman ng sakit ay nagmula sa lupa, gumagamit sila ng lugaw at kanin upang maalis ang masasamang espiritu.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
garang. pulseras (<i>png</i>) Isang uri ng pulseras para sa mga babae na gawa sa tanso.	1	1	1	1.0	Lubos na Hindi Katanggap-tanggap
gásarút. sayaw pandigma (<i>png</i>) Isang sayaw na ginagamitan ng isang sibat at kalasag na kadalasang isinasagawa tuwing may espesyal na pagtitipon tulad ng pagsawit. Ang sayaw ay sumisimbolo ng kanilang pakikipaglaban upang maprotektahan ang pamayanan at mga katribo. Isa sa mga katangian ng katutubong Mansaka ay ang pag-iwas sa kaguluhan	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

at alitan sa ibang tribo subalit sila ay natututong makipaglaban kung ang kanilang pamayanan ay nasa panganib gaya ng hindi inaasahang paglusob o pang-aapi ng ibang pangkat.

gataw. ungol ng aso (<i>png</i>) Ang ungol ng aso ay nagpahihiwatig ng malas o hindi magandang pangitain. Ang sinumang makaririnig ng pag-ungol ng aso ay binabalaang magdoble-ingat dahil sa nakaambang panganib o malas. Nakabubuting hindi muna siya lalabas ng bahay upang makasiguro at maging ligtas.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Gibubayan. babaeng lider (<i>png</i>) Ang pangalawa sa pinakamataas na posisyon sa lipunan na ipinagkatiwala sa mga kababaihang may angking talino, katapatan, at pagpapahalaga sa mga batas ng tribo. Siya rin ang nagsisilbing-tagausig at tagapamahala sa mga kaganapang panlipunan na nakatuon sa mga babaeng Mansaka.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
gikub. kuweba (<i>png</i>) Ang kuweba ay madalas pagtaguan ng mga tao lalo na kapag may kaguluhan at kapag masama ang panahon. Sa madaling sabi, nagsisilbi itong kanlungan sa panahon ng panganib.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
gimba, gimbal. dram (<i>png</i>) Isang instrumentong pangmusika na pangunahing ginagamit ng tribo na <i>double-headed drum</i> . Ito ay gawa sa bahi o <i>betel nut</i> at balat ng usa. Pinatutugtog ito sa pamamagitan ng magkabilaang pagpukpok ng <i>drum</i> upang makabuo ng tunog. Hindi nawawala sa lahat ng pagdiriwang ng komunidad ang paggamit ng <i>gimba</i> o <i>gimbal</i> .	3	4	4	3.7	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
guyuk-guyukan. pag-apak (<i>png</i>) Isang pamamaraan ng pagtanggap ng mga butil ng palay sa pamamagitan ng walang tigil na pag-apak hanggang sa ito'y humiwalay sa mga dahon. Ang trabahong ito ay nakaatas sa kababaihang Mansaka.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
ibak. pagsagot (<i>png</i>) Ang pagsagot ay nagpapakita ng respeto batay sa sitwasyon. Malumanay at tila kumakanta ang pamamaraan pagsasalita ng mga Mansaka at ito ay maobserbahan sa kanilang pormal na pakikipag-usap.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
ido. aso (<i>png</i>) May mahalagang gampanin ang <i>ido</i> sa bawat pamilya dahil ito ang pangunahing tagabantay lalo na sa panahon ng pangangaso sa gubat. Sila ang tagapagbigay ng hudyat kung may darating na kaaway o panganib.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

inà. nanay, inay, mama, inang (png) Sa tribong Mansaka sila ang namamahala sa pang-araw-araw na gawain sa loob ng isang tahanan gaya ng paglalaba, pagluluto, pag-aalaga sa buong pamilya, paggawa ng mga damit, kuwintas, at mga palamuti, at iba pang gawaing pambahay at pambabae. Tungkulin niyang pagsilbihan ang kaniyang asawa at arugain ang mga anak. Dagdag pa rito, pinagbabawalan din silang gumawa ng mga mabibigat na gawain at higit sa lahat itinuturing na sila'y dekorasyon sa bahay.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
inamû. kilos-unggoy (png) Sayaw na sumisimbolo sa kilos, ugali at katangian ng mga unggoy. Ipina-pakita ng sayaw na ito epekto ng unggoy sa pangkabuhayan ng kanilang komunidad.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
inambitay. pagbabahagi (pnr) Isang kaugalian at katangiang Mansaka kung saan nagbabahagin ang mga miyembro sa komunidad sa anumang bagay o tulong para sa kasamahang nangangailangan ng tulong.	1	2	2	1.7	Hindi Katanggap-tanggap
indás. bayaw/hipag (png) Ang pagpapakasal sa Mansaka ay hindi lamang pagsasama ng dalawang taong nagmamahalan kundi pagtanggap at pagiging bahagi nito sa pamilya ng taong pinakasalan na may respeto at katapatan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
inidang. pagdarasal. (pnd) Isang seremonya na ginagawa upang humiling sa <i>Magbabaya</i> , Sa pagsasagawa ng seremonyang ito, nararapat lamang na kompleto ang mga kagamitan gaya ng kandila, kanin, kawayan, buyo, bagaybay, itlog ng manok at tabako dahil kapag kulang, ito'y makasisira. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga lumang gamit at saka tumugtog ng <i>gimba</i> at <i>agong</i> , iihawin ang <i>tuob</i> at tatawagin ang <i>Magbabaya</i> at hihingi ng bendisyon at panalangin upang ang masasamang espiritu ay hindi maghahari sa halip ay ang kapayapaan.	3	3	4	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
inuntuwán. disenyo (png) Ito ay tumutukoy sa disenyo ng blusa o <i>dagúm</i> na sumisimbolo sa ngiti ng buwaya na kadalasang makikita sa dulong bahagi ng manggas ng isang <i>dagúm</i> .	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
isù. anak (png) Sila ang tinaguriang tagasunod at tagapagmana ng buong komunidad ng Mansaka dahil sila ang magpapatuloy sa pagbibigay-buhay sa kanilang makulay na kultura at magpapatupad ng kanilang mga batas, gawi at kalinangan. Ang <i>isù</i> ay ginagamit din bilang pantukoy sa isang batang nasa	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

pangangalaga ng kamag-anak o ng ibang angkan. Ang pagiging mapagmahal sa kapwa lalo na sa mga bata ay pagpapatunay sa magandang katangiang angkin ng mga Mansaka. Samakatuwid, ang salitang ito ay nagpapahiwatig ng pagmamahal ng magulang sa anak.

isù na bubáy. anak na babae (<i>png</i>) Sa kulturang Mansaka, ang mga anak na babae ay iniingatan at pinapahalagahan ang kanilang mga dangal. Noon, kinikilalang birhen ang isang babae sa pamamagitan ng kaniyang butas sa tainga. Ginagawa ang paunting pagbutas sa tainga ng babae hanggang sa lumaki ito na simbolo ng kalinisan at kapurihan. Ibig sabihin, siya ay walang asawa at kahit kailan man ay hindi nagalaw o ginalaw ng isang lalaki.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
isù na usúg. anak na lalaki (<i>png</i>) Ang mga batang lalaki sa tribong Mansaka ay inaasahang susunod sa yapak at mga gawain ng kanilang <i>amà</i> . Sila rin ang tatayong tagapangalaga sa kalikasan at lahat ng nasasakupan nito kagaya ng mga hayop at mga pananim. Tungkulin din niyang pangalagaan ang kapakanan ng pamilya. Higit sa lahat, tutulong siya sa pagpapatupad ng batas sa loob ng kanilang lipunan.	4	3	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
kaan. magiliw (<i>pnr</i>) Isa sa katangiang Mansaka ang pagiging magiliw sa mga panauhin na kumain at sumalo sa hapag kasama ang buong miyembro ng pamilya lalo na sa panahon ng pagtitipon-tipon. Maliit man o malaking handaan, buong galak nilang ibinabahagi ang kanilang pagkain na bunga sa masaganang ani ng kanilang bukid.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kablang. kaaway (<i>png</i>) Pagdating sa sigalot at away ng mga magkakamag-anak, ginagawa nila ang lahat ng paraan upang magkaayos at magkabati ang sinomang may tampusan o away. Tungkulin ng mga pinuno ng tribo ang mamagitan upang pakinggan ang bawat panig. Ang sinumang mapapatunayang may sala ay binibigyan ng kaakibat na parusa. Kadalasan, tinatapos ang gulo ng bawat panig batay sa napagkasunduan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kabuwa. ibon (<i>png</i>) Isang uri ng ibon na karaniwang lumilitaw sa panahon ng tag-init kaya naman, ito ang nagsisilbing tagapaghudyat sa paparating na tag-init.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kagi. paniki (<i>png</i>) Kung ang nakararami ay takot sa paniki, kabaliktaran naman ito sa tribo. Madalas na inuulam ito lalong-lalo ng mga nakatira sa bukid.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

Higit sa lahat, malaking tulong ang *kagi* sa pagpaparami ng mga punongkahoy dahil sa mga butong nadadala nito sa paglipat-lipat ng lugar ngunit itinuturing din itong salot ng iba dahil sa sinisira nito ang ilang mga pananim ng komunidad.

Kaimunan. <i>pagdiriwang</i> (png) Isang pagdiriwang o <i>festival</i> na isinasagawa tuwing buwan ng Hunyo. Isang pagtitipon ng buong tribo upang ipakita hindi lang ang mga masaganang ani kundi ang mismong komunidad kung saan nangingibabaw ang respeto at pagkakaisa. Kasabay ng pagsusuot ng makukulay na damit at palamuti ay naipamamalas din ang sipag at tiyaga ng tribo dahil sa mga likas na produktong kanilang napagtagumpayang naipalabas.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kalumunan. <i>angkan</i> (png) Sa tribong Mansaka, ito ay nangangahulugang mga kaagapay o kasangga sa pagsasakatuparan ng isang gawain. Maliban pa ryan, ang kalumunan ay simbolismo ng pagdadamayang kapag ang isang kasapi ng pamilya ay may kinakaharap na problema. Nagtutulungan ang bawat miyembro upang mahanapan ng solusyon ang ano mang suliranin.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kamun. <i>banig</i> (png) Sapin sa sahig na yari sa romblong pinatuyo, pinanipis at kinulayan ng mga natural na katas ng mga halaman. Ang paggawa ng banig ay nakaatas lamang sa mga babae, bata man o matanda. Kaya, mapapansing sa labas ng kani-kanilang mga bahay, kaniya-kaniyang umpukan ang mga kababaihan sa paggawa nito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kanatam. <i>gulo o away</i> (pnr) Sa pagkakataong may away at gulo sa pagitan ng magkakamag-anak, nagtutulungan ang ibang miyembro ng pamilya upang magkaayos. Iniimbestigahan ng mga tumatayong lider ng angkan ang puno't dulo ng away at binibigyan ng karampatang parusa ang sinomang mapatutunayang may sala.	1	2	2	1.7	Hindi Katanggap-tanggap
karaduy. <i>pinakuluang gabi na may kasamang ugat nito at murang dahon. Ang mga panlasang ginagamit ay luya, sibuyas, asin at iba pang mga sangkap.</i> (png) Karaniwang inihahain ang <i>karaduy</i> sa hapag ng pamilyang Mansaka dahil maraming ganitong tanim ang tumutubo sa kanilang paligid. Madali kasi itong palakihin at paramihin.	3	3	4	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
karaw. <i>kalaw</i> (png) Isang uri ng ibon na may itim, dilaw, at pulang balahibo. Mahaba ang buntot at may malaking tuka na pinagsamang pula at dilaw ang kulay. Pinaniniwalaan na ang ibong ito ay	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

nauutusan bilang tagapagbigay-alam sa oras upang magampanan ng mga katutubo ang kanilang mga gawain sa loob ng isang araw.

karuwa. pangalawa (<i>png</i>) Katulad ng ating mga kapatid na Muslim, ang isang <i>matikadung</i> o lalaking Mansaka ay pinahihintulutan na magkaroon ng dalawa o higit pang mga asawa ayon sa kaniyang kakayahang buhayin ang bago at dagdag na pamilya. Subalit, kakailanganin din ang buong pahintulot mula sa una o sa mga naunang asawa nito. Maaaring magsama-sama ang kaniyang mga kabiyak sa iisang bubong o kaya'y bukod ang tirahan ayon sa napagkasunduan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kayamás. alimango (<i>png</i>) Ang alimangong ito ay mula sa ilog o maputik na latian na nagbibigay ng malaking tulong sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga Mansaka. Ito ay ginagawa nila pang-ulam, ngunit kapag sabay-sabay at sobrang dami ng <i>kayamás</i> ang lumalabas at umaakyat sa mga bato, nangangahulugan itong may darating na panganib o sakuna kaya kung sinuman ang makakakita ng ganitong pangyayari agad nila itong ipinaalam sa mga pinuno.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kaylog. kapatid na lalaki. (<i>png</i>) Sila ang inaasahang tutulong sa mga magulang at tatayong padre de pamilya kung sakaling wala nang mga magulang. Responsibilidad ng <i>kaylug</i> na gabayan ang mga kapatid lalo na sa panahon ng kagipitan at suportahan ang kanilang pangangailangang moral at pinansiyal.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kimud. bunso (<i>png</i>) Ang huling tagapagmana sa pamilya. Nangyayari lamang ito kung ang mga nakatatandang kapatid ay walang interes sa anumang ipapamana ng mga magulang, maging ito man ay bagay o katungkulan. Gayunpaman, ang <i>kimud</i> naman ang kinagigiliwan at nakakakuha ng espesyal na atensiyon at pagmamahal ng lahat ng miyembro pamilya.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kinabuwa. sayaw-panggagaya sa kilos at galaw ng isang ibon (<i>pnd</i>) Ito'y itinatanghal sa panahon ng ani dahil ang mga ibong ito ay karaniwang lumilitaw sa panahon ng tag-init. Isang pamamaraan din ito sa pagdiriwang at pagpapasalamat sa masaganang ani.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kubing. instrumentong panghangin na yari sa pinanipis na balat ng kahoy na labnawan, isang kahoy na parehong pamilya ng palm tree. (<i>png</i>)	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap

Tinutugtog ito kasama ang *kudlung*. Ang kalma-dong musika na nabubuo nito ay pinaniniwalaang pagiging isa at pakikipag-usap sa kalikasan kaya pinapakinggan nila ito nang mabuti.

kuda. kabayo (<i>png</i>) Nagsisilbing pangunahing uri ng transportasyon hindi lang ng mga tao kundi ng mga sako-sakong produkto mula sa sakahan gaya ng mais, gabi, saging, niyog, kape at iba pa na ibinibenta sa bayan. Ang kuda ay buhay at kabuhayan sa komunidad ng Mansaka.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kudlung. gitara na may dalawang kuwerdas (<i>png</i>) Ito ay kahawig sa <i>kudyapi</i> ng mga Muslim kung saan ang isang kuwerdas ay gumaganap bilang <i>drone</i> o <i>monotone</i> habang ang isa pang kuwerdas ay tumutugtog ng himig. Itinuturing itong sagrado ng tribo dahil ang taong nakarinig lang ng mahiwagang huni mula sa kalikasan ang maaaring humawak at tumugtog nito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kuga. nagulat (<i>png</i>) Matinding pagkagulat na madalas na nagiging ekspresyon kapag nakakarinig ng kakaibang tunog na puwedeng tawaging senyales ng gulo o masamang panahon.	3	3	3	3.0	Katanggap-tanggap
kumúkurúg. nakikitira (<i>png</i>) Isang katawagan sa taong nakikitira sa pamilyang Mansaka, na sa kabila nito itinuturing na silang kapamilya. Ito ay simbolismo ng pagiging isa at bahagi ng pamilya.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kuratong. instrumentong panghangin na yari sa tamburang o damuruwan na bahagi sa pamilya ng mga kawayan. Ito ay may butas na pahalang upang makapagbigay ng tunog. (<i>png</i>) Ang <i>kuratong</i> ay madalas ginagamit ng mga kabataan sa pagtugtog tuwing piyesta, mga pagdiriwang at pagtitipon-tipon ng komunidad.	3	3	3	3.0	Katanggap-tanggap
kurigsáw. isang uri ng palm tree (<i>png</i>) May malaniyog na hitsura na tumutubo sa maraming lugar dito sa Pilipinas. Ito ay namumulaklak ng dilaw at namumunga ng mapula at bilugang bunga. Sa kulturang Mansaka ito ay isang pangunahing sangkap sa <i>pag-ipát</i> o sayaw sa panggagamot na sinusunog tuwing isinasagawa ang seremonya. Ang <i>pag-susunog</i> ay simbolo ng pagtataboy ng masasamang espiritu na siyang pinaniniwalaang sanhi ng pagkakasakit ng isang tao.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kurintang. instrumentong pangmusika na pinupukpok at binubuo ng 9 na uri ng iba't ibang tunog (<i>png</i>) Ito ang isa sa mga instrumentong	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

pangmusika mula pa sa panahon ng mga Tsino o ang *barter era*. Kadalasang ang mga katutubo sa Mindanao ang gumagamit nito. Hindi ito nawawala tuwing may seremonyas at ritwal at maririnig ito tuwing sasayaw na ang mga pinuno at *balyan*.

kuwaaw. ibon (<i>png</i>) Isang uri ng ibon kung saan ang huni nito ay nagbibigay ng hudyat sa buong komunidad na maaari nang magsaka muli. Naniniwala ang mga Mansaka na ang <i>kuwahaw</i> ay sugo mula sa kalikasan. Ang pagsisimula ng pagsasaka ay opisyal na ipapahayag ng pinuno sa kanilang tribo. Sa pagkakataong ito, ang lahat ng miyembro ng komunidad kasama ang mga bata ay kailangang magtulungan. Sinisimulan ang gawain sa pama-magitan ng paglilinis sa isang maliit na bahagi ng lupa. Pagkatapos, kukuha ng <i>bagon</i> na may bulaklak at hahatiin ito sa walong (8) bahagi na may tig-iisang metro o dipa ang haba. Itatali sa gitna ang dalawang pinutol na <i>bagon</i> , ililibing sa lupa at saka dasalan. Kapag nagkabuhol-buhol ang <i>bagon</i> , nangangahulugan itong hindi mabuting palatandaan upang magtanim pero kapag bumilog ang <i>bagon</i> , nangangahulugang magkakaroon na ng pagka-kaingin.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kyúdkudan. paraan ng pagluluto ng isda na ibinabalot sa dahon at saka pakukuluhan sa kaunting tubig na may asin at sangkap hanggang sa maluto. (<i>png</i>) Isang katutubong pagkain na kinahihili-gan ng tribong Mansaka noong unang panahon. Maparaan at madiskarte ang mga Mansaka dahil sa panahong walang isda, ginagawang pamalit ang palakang-bukid.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lantuy. plawta. (<i>png</i>) Plawtang gawa sa kawayan na napapatugtog sa tulong ng hangin at bibig. Ito ay mayroong 8 butas na tinatawag na <i>tu-ub</i> . Bawat butas ay may iba't ibang sukat upang magkakaroon ng iba-ibang tunog. Tinutugtog lamang ito sa mga pagkakataong gustong makipag-usap sa <i>Magbabaya</i> , kalungkutan, pagkawalay, at tuwing sasapit ang mahabang tag-gutom.	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
libutun. tanim (<i>png</i>) Isang mala-saging na tanim na ginagamit upang makagawa ng magandang uri ng tela. Hinahabi ito pagkatapos matuyo. Mahalaga ang libutun sa komunidad dahil ito'y isa sa mga pangunahing materyales na ginagamit nila sa paggawa ng damit. Maliban pa ryan, dito rin nila kinukuha ang kanilang kabuhatan sa pananahi.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

limbutong. bulak (<i>png</i>) Isinusuot o inilalagay sa katawan upang hindi matamaan lalo na ng isang pana	1	1	1	1.0	Lubos na Hindi Katanggap-tanggap
Linambus. Heneral (<i>png</i>) Tagadepensa na miyembro ng mga <i>mangayaw</i> o mandirigma na may tungkuling ipaglaban at pangalagaan ang kapakanan ng buong tribo. Simbolismo ng katapangan at kapa-yapaan.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
linti. kulog at kidlat (<i>png</i>) Ang tribo ay naniniwala na kapag may linti kailangang tumigil sa anumang ginagawa at mahalagang manatili sa loob ng bahay.	1	1	2	1.3	Hindi Katanggap-tanggap
longyab. isang pamamaraan ng pangingisda kung saan gumagawa sila ng butas doon mismo sa ilog upang makulong ang isda at hindi makalangoy sa malayo. (<i>png</i>) Sa pagiging maparaan, nagiging madali na lang ang paghuli sa isda at siguradong may madadalang pang-ulam pag-uwi sa bahay.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lubid. lubid (<i>png</i>) Ang mga sinaunang lubid ay yari sa abaka at mga balat ng kahoy na ginagamit sa pang-araw-araw na pagpunta sa sakahan.	1	1	1	1.0	Lubos na Hindi Katanggap-tanggap
lugunan. talon (<i>png</i>) Ito ay tumutukoy sa talon at maliliit na uri ng ilog na iginagalang ng komunidad dahil ito ang pinagkukunan ng pagkain.	2	1	1	1.3	Hindi Katanggap-tanggap
lumun. kapatid (<i>png</i>). Tungkulin ng magkakapatid na alagaan ang kapakanan ng bawat isa at damayan sa anumang sitwasyong kinasasangkutan. Kasama na rian ang bigyang-proteksiyon ang sinumang inaagrabyado at inaapi. Pagpapatunay ito ng matibay na bigkis sa pagitan ng magkakapatid.	3	3	3	3.0	Higit na Katanggap-tanggap
lumun ngá bubáy. kapatid na babae. (<i>png</i>) Ang <i>lumun ngá bubáy</i> ay may pareho ring tungkulin ng isang <i>isù na bubáy</i> . Tungkulin niyang pangalagaan ang kapakanan ng pamilya lalong-lalo na kung mayroon siyang mga nakababatang kapatid.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lumun ngá usúg. kapatid na lalaki (<i>png</i>) Ang <i>lumun ngá usúg</i> ay may pareho ring tungkulin ng isang <i>isù na usúg</i> gaya ng tapapagpatupad ng batas sa lipunan, tagapangalaga sa kalikasan, pagbibigay-proteksiyon sa buong pamilya, at higit sa lahat, siya ang tagasunod at tagapagmana sa yapak, gawain at responsibilidad ng kaniyang amà.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lungan. alay o donasyon (<i>png</i>) Ito ay tawag sa alay na maaaring pera, bagay, pagkain o anumang may halaga na ibinibigay sa panahon ng panggagamot.	4	3	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap

Ang isang miyembro ng komunidad na nagpapagamot ay hindi na kailangang magbigay ng lungan. Samantala, ang mga hindi naman miyembro ng tribo na nagpapagamot ay sinasabihang boluntaryong magbigay sa paniniwalang hindi gagaling ang karamdamang dinadala nito.

lutwan. kaldero (<i>png</i>) Ito ang pangunahing kasangkapan sa pagluluto ng mga <i>root crop</i> , kanin at anumang madaling lutuin na pagkain. Malaki ang pakinabang ng <i>lutwan</i> sa komunidad dahil madali nilang masukat ang laman ng tubig na kakailanganin lalo pa't kadalasang pagpapakulo ang pamamaraan ng kanilang pagluluto. Higit sa lahat, naitatantiya nila ang init ng apoy na kakailanganin sa pagluluto.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
luwa. luha (<i>png</i>) Itinuturing itong sagrado ng tribong Mansaka dahil simbolismo ito ng pagiging isa sa anumang emosyong namayani sa loob ng komunidad gaya ng pagluluksa, pighati, tagumpay, kasiyahan at marami pang iba. Ito'y simbolismo rin ng pagkakaisa ng bawat miyembro ng tribo na handang makiramay at maging bahagi sa anumang pakikibaka sa buhay.	4	3	3	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
lyurut/miyarutu. ulam na niluluto sa kawayan kung saan ang lahat ng mga sangkap gaya ng karneng baboy, halamang dahon at iba pang pam-palasa ay hinihiwa nang maliliit at inilalagay sa kawayan. Pagkatapos nito, ipinapatong ang kawayan sa apoy na may katamtamang init at iha-haon ito makalipas ang ilang minuto. (<i>png</i>) Isa sa pangunahing pagkain ng mga katutubong Mansaka ang <i>lyurut o miyarutu</i> . Malaki ang pakinabang ng <i>lyurut</i> lalo na sa mga magsasaka at manlalakbay noong unang panahon dahil hindi ito basta-basta nasisira. Ang <i>lyurut</i> din ay tatak ng pagka-Mansaka dahil sila ang nagpakilala sa kakaibang pamamaraan ng paglulutong ito. Sa kasalukuyan, ang <i>lyurut</i> ay inihanda ng mga katutubo sa tuwing idinaraos ang <i>Al'law ng Tipanud</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
maawat. distansiya o layo (<i>pnr</i>) Ito ang pagkalayo-layo ng distansiya ng mga bahay-bahay sa komunidad. Ang paraan ng kanilang komunikasyon ay direktang pagtawag o pagsigaw upang malaman nila kung malapit na ba sila sa isa't isa o hindi. Hindi naging hadlang ang layo o distansiya upang hindi mag-usap at hindi magkaunawaan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
magaaru. paggawa ng kape. (<i>pnd</i>) Isang proseso ng paggawa ng kapeng mais. Ito ay karaniwang	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

makikita sa harap ng bahay ng buong komunidad kung saan sinasangag at dinudurog ang mga mais upang gawing kape. Ang kape ay bahagi ng almusal ng pamilyang Mansaka.

magagani. pag-ani (<i>pnd</i>) Ritwal na isinasagawa bilang pagdarasal sa isang mayaman at masaganang ani mula sa bukid. Ang mga sangkap inihahanda sa nasabing ritwal ay <i>apog</i> o <i>dayap</i> , bunga ng isang prutas, <i>biyo</i> o halámang ginagamit ang dahon na pambalot ng <i>ngangà</i> , tabako at inumin.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
magaipat. panggagamot (<i>pnd</i>) Isang ritwal na isinasagawa sa taong maysakit. Ito ay isinasagawa ng Balyan sa puno ng balite upang paalisin ang masamang espiritu na pinaniniwalaang pangunahing sanhi ng karamdaman.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Magbabayà. Diyos (<i>png</i>) Ang pinaniniwalaang dakilang manlilikha na nagbibigay ng mga biyaya at siyang pinagmulan ng buhay ng Tribong Mansaka. Malaki ang respeto at pagpapahalaga ng tribo sa <i>Magbabaya</i> , makikita ito sa mga alay na kanilang ibinibigay sa panahon ng pagdarasal. Maliban pa ryan, itinuturo rin nila sa mga kabataan kung gaano sila pinagpala at kung paano dininig ng <i>Magbabaya</i> ang kanilang mga asal. Kaya naman, ang mga kabataang ito ay kakikitaan ng pagiging madasalin at relihiyoso.	4	3	4	3.7	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
magbuburung. manggagamot (<i>png</i>) Siya ang nata-tanging may karapatang magsagawa ng <i>pag-buburung</i> . Isa sa kaniyang pangunahing tungkulin ay gamutin ang sinumang miyembro ng komunidad Mansaka na may sakit maliban sa <i>Balyán</i> o Baylán. Maaari rin naman siyang manggamot ng mga di-katribo ngunit ito ay nangangailangan ng pag-aalay. Respetado ang mga <i>magbuburung</i> sa loob ng komunidad dahil hindi lahat ang may angking kakayahang na makapanggagamot at makapagpagaling.	3	4	4	3.7	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
maglungan. pag-aalay o pagbibigay (<i>pnd</i>) Ang pagbibigay ng kaunting halaga o alay gaya ng baboy ay ginagawa ng Mansaka sa paniniwalang mas magiging epektibo ang panggagamot sa tulong ng mga alay na ito. Higit sa lahat, ginagawa ang pag-aalay upang hindi mahahawaan ng sakit ang manggagamot sa panahon ng ritwal. Ang kagawiang ito na pagbibigay ng alay ay angkop lamang sa mga nagpapagamot na hindi kabilang sa tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
magurang. panganay (<i>png</i>) Sa kulturang Mansaka, ang pagiging magurang ay may kaakibat na	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

malaking responsibilidad. Itinuturing siyang kanang kamay ng mga magulang. Siya ang tumatayong ama kapag ang huli ay dumadayo sa ibang lugar upang maghanapbuhay, gayon din kapag wala ang ina sa bahay, siya ang tumatayong ina upang tingnan at alagaan ang mga nakababatang kapatid.

mamaan. lagayan (<i>png</i>) Maliit na kahon na gawa sa tanso na nagsisilbing lagayan ng nginunguyang sangkap. Kadalasang makikita ito sa mga matatanda na nakasabit o nakasuksok sa kanilang damit. Ang mga sangkap na ito ay sagana sa <i>calcium</i> na sanhi ng pagkakaroon nila ng matibay na ngipin.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
mamarayi. pamamanhikan (<i>pnd</i>) Ginagawa ito ng pamilya ng lalaki sa angkan ng babae na nais niyang pakasalan. Dito isinasagawa ang masinsinang pag-uusap tungkol sa gaganaping kasal. Upang matuloy ang kasal, kinakailangan na ang lahat ng mga kondisyon at kahingian mula sa pamilya ng babae ay napagkasunduan nang maayos. Maaaring ipagpaliban muna ang araw ng pag-iisang dibdib kung may mga bagay na hindi gaanong napagkasunduan ng dalawang panig.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
manabingay. babaeng mananahi (<i>pnd</i>) Sila ang itinuturing na tagapagtaguyod ng mga kultural na materyal dahil sila ang inaasahang tagapag-ingat nito. Tungkulin rin ng mga <i>manabingay</i> na turuan ang mga batang babaeng Mansaka sa pananahi ng mga tradisyonal na damit sa layuning mapanatili ito ang kanilang kultura.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
managamun. komadrone (<i>png</i>) Ang babaeng nagpapaanak at nagbibigay ng pangalan sa bagong silang na sanggol.	1	1	1	1.0	Lubos na Hindi Katanggap-tanggap
manawag-tawag. pagdarasal (<i>pnd</i>) Isang pamamaraan ng pagdarasal kung saan tinatawag nila ang mga espiritu upang sila'y pakinggan sa kung anumang bagay na kanilang hinihiling o dinarasal. Kasama sa pagtawag ang pagpapausok at paglalaragay ng mga alay gaya ng manok, bigas at iba pa.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
mangayaw. mandirigma (<i>png</i>) Isang grupo ng mandirigma ng tribo na siyang nangangalaga sa seguridad at kaayusan ng buong komunidad. Natutukoy ang kanilang katungkulan dahil sa bitbit na kalasag at sandata gaya ng bangkaw, itak at kutsilyong gamit sa pangangaso. Sa panahong may magtatangkang lumusob sa kanilang teritoryo, sila ang	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap

inaasahang makikipag-away at makikipaglaban-laban sa mga mananakop.

Mangkatadung. <i>matatanda</i> (png) Ito ay tumutukoy sa mga pangkat ng matatanda sa loob ng komunidad. Ito ay kalipunan ng mga katutubong may edad 60 pataas na kadalasang may angking talino at malalim na kaalaman sa kasaysayan, kultura at tradisyong Mansaka. Iginagalang sila ng buong komunidad dahil sila ang kinikilalang tagapag-ipon at tagalikom ng mga kaalaman at kasaysayan ng komunidad na kalaunan nama'y ibabahagi ng mga mangkatadung sa bagong henerasyon upang lubos na mapahalagahan at mapanatili ng mga kabataang ito ang kanilang lahi at pinanggalingan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Maniklad. <i>major</i> (png) Katumbas ng major na katungkulan sa sundalo. Isang ranggo o posisyon na miyembro ng mga mangayaw o mandirigma na may tungkuling protektahan ang kapakanan ng buong tribo, kaya sila ay tinaguriang tagadepensa.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Matikadung. <i>pinuno</i> (png) Ang pinakamataas at pinakasagradong posisyong panlipunan na ipinagkatiwala sa komunidad kung saan kadalasang mga lalaki ang nabibigyan ng pagkakataong humawak at manungkulan sa ganitong posisyon. Ito rin ay tumutukoy sa nakatatandang pinuno na pinili, iginagalang, minamahal at ipinagkakatiwalaan ng mga katribo batay sa kaniyang mga katangian sa pamumuno. Isang kahingian din sa pagpili ng Matikadung ay ang pagkakaroon ng malalim at komprehensibong kaalaman sa mga nakagawiang batas, kaugalian at kulturang Mansaka. Dagdag pa nito, nararapat ding may angking talino at kakayahan sa pamamahala ng pananalapi, kakayahan sa pagdedesisyon at higit sa lahat ang pagiging isang mahusay na tagapamagitan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
osaran. <i>dikdikan</i> (png) Ito ay tinatawag na <i>mortar and pestle</i> sa wikang Ingles. Isang kasangkapan sa pagdurog o pangdikdik ng mga sangkap gaya ng <i>kurigsaw</i> o <i>beetle nut</i> at iba pa. Sa paniniwalang Mansaka, naging mas epektibo ang isang halaman o sangkap kapag ito'y dinudurog upang makuha ang natural na lasa at benepisyong pangkalusugan.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
pabal'long <i>libangan</i> (png) Ang libangan ng komunidad ay sayawan, kantahan at tugtugan gamit ang tradisyonal na instrumentong pangmusika. Kasama rin dito ang mga larong palakasan gaya ng sipa, bangkaw at pakikipagbuno. Sa anumang kasiyahan mayroon ang komunidad palaging nasusunod	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

ang mga matatanda, gaya halimbawa na kapag sinabihang itigil na ang kasiyahan lalo na kapag malalim na ang gabi, kailangang sundin ito ng mga tao. Ginagawa ito ng mga matatanda sa paniniwalang may mga masamang espiritu na daraan sa gitna ng kanilang kasiyahan.

pagarungan. salamin (<i>png</i>) simbolismo ng lipunang Mansaka na makikita sa kanilang panitikan.	1	1	1	1.0	Lubos na Hindi Katanggap-tanggap
pagindarana. daan (<i>png</i>) Ang mga kalsada ay may koneksiyon sa paniniwala ng tribo kung saan mas magandang dumaan sa makitid na daan dahil ito ay nagdudulot ng kasiyahan at madaling makatuklas ng mga bagong kaalaman. Paniniwala ng tribo na ang makitid na daan ay nagbibigay ng oportunidad na maging mapagmatyag at malay sa mga nangyayari sa paligid.	2	2	2	2.0	Hindi Katanggap-tanggap
pag-indù. pagtuturo (<i>pnd</i>) Eksklusibong seremonya para sa miyembro ng pamilya na isinasagawa ng <i>Balyán</i> at ng iba pang pinuno ng komunidad upang ipasa ang kaalaman tungkol sa tribo. Ito’y ginagamitan ng bagaybáy na inilalagay sa gitna ng bahay, <i>kurigsaw</i> na nakabitin at banig na nakalatag sa sahig. Sa tribong Mansaka, dalawang babaeng miyembro ng pamilya ang tumatanggap ng nasa-bing seremonya.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
pag-ipát. panggagamot (<i>png</i>) Isang uri ng sayaw sa panggagamot upang mapagaling ang maysakit na ginagamitan ng sinunog na halaman gaya ng <i>kurigsaw</i> , <i>buyo</i> , <i>apug</i> , tabako at <i>turob</i> . Ang mga hakbang ay nakasunod sa tama at itinakdang kilos na hindi basta-bastang nababago, habang ginagawa ito ay may dasal na ibinubulong.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
pagsawit. pagtitipon (<i>png</i>) Isang seremonya ng pasasalamat sa mga biyayang natanggap ng komunidad lalo na sa masaganang ani	2	1	1	1.3	Hindi Katanggap-tanggap
pag-urug. pamamanhikan (<i>png</i>) Isang pamamanhikan kung saan nalalaman kung magkano ang hihingiin ng pamilya ng babae sa lalaki. Ipina-paalam din dito kung magkano ang babayarang halaga ng lalaki sa nagastos ng ina sa pagpapalaki ng kaniyang anak na babae.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
pamurang. pulseras (<i>png</i>) Isang uri ng pulseras na gawa sa kahoy at pinatuyong <i>seashells</i> . Karaniwang isinusuo ito ng mga kababaihan sa tuwing may <i>piyagsawitan</i> o pagtitipon-tipong nagaganap sa loob	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

ng tribo. Ang *pamurang* ay isinusuot na magka-kasunod ayon sa laki nito. Samakatuwid, mas maraming pamurang, mas kaakit-akit tingnan.

pandi. saya (png) Ang tela ay binubuo ng maliliit na kuwadrang disenyo na kulay pula, abo, itim, at kayumanggi. Ito ay may katamtamang haba upang hindi mahirapan ang mga kababaihan sa paglalakad at pagkilos. Maihahalintulad ito sa malong ng mga Muslim at *patadyong* ng mga Bisaya kung saan isinusuot ito sa pamamagitan ng pagtali ng magkabilang dulo. Kagaya ng *dagúm*, ang telang ginamit ay hinabi pa ng mga ninuno ngunit sa pagdaan ng panahon at pagkawala ng mapagkukunang materyales, nabibili na rin ito sa mga tindahan gamit ang mga sintetikong materyales at makabagong pamaraan ng paggawa ng tela.

4 4 4 4.0 Lubos na Katanggap-tanggap

pangampa isang seremonya kung saan ang mga lumang gamit ay tinitipon ng mga lider ng tribo bilang pagbibigay-halaga sa mga ninunong unang nagmamay-ari nito. (png) Sa pamamagitan ng seremonyas na ito, nananatiling bago ang antigong gamit na pakikinabangan hindi lang ng pamilya kundi ng buong komunidad. Nakapaloob sa batas ng tribo na anumang gamit na pagmamay-ari ng pamilya gaya ng damit, instrumento at iba pa, lalo na't may kinalaman sa kultura at tradisyon ng Mansaka ay pangangasiwaan din mismo ng pamilya dahil inaasahang nalinang na nila ang kakayahan at kaalaman tungkol sa kahalagahan ng mga bagay na ito kasama ang gabay ng kanilang mga ninuno.

4 3 3 3.3 Lubos na Katanggap-tanggap

pangapug. pangkalahatang ritwal (png) Ang bawat ritwal ay may kani-kaniyang tawag. Nakabatay ang mga tawag nito sa uri at katangian ng pagsasagawa ng ritwal. Ang *pangapug* ay itinuturing na nasa tuktok sa lahat ng uri ritwal na ginagawa dahil ito ang pangkalahatang tawag nito. Kapag nagsasagawa ang buong komunidad ng ritwal ginagamit nila ang terminong ito, at saka na lang nila nalalaman ang espesipikong uri ng ritwal kapag mayroon nang mga detalyeng ibinibigay.

4 3 3 3.3 Lubos na Katanggap-tanggap

pangiyak. pagtawag o pagsigaw (pnd) Pagtawag o pagsigaw ng *hooo*. Isang uri ng komunikasyon noong unang panahon kung saan tinatawag nila ang kamag-anak o kapitbahay upang ipaalam na siya'y nakauwi na o nasa bahay na.

4 4 4 4.0 Lubos na Katanggap-tanggap

paruda. kamote (png) Ang paruda ay pangunahing pagkaing inihahanda ng pamilyang Mansaka.

4 4 4 4.0 Lubos na Katanggap-tanggap

Niluluto ito sa iba't ibang kaparaanan sa layuning makapaghain ng iba-ibang uri at lasa sa hapag. Ito ay pangunahing produkto ng kanilang sakahan at nagsisilbing pangkabuhayan na rin ng iilang pamilyang Mansaka na hindi nakatutok sa paggawa ng mga *crafts* o paghahayop.

parundag. isang saksoponong kawayan na may habang 60 sentimetro at may limang butas. Pina-patugtug ito sa tulong ng hangin, gamit ang bibig o ilong. (png) Sinasabing may angking husay at galing ang sinuman na makabuo ng musika sabay sa pag-ihip at pagtakip sa mga butas ng kawayan upang makabuo ng tunog at himig. Kinakailangan ding may taglay na mahabang pasensiya at kahusayan sa pagtukoy sa musika at nota ang gagamit nito. Ito ay mas malaki pa sa <i>lantuy</i> na isang instrumentong panghangin din.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
parutgut. kuwintas (png) Isang uri ng palamuti sa leeg na parang <i>choker</i> kung pagmasdan. Gawa sa <i>beads</i> na itinali at itinahi upang maging kuwintas. Ito ay may iba't ibang disenyo na kadalasang may 4 hanggang 7 kulay. Nagkaiba-iba ang hitsura nito, may hugis duyan, parisukat at parihaba. Ang palamuting ito ay bahagi ng pagkakikilanlan ng pagiging Mansaka kung saan ang mga materyales ay kinukuha lang din sa kanilang paligid.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
patakyâ. lagayan (png) Isang mallit na kahon na yari sa metal na nagsisilbing sagradong taguan ng mga pamana at anumang pinagkaingat-ingatang bagay mula sa mga ninuno, kagaya ng damit, palamuti, alaala, at iba pa. Kasama ring itinatago sa <i>patakyâ</i> ang mga alay o handog na ibinibigay ng lalaking Mansaka noong panahong siya'y nanliligaw pa. Ang tradisyonal na <i>patakyâ</i> ay maaaring gawa sa bronse at ginto, depende sa gusto ng taong nagpapagawa nito. Ang pagiging punô ng <i>patakyâ</i> ay simbolismo ng kasaganahan ayon sa mga matatanda.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
pawâ. sakahan (png) Isang bahagi ng bukid na kadalasang makikita ang iba't ibang uri ng mga pananim. Ang masagana at luntiang <i>pawâ</i> ay nanganagahulugan ng kasipagan at dedikasyon ng may-ari. Ito'y indikasyon na may makakain ang buong maganak sa panahon ng tag-ulan. Simbolismo rin ito ng karagdangang kita bilang pantustos sa gastusin ng buong pamilya.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
pislitan. palawit (png) Nagsisilbing sabitan ng <i>patadyong</i> . Maaari itong pagsabitan ng mga <i>beads</i>	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

upang makalikha ng mga tunog sa panahon ng pag-sayaw ng isang *gibubayan*. Ito'y walang praktikal na gamit kundi pawang palamuti lang sa damit.

piyagkagpa. kuwintas (png) Isang uri ng kuwintas na pumapangalawa sa *parutgut*. Ito ay mayroong 4 hanggang 6 na kulay na kadalasang may

heometrikal na disenyo. Kung pagbabatayan ang mga unang henerasyon ng tribo, ito ay natatanging uri ng kuwintas dahil sa pambihira nitong dibuho ngunit dahil na rin sa teknolohiya at modernisasyon nagkakaroon na ito ngayon ng pagkakahawig.

4 4 4 4.0 Lubos na Katanggap-tanggap

Piyagsawitan. pagdiriwang (png) Tulad ng *Al'law ng Tipanud*, ang buong tribo ay nagsama-sama para sa isang espesyal na okasyon. Ang *piyagsawitan* ay isang pagtitipon-tipon ng pasasalamat bago at pagkatapos ng ani bilang pasasalamat sa *Magbabayà* (Diyos). Ang buong tribo ay gayak na gayak at nagsusuot ng magagarang damit lalong-lalo na ang mga kababaihan. Sari-saring mga sayaw at musika ang ipinamalas na nagpadagdag sa pagiging buhay at makabuluhan ng *piyagsawit*. Nagiging instrumento ang ganitong pagtitipon upang magkumustahan sa mga buhay-buhay. Pagkakataon din ito upang pansamantalang makapagpahinga sa mga araw-araw na gawain lalo na sa bukid.

4 4 4 4.0 Lubos na Katanggap-tanggap

pratina. palawit (png) Ito ay gawa sa pilak, hugis bilog at may sukat na 15 sentimetro ang diyametro. May iba-iba at kaakit-akit na disenyo na isinusuot sa gitnang bahagi ng dibdib ng isang *gibubayan* na itinuturing na kakaibang pagkakilanlan para sa isang babaeng Mansaka. Kadalasan, mga anak ng *Bia* ang nagsusuot nito sa tuwing may pagtitipong nagaganap sa loob ng tribo ngunit sa pagdaan ng panahon, naging simple na lamang ang anyo ng isang *pratina* dahil hindi naituro at naipasa ang gal-ing at husay ng mga ninuno sa pagdidisenyo nito.

3 3 3 3.0 Katanggap-tanggap

pungkoy. kadahilanan (png) Tumutukoy sa mga rason at mga sitwasyon na nagbibigay ng negatibo at positibong impluwensiya sa tao sa paligid. Maaaring ang kadahilanan ito ay sinadya o itinadhanang mangyari. Sa ganitong pagkakataon, ipinapaubaya na lang nila sa kalikasan kung ano ang posibleng mangyari sa paniniwalang lahat ng ito ay may malalim na dahilan.

4 3 3 3.3 Lubos na Katanggap-tanggap

purong. <i>sombrero</i> (png) Telang panakip sa ulo sa mga kalalakihan na itinataling patatsulok. Ito ay pula at may burdang disenyo na nangangahulugang may ranggo o posisyon sa lipunan ang taong nagsusuot nito.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
rangub. <i>kuweba</i> (png) Itinuturing na kanlungan ng buong komunidad. Noong unang panahon, ang <i>rangub</i> ang naging tagapaligtas ng mga tao lalo na sa panahon ng digmaan. Dito nananatili ang tribo hanggang sa humupa ang kaguluhan.	2	2	1	1.7	Hindi Ka-tanggap-tanggap
saagkil. <i>pulseras sa paa</i> (png) Isang uri ng pal-amuti na inilalagay sa bukong-bukong ng paa. Isinusuot ito ng parehong babae at lalaki lalong-lalo na kapag may malaking pagtitipon gaya ng piyag-sawitan. Sa aspetong ito, naiwasto ang konseptong babae lamang ang maaaring magsuot ng mga pal-amuti. Naipakita rin na ang mga lalaking Mansaka ay hindi lamang nakakahon sa pagsusuot ng kuwintas bilang pagpapakita ng kanilang katapangan.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
sadók. <i>sombrero</i> (png) Isang panakip sa ulo para sa mga kalalakihan na may burda at kulay pula. Ang nagsusuot nito ay mga karaniwang mamamayan o walang ranggo sa komunidad. Pangunahing gamit nito ay proteksiyon mula sa init ng araw.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
sampad. <i>hikaw</i> (png) Malaking hikaw na kulay itim. May disenyong mandala at hugis bilog kagaya ng <i>paratina</i> . Ang <i>sampad</i> ay simbolismo ng mayamang deposito ng ginto sa kanilang lugar. Makikita itong sinusuot ng mga <i>gibubayan</i> sa panahon ng mga espesyal na pagdiriwang.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
sangkaburos. <i>pagbilang</i> (png) Isinaalang-alang din ng komunidad ang kakayahan ng bawat miyembro sa pagbibilang. Hindi lamang sapat na matuto sa mga gawaing bukid dahil kasabay sa pagkatuto ng mga bagay na ito, tinuturuan din nila ang mga bata na magbasa at magbilang upang hindi sila maging biktima ng panlololoko paglabas nila sa kanilang komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
saryada. <i>kanta</i> (png) Isang uri ng kanta o <i>chant</i> na nagsasalaysay sa mga kaganapan sa buong tribo na nakabatay sa kanilang nakita at nasaksihan. Ito ay kadalasang ginagawa kapag may pagdiriwang o pagsasalo-salo na kung saan ito'y isang angkop na sitwasyon upang maibahagi sa ibang miyembro ng tribo ang mga kaganapan sa buong komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

sasal. sawali (<i>png</i>) Isang tradisyonal na dingding na gawa sa kawayan. Ang isang kawayan ay hinahati gamit ang itak upang lumapad. Pagkatapos nito, ito ay pinagtabi-tabi at pinagsama-sama upang maging sapat na gawing dingding. Sa katagalan, nagkaroon ng inobasyon at nilalagyan na ng disenyo at tinawag itong <i>amakan</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
sawal. pantalon (<i>png</i>) Ang pantalong ito ay may disenyong burda na may kaugnayan sa kapaligiran gaya ng hayop at mga insekto.	1	1	2	1.3	Hindi Ka-tanggap-tanggap
Sayaw Pagpanggas. sayaw sa pagtatanim (<i>pnd</i>) Isang ritwal-sayaw bago ang pagtatanim bilang panaboy sa masasamang espiritu upang magkaroon nang maayos at masaganang ani. Tanging ang mga babae ang gumagawa ng pagsasayaw na ito na tinatawag na sumisiday.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Sayaw Pagbaruy. sayaw pangkasal (<i>pnd</i>) Isinasayaw ito ng bagong kasal sa panahon ng seremony. Bilang mag-asawa, kailangang maipakita nila sa lahat ng bisita ang tunay at dalisay na pagmamahal sa pamamagitan ng sayaw. Isa rin itong pamamaraan upang patunayan ng lalaki na hindi nagkamali ang babae sa pagpili sa kaniya.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
silag. manghuhula (<i>png</i>) Ang <i>silag</i> ang inaasahan ng komunidad na gabay upang makaiwas sa kapa-hamakan. Inaasahan ding siya ang magbibigay ng solusyon o kalinawan sa mga tanong o kalituhan tungkol sa isang bagay o sitwasyon.	2	2	1	1.7	Hindi Ka-tanggap-tanggap
silatan. silangan (<i>png</i>) Ang posisyon kung saan unang makikita ang sinag ng araw. Sa kulturang Mansaka, ito ay nangangahulugang maganda ang buong araw at isang magandang pagkakataong magtanim sa sakahan. Higit sa lahat ito ay hudyat na pagsisimula ng mga gawaing nakagawain at nakasanayan na sa buong komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
simang (<i>png</i>) Isang gamit sa kusina na may kakayahang makabuo ng manipis hanggang sa makapal na usok. Ang mga usok na ito ay nagsisilbing panaboy sa mga insekto lalo na sa hapon kung saan naglalabasan na ang iba't ibang uri ng insekto. Maliban pa rian, ang usok na ito ay ginagamit ring panaboy sa mga masasamang elementong umaaligid sa komunidad.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
simbaray. kapitbahay (<i>png</i>) Ang pagpapahalaga sa pamilya ay pangunahing prinsipyo ng tribo kaya naman, ang magkakamag-anak ay nararapat	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

magkakasama sa isang lugar upang pangalagaan at protektahan ang bawat isa. Naniniwala rin silang ang komunidad ay nabubuo dahil sa pagkakaisa ng mga mamamayan. Dagdag pa rito, ang pagkaka-lapit-lapit ng mga bahay ay simbolismo ng pagkakasundo dahil sa usok na ibinubuga ng bawat kusina.

sinakáysakay. pagsidsid na sayaw (png) Isang sayaw sa pamamagitan ng pagsidsid. Pinaniniwalaan ng tribong Mansaka na ang pagsasagawa nito ay nagsisimbolo ng katuparan sa kanilang mga kahilingan sa buhay tulad ng malusog na pangangatawan, masaganang ani at agarang paggaling sa karamdaman.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
sinángkiki. sayaw sa panliligaw (png) Ito’y simbolismo ng isang lalaking Mansaka sa kaniyang pagiging pursigido sa tuwing may napupusuang babae. Isang sayaw ng panliligaw na ginagamitan ng sibat at kalasag. Ipinapahiwatig ng sayaw ang kaniyang adhikain na mapapasagot ang nililigawan at kalaunan ay tanggapin ang alok ng kasal.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
sipit. pagkarga (pnd) Pagkarga sa isang bata sa panahon ng pagbibinyag. Ang buong mag-anak o kakilala ay magtitipon-tipon upang pagdesisyonan ang magiging apelyido ng bata. Ang apelyido ng sinumang ikalabingwalong nagkarga sa bata ang siyang susundin at gagamitin ng batang bibinyagan. Wala sa konsepto ng Mansaka na kung ano ang apelyido ng tatay ay iyon ang susundin ng mga anak. Natutukoy nila ang magiging apelyido ng bata sa pamamagitan ng sipit. Kaya, hindi nakapagtataka na kahit magkapatid ang dalawang nilalang ay hindi sila magkaapelyido.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
siring pagsunod (png) Pagtalima sa kinagisnang kultura kung saan ang tradisyon at paniniwala ay hindi maaaring baguhin at palitan. Kasama sa mga ito ay ang disenyo ng mga damit at palamuti sa katawan. Ang paglabag sa tradisyonal na pagsuot ng damit ay malaking kasalanan sa buong komunidad. Hindi mahalaga kung hindi kompleto ang mga palamuti sa katawan basta ang lahat ng isinusuot ay tunay at totoo.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
sumpit. laro (png) Isang katutubong laro gamit ang maliit na kawayan kung saan hinihipan ng manlalaro ang butas ng kawayan upang mailabas ang buto ng <i>kurigsaw</i> na isinuksok sa butas nito. Ang manlalarong may pinakamalayong distansiya sa pag-hip ng buto ng <i>kurigsaw</i> ay siyang tatanghaling panalo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

Ang larong ito ay tagisan ng lakas sa pag-ihip o pagbuga ng hangin. Dito masusukat kung gaano katibay ang baga ng isang tao.

suroy. palamuti (<i>png</i>) Bahagi sa damit ng mga babaeng Mansaka na makikita sa gilid ng blusa na may hugis tatsulok. Ito ay bahagi pa rin ng palamuti sa damit na simbolismo ng kanilang makulay at mayamang kutura.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
tabing. pananahi (<i>pnd</i>) Ang tarabahong ito ay nakaatas sa mga babae. Inaasahan sa mga babaeng Mansaka ang pagiging mahusay sa mga gawaing-bahay dahil nga sa paniniwalang sila ay mga palamuti lang. Kasama sa itinatahi nito ay ang mga tradisyonal na kasuotan.	4	3	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Tagamaring. diwata (<i>png</i>) Sa paniniwala ng tribong Mansaka ito ay isang diwata ng kagubatan na siyang nangangalaga sa likas na yamang nakapaligid sa kanilang komunidad. Siya rin ang pinaniniwalaang manlilikha ng isang sagradong huni ng musika na ang tanging makaririnig lang nito ay mga taong pinili at biniyayaan ng natatanging talento at kanasayan sa pagtukoy at pagtugtog ng nasabing huni. Ang nasabing sagradong huni ay naililipat niya sa pamamagitan ng paggamit ng instrumentong pangmusika na tinatawag na <i>kudlung</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
taganak. kamag-anak (<i>png</i>) simbolismo ng pagkakaisa at pagdadamayan kahit pa man sa distansiya, lokasyon, at hidwaan.	2	2	2	2.0	Hindi Katanggap-tanggap
tagiblus. kuwintas (<i>png</i>) Palamuti sa katawan na isinasabit sa leeg katulad ng isang parutgut. Ang kaibahan ng kuwintas na ito ay sobrang mahaba na aabot hanggang sa puson ng nagsusuot. Bahagi pa rin ang palamuting ito sa pagpapakita ng mayamang kultura ng komunidad. Kagaya ng ibang palamuti ang mga materyales ay biyaya ng kalikasan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
tagud. pasensiya (<i>pnr</i>) Ang tribong Mansaka ay marunong maghintay at maingat sa kanilang mga desisyon. Ayaw nilang magkamali at Masisi kung halimbawang magkamali sila sa kanilang desisyon batay sa hinihingi ng sitwasyon.	2	1	2	1.7	Hindi Katanggap-tanggap
taklay. pulseras (<i>png</i>) Pulseras na gawa sa butil o <i>beads</i> na kadalasang ang disenyo ay repleksiyon ng kalikasan. Marami at magkaiba-iba ang mga disenyo nito, patunay na mayaman at masagana ang kalikasan dahil hindi inaabuso ng mga tao noong unang panahon.	3	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

taku. instrumentong pangkuwerdas na gawa sa kawayan na may habang 60 sentimetro. Ang mga kuwerdas sa gilid ay nilalagyan ng kahoy upang makabuo at makontrol ang tunog. (png) Ito ay pinapatugtog sa panahon ng mahahalagang okasyon kasabay ng <i>kudlung</i> . Ang mga tunog ng kalikasan ay inspirasyon ng halos lahat ng instrumentong pangmusika ng komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
tamburang. balde (png) Baldeng gawa sa kawayan na nilalagyan ng kung ano-anong gamit gaya ng mga personal na gamit, kasangkapan sa paghahabi o pagtatrabaho, at iba pa. Ito ang gamit ng mga babae sa pagpasan ng mga dala-dalihin. Sa kawalan ng bag noong unang panahon ang tamburang ay nagsisilbi na ring lagayan ng mga personal na gamit.	3	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
tangun. pagluluto (pnd) Sa kulturang Mansaka, ang punong abala ay nagluluto ng espesyal na pagkain para sa mga bisita. Pantay-pantay itong inihahain sa lahat ng mga naroroon at walang sinoman ang tatayong walang laman ang tiyan o gutom. Sa pag-alis naman ng mga bisita, pinaba-baonan sila ng pagkain upang sa biyahe ay hindi sila magugutom.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
tarabon. instrumentong pangmusikang pinupukpok na mas malaki pa sa agong. (png) Malaki ang papel na ginagampanan ng <i>tarabon</i> sa kanilang komunidad dahil ito ang ginagamit sa pagbibigay ng mga hudyat o panenyas sa panahon ng digmaan. Mahalagang may labis na kahusayan ang taong nakatalaga rito upang maging magaan at madali ang pakikipagkomunikasyon sa gitna ng giyera dahil ang kakulangan sa kasanayan sa paggamit nito ay maaaring maging sanhi ng kanilang pagkatalo.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
tari. panghuhula (png) Isang makalumang pamaraan ng paghuhula sa isang nawawalang tao, bagay, hayop o di kaya'y pagtukoy sa panahon. Ang panghuhula o ritwal ay ginagamitan ng hilaw na bigas at itlog kung saan inilalagay sa gitna ang itlog na pinalilibutan ng mga bigas. Ang paggalaw ng itlog at bigas ang siyang binibigyang interpretasyon ng manghuhula.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
tawag. pagkilala sa isang tao o palayaw (pnd) Ang tawag sa isang indibidwal ay nakadepende sa kaniyang pisikal na anyo, kilos o gawi, at katangian. Nakagawian ng komunidad ang pagtawag upang madaling makilala ang isang miyembro kung sakaling hindi pamilyar ang pangalan nito. Ito ay karaniwang ginagawa ng mga matatanda sa	1	2	2	1.7	Hindi Katanggap-tanggap

kadahilanang hindi nila alam ang tiyak na pangalan ng tinutukoy lalo na sa mga bagong henerasyon.

tigmad. pinagmulan (<i>png</i>) Ang simula at pagsilang ng tribong Mansaka. Ito’y pagkilala sa kultura at tradisyon ng tribo upang mas lalong maunawaan at mapahalagahan ng mga bagong sibol ang kanilang pinanggalingan. Ang pagyabong ng tribo ay nakasalalay na ngayon sa mga kabataang Mansaka kung paano nila pagyamanin at pag-ibayuhin upang hindi mawala at makalimutan ang kanilang pinagsimulan.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tinanap. ahas (<i>png</i>) Sa konteksto ng panitikan, binibigyan ng konotasyon ang ahas na traydor pero sa komunidad ng Mansaka, itinuturing nila itong may pakinabang dahil sa ginagawa nilang pagkain ang karne nito depende sa uri. Maliban pa rito, napapakinabangan din nila ang balat ng isang <i>tinanap</i> upang gawing sinturon.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tipanud. ninuno (<i>png</i>) Ang tawag sa mga unang tatlong Mansaka. Sila ang itinuturing na naghulma sa imahe ng tribo kung ano man sila ngayon. Sa kanila naisilang at naitatag ang mga paniniwala, kultura at tradisyon na patuloy pa ring isinasagawa sa kasalukuyan.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tuklû. sibat (<i>png</i>) Isang sibat na naging batayan sa tradisyonal na laro. Ang panuntunan sa nasabing laro ay kinakailangang tamaan ng manlalaro ang isang bagay na nakapuwesto ng mahigit kumulang 10 metro ang layo. Uusad ang layo nito sa tuwing may manlalarong tumama sa target. Tatanggalin sa kompetisyon ang hindi makatama sa target at ang natirang manlalaro ay siyang mag-uwi ng gantimpala.	3	4	4	3.7	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
turong. sombrero (<i>png</i>) Isang uri ng panakip sa ulo na gawa sa tela na may iba’t ibang kulay depende sa ranggo ng nagsusuot.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
turub. halaman (<i>png</i>) Isang uri ng halaman na ginagamit at sinusunog sa panahon ng ritwal. Pinaniniwalaan ng komunidad na ang nasabing tanim ay may angking kapangyarihan upang palayasin ang masasamang elemento o espiritu na nasa paligid.	4	3	4	3.7	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tutukanon. mga bugtong (<i>png</i>) Ang kadalasang paksa ng kanilang bugtong ay pagkain, kalikasan, bahagi ng katawan, patakaran sa bahay o pamilyanan, at iba pang mga likas na pangyayari. Bihira nilang ginagamit ang paksa ang tungkol sa mga	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

espiritu at supernatural na nilalang sa paniniwalang ito'y magbibigay ng malas o kamatayan sa taong gagamit nito. Ang bugtong-bugtongan ay isang paraan ng libangan o pagpapahinga mula sa buong araw na trabaho. Nagtitipon-tipon ang buong mag-anak sa gabi at ginagawa nila ito.

tutunli. <i>pagturo (point)</i> (png) Ito ay nangan-gahulugang diretsahang pagturo sa indibiduwal para sa isang posisyon. Ito ay pamamaraan ng pagpili ng pinuno sa kanilang tribo. Sa panahon ng botohan, tatayo sa harap ng katribo ang mga nominado. Itatala ng mga inatasang indibiduwal ang bawat pagtuturong matatanggap ng bawat kandidato. Ka-gaya ng nakasanayang proseso, bibilangin ang bawat <i>pagtunli</i> para sa isang nominado at ang makakakuha ng pinakamaraming boto ang siyang mananalo. Kalimitang ginagamit ang <i>pagtunli</i> kung may mga katribong wala o kulang ang kakayahang bumasa at sumulat.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tyabidak. <i>lugaw na may sangkap na gabi, bawang, sili at mga halamang damo.</i> (png) Isang uri ng katutubong pagkain ng Mansaka na espesyal na niluluto para mapanumbalik ang lakas at sigla ng katawan. Isa itong pagkaing pampainit sa mga komunidad na nasa bukid upang labanan ang lamig lalo na sa gabi.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
ubád. <i>dote (dowry)</i> (png) Ito ay ari-arian o bayad na ibinibigay sa oras ng kasal. Ang mga magulang ng babae ang siyang nagtatakda ng halaga ng <i>ubád</i> para sa kanilang anak sa anyo ng mga anlang (alipin) o <i>agong</i> at <i>patakyá</i> (isang lalagyan ng nangunguyang <i>betel nut</i>). Subalit, may ibang pagkakataon na ang lalaking ikakasal ang naghahanda ng <i>ubád</i> sa pamamagitan ng pera o anumang bagay na kapaki-pakinabang.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
ubu. <i>usok</i> (png) Anumang uri ng usok; buhat sa niluluto, sunog, sigarilyo at iba pa. Ito ang nagsisilbing palatandaan ng mga sinaunang tao kung may naninirahan o may komunidad sa kabilang bundok.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
ugangan. <i>biyenan</i> (png) Sila ang tumatayong pangalawang magulang ng mag-asawa na gagabay upang pangalagaan at protektahan ang pagiging sagrado ng isang pamilya.	2	2	2	2.0	Hindi Katanggap-tanggap
ulaipan. <i>alupihan o alakdan</i> (png) Isang uri ng makamandag na insekto na itinuturing ng komunidad na malaking hamon kung paano gamutin ang taong nakagat nito noon. Kaya naman, sa mga	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

pagkakatong ganito nasusubok ang pagtutulungan ng bawat isa at pagpapakita ng malasakit sa taong biktima nito.

umpù na bubáy. lola (png) Sa kulturang Mansaka ang <i>umpù na bubáy</i> ay nagsisilbing haligi sa kanilang pamayanan. Sila ang nagbibigay-proteksiyon sa buong komunidad upang ang kanilang pagkakilanlan at natatanging kultura ay hindi basta-bastang mawawala at mananakaw. Sila rin ang inaasahang magpapamana ng kanilang kultura at tradisyon sa mga bagong sibol na Mansaka sa komunidad.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
umpù na usúg. lolo (png) Kagaya ng isang <i>umpù na bubáy</i> , sila ay iginagalang at nirerespeto ng buong komunidad. Isa sila sa mga sinasanggunian lalo na sa pagbuo ng desisyon at pagbibigay ng payo para sa kapakanan ng buong komunidad. Malaki ang papel na kanilang ginagampanan upang mapanatili ang kaayusan at katiwasayan sa buong tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
untu. pakikitungo (png) Ito ay tumutukoy sa mga ugali ng mga Mansaka na nagsisilbing pagkakilanlan na rin kung paano sila makitungo at makiayon sa mga taong-labas sa kanilang tribo. Higit na pinahalagahan ng komunidad ang pagiging matapat sa anumang ginagawa, saanman at kailanman. Ito’y patunay na inaayawan ng buong tribo ang mga taong mapagpanggap.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
urúp. bubuyog (png) Ang <i>urúp</i> ay madalas na maririnig sa mga kuwentong-bayan at mga kanta ng mga matatanda. Sa paniniwalang Mansaka, ang sama-samang pag-aalaga at pagbabantay ng mga <i>urúp</i> sa “Reynang Bubuyog” ay simbolismo ng matibay na samahan ng bawat miyembro na siya ring pinapairal ng buong komunidad. Dagdag pa ryan, ipinapakita rin dito ang hindi matatawarang katapatan at pakikiisa ng bawat miyembro upang matiwasay na mamuhay ang buong tribo. Ito ay simbolismo rin ng pagkakaisa at pagtutulungan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
usip. pagtatanong (pnd) Isang katangiang Mansaka kung saan nagiging mausisa ang mga kabataan tungkol sa pinagmulan ng kanilang tribo. Nanganagalap ng impormasyon ang mga kabataang ito mula sa kanilang mga <i>umpu</i> o lolo/lola nila. Sa kabilang banda naman, inaalang din ng mga matatanda kung interesado ang mga kabataang ito na matutuhan ang mga bagay-bagay tungkol sa kanilang tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

usúg. lalaki (<i>png</i>) Sa kulturang Mansaka ang mga lalaki ang siyang may lakas sa paggawa, may boses, may sariling pag-iisip at laging nasusunod sa lipunan.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
usúy. sisiw (<i>png</i>) Madalas binibigyan ng kahulugan bilang mga anak na marunong sumunod sa mga kaugalian, yapak at alituntunin ng komunidad.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
utaw. tao (<i>png</i>) Ang mga indibiduwal na bumubuo sa tribo. Sila ang nagpapayaman at nagbabahagi ng mga kaalaman, kultura at sining sa mga taong tagalabas upang manatiling buhay ang komunidad sa lahat ng panahon.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
wakag. gabi (<i>png</i>) Ang gabi ay kilalang-kilala at karaniwan sa komunidad dahil sa madali lang itong itanim at patubuin. Kaya naman, sa mga putahe na kanilang inihahanda pangunahing sangkap ang wakag sa pang-araw-araw na pagkain.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
yaarub. inihaw na kamote (<i>png</i>) Karaniwan ang pag-iihaw sa paghahanda ng pagkaing Mansaka dahil maliban sa matipid ito, may kawalan at kakulangan din sila sa mga kagamitan sa kusina.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
yagkarim. panliligaw (<i>png</i>) Isang yugto ng panliligaw na kung saan hindi puwedeng tumanggi ang babae sa lalaking nagkagusto sa kaniya sa paniniwalang ito'y biyaya sa dalawang pamilya. Pagkatapos maipahayag ng lalaki ang pagkagusto sa dalaga, sa ayaw at sa gusto niya, isusunod kaagad ang mga pagpapalano sa kasal.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
yapangot. pamamana (<i>pnd</i>) Isang pamamaraan ng pangangisda gamit ang pana. Maliban sa bukid, kung saan kilalang magaling ang mga Mansaka, marunong din silang manghuli ng isda kagaya ng dalag o <i>mudfish</i> . Nagpapahiwatig ito na kayang mamuhay ang komunidad mapabukid man o malapit sa ilog o sapa.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
yataripag. pagtawid (<i>pnd</i>) Kapag sa panahon ng paglalakad ay may naririnig na kumakantang <i>alimokon</i> , ito'y nagsisilbing babala na huwag nang tumulo sa pupuntahan dahil may nag-aabang o nagbabadyang panganib.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

Apendiks H

Resulta ng Pagtataya ng mga Esperto sa Wika

Korpus Mansaka at Kahulugan sa Filipino	Esperto sa Wika			Mean	Deskripsiyon
	1	2	3		
abyan. gabay, tagabantay o anghel. (png) – Naniniwala ang mga Mansaka na ang bawat nilalang ay may kani-kaniyang <i>abyan</i> na siyang nagbibigay-proteksiyon sa kanila sa araw-araw, saanman at anoman ang kanilang ginagawa. Ang mga <i>abyan</i> din ay nagbibigay ng babala o mensahe sa mga hindi kaaya-ayang pangyayari.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
alimokon. isang uri ng ibon na may malapad na tuka at kadalasang kumakain ng mga insekto. (png) - Sa kulturang Mansaka, ang huni ng <i>alimokon</i> ang nagbibigay ng palatandaan kung saang lugar sila pinahihintulutan ng mga anito na magkaingin. Upang matukoy ang lugar, maglalakad muna ang magsasaka at pakikingan ang huni ng ibong alimokon, at kapag sa kanang bahagi narinig ang huni ng ibon ito’y nangangahulugang magiging maganda ang resulta samantala, kapag sa kaliwang bahagi naman magkakaroon ng masaganang ani.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Al’lâw ng Tipanûd. Araw ng Pagkatatag o Foundation Day (png) Ito ang pinakamalaking pagdiriwang ng tribong Mansaka sa bulubunduking bahagi ng Maco, Davao de Oro. Isinasagawa ito tuwing buwan ng Oktubre na dinadaluhan ng mga pinuno, mga balyan, at lahat ng miyembro ng komunidad-Mansaka. Dito matutunghayan ang pagtatanghal ng iba’t ibang tradisyonal na sayaw, pagpapatugtog ng musikang Mansaka gamit ang kanilang natatanging instrumentong pangmusika at pagsasagawa ng mga tradisyonal na laro. Naipapakita rin sa okasyong ito ang makukulay na damit at magagandang palamuti sa katawan lalong-lalo na sa mga kababaihan. Ang pagdiriwang ay bukas sa lahat ng mga panauhin na gustong magalugad ang mayamang kultura ng tribong Mansaka.	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
amà. tatay, itay, tatang, papang (png) Sa tribong Mansaka, siya ay may pangunahing tungkulin na maghanapbuhay at itaguyod ang buong pamilya. Ilan sa mga tungkuling ito ay ang pagsasakatuparan ng mga mabibigat na gawain gaya ng pagsasaka, pagkuha ng mga uway, abaka, niyog at mga malalaking troso sa gubat na kakailanganin ng buong mag-anak. Maliban pa rian, ang <i>amà</i> ay tumatayo	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

ring hukom sa anumang pagpapasya sa loob ng tahanan.

ambak. palaka (<i>png</i>) Ito ang pinaghanguan ng isa sa mga tradisyonal na laro ng mga Mansaka. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagtalon kagaya ng isang palakang-bukid. Ito ay kinabibilangan ng dalawang pangkat ng mga kabataan na binubuo ng sampung manlalaro. Walang pinipiling kasarian ang nasabing laro dahil ang tanging kahingian lang nito ay ang pagiging mabilis sa pagtalon. Ang pangkat na unang makapagtapos sa pagtalon nang paisa-isa ang siyang itatanghal na panalo.	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
ambaw. daga (<i>png</i>) Itinuturing itong peste ng komunidad Mansaka dahil mahirap itong sugpuin. Kinakain nito ang mga karlang, saging, kamote at iba pang mga halaman na may malaking halaga sa pamumuhay at kabuhatan ng komunidad.	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
amimuna. uri ng sayaw (<i>png</i>) Isang uri ng sayaw na ginagamitan ng panyo. Karaniwan itong itinatanghal sa mga espesyal na pagtitipon kung saan isang pangkat ng mga babaeng mananayaw ang nagpapakitang gilas sa kanilang husay at galing sa pagsayaw sa pamamagitan ng paggamit ng panyo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
amû. unggoy (<i>png</i>) Matatagpuan ito sa mga kagubatan at mga taniman. Pinaniniwalaan ng komunidad na ang mga <i>amû</i> ay mortal na kalaban ng mga katutubo dahil sa mapanira nitong mga gawi gaya ng pagsira ng taniman gaya ng mga kamote na siyang pangunahing pagkain ng mga katutubo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
anág. pampalasa gaya ng bawang, sibuyas, pampinta, at iba pa. (<i>png</i>) – Sa kulturang Mansaka ang paggamit ng organikong pampalasa ay simbolismo ng mahabang buhay dahil sa wala itong taglay na artipisyal na kemikal na makakasira sa katawan ng tao. Ang simpleng pamamaraan ng kanilang pagluluto gaya ng paggamit ng kawayan na nilalagyan ng karne o gulay, mga natural na sangkap at saka isasalang sa apoy ay makapaghahandog na ng masarap at masustansiyang pagkain sa hapag.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
anlang. alipin (<i>png</i>) Ito ang tawag sa isang <i>bubáy</i> o babaeng Mansaka na nagustuhan ng isang <i>Matikadung</i> na maging pangalawa o pangatlong asawa. Sa pagkakataong humadlang ang naunang asawa o mga asawa, maaari pa ring tumira ang isang <i>amlang</i> sa bahay ng <i>Matikadung</i> . Ibig sabihin, magkakasama sa iisang bubong ang <i>Matikadung</i> , ang asawa niya at ang <i>amlang</i> ngunit siya ay magiging	3	3	3	3.0	Katanggap-tanggap

tagapagsilbi o katulong ng *Matikadung*. Hindi rin siya pinahihintulutan na makipagsiping sa *Matikadung* at ang kaniyang tanging tungkulin ay pagsilbihan ito.

apug. abó (png) Ito ay tumutukoy sa mga abó na mula sa kabibe na binabasag at dinidikdik hanggang sa maging pulbos. Ang <i>apug</i> ay may mataas na sangkap na <i>calcium</i> kaya naman ito ay ginagawang panghalo para babaluting <i>buyo</i> . Ito ay nginunguyá upang tumibay ang ngipin. Ginagamit din ito sa mga sakahan upang magiging maganda ang tubo ng mga pananim.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
aran. pangalan ng tao (png) Isang pamamaraan sa pagbibigay ng pangalan ng tao na nakabatay sa kaniyang hitsura, pagkilos, aksiyon, pagsasalita at pag-uugali. Iniuugnay ng mga matatanda ang nata-tanging kaugalian o katangiang naobserbahan ng isang tao at nagiging batayan ito sa pagbibigay ng pangalan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
arayun. magkamag-anak (png) Katawagan sa mga kamag-anak na naninirahan sa isang purok o sityo. Isang katangiang Mansaka na nagpapatunay ng mahigpit at matibay na ugnayan ng magkakapamilya na handang magdamayan at magtulungan lalo pa't magkalapit-lapit lang ang kanilang mga bahay.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
arindanaw. tutubi (png) Ang <i>arindanaw</i> ay isa sa mga inspirasyon sa pagbuo ng disenyo para sa kanilang mga damit. Ang hugis <i>arindanaw</i> sa mga burda ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng malakas at matibay na relasyon ng tribong Mansaka sa kalikasan. Isa rin sa mga katangian ng <i>arindanaw</i> ay ang pagiging kalmado na ginagawang Proseso ng buong tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
atapaan. pausok (pnd) Karaniwang ginagawa ng komunidad tuwing hapon sa paniniwalang itinataboy ng usok ang masasamang espiritu na umaaligid sa kanilang bahay.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
Aton-aton. Ritwal-pangkaluluwa (png) Isang uri ng ritwal na isinasagawa para sa kaluluwa ng mga namayapang mahal sa buhay. Kagaya ng ibang ritwal ng kanilang komunidad, ito'y ginagamitan ng mga sangkap na <i>apog</i> , bunga, tabako at inumin. Sa pagsasagawa ng ritwal, kinakailangang tahimik ang lahat upang higit na maipadama sa mga yumaong minamahal ang kanilang taimtim na dalangin para sa katahimikan ng mga kaluluwa.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

aturón. apoy (png) Ang <i>aturón</i> sa Tribong Mansaka ay mahalaga at makahulugan dahil ito ay simbolo ng kabuhayan, proteksiyon at ritwal. Pangunahing pangangailangan ang <i>aturón</i> sa paghahanda at pagluluto ng pagkain. Maliban pa ryan, sangkap din ito sa paghahanda ng sakahan para sa pagtatanim sa pamamagitan ng pagsusunog o <i>kaingin</i>. Sa kabilang dako, ginagamit din ito sa panahon ng ritwal bilang pausok. Nagsisilbi ring proteksiyon laban sa mga kaaway o mababangis na hayop ang <i>aturón</i> bilang panaboy o panakot.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
babarawon. alamat (png) Isa sa mga tanyag na alamat ng kanilang tribo ay ang pagkalikha ng mundo. Sa kanilang paniniwala, si Tanlang ang lumikha ng daigdig sa tulong ng ibon kung saan inutusan niya itong kumuha ng lupa sa pinakadulong bahagi ng sandaigdigan. Siya rin ang pinaniniwalaang lumikha ng tao at nagturo sa kaniyang mga nilikha kung ano ang mga pangalan ng mga hayop at mga bagay na makikita sa mundo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
babatukun. kuwentong-bayan (png) Tumutukoy sa mga kuwento ng tribo noong unang panahon na naglalaman ng mga makukulay na salaysay. Ito ay naratibo rin ng mga matatanda na ibinabahagi sa mga kabataan na ipinapasa-pasa sa loob ng maraming henerasyon. Kabilang sa mga ito ay ang <i>Yang Buyag Aw Yang Baklug</i> (Kuwento ng Isang Mag-asawa) at <i>Yang Anak Aw Yang Ama Sang Kagurangan</i> (Ang Anak at ang Ama sa Kagubatan). Ang mga kuwentong ito ay may temang patungkol sa buhay ng tao, kasaysayan at kahulugan ng kalikasan na naririnig pa rin hanggang sa kasalukuyan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
babù. tiyahin (png) Sa kulturang Mansaka, <i>babù</i> ang tumatayong pangalawang ina o magulang sa kakulangan o kawalan ng presensiya ng tunay na magulang. Sa pagkakataong nawala o pumanaw ang tunay na magulang ng bata, responsibilidad ng <i>babù</i> na akayin ang nauna kabilang na rito ang pagpapalaki at pagpapaaral. Sinisiguro rin ng <i>babù</i> na lumaking responsable at may maayos na buhay ang naulila. Nararapat na pantay ang pagtingin at trato ng <i>babù</i> sa kaniyang pamangkin at anak o mga anak.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Bagani. mandirigma (png) Sa tribong Mansaka ang <i>bagani</i> ang siyang ministro ng depensa na nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa komunidad. Karaniwang nakukuha ang kanilang katayuan sa pamamagitan ng katapangan sa	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

labanan, lakas ng loob, makisig na pangangatawan, at higit sa lahat, ang pagkakaroon ng natural na karisma at kakayahan sa pamumuno. Isa rin sa mga kahingian sa mga miyembrong nagnanais maging bagani ay kailangang makapaslang muna siya ng higit sa labindalawang (12) katao sa panahon ng digmaan.

bagaybáy. buwig ng niyog na hindi pa gaanong sumisibol o namumukadkad (png) Sa kulturang Mansaka ang *bagaybáy* ay isa sa pangunahing gamit at sangkap tuwing may ritwal ang tribo. Ito ay simbolo ng kadalisan, kapuruhan at kaayusan sa pinaghahandugan. Nangangahulugan din ito ng pagkakaisa sa bawat miyembro ng komunidad.

4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
---	---	---	-----	----------------------------

bagis. pagkuwenta (png) Isang pamamaraan ng pagpili ng kanilang mga pinuno o tinatawag na eleksiyon sa kasalukuyan. Sa prosesong ito, nakasulat sa likod ng dingding o pisara ang mga pangalan ng mga nominado ayon sa posisyong nais nilang hawakan. Upang mapanatili ang katiwasayan at pagiging sagrado sa gagawing halalan, ang mga botante o hindi nominado ay paisa-isang pupunta sa likod ng dingding o pisara at kukudlitan ang pangalan ng nominadong napili bilang palatandaan ng kaniyang pagboto. Pagkatapos ng nabanggit na proseso, bibilangin ang mga kudlit na nakuha ng bawat indibidwal na nagpapakipili. Sa huli, ang kandidatong makakakuha ng pinakamaraming kudlit ang siyang mananalala at itatanghal sa nasabing posisyon.

4	3	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
---	---	---	-----	----------------------------

Balyán. pari (png) Ang *Balyán* o *Baylán* ay siyang pinuno ng mga Mansaka sa larangan ng relihiyon o pananampalataya na kadalasang babae. Bihira lang nagkakaroon ng lalaking *Balyán* maliban na lamang kung ito ay may angking katangian tulad ng isang babaeng *Balyán* (*effeminate*). Siya ay nagsisilbing-tagapamagitan ng buong tribo at sa mga tinaguriang Sagradong Nilalang (*Divine Beings*). Ang *Balyán* rin ang nagsisilbing herbalista o manggagamot sa kanilang panahon. Nakamtan niya ang kaalaman tungkol sa mga gamit at kahalagahan ng mga halamang gamot sa tulong ng mga naunang *Balyán* at higit sa lahat, ang hangaring maging isa sa kanila. Sa pangkalahatan, ang isang *Balyán* ay maituturing na dalubhasa sa pangangalaga sa kalusugan ng kaniyang mga katribo sa tulong ng mga espiritu mula sa mga sagradong nilalang.

4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
---	---	---	-----	----------------------------

balyóg. kuwintas (png) Ito ay isang uri ng kuwintas na may iba't ibang hugis nito na sumisimbolo sa kalikasan at kaugalian ng mga Mansaka.

4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
---	---	---	-----	----------------------------

Ang *balyúg* ay gawa sa hinabing *beadwork*, mga barya, at mga ngipin ng buwaya.

bandayun. instrumentong-kuwerdas (png) Ang tagawag sa dalawang *kudlung* na pinagsasabay-sabay na tinutugtog. Isa ito sa mga pangunahing instrumentong ginagamit ng komunidad lalong-lalo na sa panahon ng pagdiriwang.

banwa. lugar (png) Katawagan sa buong angkan at komunidad ng Mansaka. Simbolismo ng mamamayang nagkakaisa at nagtutulungan tungo sa isang mithiin na dapat pangalagaan at pagyamanin ang natatanging kultura ng tribo na siyang matibay nilang pagkakilanlan sa mahabang panahon.

bapà. tiyuhin (png) Sa tribong Mansaka ang *bapà* ay tumatayo ring pangalawang ama sa kawalan o kakulangan ng presensiya ng isang ama. Kagaya ng *babù*, responsibilidad niyang alagaan at palakihin nang maayos ang kaniyang pamangkin. Higit sa lahat, ituturing niya itong tunay na anak dahil ang pagiging sakit sa lipunan ng isang bata ay panagutan ng *bapà*.

barabay. instrumentong pangmusika (png). Ito’y tinutugtog sa panahon ng pagdiriwang sa loob ng komunidad. Simbolismo ng kasiyahan at tagumpay na sinasabayan ng *kudlung* at *takul*.

baraw-baraw. pagpupulong-pulong (png) Sa kulturang Mansaka, ang *baraw-baraw* ay isang pamamaraan ng pagpili ng potensiyal na kandidato para sa isang posisyon. Sa prosesong ito, magsasagawa ng pagpupulong-pulong ang buong tribo upang pumili ng mga indibiduwal na may sapat na kakayahang mamuno sa buong komunidad. Upang lubos na maisakatuparan ito, kailangang buo at kompleto ang kinatawan ng tribo, mula sa mga *mangtikadung*, *usúg* at *gibubayan*. Ginagamit din ang *baraw-baraw* sa pagpili ng panibagong “*Matikadung*” kung sakaling yumao ang kasalukuyang nanunungkulan o ‘di kaya’y nagnanais na bumitiw sa puwesto sa kadahilanang pangkalusugan o kawalan ng kompiyansa na pamunuan ang buong tribo.

baráy. bahay (png) Ang tipikal na *baráy* ay itinayo gamit ang *sagesi* (mga dahon ng palma), mga dahon ng *Lumbia* (isang uri rin ng palma) bilang mga bu-bong, *Bahi* (isang uri rin ng palma) para sa sahig, mga kahoy na *pine* na may bilog na *timber* para sa mga poste. Ang mga *rattan stem strip* ay ginagamit bilang panali at pandugtong sa estruktura ng bahay. Ang *pakat* o hagdanan ay gawa sa kahoy na hugis

4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

pabilog na inukit upang maging apakan. Sinasabing matataas ang kanilang mga *baráy* bilang proteksiyon sa mga ligaw at mababangis na hayop upang hindi sila makain ng mga masasamang hayop at higit sa lahat nagsisilbi itong poste upang makita kaagad ang paparating na kalaban. Isa pang kakaiba sa *baráy* ng tribo ay ang disenyo ng lutuan. Hindi ito kagaya ng isang tipikal na kusina kung saan ang lutuan ay kasingtaas sa baywang ng tao, sa halip, pantay ang sahig at lutuan upang sa panahon na manganak ang ilaw ng tahanan kaya pa rin niyang magluto at maghanda ng pagkain. Kailangan ring palaging nakasalang ang takure nang sa ganoon kung may bisitang darating ay agad na nahanugan ito ng kape.

barikug. hikaw (*png*) Isang palamuti sa tainga para sa mga babae. Ito ay gawa sa kahoy na may kulay itim at inilalagay sa kanilang tainga. Sa kulturang Mansaka, ang laki ng *barikug* ay simbolismo ng mataas na halaga ng mga babae sa kanilang lipunan. Ang proseso sa pagpapalaki ng butas ng tainga ay ginagawa pa rin hanggang sa kasalukuyan. Mula sa maliit na butas ito ay unti-unting pinapasukan ng kahoy hanggang sa lumaki at maipasok na ang tinatawag na barikug o bilog na parte ng hikaw. Itinuturing na banal at sagrado ang paglalagay ng barikug dahil isinasagawa lang ito sa harap ng mga nakatatanda. Ang gawaing ito ay simbolismo ng dedikasyon ng isang babaeng Mansaka na siyang mangangalaga sa tradisyon ng buong komunidad dahil ang babae mismo ay repleksiyon ng pagiging mabuti.

4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
---	---	---	-----	----------------------------

baru. biyudo o biyuda (*png*) Sa kulturang Mansaka, bilang bahagi ng mga napagkasunduan ang, *baru* ay malayang tatanggap ng maaaring kaniyang puwedeng asawahin basta susunod lamang ito sa kondisyon na magpapaalam sa pamilya ng unang asawa.

4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
---	---	---	-----	----------------------------

baruy. kasal (*png*) Ang seremonya ng kasal ay pinamumunuan ng isang nakatatanda at isang pinuno ng tribo. Ito ay kinabibilangan ng pagsusubuan ng pagkaing bolang kanin at ulam ng ikinakasal na simbolismo ng ganap na pagkakaisa ng bagong kasal. Ang subuan ng pagkain ay ginaganap sa harap mismo ng pamilya ng lalaki at pamilya ng babae.

4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
---	---	---	-----	----------------------------

bayuk. kasaysayan (<i>png</i>) Ang tawag sa salaysay o kuwento ng mga nangyari sa nakaraan. Ito ay pagkukuwento tungkol sa kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng pag-awit. Sa pamamagitan ng <i>bayuk</i> , naituturo nila ang kasaysayan sa mga kabataan na ginagamitan ng instrumentong pangmusika.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Bià. babae (<i>png</i>) Ito ay babaeng katutubo na nasa lehitimong gulang na may angking talino at kakayahang tulad ng isang <i>gibubayan</i> subalit sila ay hindi napapabilang sa hanay ng mga namamahala sa tribo ngunit sila ay pinapayagang makilahok, maging tagapayo at magbigay ng suhestiyon sa mga namumuno tuwing may pagtitipon.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
binalyan. sayaw-panalangin (<i>png</i>) Isang sayaw para sa panalangin o ritwal bilang pakikipag-usap sa <i>Magbabaya</i> (Diyos). Ito ay kinalalakipan ng mga hakbang o kilos ng pasasalamat at pagpupuri sa Diyos para sa biyaya, proteksiyon at gabay ng buong komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
binarig. musika sa panliligaw (<i>png</i>) Sa pamamagitan ng musika, naipapahayag ng binata ang kaniyang damdamin sa dalagang napupusuan dahil naglalarawan ito ng paghanga sa pisikal at panloob na katangian ng dalaga. Maliban pa ryan, naglalaman din ito ng mga pangako at kasiguraduhan na hindi mabibigo ang dalaga sa pag-ibig na iniaalay nito.	3	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
binaw. usá (<i>png</i>) Simbolismo ng buhay at tradisyon dahil ang karne nito ay pagkain ng buong tribo, samantalang ang balat naman nito ay ginagamit para sa paggawa ng <i>gimbal</i> . Maliban pa ryan, ang <i>binaw</i> ay nangangahulugan ding katapangan sa pagharap sa sinomang mananakop at katatagan sa pag-sasabuhay ng mga paniniwala at tradisyon ng tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
binudyaan. instrumentong kuwerdas (<i>png</i>) Isang instrumentong kuwerdas na maaaring tugtugin ng babae at lalaking miyembro ng pamilyang nagmamay-ari nito. Ito ay itinuturing ng tribong Mansaka na sagrado kaya naman tanging ang <i>kudlung master</i> at ang mga kamag-anak lamang nito ang puwedeng gumamit at tumugtog nito.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
bituon. bituin (<i>png</i>) Ang nagsisilbing-gabay ng tribu sa pagtukoy sa tamang panahon ng pagsasaka at panganganak. Kapag maraming <i>bituon</i> , nagpapahiwatig ito na maganda nang magtanim	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

dahil sa paniniwalang malapit ang mundo sa mga bituin.

biyag. busog (<i>pnr</i>) Isang kaugaliang Mansaka na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga bisita dahil hindi nila ito pinapaalis nang gutom. Nagluluto sila ng espesyal na pagkain na ihahandog sa mga panauhin o di kaya'y ipapabaon sa kanilang pag-alis. Hindi rin maaaring tumanggi ang mga bisita dahil naniniwala ang komunidad na ang bisitang umalis nang gutom ay walang pag-aasikasong ginawa mula sa may-ari ng bahay.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
biyais. alak (<i>png</i>) Isang uri ng alak na ginagamit sa panggamot at pinaniniwalaang epektibo para sa maraming karamdaman. Ang alak na ito ay gawa sa <i>panla</i> (luya) na matatagpuan sa gubat, Ang katas ng pinaghalo-halong prutas at inilalagay sa isang malinis na bote. Pagkatapos, inililibing sa ilalim ng lupa sa loob ng matagal na panahon. Habang tumatagal sa ilalim ng lupa ang nasabing katas ng prutas ay mas lalo itong sumasarap. Inihahain din ang alak na ito para sa espesyal na panauhin ng datu. Sa kabilang dako, hindi itinuturo ang pormula nito sa hindi kabilang sa tribo.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
bubungár. subuan (<i>pnd</i>) Subuan ng binilog na kanin at ulam na ginagawa sa panahon ng seremonya ng kasal. Ang pagsusubuan ng pagkain ay simbolismo ng pagiging matiwasay ng buhay ng mag-asawa.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
budyung. taklobo (<i>png</i>) Ginagamit itong panawag sa buong tribo bilang hudyat sa isang pagtitipon, kasiyahan, panganib o digmaan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
bunlan. multa (<i>png</i>) Kapag ang isang miyembro ng tribo ay lumabag sa anomang tuntunin o batas ng komunidad, siya ay pagbabayaran ng <i>bunlan</i> . Ang halaga ay nakadepende sa bigat o laki ng kasalanang nagawa ng isang indibidwal.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
buran. buwan (<i>png</i>) Malaki ang papel na ginagampanan ng buran sa komunidad ng Mansaka. Ang buran ang tagapagsabi kung kailan ang tamang panahon ng pagtatanim at iba pang gawaing may kaugnayan sa agrikultura. Kapag malaki at bilog ang buwan sa panahon ng pagtatanim, ito ay nangangahulugang buo at maraming makukuhang ani.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
burung. (<i>png</i>) <i>lugar na pinagdausan ng panggamot sa mga taong maysakit.</i> Itinuturing	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

itong sagrado dahil dito isinasagawa ang mga ritwal sa panggagamot, kaya naman walang sinoman ang puwedeng pumasok sa nasabing lugar kundi ang *mambuburung* at ang nagpapagamot.

burungun. panggagamot (<i>pnd</i>) Ang proseso ng panggagamot gamit ang katutubong padasal o orasyon at mga halamang-gamot o <i>herbal medicine</i> . Ito ay isinasagawa lamang ng tanging may malalim na pag-unawa, matibay na karanasan at angking kahusayan sa pagsasagawa ng ritwal.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
busáy. talón (<i>png</i>) Ito ay tumutukoy sa mga talón at mga maliliit na uri ng ilog. Binibigyang-halaga ng tribo ang mga ilog at iba pang yamang-tubig sapagkat isa ito sa mga pinagkukunan nila ng pagkain at kabuhatan.	4	3	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap
búsog. panà (<i>png</i>) Isang uri ng tradisyonal na larong Mansaka na sumusukat sa kakayahan ng mga kalalakihan sa larangan ng pangangaso. Ang nasabing laro ay sukatan din ng tapang at galing sa paggamit ng panà upang makakuha ng pagkain tulad ng hayop. Ang laro ay ginagamitan ng isang panà kung saan kailangang tamaan ng isang manlalaro ang imahe ng isang usa o anumang uri ng hayop na nasa kaniyang harapan. Ang unang makatama nito ang siyang idedeklarang panalo.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
buyag. asawa (<i>png</i>) Ang mga <i>ayup</i> ay inaasahang nasa bahay lamang upang pagsilbihan ang asawang lalaki at alagaan ang mga anak. Sa kaugaliang Mansaka, maaaring magkaroon ng hanggang pitong asawang babae ngunit ang tungkulin nila ay mga katulong lamang sa bahay dahil ang unang asawa pa rin ang itinuturing na reyna.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
byabangkay. paglilibing (<i>png</i>) Isang tradisyonal na paglilibing ng tribong Mansaka kung saan inilalagay ang bangkay sa lantay ng kawayan at sinusunog ito sa paniniwalang ito'y makakasugpo sa sakit na sanhi ng kamatayan ng isang nilalang. Pagkatapos ng byabangkay, nililisan ng mga naiwang pamilya ang kanilang tahanan sa paniniwalang ito'y may taglay na malas. Maghahanap ang pamilya ng bagong lugar na sa tingin nila ay mabubuhay sila roon at magsisimulang muli.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
byubunung. binyag (<i>png</i>) Ginagawa tatlong araw pagkatapos isilang ang isang sanggol. Ang pagkatay ng baboy ay isa sa mga palatandaan na naging maayos ang panganganak at nasa mabuting kalagayan ang bagong silang na supling. Samakatuwid,	3	4	4	3.7	Lubos na Katanggap-tanggap

ang nabanggit na pagdiriwang ay nagsisimbolo ng binyag subalit hindi kalakip ng kulturang Mansaka ang pagrehistro ng kapanganakan ng isang sanggol sa alinmang sangay ng pamahalaan. Dahil dito, karanihan sa mga katutubong Mansaka na isinilang bago magdekada 70 ay walang angkop na *birth certificate*.

dagmay. saya (png) Ang telang hinabi ay gawa sa abaka. Ang paggawa nito ay gumagamit ng tradisyonal na pamamaraan kung saan mabusisi at kailangan ng mahabang pasensiya. Ilan sa mga disenyo ng dagmay ay parisukat, hugis-tao, buwaya at mga tuldok.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
dagúm. blusa (png) Isang tradisyonal na kasuotang pambabae ng tribo na may sadyang hati upang mai-pakita ang hubog ng katawan ng mga kababaihang Mansaka na magsusuot nito. Ito ay gawa sa iba't ibang kulay gaya ng dilaw, asul, at itim upang higit na kaakit-akit tingnan. Hindi kasama ang kulay pula dahil ginagamit lamang ito ng mga <i>Matikadung</i> at mga <i>Bagani</i> . Ang kulay puti naman ay ginagamit ng mga <i>Bia</i> at asawa ng isang <i>Matikadung</i> . Ang tela o pangunahing sangkap sa paggawa ng <i>dagúm</i> ay hinabi pa ng mga ninuno.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
danginan. pagtawag (png) Isang sayaw-ritwal na ginagawa ng <i>Balyan</i> upang tawagin ang <i>Magbabaya</i> . Itinuturing itong malaking gawain ng tribo na dinadaluhan ng mga lider at buong komunidad. Ito'y isinasagawa ng isang pamilya na may alay na manok at bigas upang itaboy ang masasamang espiritu. Ang pagsasagawa ng ritwal ng bigas at manok ay pinaniniwalaang nakaaalis ng anumang kasamaan sa pamilyang dumalo sa sayawan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
daog. salo-salo (pnd) Sa kulturang Mansaka, hindi rin nawawala ang pagtitipon-tipon lalo na kapag may okasyon. Dito pinag-uusapan ang mga huling kaganapan sa kani-kanilang mga buhay at pamilya. Sa oras ng <i>daog</i> , itinatanghal ang tradisyonal na sayaw at kanta bilang selebrasyon ng naangking tagumpay dahil naniniwala silang ang tagumpay ng isa ay tagumpay ng buong komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
daran. daan (png) Naniniwala ang tribo na ang makitid na <i>daran</i> ay nagbibigay ng mas masayang karanasan at nagbibigay ng maraming aral na puwedeng matutuhan. Kasama rin sa paniniwala nila na kapag nakatagpo o nakasalubong ng isang ibong <i>al-imokon</i> sa <i>daran</i> at humuhuni, ito'y nangan-gahulugang may masamang mangyayari. Ito'y	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

nagsisilbi ring babala na huwag nang tumuloy sa pupuntahan para sa kaligtasan at seguridad.

dawut. awit (<i>png</i>) Isang awit o pagkanta na walang paghahanda na natutungkol sa kasaysayan, kultura at tradisyon ng tribong Mansaka. Isang anyo ng pagkukuwento na sa paglipas ng panahon ay nadagdagan ang mga impormasyon kaya pahaba nang pahaba ito. Ang dawut ay nagsisilbing impukan at tambakan ng mayamang kultura ng tribo at nagpapanatili ng kanilang pinagmulan at pagkakakilanlan, kaya lamang ito’y hindi nakatala o nakasulat. Hindi rin basta-basta na lang pinipili ang magtatanghal ng <i>dawut</i> , kailangan siyang maalam at pinagpala.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
dayaw. pagtago (<i>png</i>) Ang mga mahahalagang bagay ay iniingatan kagaya ng buhay. Ang pagtago ng mga bagay ay isa sa mga kaugaliang Mansaka para mapanatiling bago at kaaya-aya sa araw na kakailanganin ito. Minsan, ang salitang ito ay nangangahulugan ding pagsasagawa ng pagkukumpuni ng bagay.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
dipag. katapat o harap (<i>png</i>) Sa kulturang Mansaka, kapag may nakatira sa tapat ng bahay ito ay nangangahulugang marunong makitungo ang pamilyang nakatira rito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
diwatanon. diwata (<i>png</i>) Isang diyos/diyosa na nangangalaga sa kaayusan ng isang lipunan, kasama sa kanilang tungkulin na bigyan ng proteksiyon ang mga tao upang manatiling mapayapa ang kanilang pamayanan.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
dumog. pakikipagbuno (<i>pnd</i>) Isang tradisyonal na laro na susukat sa lakas at tibay ng isang lalaki. Dalawang manlalaro ang magsusunggaban at kung saan sinuman ang unang makapagtumba ng katunggali siya ang itatanghal na panalo. Ito ay maaaring salihan ng mga taga-ibang barangay, kaya naman, kadalasang pinapanood at binabantayan ito ng mga matatanda sa takot na magkaroon ng kaguluhan dahil sa sobrang pisikal ng larong ito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
gakaimon. pagtitipon (<i>png</i>) Isang kaugalian ng tribo ay ang pagtitipon ng lahat ng miyembro ng pamilya upang pag-usapan ang mga plano o balak. Kadalasang ginagawa ito sa panahon ng binyag, kasal o anumang okasyon na madaling ipunin ang buong mag-anak. Ang gawaing ito ay isa na namang patunay kung paano pinapahalagahan ng kanilang tribo ang pamilya na makialam at makisangkot sa mga kaganapan ng kanilang angkan.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

gamaw-gamaw. ritwal sa panggagamot (png) Isang seremonya na ginagawa upang gamutin ang maysakit. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng paglalagay ng isang sisiw sa balsa bilang pang-alay sa mga masasamang espiritu na nakatira sa tubig at kung ang sanhi naman ng sakit ay nagmula sa lupa, gumagamit sila ng lugaw at kanin upang maalís ang masasamang espiritu.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
gásarút. sayaw pandigma (png) Isang sayaw na ginagamitan ng isang sibat at kalasag na kadalasang isinasagawa tuwing may espesyal na pagtitipon tulad ng pagsawit. Ang sayaw ay sumisimbolo ng kanilang pakikipaglaban upang maprotektahan ang pamayanan at mga katribo. Isa sa mga katangian ng katutubong Mansaka ay ang pag-iwas sa kaguluhan at alitan sa ibang tribo subalit sila ay natututong makipaglaban kung ang kanilang pamayanan ay nasa panganib gaya ng hindi inaasahang paglusob o pang-aapi ng ibang pangkat.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
gataw. ungol ng aso (png) Ang ungol ng aso ay nagpahihiwatig ng malas o hindi magandang pangitain. Ang sinumang makaririnig ng pag-ungol ng aso ay binabalaang magdoble-ingat dahil sa nakaambang panganib o malas. Nakabubuting hindi muna siya lalabas ng bahay upang makasiguro at maging ligtas.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Gibubayan. babaeng lider (png) Ang pangalawa sa pinakamataas na posisyon sa lipunan na ipinagkatiwala sa mga kababaihang may angking talino, katapatan, at pagpapahalaga sa mga batas ng tribo. Siya rin ang nagsisilbing-tagausig at tagapamahala sa mga kaganapang panlipunan na nakatuon sa mga babaeng Mansaka.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
gikub. kuweba (png) Ang kuweba ay madalas pagtaguan ng mga tao lalo na kapag may kaguluhan at kapag masama ang panahon. Sa madaling sabi, nagsisilbi itong kanlungan sa panahon ng panganib.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
gimba, gimbal. dram (png) Isang instrumentong pangmusika na pangunahing ginagamit ng tribo na <i>double-headed drum</i> . Ito ay gawa sa bahi o <i>betel nut</i> at balat ng usa. Pinatutugtog ito sa pamamagitan ng magkabilaang pagpukpok ng <i>drum</i> upang makabuo ng tunog. Hindi nawawala sa lahat ng pagdiriwang ng komunidad ang paggamit ng <i>gimba</i> o <i>gimbal</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
guyuk-guyukan. pag-apak (png) Isang pamamaraan ng pagtanggap ng mga butil ng palay sa	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

pamamagitan ng walang tigil na pag-apak hanggang sa ito'y humiwalay sa mga dahon. Ang trabahong ito ay nakaatas sa kababaihang Mansaka.

ibak. pagsagot (png) Ang pagsagot ay nagpapakita ng respeto batay sa sitwasyon. Malumanay at tila kumakanta ang pamamaraan pagsasalita ng mga Mansaka at ito ay maoobserbahan sa kanilang pormal na pakikipag-usap.

4 4 4 4.0 Lubos na Ka-tanggap-tanggap

ido. aso (png) May mahalagang gampanin ang *ido* sa bawat pamilya dahil ito ang pangunahing tagabantay lalo na sa panahon ng pangangaso sa gubat. Sila ang tagapagbigay ng hudyat kung may darating na kaaway o panganib.

4 4 4 4.0 Lubos na Ka-tanggap-tanggap

inà. nanay, inay, mama, inang (png) Sa tribong Mansaka sila ang namamahala sa pang-araw-araw na gawain sa loob ng isang tahanan gaya ng paglalaba, pagluluto, pag-aalaga sa buong pamilya, paggawa ng mga damit, kuwintas, at mga palamuti, at iba pang gawaing pambahay at pambabae. Tungkulin niyang pagsilbihan ang kaniyang asawa at arugain ang mga anak. Dagdag pa rito, pinagbabawalan din silang gumawa ng mga mabibigat na gawain at higit sa lahat itinuturing na sila'y dekorasyon sa bahay.

4 4 4 4.0 Lubos na Ka-tanggap-tanggap

inamû. kilos-unggoy (png) Sayaw na sumisimbolo sa kilos, ugali at katangian ng mga unggoy. Ipina-pakita ng sayaw na ito epekto ng unggoy sa pangkabuhayan ng kanilang komunidad.

4 4 4 4.0 Lubos na Ka-tanggap-tanggap

indás. bayaw/hipag (png) Ang pagpapakasal sa Mansaka ay hindi lamang pagsasama ng dalawang taong nagmamahalan kundi pagtanggap at pagiging bahagi nito sa pamilya ng taong pinakasalan na may respeto at katapatan.

4 4 4 4.0 Lubos na Ka-tanggap-tanggap

inidang. pagdarasal. (pnd) Isang seremonya na ginagawa upang humiling sa *Magbabaya*. Sa pagsasagawa ng seremonyang ito, nararapat lamang na kompleto ang mga kagamitan gaya ng kandila, kanin, kawayan, buyo, bagaybay, itlog ng manok at tabako dahil kapag kulang, ito'y makasisira. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga lumang gamit at saka tumugtog ng *gimba* at *agong*, iihawin ang *tuob* at tatawagin ang *Magbabaya* at hihingi ng bendisyon at panalangin upang ang masasamang espiritu ay hindi maghahari sa halip ay ang kapayapaan.

4 4 4 4.0 Lubos na Ka-tanggap-tanggap

inuntuwán. <i>disenyo</i> (png) Ito ay tumutukoy sa disenyo ng blusa o <i>dagúm</i> na sumisimbolo sa ngiti ng buwaya na kadalasang makikita sa dulong bahagi ng manggas ng isang <i>dagúm</i> .	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
isù. <i>anak</i> (png) Sila ang tinaguriang tagasunod at tagapagmana ng buong komunidad ng Mansaka dahil sila ang magpapatuloy sa pagbibigay-buhay sa kanilang makulay na kultura at magpapatupad ng kanilang mga batas, gawi at kalinangan. Ang <i>isù</i> ay ginagamit din bilang pantukoy sa isang batang nasa pangangalaga ng kamag-anak o ng ibang angkan. Ang pagiging mapagmahal sa kapwa lalo na sa mga bata ay magpapatunay sa magandang katangiang angkin ng mga Mansaka. Samakatuwid, ang salitang ito ay nagpapahiwatig ng pagmamahal ng magulang sa anak.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
isù na bubáy. <i>anak na babae</i> (png) Sa kulturang Mansaka, ang mga anak na babae ay iniingatan at pinapahalagahan ang kanilang mga dangal. Noon, kinikilalang birhen ang isang babae sa pamamagitan ng kaniyang butas sa tainga. Ginagawa ang paunti-unting pagbutas sa tainga ng babae hanggang sa lumaki ito na simbolo ng kalinisan at kapurihan. Ibig sabihin, siya ay walang asawa at kahit kailan man ay hindi nagalaw o ginalaw ng isang lalaki.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
isù na usúg. <i>anak na lalaki</i> (png) Ang mga batang lalaki sa tribong Mansaka ay inaasahang susunod sa yapak at mga gawain ng kanilang <i>amà</i> . Sila rin ang tatayong tagapangalaga sa kalikasan at lahat ng nasasakupan nito kagaya ng mga hayop at mga pananim. Tungkulin din niyang pangalagaan ang kapakanan ng pamilya. Higit sa lahat, tutulong siya sa pagpapatupad ng batas sa loob ng kanilang lipunan.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
kaan. <i>magiliw</i> (pnr) Isa sa katangiang Mansaka ang pagiging magiliw sa mga panauhin na kumain at sumalo sa hapag kasama ang buong miyembro ng pamilya lalo na sa panahon ng pagtitipon-tipon. Maliit man o malaking handaan, buong galak nilang ibinabahagi ang kanilang pagkain na bunga sa masaganang ani ng kanilang bukid.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
kablang. <i>kaaway</i> (png) Pagdating sa sigalot at away ng mga magkakamag-anak, ginagawa nila ang lahat ng paraan upang magkaayos at magkabati ang sinomang may tampusan o away. Tungkulin ng mga pinuno ng tribo ang mamagitan upang pakinggan ang bawat panig. Ang sinumang mapapatunayang may sala ay binibigyan ng kaakibat na parusa.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

Kadalasan, tinatapos ang gulo ng bawat panig batay sa napagkasunduan.

kabuwa. <i>ibon</i> (png) Isang uri ng ibon na karaniwang lumilitaw sa panahon ng tag-init kaya naman, ito ang nagsisilbing tagapaghudyat sa paparating na tag-init.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kagi. <i>paniki</i> (png) Kung ang nakararami ay takot sa paniki, kabaliktaran naman ito sa tribo. Madalas na inuulam ito lalong-lalo ng mga nakatira sa bukid. Higit sa lahat, malaking tulong ang <i>kagi</i> sa pagpaparami ng mga punongkahoy dahil sa mga butong nadadala nito sa paglipat-lipat ng lugar ngunit itinuturing din itong salot ng iba dahil sa sinisira nito ang ilang mga pananim ng komunidad.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Kaimunan. <i>pagdiriwang</i> (png) Isang pagdiriwang o <i>festival</i> na isinasagawa tuwing buwan ng Hunyo. Isang pagtitipon ng buong tribo upang ipakita hindi lang ang mga masaganang ani kundi ang mismong komunidad kung saan nangingibabaw ang respeto at pagkakaisa. Kasabay ng pagsusuot ng makukulay na damit at palamuti ay naipamamalas din ang sipag at tiyaga ng tribo dahil sa mga likas na produktong kanilang napagtagumpayang naipalabas.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kalumunan. <i>angkan</i> (png) Sa tribong Mansaka, ito ay nangangahulugang mga kaagapay o kasangga sa pagsasakatuparan ng isang gawain. Maliban pa ryan, ang kalumunan ay simbolismo ng pagdadamayang kapag ang isang kasapi ng pamilya ay may kinakaharap na problema. Nagtutulungan ang bawat miyembro upang mahanapan ng solusyon ang ano mang suliranin.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kamun. <i>banig</i> (png) Sapin sa sahig na yari sa romblong pinatuyo, pinanipis at kinulayan ng mga natural na katas ng mga halaman. Ang paggawa ng banig ay nakaatas lamang sa mga babae, bata man o matanda. Kaya, mapapansing sa labas ng kani-kanilang mga bahay, kaniya-kaniyang umpukan ang mga kababaihan sa paggawa nito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
karaduy. <i>pinakuluang gabi na may kasamang ugat nito at murang dahon. Ang mga panlasang ginagamit ay luya, sibuyas, asin at iba pang mga sangkap.</i> (png) Karaniwang inihahain ang <i>karaduy</i> sa hapag ng pamilyang Mansaka dahil maraming ganitong tanim ang tumutubo sa kanilang paligid. Madali kasi itong palakihin at paramihin.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

karaw. kalaw (<i>png</i>) Isang uri ng ibon na may itim, dilaw, at pulang balahibo. Mahaba ang buntot at may malaking tuka na pinagsamang pula at dilaw ang kulay. Pinaniniwalaan na ang ibong ito ay nau-utusan bilang tagapagbigay-alam sa oras upang magampanan ng mga katutubo ang kanilang mga gawain sa loob ng isang araw.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka- tanggap-tanggap
karuwa. pangalawa (<i>png</i>) Katulad ng ating mga kapatid na Muslim, ang isang <i>matikadung</i> o lalaking Mansaka ay pinahihintulutan na magkaroon ng dalawa o higit pang mga asawa ayon sa kaniyang kakayahang buhayin ang bago at dagdag na pamilya. Subalit, kakailanganin din ang buong pahintulot mula sa una o sa mga naunang asawa nito. Maaaring magsama-sama ang kaniyang mga kabiyak sa iisang bubong o kaya'y bukod ang tirahan ayon sa napagkasunduan.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka- tanggap-tanggap
kayamás. alimango (<i>png</i>) Ang alimangong ito ay mula sa ilog o maputik na latian na nagbibigay ng malaking tulong sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga Mansaka. Ito ay ginagawa nila pang-ulam, ngunit kapag sabay-sabay at sobrang dami ng <i>kayamás</i> ang lumalabas at umaakyat sa mga bato, nangangahulugan itong may darating na panganib o sakuna kaya kung sinuman ang makakakita ng ganitong pangyayari agad nila itong ipinapaalam sa mga pinuno.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka- tanggap-tanggap
kaylog. kapatid na lalaki. (<i>png</i>) Sila ang inaasahang tutulong sa mga magulang at tatayong padre de pamilya kung sakaling wala nang mga magulang. Responsibilidad ng <i>kaylug</i> na gabayan ang mga kapatid lalo na sa panahon ng kagipitan at suportahan ang kanilang pangangailangang moral at pinansiyal.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka- tanggap-tanggap
kimud. bunso (<i>png</i>) Ang huling tagapagmana sa pamilya. Nangyayari lamang ito kung ang mga nakatatandang kapatid ay walang interes sa anumang ipapamana ng mga magulang, maging ito man ay bagay o katungkulan. Gayunpaman, ang <i>kimud</i> naman ang kinagigiliwan at nakakakuha ng espesyal na atensiyon at pagmamahal ng lahat ng miyembro pamilya.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka- tanggap-tanggap
kinabuwa. sayaw-panggagaya sa kilos at galaw ng isang ibon (<i>pnd</i>) Ito'y itinatanghal sa panahon ng ani dahil ang mga ibong ito ay karaniwang lumilitaw sa panahon ng tag-init. Isang pamamaraan din	4	3	3	3.3	Lubos na Ka- tanggap-tanggap

ito sa pagdiriwang at pagpapasalamat sa masaganang ani.

kubing. instrumentong panghangin na yari sa pinanipis na balat ng kahoy na labnawan, isang kahoy na parehong pamilya ng palm tree. (png) Tinutugtog ito kasama ang <i>kudlung</i> . Ang kalma-dong musika na nabubuo nito ay pinaniniwalaang pagiging isa at pakikipag-usap sa kalikasan kaya pinapakinggan nila ito nang mabuti.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kuda. kabayo (png) Nagsisilbing pangunahing uri ng transportasyon hindi lang ng mga tao kundi ng mga sako-sakong produkto mula sa sakahan gaya ng mais, gabi, saging, niyog, kape at iba pa na ibinibenta sa bayan. Ang kuda ay buhay at kabuhayan sa komunidad ng Mansaka.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kudlung. gitara na may dalawang kuwerdas (png) Ito ay kahawig sa <i>kudyapi</i> ng mga Muslim kung saan ang isang kuwerdas ay gumaganap bilang <i>drone</i> o <i>monotone</i> habang ang isa pang kuwerdas ay tumutugtog ng himig. Itinuturing itong sagrado ng tribo dahil ang taong nakarinig lang ng mahiwagang huni mula sa kalikasan ang maaaring humawak at tumugtog nito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kuga. nagulat (png) Matinding pagkagulat na madalas na nagiging ekspresyon kapag nakakarinig ng kakaibang tunog na puwedeng tawaging senyales ng gulo o masamang panahon.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kumúkurúg, nakikitira (png) Isang katawagan sa taong nakikitira sa pamilyang Mansaka, na sa kabila nito itinuturing na silang kapamilya. Ito ay simbolismo ng pagiging isa at bahagi ng pamilya.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kuratong. instrumentong panghangin na yari sa tamburang o damuruwan na bahagi sa pamilya ng mga kawayan. Ito ay may butas na pahalang upang makapagbigay ng tunog. (png) Ang <i>kuratong</i> ay madalas ginagamit ng mga kabataan sa pagtugtog tuwing piyesta, mga pagdiriwang at pagtitipon-tipon ng komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
kurigsáw. isang uri ng palm tree (png) May malaniyog na hitsura na tumutubo sa maraming lugar dito sa Pilipinas. Ito ay namumulaklak ng dilaw at namumunga ng mapula at bilugang bunga. Sa kulturang Mansaka ito ay isang pangunahing sangkap sa <i>pag-ipát</i> o sayaw sa panggagamot na sinusunog tuwing isinasagawa ang seremonya. Ang pagsusunog ay simbolo ng pagtataboy ng masasamang	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

espiritu na siyang pinaniniwalaang sanhi ng pagkakasakit ng isang tao.

kurintang. instrumentong pangmusika na pinupukpok at binubuo ng 9 na uri ng iba't ibang tunog (png) Ito ang isa sa mga instrumentong pangmusika mula pa sa panahon ng mga Tsino o ang <i>barter era</i> . Kadalasang ang mga katutubo sa Mindanao ang gumagamit nito. Hindi ito nawawala tuwing may seremonyas at ritwal at maririnig ito tuwing sasayaw na ang mga pinuno at <i>balyan</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kuwaaw. ibon (png) Isang uri ng ibon kung saan ang huni nito ay nagbibigay ng hudyat sa buong komunidad na maaari nang magsaka muli. Naniniwala ang mga Mansaka na ang <i>kuwahaw</i> ay sugo mula sa kalikasan. Ang pagsisimula ng pagsasaka ay opisyal na ipapahayag ng pinuno sa kanilang tribo. Sa pagkakataong ito, ang lahat ng miyembro ng komunidad kasama ang mga bata ay kailangang magtulungan. Sinisimulan ang gawain sa pamamagitan ng paglilinis sa isang maliit na bahagi ng lupa. Pagkatapos, kukuha ng <i>bagon</i> na may bulaklak at hahatiin ito sa walong (8) bahagi na may tig-iisang metro o dipa ang haba. Itatali sa gitna ang dalawang pinutol na <i>bagon</i> , ililibing sa lupa at saka dasalan. Kapag nagkabuhol-buhol ang <i>bagon</i> , nangangahulugan itong hindi mabuting palatandaan upang magtanim pero kapag bumilog ang <i>bagon</i> , nangangahulugang magkakaroon na ng pagkakaingin.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
kyúdkudan. paraan ng pagluluto ng isda na ibinabalot sa dahon at saka pakukuluan sa kaunting tubig na may asin at sangkap hanggang sa maluto. (png) Isang katutubong pagkain na kinahihilingan ng tribong Mansaka noong unang panahon. Maparaan at madiskarte ang mga Mansaka dahil sa panahong walang isda, ginagawang pamalit ang palakang-bukid.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lantuy. plawta. (png) Plawtang gawa sa kawayan na napapatugtog sa tulong ng hangin at bibig. Ito ay mayroong 8 butas na tinatawag na <i>tu-ub</i> . Bawat butas ay may iba't ibang sukat upang magkakaroon ng iba-ibang tunog. Tinutugtog lamang ito sa mga pagkakataong gustong makipag-usap sa <i>Magbabaya</i> , kalungkutan, pagkawalay, at tuwing sasapit ang mahabang tag-gutom.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
libutun. tanim (png) Isang mala-saging na tanim na ginagamit upang makagawa ng magandang uri ng tela. Hinahabi ito pagkatapos matuyo. Mahalaga	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

ang libutun sa komunidad dahil ito’y isa sa mga pangunahing materyales na ginagamit nila sa paggawa ng damit. Maliban pa ryan, dito rin nila kinukuha ang kanilang kabuhayan sa pananahi.

Linambus. Heneral (png) Tagadepensa na miyembro ng mga <i>mangayaw</i> o mandirigma na may tungkuling ipaglaban at pangalagaan ang kapakanan ng buong tribo. Simbolismo ng katapangan at kapayapaan.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
longyab. isang pamamaraan ng pangingisda kung saan gumagawa sila ng butas doon mismo sa ilog upang makulong ang isda at hindi makalangoy sa malayo. (png) Sa pagiging maparaan, nagiging madali na lang ang paghuli sa isda at siguradong may madadalang pang-ulam pag-uwi sa bahay.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lumun. kapatid (png). Tungkulin ng magkakapatid na alagaan ang kapakanan ng bawat isa at damayan sa anumang sitwasyong kinasasangkutan. Kasama na ryan ang bigyang-proteksiyon ang sinumang inaagrabiado at inaapi. Pagpapatunay ito ng matibay na bigkis sa pagitan ng magkakapatid.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
lumun ngá bubáy. kapatid na babae. (png) Ang <i>lumun ngá bubáy</i> ay may pareho ring tungkulin ng isang <i>isù na bubáy</i> . Tungkulin niyang pangalagaan ang kapakanan ng pamilya lalong-lalo na kung mayroon siyang mga nakababatang kapatid.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lumun ngá usúg. kapatid na lalaki (png) Ang <i>lumun ngá usúg</i> ay may pareho ring tungkulin ng isang <i>isù na usúg</i> gaya ng tapapagpatupad ng batas sa lipunan, tagapangalaga sa kalikasan, pagbibigay-proteksiyon sa buong pamilya, at higit sa lahat, siya ang tagasunod at tagapagmana sa yapak, gawain at responsibilidad ng kaniyang amà.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lungan. alay o donasyon (png) Ito ay tawag sa alay na maaaring pera, bagay, pagkain o anumang may halaga na ibinibigay sa panahon ng panggagamot. Ang isang miyembro ng komunidad na nagpapagamot ay hindi na kailangang magbigay ng lungan. Samantala, ang mga hindi naman miyembro ng tribo na nagpapagamot ay sinasabihang boluntaryong magbigay sa paniniwalang hindi gagaling ang karamdamang dinadala nito.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
lutwan. kaldero (png) Ito ang pangunahing kasangkapan sa pagluluto ng mga <i>root crop</i> , kanin at anumang madaling lutuin na pagkain. Malaki ang	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

pakinabang ng *lutwan* sa komunidad dahil madali nilang masukat ang laman ng tubig na kakailanganin lalo pa't kadalasang pagpapakulo ang pamamaraan ng kanilang pagluluto. Higit sa lahat, naitatantiya nila ang init ng apoy na kakailanganin sa pagluluto.

luwa. luha (<i>png</i>) Itinuturing itong sagrado ng tribong Mansaka dahil simbolismo ito ng pagiging isa sa anumang emosyong namayani sa loob ng komunidad gaya ng pagluluksa, pighati, tagumpay, kasiyahan at marami pang iba. Ito'y simbolismo rin ng pagkakaisa ng bawat miyembro ng tribo na handang makiramay at maging bahagi sa anumang pakikibaka sa buhay.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
lyurut/miyarutu. ulam na niluluto sa kawayan kung saan ang lahat ng mga sangkap gaya ng karneng baboy, halamang dahon at iba pang pamalasa ay hinihiwa nang maliliit at inilalagay sa kawayan. Pagkatapos nito, ipinapatong ang kawayan sa apoy na may katamtamang init at iha-haon ito makalipas ang ilang minuto. (<i>png</i>) Isa sa pangunahing pagkain ng mga katutubong Mansaka ang <i>lyurut</i> o <i>miyarutu</i> . Malaki ang pakinabang ng <i>lyurut</i> lalo na sa mga magsasaka at manlalakbay noong unang panahon dahil hindi ito basta-basta nasisira. Ang <i>lyurut</i> din ay tatak ng pagka-Mansaka dahil sila ang nagpakilala sa kakaibang pamamaraan ng paglulutong ito. Sa kasalukuyan, ang <i>lyurut</i> ay inihanda ng mga katutubo sa tuwing idinaraos ang <i>Al'law ng Tipanud</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
maawat. distansiya o layo (<i>pnr</i>) Ito ang pagkalaylayo ng distansiya ng mga bahay-bahay sa komunidad. Ang paraan ng kanilang komunikasyon ay direktang pagtawag o pagsigaw upang malaman nila kung malapit na ba sila sa isa't isa o hindi. Hindi naging hadlang ang layo o distansiya upang hindi mag-usap at hindi magkaunawaan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
magaaru. paggawa ng kape. (<i>pnd</i>) Isang proseso ng paggawa ng kapeng mais. Ito ay karaniwang makikita sa harap ng bahay ng buong komunidad kung saan sinasangag at dinudurog ang mga mais upang gawing kape. Ang kape ay bahagi ng almusal ng pamilyang Mansaka.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
magagani. pag-ani (<i>pnd</i>) Ritwal na isinasagawa bilang pagdarasal sa isang mayaman at masaganang ani mula sa bukid. Ang mga sangkap inihahanda sa nasabing ritwal ay <i>apog</i> o <i>dayap</i> , bunga ng isang	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

prutas, *búyo* o halámang ginagamit ang dahon na pambalot ng *ngangà*, tabako at inumin.

magaipat. panggagamot (<i>pnd</i>) Isang ritwal na isinasagawa sa taong maysakit. Ito ay isinasagawa ng Balyan sa puno ng balite upang paalisin ang masamang espiritu na pinaniniwalaang pangunahing sanhi ng karamdaman.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Magbabayà. Diyos (<i>png</i>) Ang pinaniniwalaang dakilang manlilikha na nagbibigay ng mga biyaya at siyang pinagmulan ng buhay ng Tribong Mansaka. Malaki ang respeto at pagpapahalaga ng tribo sa <i>Magbabaya</i> , makikita ito sa mga alay na kanilang ibinibigay sa panahon ng pagdarasal. Maliban pa ryan, itinuturo rin nila sa mga kabataan kung gaano sila pinagpala at kung paano dininig ng <i>Magbabaya</i> ang kanilang mga asal. Kaya naman, ang mga kabataang ito ay kakikitaan ng pagiging madasalin at relihiyoso.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
magbuburung. manggagamot (<i>png</i>) Siya ang natatanging may karapatang magsagawa ng <i>pagbuburung</i> . Isa sa kaniyang pangunahing tungkulin ay gamutin ang sinumang miyembro ng komunidad Mansaka na may sakit maliban sa <i>Balyán</i> o Baylán. Maaari rin naman siyang manggamot ng mga dikatribo ngunit ito ay nangangailangan ng pag-aalay. Respetado ang mga <i>magbuburung</i> sa loob ng komunidad dahil hindi lahat ang may angking kaka-yahan na makapanggagamot at makapagpagaling.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
maglungan. pag-aalay o pagbibigay (<i>pnd</i>) Ang pagbibigay ng kaunting halaga o alay gaya ng baboy ay ginagawa ng Mansaka sa paniniwalang mas magiging epektibo ang panggagamot sa tulong ng mga alay na ito. Higit sa lahat, ginagawa ang pag-aalay upang hindi mahahawaan ng sakit ang manggagamot sa panahon ng ritwal. Ang kagawiang ito na pagbibigay ng alay ay angkop lamang sa mga nagpapagamot na hindi kabilang sa tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
magurang. panganay (<i>png</i>) Sa kulturang Mansaka, ang pagiging magurang ay may kaakibat na malaking responsibilidad. Itinuturing siyang kanang kamay ng mga magulang. Siya ang tumatayong kapag ang huli ay dumadayo sa ibang lugar upang maghanapbuhay, gayon din kapag wala ang ina sa bahay, siya ang tumatayong ina upang tingnan at alagaan ang mga nakababatang kapatid.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
mamaan. lagayan (<i>png</i>) Maliit na kahon na gawa sa tanso na nagsisilbing lagayan ng nginunguyang	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

sangkap. Kadalasang makikita ito sa mga matatanda na nakasabit o nakasuksok sa kanilang damit. Ang mga sangkap na ito ay sagana sa *calcium* na sanhi ng pagkakaroon nila ng matibay na ngipin.

mamarayi. pamamanhikan (<i>pnd</i>) Ginagawa ito ng pamilya ng lalaki sa angkan ng babae na nais niyang pakasalan. Dito isinasagawa ang masinsinang pag-uusap tungkol sa gaganaping kasal. Upang matuloy ang kasal, kinakailangan na ang lahat ng mga kondisyon at kahingian mula sa pamilya ng babae ay napagkasunduan nang maayos. Maaaring ipagpaliban muna ang araw ng pag-iisang dibdib kung may mga bagay na hindi gaanong napagkasunduan ng dalawang panig.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
manabingay. babaeng mananahi (<i>pnd</i>) Sila ang itinuturing na tagapagtaguyod ng mga kultural na materyal dahil sila ang inaasahang tagapag-ingat nito. Tungkulin rin ng mga <i>manabingay</i> na turuan ang mga batang babaeng Mansaka sa pananahi ng mga tradisyonal na damit sa layuning mapanatili ito ang kanilang kultura.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
manawag-tawag. pagdarasal (<i>pnd</i>) Isang pamamaraan ng pagdarasal kung saan tinatawag nila ang mga espiritu upang sila'y pakinggan sa kung anumang bagay na kanilang hinihiling o dinarasal. Kasama sa pagtawag ang pagpapausok at paglalagay ng mga alay gaya ng manok, bigas at iba pa.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
mangayaw. mandirigma (<i>png</i>) Isang grupo ng mandirigma ng tribo na siyang nangangalaga sa seguridad at kaayusan ng buong komunidad. Natutukoy ang kanilang katungkulan dahil sa bitbit na kalasag at sandata gaya ng bangkaw, itak at kutsilyong gamit sa pangangaso. Sa panahong may magtatangkang lumusob sa kanilang teritoryo, sila ang inaasahang makikipag-away at makikipaglaban-laban sa mga mananakop.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Mangkatadung. matatanda (<i>png</i>) Ito ay tumutukoy sa mga pangkat ng matatanda sa loob ng komunidad. Ito ay kalipunan ng mga katutubong may edad 60 pataas na kadalasang may angking talino at malalim na kaalaman sa kasaysayan, kultura at tradisyong Mansaka. Iginagalang sila ng buong komunidad dahil sila ang kinikilalang tagapag-ipon at tagalikom ng mga kaalaman at kasaysayan ng komunidad na kalaunan nama'y ibabahagi ng mga mangkatadung sa bagong henerasyon upang lubos	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

na mapahalagahan at mapanatili ng mga kabataang ito ang kanilang lahi at pinanggalingan.

Maniklad. <i>major</i> (png) Katumbas ng major na katungkulan sa sundalo. Isang ranggo o posisyon na miyembro ng mga mangayaw o mandirigma na may tungkuling protektahan ang kapakanan ng buong tribo, kaya sila ay tinaguriang tagadepensa.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Matikadung. <i>pinuno</i> (png) Ang pinakamataas at pinakasagradong posisyong panlipunan na ipinagkatiwala sa komunidad kung saan kadalasang mga lalaki ang nabibigyan ng pagkakataong humawak at manungkulan sa ganitong posisyon. Ito rin ay tumutukoy sa nakatatandang pinuno na pinili, iginagalang, minamahal at ipinagkakatiwalaan ng mga katribo batay sa kaniyang mga katangian sa pamumuno. Isang kahingian din sa pagpili ng Matikadung ay ang pagkakaroon ng malalim at komprehensibong kaalaman sa mga nakagawiang batas, kaugalian at kulturang Mansaka. Dagdag pa nito, nararapat ding may angking talino at kakayahan sa pamamahala ng pananalapi, kakayahan sa pagdedesisyon at higit sa lahat ang pagiging isang mahusay na tagapamagitan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
osaran. <i>dikdikan</i> (png) Ito ay tinatawag na <i>mortar and pestle</i> sa wikang Ingles. Isang kasangkapan sa pagdurog o pangdikdik ng mga sangkap gaya ng <i>kurigsaw</i> o <i>beetle nut</i> at iba pa. Sa paniniwalang Mansaka, naging mas epektibo ang isang halaman o sangkap kapag ito'y dinudurog upang makuha ang natural na lasa at benepisyong pangkalusugan.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
pabal'long <i>libangan</i> (png) Ang libangan ng komunidad ay sayawan, kantahan at tugtugan gamit ang tradisyonal na instrumentong pangmusika. Kasama rin dito ang mga larong palakasan gaya ng sipa, bangkaw at pakikipagbuno. Sa anumang kasiyahan mayroon ang komunidad palaging nasusunod ang mga matatanda, gaya halimbawa na kapag sinabihang itigil na ang kasiyahan lalo na kapag malalim na ang gabi, kailangang sundin ito ng mga tao. Ginagawa ito ng mga matatanda sa paniniwalang may mga masamang espiritu na daraan sa gitna ng kanilang kasiyahan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
pag-indù. <i>pagtuturo</i> (pnd) Eksklusibong seremonya para sa miyembro ng pamilya na isinasagawa ng <i>Balyán</i> at ng iba pang pinuno ng komunidad upang ipasa ang kaalaman tungkol sa tribo. Ito'y ginagamitan ng bagaybáy na inilalagay sa gitna ng bahay, <i>kurigsaw</i> na nakabitin at banig na nakalatag	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

sa sahig. Sa tribong Mansaka, dalawang babaeng miyembro ng pamilya ang tumatanggap ng nasa-bing seremonya.

pag-ipát. panggagamot (png) Isang uri ng sayaw sa panggagamot upang mapagaling ang maysakit na ginagamitan ng sinunog na halaman gaya ng <i>kurigsaw</i> , <i>buyo</i> , <i>apug</i> , tabako at <i>turob</i> . Ang mga hakbang ay nakasunod sa tama at itinakdang kilos na hindi basta-bastang nababago, habang ginagawa ito ay may dasal na ibinubulong.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
pag-urug. pamamanhikan (png) Isang pamamanhikan kung saan nalalaman kung magkano ang hihingiin ng pamilya ng babae sa lalaki. Ipina-palam din dito kung magkano ang babayaranang halaga ng lalaki sa nagastos ng ina sa pagpapalaki ng kaniyang anak na babae.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
pamurang. pulseras (png) Isang uri ng pulseras na gawa sa kahoy at pinatuyong <i>seashells</i> . Karaniwang isinusuot ito ng mga kababaihan sa tuwing may <i>piyagsawitan</i> o pagtitipon-tipong nagaganap sa loob ng tribo. Ang <i>pamurang</i> ay isinusuot na magkakasunod ayon sa laki nito. Samakatuwid, mas maraming pamurang, mas kaakit-akit tingnan.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
pandi. saya (png) Ang tela ay binubuo ng maliliit na kuwadrang disenyo na kulay pula, abo, itim, at kayumanggi. Ito ay may katamtamang haba upang hindi mahirapan ang mga kababaihan sa paglalakad at pagkilos. Maihahalintulad ito sa malong ng mga Muslim at <i>patadyong</i> ng mga Bisaya kung saan isinusuot ito sa pamamagitan ng pagtali ng magkabilang dulo. Kagaya ng <i>dagúm</i> , ang telang ginamit ay hinabi pa ng mga ninuno ngunit sa pagdaan ng panahon at pagkawala ng mapagkukunang materyales, nabibili na rin ito sa mga tindahan gamit ang mga sintetikong materyales at makabagong pamamaraan ng paggawa ng tela.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
pangampa isang seremonya kung saan ang mga lumang gamit ay tinitipon ng mga lider ng tribo bilang pagbibigay-halaga sa mga ninunong unang nagmamay-ari nito. (png) Sa pamamagitan ng seremonyas na ito, nananatiling bago ang antigong gamit na pakikinabangan hindi lang ng pamilya kundi ng buong komunidad. Nakapaloob sa batas ng tribo na anumang gamit na pagmamay-ari ng pamilya gaya ng damit, instrumento at iba pa, lalo na't may kinalaman sa kultura at tradisyon ng	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

Mansaka ay pangangasiwaan din mismo ng pamilya dahil inaasahang nalinang na nila ang kakayahan at kaalaman tungkol sa kahalagahan ng mga bagay na ito kasama ang gabay ng kanilang mga ninuno.

pangapug. pangkalahatang ritwal (png) Ang bawat ritwal ay may kani-kaniyang tawag. Nakabatay ang mga tawag nito sa uri at katangian ng pagsasagawa ng ritwal. Ang <i>pangapug</i> ay itinuturing na nasa tuktok sa lahat ng uri ritwal na ginagawa dahil ito ang pangkalahatang tawag nito. Kapag nagsasagawa ang buong komunidad ng ritwal ginagamit nila ang terminong ito, at saka na lang nila nalalaman ang espesipikong uri ng ritwal kapag mayroon nang mga detalyeng ibinibigay.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
pangiyak. pagtawag o pagsigaw (pnd) Pagtawag o pagsigaw ng <i>hooo</i> . Isang uri ng komunikasyon noong unang panahon kung saan tinatawag nila ang kamag-anak o kapitbahay upang ipaalam na siya'y nakauwi na o nasa bahay na.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
paruda. kamote (png) Ang paruda ay pangunahing pagkaing inihahanda ng pamilyang Mansaka. Niluluto ito sa iba't ibang kaparaanan sa layuning makapaghain ng iba-ibang uri at lasa sa hapag. Ito ay pangunahing produkto ng kanilang sakahan at nagsisilbing pangkabuhayan na rin ng iilang pamilyang Mansaka na hindi nakatutok sa paggawa ng mga <i>crafts</i> o paghahayop.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
parundag. isang saksoponong kawayan na may habang 60 sentimetro at may limang butas. Pinaatutog ito sa tulong ng hangin, gamit ang bibig o ilong. (png) Sinasabing may angking husay at galing ang sinuman na makabuo ng musika sabay sa pag-ihip at pagtakip sa mga butas ng kawayan upang makabuo ng tunog at himig. Kinakailangan ding may taglay na mahabang pasensiya at kahusayan sa pagtukoy sa musika at nota ang gagamit nito. Ito ay mas malaki pa sa <i>lantuy</i> na isang instrumentong panghangin din.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
parutgut. kuwintas (png) Isang uri ng palamuti sa leeg na parang <i>choker</i> kung pagmasdan. Gawa sa <i>beads</i> na itinali at itinahi upang maging kuwintas. Ito ay may iba't ibang disenyo na kadalasang may 4 hanggang 7 kulay. Nagkaiba-iba ang hitsura nito, may hugis duyan, parisukat at parihaba. Ang palamuting ito ay bahagi ng pagkakikilanlan ng pagiging Mansaka kung saan ang mga materyales ay kinukuha lang din sa kanilang paligid.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

patakyâ. lagayan (png) Isang mallit na kahon na yari sa metal na nagsisilbing sagradong taguan ng mga pamana at anumang pinagkaingat-ingatang bagay mula sa mga ninuno, kagaya ng damit, palamuti, alaala, at iba pa. Kasama ring itinatago sa <i>patakyâ</i> ang mga alay o handog na ibinibigay ng lalaking Mansaka noong panahong siya'y nanliligaw pa. Ang tradisyonal na <i>patakyâ</i> ay maaaring gawa sa bronse at ginto, depende sa gusto ng taong nagpapagawa nito. Ang pagiging punô ng <i>patakyâ</i> ay simbolismo ng kasaganahan ayon sa mga mata-tanda.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
pawâ. sakahan (png) Isang bahagi ng bukid na kadalasang makikita ang iba't ibang uri ng mga pananim. Ang masagana at luntiang <i>pawâ</i> ay nangan-gahulugan ng kasipagan at dedikasyon ng may-ari. Ito'y indikasyon na may makakain ang buong mag-anak sa panahon ng tag-ulan. Simbolismo rin ito ng karagdagang kita bilang pantustos sa gastusin ng buong pamilya.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
pislitan. palawit (png) Nagsisilbing sabitan ng <i>patadyong</i>. Maaari itong pagsabitan ng mga <i>beads</i> upang makalikha ng mga tunog sa panahon ng pag-sayaw ng isang <i>gibubayan</i>. Ito'y walang praktikal na gamit kundi pawang palamuti lang sa damit.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
piyagkagpa. kuwintas (png) Isang uri ng kuwintas na pumapangalawa sa <i>parutgut</i>. Ito ay mayroong 4 hanggang 6 na kulay na kadalasang may heometrikal na disenyo. Kung pagbabatayan ang mga unang henerasyon ng tribo, ito ay natatanging uri ng kuwintas dahil sa pambihira nitong dibuho ngunit dahil na rin sa teknolohiya at modernisasyon nagkakaroon na ito ngayon ng pagkakahawig.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Piyagsawitan. pagdiriwang (png) Tulad ng <i>Al'law ng Tipanud</i>, ang buong tribo ay nagsama-sama para sa isang espesyal na okasyon. Ang <i>piyagsawitan</i> ay isang pagtitipon-tipon ng pasasalamat bago at pagkatapos ng ani bilang pasasalamat sa <i>Magbabayà</i> (Diyos). Ang buong tribo ay gayak na gayak at nagsusuot ng magagarang damit lalong-lalo na ang mga kababaihan. Sari-saring mga sayaw at musika ang ipinamalas na nagpadagdag sa pagiging buhay at makabuluhan ng <i>piyagsawit</i>. Nagiging instrumento ang ganitong pagtitipon upang magkumustahan sa mga buhay-buhay. Pagkakataon din ito upang pansamantalang	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

makapagpahinga sa mga araw-araw na gawain lalo na sa bukid.

pratina. palawit (<i>png</i>) Ito ay gawa sa pilak, hugis bilog at may sukat na 15 sentimetro ang diyametro. May iba-iba at kaakit-akit na disenyo na isinusuot sa gitnang bahagi ng dibdib ng isang <i>gibubayan</i> na itinuturing na kakaibang pagkakilanlan para sa isang babaeng Mansaka. Kadalasan, mga anak ng <i>Bia</i> ang nagsusuot nito sa tuwing may pagtitipong nagaganap sa loob ng tribo ngunit sa pagdaan ng panahon, naging simple na lamang ang anyo ng isang <i>pratina</i> dahil hindi naituro at naipasa ang gal-ing at husay ng mga ninuno sa pagdidisenyo nito.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
pungkoy. kadahilanan (<i>png</i>) Tumutukoy sa mga rason at mga sitwasyon na nagbibigay ng negatibo at positibong impluwensiya sa tao sa paligid. Maaaring ang kadahilananang ito ay sinadya o itinadhanang mangyari. Sa ganitong pagkakataon, ipinapaubaya na lang nila sa kalikasan kung ano ang posibleng mangyari sa paniniwalang lahat ng ito ay may malalim na dahilan.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
purong. sombrero (<i>png</i>) Telang panakip sa ulo sa mga kalalakihan na itinataling patatsulok. Ito ay pula at may burdang disenyo na nangangahulugang may ranggo o posisyon sa lipunan ang taong nagsusuot nito.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
saagkil. pulseras sa paa (<i>png</i>) Isang uri ng pal-amuti na inilalagay sa bukong-bukong ng paa. Isinusuot ito ng parehong babae at lalaki lalong-lalo na kapag may malaking pagtitipon gaya ng piyag-sawitan. Sa aspetong ito, naiwasto ang konseptong babae lamang ang maaaring magsuot ng mga pal-amuti. Naipakita rin na ang mga lalaking Mansaka ay hindi lamang nakakahon sa pagsusuot ng kuwintas bilang pagpapakita ng kanilang katapatan.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
sadók. sombrero (<i>png</i>) Isang panakip sa ulo para sa mga kalalakihan na may burda at kulay pula. Ang nagsusuot nito ay mga karaniwang mamamayan o walang ranggo sa komunidad. Pangunahing gamit nito ay proteksiyon mula sa init ng araw.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
sampad. hikaw (<i>png</i>) Malaking hikaw na kulay itim. May disenyong mandala at hugis bilog kagaya ng <i>paratina</i> . Ang <i>sampad</i> ay simbolismo ng mayamang deposito ng ginto sa kanilang lugar. Makikita itong sinusuot ng mga <i>gibubayan</i> sa panahon ng mga espesyal na pagdiriwang.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

sangkaburos. pagbilang (<i>png</i>) Isinaalang-alang din ng komunidad ang kakayahan ng bawat miyembro sa pagbibilang. Hindi lamang sapat na matuto sa mga gawaing bukid dahil kasabay sa pagkatuto ng mga bagay na ito, tinuturuan din nila ang mga bata na magbasa at magbilang upang hindi sila maging biktima ng panlololoko paglabas nila sa kanilang komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
saryada. kanta (<i>png</i>) Isang uri ng kanta o <i>chant</i> na nagsasalaysay sa mga kaganapan sa buong tribo na nakabatay sa kanilang nakita at nasaksihan. Ito ay kadalasang ginagawa kapag may pagdiriwang o pagsasalo-salo na kung saan ito’y isang angkop na sitwasyon upang maibahagi sa ibang miyembro ng tribo ang mga kaganapan sa buong komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
sasal. sawali (<i>png</i>) Isang tradisyonal na dingding na gawa sa kawayan. Ang isang kawayan ay hinahati gamit ang itak upang lumapad. Pagkatapos nito, ito ay pinagtabi-tabi at pinagsama-sama upang maging sapat na gawing dingding. Sa katagalan, nagkaroon ng inobasyon at nilalagyan na ng disenyo at tinawag itong <i>amakan</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Sayaw Pagpanggas. sayaw sa pagtatanim (<i>pnd</i>) Isang ritwal-sayaw bago ang pagtatanim bilang panaboy sa masasamang espiritu upang magkaroon nang maayos at masaganang ani. Tanging ang mga babae ang gumagawa ng pagsasayaw na ito na tinatawag na sumisiday.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
Sayaw Pagbaruy. sayaw pangkasal (<i>pnd</i>) Isinasayaw ito ng bagong kasal sa panahon ng seremonya. Bilang mag-asawa, kailangang maipakita nila sa lahat ng bisita ang tunay at dalisay na pagmamahal sa pamamagitan ng sayaw. Isa rin itong pamamaraan upang patunayan ng lalaki na hindi nagkamali ang babae sa pagpili sa kaniya.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
silatan. silangan (<i>png</i>) Ang posisyon kung saan unang makikita ang sinag ng araw. Sa kulturang Mansaka, ito ay nangangahulugang maganda ang buong araw at isang magandang pagkakataong magtanim sa sakahan. Higit sa lahat ito ay hudyat na pagsisimula ng mga gawaing nakagawain at nakasanayan na sa buong komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
simang (<i>png</i>) Isang gamit sa kusina na may kakayahang makabuo ng manipis hanggang sa makapal na usok. Ang mga usok na ito ay nagsisilbing panaboy sa mga insekto lalo na sa hapon kung saan naglalabasan na ang iba’t ibang uri ng insekto. Maliban pa	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

riyan, ang usok na ito ay ginagamit ring panaboy sa mga masasamang elementong umaaligid sa komunidad.

simbaray. kapitbahay (<i>png</i>) Ang pagpapahalaga sa pamilya ay pangunahing prinsipyo ng tribo kaya naman, ang magkakamag-anak ay nararapat magkakasama sa isang lugar upang pangalagaan at protektahan ang bawat isa. Naniniwala rin silang ang komunidad ay nabubuo dahil sa pagkakaisa ng mga mamamayan. Dagdag pa rito, ang pagkakalapit-lapit ng mga bahay ay simbolismo ng pagkakasundo dahil sa usok na ibinubuga ng bawat kusina.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
sinakáysakay. pagsidsid na sayaw (<i>png</i>) Isang sayaw sa pamamagitan ng pagsidsid. Pinaniniwalaan ng tribong Mansaka na ang pagsasagawa nito ay nagsisimbolo ng katuparan sa kanilang mga kahilingan sa buhay tulad ng malusog na pangangatawan, masaganang ani at agarang paggaling sa karamdaman.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
sinángkiki. sayaw sa panliligaw (<i>png</i>) Ito’y simbolismo ng isang lalaking Mansaka sa kaniyang pagiging pursigido sa tuwing may napupusuang babae. Isang sayaw ng panliligaw na ginagamitan ng sibat at kalasag. Ipinapahiwatig ng sayaw ang kaniyang adhikain na mapapasagot ang nililigawan at kalaunan ay tanggapin ang alok ng kasal.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
sipit. pagkarga (<i>pnd</i>) Pagkarga sa isang bata sa panahon ng pagbibinyag. Ang buong mag-anak o kakilala ay magtitipon-tipon upang pagdesisyonan ang magiging apelyido ng bata. Ang apelyido ng sinumang ikalabingwalong nagkarga sa bata ang siyang susundin at gagamitin ng batang bibinyagan. Wala sa konsepto ng Mansaka na kung ano ang apelyido ng tatay ay iyon ang susundin ng mga anak. Natutukoy nila ang magiging apelyido ng bata sa pamamagitan ng sipit. Kaya, hindi nakapagtataka na kahit magkapatid ang dalawang nilalang ay hindi sila magkaapelyido.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
siring pagsunod (<i>png</i>) Pagtalima sa kinagisnang kultura kung saan ang tradisyon at paniniwala ay hindi maaaring baguhin at palitan. Kasama sa mga ito ay ang disenyo ng mga damit at palamuti sa kawatawan. Ang paglabag sa tradisyonal na pagsuot ng damit ay malaking kasalanan sa buong komunidad. Hindi mahalaga kung hindi kompleto ang mga	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

palamuti sa katawan basta ang lahat ng isinusuot ay tunay at totoo.

sumpit. laro (<i>png</i>) Isang katutubong laro gamit ang maliit na kawayan kung saan hinihipan ng manlalaro ang butas ng kawayan upang mailabas ang buto ng <i>kurigsaw</i> na isinuksok sa butas nito. Ang manlalarong may pinakamalayang distansiya sa pag-hip ng buto ng <i>kurigsaw</i> ay siyang tatanghaling panalo. Ang larong ito ay tagisan ng lakas sa pag-hip o pagbuga ng hangin. Dito masusukat kung gaano katibay ang baga ng isang tao.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
suroy. palamuti (<i>png</i>) Bahagi sa damit ng mga babaeng Mansaka na makikita sa gilid ng blusa na may hugis tatsulok. Ito ay bahagi pa rin ng palamuti sa damit na simbolismo ng kanilang makulay at mayamang kutura.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
tabing. pananahi (<i>pnd</i>) Ang tarabahong ito ay nakaatas sa mga babae. Inaasahan sa mga babaeng Mansaka ang pagiging mahusay sa mga gawaing-bahay dahil nga sa paniniwalang sila ay mga palamuti lang. Kasama sa itinatahi nito ay ang mga tradisyonal na kasuotan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
Tagamaring. diwata (<i>png</i>) Sa paniniwala ng tribong Mansaka ito ay isang diwata ng kagubatan na siyang nangangalaga sa likas na yamang nakapaligid sa kanilang komunidad. Siya rin ang pinaniniwalaang manlilikha ng isang sagradong huni ng musika na ang tanging makaririnig lang nito ay mga taong pinili at biniyayaan ng natatanging talento at kanasayan sa pagtukoy at pagtugtog ng nasabing huni. Ang nasabing sagradong huni ay naililipat niya sa pamamagitan ng paggamit ng instrumentong pangmusika na tinatawag na <i>kudlung</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
tagiblus. kuwintas (<i>png</i>) Palamuti sa katawan na isinasabit sa leeg katulad ng isang parutgut. Ang kaibahan ng kuwintas na ito ay sobrang mahaba na aabot hanggang sa puson ng nagsusuot. Bahagi pa rin ang palamuting ito sa pagpapakita ng mayamang kultura ng komunidad. Kagaya ng ibang palamuti ang mga materyales ay biyaya ng kalikasan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
taklay. pulseras (<i>png</i>) Pulseras na gawa sa butil o <i>beads</i> na kadalasang ang disenyo ay repleksiyon ng kalikasan. Marami at magkaiba-iba ang mga disenyo nito, patunay na mayaman at masagana ang kalikasan dahil hindi inaabuso ng mga tao noong unang panahon.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

taku. instrumentong pangkuwerdas na gawa sa kawayan na may habang 60 sentimetro. Ang mga kuwerdas sa gilid ay nilalagyan ng kahoy upang makabuo at makontrol ang tunog. (png) Ito ay pinapatugtog sa panahon ng mahahalagang okasyon kasabay ng <i>kudlung</i> . Ang mga tunog ng kalikasan ay inspirasyon ng halos lahat ng instrumentong pangmusika ng komunidad.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tamburang. balde (png) Baldeng gawa sa kawayan na nilalagyan ng kung ano-anong gamit gaya ng mga personal na gamit, kasangkapan sa paghahabi o pagtatrabaho, at iba pa. Ito ang gamit ng mga babae sa pagpasan ng mga dala-dalihin. Sa kawalan ng bag noong unang panahon ang tamburang ay nagsisilbi na ring lagayan ng mga personal na gamit.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tangun. pagluluto (pnd) Sa kulturang Mansaka, ang punong abala ay nagluluto ng espesyal na pagkain para sa mga bisita. Pantay-pantay itong inihahain sa lahat ng mga naroroon at walang sinoman ang tatayong walang laman ang tiyan o gutom. Sa pag-alis naman ng mga bisita, pinaba-baonan sila ng pagkain upang sa biyahe ay hindi sila magugutom.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tarabon. instrumentong pangmusikang pinupukpok na mas malaki pa sa agong. (png) Malaki ang papel na ginagampanan ng <i>tarabon</i> sa kanilang komunidad dahil ito ang ginagamit sa pagbibigay ng mga hudyat o panenyas sa panahon ng digmaan. Mahalagang may labis na kahusayan ang taong nakatalaga rito upang maging magaan at madali ang pakikipagkomunikasyon sa gitna ng giyera dahil ang kakulangan sa kasanayan sa paggamit nito ay maaaring maging sanhi ng kanilang pagkatalo.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tari. panghuhula (png) Isang makalumang pamaraan ng paghuhula sa isang nawawalang tao, bagay, hayop o di kaya'y pagtukoy sa panahon. Ang panghuhula o ritwal ay ginagamitan ng hilaw na bigas at itlog kung saan inilalagay sa gitna ang itlog na pinalilibutan ng mga bigas. Ang paggalaw ng itlog at bigas ang siyang binibigyang interpretasyon ng manghuhula.	4	3	3	3.3	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tigmad. pinagmulan (png) Ang simula at pagsilang ng tribong Mansaka. Ito'y pagkilala sa kultura at tradisyon ng tribo upang mas lalong maunawaan at mapahalagahan ng mga bagong sibol ang kanilang pinanggalingan. Ang pagyabong ng tribo ay nakasalalay na ngayon sa mga kabataang Mansaka kung paano nila pagyamanin at pag-ibayuhin upang	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

hindi mawala at makalimutan ang kanilang pinag-simulan.

tinanap. ahas (<i>png</i>) Sa konteksto ng panitikan, binibigyan ng konotasyon ang ahas na traydor pero sa komunidad ng Mansaka, itinuturing nila itong may pakinabang dahil sa ginagawa nilang pagkain ang karne nito depende sa uri. Maliban pa rito, napapakinabangan din nila ang balat ng isang <i>tinanap</i> upang gawing sinturon.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tipanud. ninuno (<i>png</i>) Ang tawag sa mga unang taong Mansaka. Sila ang itinuturing na naghulma sa imahe ng tribo kung ano man sila ngayon. Sa kanila naisilang at naitatag ang mga paniniwala, kultura at tradisyon na patuloy pa ring isinasagawa sa kasalukuyan.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tuklû. sibat (<i>png</i>) Isang sibat na naging batayan sa tradisyonal na laro. Ang panuntunan sa nasabing laro ay kinakailangang tamaan ng manlalaro ang isang bagay na nakapuwesto ng mahigit kumulang 10 metro ang layo. Uusad ang layo nito sa tuwing may manlalarong tumama sa target. Tatanggalin sa kompetisyon ang hindi makatama sa target at ang natirang manlalaro ay siyang mag-uuwi ng gantimpala.	3	4	4	3.7	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
turong. sombrero (<i>png</i>) Isang uri ng panakip sa ulo na gawa sa tela na may iba't ibang kulay depende sa ranggo ng nagsusuot.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
turub. halaman (<i>png</i>) Isang uri ng halaman na ginagamit at sinusunog sa panahon ng ritwal. Pinaniniwalaan ng komunidad na ang nasabing tanim ay may angking kapangyarihan upang palayasin ang masasamang elemento o espiritu na nasa paligid.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tutukanon. mga bugtong (<i>png</i>) Ang kadalasang paksa ng kanilang bugtong ay pagkain, kalikasan, bahagi ng katawan, patakaran sa bahay o pamilyanan, at iba pang mga likas na pangyayari. Bihira nilang ginagamit ang paksa ang tungkol sa mga espiritu at supernatural na nilalang sa paniniwalang ito'y magbibigay ng malas o kamatayan sa taong gagamit nito. Ang bugtong-bugtongan ay isang paraan ng libangan o pagpapahinga mula sa buong araw na trabaho. Nagtitipon-tipon ang buong mag-anak sa gabi at ginagawa nila ito.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
tutunli. pagturo (<i>point</i>) (<i>png</i>) Ito ay nangan-gahulugang diretsahang pagturo sa indibiduwal para sa isang posisyon. Ito ay pamamaraan ng pagpili ng	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

pinuno sa kanilang tribo. Sa panahon ng botohan, tatayo sa harap ng katribo ang mga nominado. Itatala ng mga inatasang indibiduwal ang bawat pagtuturong matatanggap ng bawat kandidato. Kaya ng nakasanayang proseso, bibilangin ang bawat *pagtunli* para sa isang nominado at ang makakakuha ng pinakamaraming boto ang siyang mananalo. Kalimitang ginagamit ang *pagtunli* kung may mga katribong wala o kulang ang kakayahang bumasa at sumulat.

tyabidak. putahe (<i>png</i>) Isang katutubong pagkain ng Mansaka na espesyal na niluluto para mapanumbalik ang lakas at sigla ng katawan. Pinaghalong bigas. gabi, kamatis, bawang, sili at mga halamang damo. Ang bigas ay pinakukuluan hanggang sa maluto at saka idagdag ang ibang sangkap pati asin bilang pampalasa sa inihandang pagkain. Isa itong pagkaing-sabaw na pampainit sa mga komunidad na nasa bukid upang labanan ang lamig lalo na sa gabi. Ang <i>tyabidak</i> ay isang masustansiya at pampaganang pagkain para sa mga katutubong Mansaka. Bukod sa <i>lyurut</i> , kasama rin ang <i>tyabidak</i> sa mga pagkaing inihanda tuwing may malaking selebrasyon ang tribo tulad ng <i>Kaimunan Festival</i> .	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
ubád. dote (<i>dowry</i>) (<i>png</i>) Ito ay ari-arian o bayad na ibinibigay sa oras ng kasal. Ang mga magulang ng babae ang siyang nagtatakda ng halaga ng <i>ubád</i> para sa kanilang anak sa anyo ng mga anlang (alipin) o <i>agong</i> at <i>patakyâ</i> (isang lalagyan ng nangunguyang <i>betel nut</i>). Subalit, may ibang pagkakataon na ang lalaking ikakasal ang naghahanda ng <i>ubád</i> sa pamamagitan ng pera o anumang bagay na kapaki-pakinabang.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap
ubu. usok (<i>png</i>) Anumang uri ng usok; buhat sa niluluto, sunog, sigarilyo at iba pa. Ito ang nagsisilbing palatandaan ng mga sinaunang tao kung may naninirahan o may komunidad sa kabilang bundok.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
ulaipan. alupihan o alakdan (<i>png</i>) Isang uri ng makamandag na insekto na itinuturing ng komunidad na malaking hamon kung paano gamutin ang taong nakagat nito noon. Kaya naman, sa mga pagkakatatong ganito nasusubok ang pagtutulungan ng bawat isa at pagpapakita ng malasakit sa taong biktima nito.	4	3	3	3.3	Lubos na Katanggap-tanggap

umpù na bubáy. lola (png) Sa kulturang Mansaka ang <i>umpù na bubáy</i> ay nagsisilbing haligi sa kanilang pamayanan. Sila ang nagbibigay-proteksiyon sa buong komunidad upang ang kanilang pagkakilanlan at natatanging kultura ay hindi basta-bastang mawawala at mananakaw. Sila rin ang inaasahang magpapamana ng kanilang kultura at tradisyon sa mga bagong sibol na Mansaka sa komunidad.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
umpù na usùg. lolo (png) Kagaya ng isang <i>umpù na bubáy</i> , sila ay iginagalang at nirerespeto ng buong komunidad. Isa sila sa mga sinasanggunian lalo na sa pagbuo ng desisyon at pagbibigay ng payo para sa kapakanan ng buong komunidad. Malaki ang papel na kanilang ginagampanan upang mapanatili ang kaayusan at katiwasayan sa buong tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
untu. pakikitungo (png) Ito ay tumutukoy sa mga ugali ng mga Mansaka na nagsisilbing pagkakilanlan na rin kung paano sila makitungo at makiayon sa mga taong-labas sa kanilang tribo. Higit na pinahalagahan ng komunidad ang pagiging matapat sa anumang ginagawa, saanman at kailanman. Ito’y patunay na inaayawan ng buong tribo ang mga taong mapagpanggap.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
urúp. bubuyog (png) Ang <i>urúp</i> ay madalas na maririnig sa mga kuwentong-bayan at mga kanta ng mga matatanda. Sa paniniwalang Mansaka, ang sama-samang pag-aalaga at pagbabantay ng mga <i>urúp</i> sa “Reynang Bubuyog” ay simbolismo ng matibay na samahan ng bawat miyembro na siya ring pinapairal ng buong komunidad. Dagdag pa ryan, ipinapakita rin dito ang hindi matatawarang katapatan at pakikiisa ng bawat miyembro upang matiwasay na mamuhay ang buong tribo. Ito ay simbolismo rin ng pagkakaisa at pagtutulungan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
usip. pagtatanong (pnd) Isang katangiang Mansaka kung saan nagiging mausisa ang mga kabataan tungkol sa pinagmulan ng kanilang tribo. Nanganagalap ng impormasyon ang mga kabataang ito mula sa kanilang mga <i>umpu</i> o lolo/lola nila. Sa kabilang banda naman, inalam din ng mga matatanda kung interesado ang mga kabataang ito na matutuhan ang mga bagay-bagay tungkol sa kanilang tribo.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap
usùg. lalaki (png) Sa kulturang Mansaka ang mga lalaki ang siyang may lakas sa paggawa, may boses, may sariling pag-iisip at laging nasusunod sa lipunan.	4	4	4	4.0	Lubos na Katanggap-tanggap

usúy. sisiw (<i>png</i>) Madalas binibigyan ng kahulugan bilang mga anak na marunong sumunod sa mga kaugalian, yapak at alituntunin ng komunidad.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
utaw. tao (<i>png</i>) Ang mga indibiduwal na bumubuo sa tribo. Sila ang nagpapayaman at nagbabahagi ng mga kaalaman, kultura at sining sa mga taong tagalabas upang manatiling buhay ang komunidad sa lahat ng panahon.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
wakag. gabi (<i>png</i>) Ang gabi ay kilalang-kilala at karaniwan sa komunidad dahil sa madali lang itong itanim at patubuin. Kaya naman, sa mga putahe na kanilang inihahanda pangunahing sangkap ang wakag sa pang-araw-araw na pagkain.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
yaarub. inihaw na kamote (<i>png</i>) Karaniwan ang pag-iihaw sa paghahanda ng pagkaing Mansaka dahil maliban sa matipid ito, may kawalan at kakulangan din sila sa mga kagamitan sa kusina.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
yagkarim. panliligaw (<i>png</i>) Isang yugto ng panliligaw na kung saan hindi puwedeng tumanggi ang babae sa lalaking nagkagusto sa kaniya sa paniniwalang ito'y biyaya sa dalawang pamilya. Pagkatapos maipahayag ng lalaki ang pagkagusto sa dalaga, sa ayaw at sa gusto niya, isusunod kaagad ang mga pagpapalano sa kasal.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
yapangot. pamamana (<i>pnd</i>) Isang pamamaraan ng pangingisda gamit ang pana. Maliban sa bukid, kung saan kilalang magaling ang mga Mansaka, marunong din silang manghuli ng isda kagaya ng dalag o <i>mudfish</i> . Nagpapahiwatig ito na kayang mamuhay ang komunidad mapabukid man o malapit sa ilog o sapa.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap
yataripag. pagtawid (<i>pnd</i>) Kapag sa panahon ng paglalakad ay may naririnig na kumakantang <i>alimokon</i> , ito'y nagsisilbing babala na huwag nang tumulo sa pupuntahan dahil may nag-aabang o nagbabadyang panganib.	4	4	4	4.0	Lubos na Ka-tanggap-tanggap

Apendiks I

Sampol ng Ginawang Balidasyon sa Transkripsiyon

PAPEL-BALIDASYON PARA SA TRANSKRIPSIYON NG PANAYAM

Pamagat ng Pag-aaral: Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryo ng Mansaka-Filipino
 Pangalan ng Mananaliksik: Ellen L. Generalao
 Pangalan ng Kalahok: IDI - E
 Pamamaraan ng Panayam: Harapang Panayam

Kalakip ng dokumentong ito ang transkripsiyon ng panayam na ginawa ng mananaliksik. Mangyaring tayain ang kabisaan ng transkripsiyon sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa kaukulang kolum.

Mga Aytem	Oo	Wala	Puna
1. Naitala nang buo ang lahat ng mga sagot.	/		
2. Walang nadagdag o nabawas sa ginawang transkripsiyon.	/		
3. Ang orhinal na wika at tono ay napanatili.	/		
4. Wasto ang pagbaybay, pagbantas, at gramatika.	/		
5. Tumpak at tapat sa nilalaman ang nasabing panayam.	/		

Ang talahanayan ay nahahati sa tatlong bahagi kung saan ang unang kolum ay mga pahayag na nasa Mansaka na isinalin naman sa Bisaya na makikita sa ikalawang kolum. Samantala, makikita sa ikatlong kolum ang naging salin naman ng mga pahayag sa Filipino.

Transkripsiyon ng Panayam

Mansaka	Bisaya	Filipino
<i>Nana mga kagamitang Mansaka nga komon sa baray?</i>	<i>Unsay naka unique sa mga gamit sa balay sa usa ka Mansaka?</i>	<i>Ano ang mga kagamitang pambahay sa loob ng isang pamilyang Mansaka?</i>
Aon mga kagamitan yang mga Mansaka na disaan ra gaid pagakitaun aw aon uman mga komon na mga kagamitan. Kadini pinasai laban silan maski sang aduon na mga anlaw yang paya, tukog, tamburang, bura na ipan gyagamit na	Naay mga kagamitan ang mga Mansaka sa panimalay nga komon ug mga pinsahi kaniadto ang mga Mansaka ug hantud karun ginagamit nila ang mga bagol, kawayan isip mga numro unong kagamitan ug mga tukog	Ang mga kagamitan sa bahay ng mga Mansaka ay karaniwang nakukuha lamang sa paligid kagaya ng bao ng niyog na ginagawang baso, kawayan bilang lutuan, at tangkay ug niyog sa paggawa ng walis

aduon na mga anlaw yang paya, tukog, tamburang, bura na ipan gyagamit na pundasyon sang mga duyan ng mga kadini aw aduon sang kasamtangan. Uman kadini yang ipan g'yud na pyaga lutuwan nilan yang tyatawag na paso aw yang tamburang na maski sang ordinaryo na anlaw pagkitaon giyapon kung gustohon nila na gamiton kay yaan man yang kadini sang kanilan pagkinabuwe sang komunidad.	mga bagol, kawayan isip mga mumiro unong kagamitan ug mga tukog nga gikan sa palwa sa lubi isip mga plato ug mga uway isip mga pundation ug mga duyan sa mga kinaraan ug kasamtangan. Ug kaniadto isa gyud sa mga lutuanan sa mga Mansaka ang mga paso ug kawayan nga masaksihan sa mga panagtapok ug selebrayon sa kasamtangan nga panahon ug bisan pa man sa mga ordinaryo nga mga adlaw sa pagkinabuhì nila sa komunidad.	kawayan bilang lutuan, at tangkay ng niyog sa paggawa ng walis tingting. Maliban pa riyon, ang mga dahon ng niyog kasama ang tangkay ay hinahabi rin upang maging plato. Ginagawa ring lutuan ang mga paso at masaksihan ito kung paano ginagamit sa tuwing may selebrasyon ang komunidad pero hindi lang dito nagtatapos ang mga ito dahil sa pang-araw-araw ay ito talaga ang gamit naming.
<i>Nana mga tanom tyutuowan sa Mansaka?</i>	<i>Unsay gamit o kahulugan sa mga tanom sa mga Mansaka?</i>	<i>Ano ang tawag at kahulugan ng mga halaman sa tribong Mansaka?</i>
Yang mga tanom tyutuowan na inang ng manginangay "magbabaya o tagallang" tungod yang tanom tyutuowan ng Mansaka na yang mga tanom aon tagtumon na diwata sang matag lugar. Tungod disidi yakabasi ng kanilan kyakaan aw panginabuwean ug pyaprarakitis gyud laban ng Mansaka na protektaon yang kinaiyahan ug tyutuowan pud yang pag peserbar nidi na antak yang sunod na henerasyon aw turin aon pay-akasunudan. Bukon lang disaan yakalimitaan yang kanilan tanom sang pagpalarom pa nini na pagsabot yang Mansaka sang pag-gamit nidi ikitaon pa kariko ng parte ng mga tanom sama sang ipan syasagol sang pagkaan na ganda, tanglad, sibodging, boboyna,	Ang mga tanom para sa mga Mansaka kay gituhang binuhat sa maglalalang nga ginoo "Magbabaya o Tagallang" tungod ang mansaka nakatoo nga naay mga diwata sa matag tanom ug matag lugar. Ang mga tanom ginarepito tungod ang mga Mansaka diri nakabasi ang mga pangadlaw-adlaw nga ginakaon ug panginabuhian ug isa gyud sa mga praktis ug papel sa Tribong Mansaka ang magprotekta ug magpreserba sa kinaiyahan aron naa pa masunod o magagamit ang mosunod nga henerasyon sa tribo. Dili lang diraa limitado ang tanom ug sa pagpalalom pa sa	Ang mga halaman para sa aming mga Mansaka ay biyayang galing sa Panginoon o Magbabaya. Naniniwala kami na ang bawat lugar at pananim ay pinaninirahan at inaalagaan ng isang diwata kaya naman nirerespeto namin ito dahil dito kami kumukuha ng pagkain at pangkabuhayan sa araw-araw. Kaya naman, kami mismo ang gumagawa ng paraan upang proteksiyonan at maipreserba ang kalikasan upang magamit sa susunod na henerasyon. Maliban pa riyon, ang mga halaman ay mga pangunahin at orihinal na sangkap sa pagluluto gaya ng ganda, tanglad, sibuyas at iba pa na nagbibigay ng kakaibang bango o aroma

sibuyas aw kadaygan pa na paballo na wara gyud pgaga imo ng purubos.	pagpasabot ini ang mga tanom nga gigamit sa pagkaon sa Mansaka tanan original nga tanom nga makita pa nimo ang mga parte sa mga sinagol nga tanom sama sa ganda, tangad, sibodging, boboyna, sibuyas ug uban pang mga pahumot nga wala gayud giproseso aron mahimong abo/powder.	na hindi dumaan sa sintetikong proseso.
<i>Nana binatang bukon mga importante sa banwa?</i>	<i>Unsay papel sa mga kahayupan sa kinabuhi ug komunidad sa Mansaka?</i>	<i>Gaano kahalaga ang hayop sa komunidad ng Mansaka?</i>
Yang mga binatang bukon lang importante pero yani na mga karsi na mga iminang na yagakinabuwe aon mga disini ikitaon umang yang mga sinyalis sang banwa. Sama sinyang mga "alimokon/lumokon" aw maga-uni yani na langgam sidinyang pyagapyanawan mo na daran yagapasabot na aon maat na amaitabo o madatung kanmo, busa yang inangon mabarik aw dili da naa magapadayun sang panaw kay syusugat kaw ng "hothot/hotot". Yang "Karaw" na yamasurit da pud ipan sang mga "babatukon/babarawon" tungod kadyaw na pisikal na kaimo nini ug yagapakita pa pud yani na yang banwa abunda arag madyaw pa umang yang sistema ng tibo ng tribo. Yang "barinsayaw" kung ang kawangan na ambong yni yagapasabot na mataas yang uraw, kung sang gabila yani silan manlayog manhurugwa yagapasabot na mataas yang tig-uran. Yang kadaygan na mga	Ang mga kahayupan dili lang importante sa mga Mansaka isip tuburan sa pagkaon pero tungod sa mga hayop makakita pud ang Mansaka ug sinyakes sa parihas maayo ug dautan nga moabot sa katilingban sama sa "alimokon" nga kung naglakaw ka o naa kay lakaw ug masugutan ka niini nga langgam ug "hothotan" ka niini nagpasabot nga dili ka angay mopadayun ug mosubay sa dalan anang adlaw ug taknaa. Ang kalaw nga usahay na pud nasulti sa mga "babatukon ug babarawon" sa tribo nga isa sa mga nindot nga langgam nga makita sa lugar kini nagpakita nga abunda ug aduna pa gayud nindot nga sistema ang lugar sa katribuhan. Balinsayaw nga kung magtapok sa kahapuron nagpasabot adunay hataas nga ulan ug kung sa kaudtuhon adunay taas ng kainit sa lugar. Binaw ug ang ihalas nga baboy kini usab sila ang mga iladong	Malaki ang pakinabang ng mga hayop sa komunidad dahil maliban sa pagkain na ibinibigay nito, nagsisilbi rin silang gabay at palatandaan lalo na sa panahon ng sakuna. Isa sa mga hayop na ito ay ang alimokon na kapag ito'y kanilang nakasalubong sa daan at tumutunog o humuhuni, senyales ito na huwag magpatuloy at dumaan sa nasabing lugar sa oras at araw na ryan dahil sa nakaambang panganib. Samantala, ang ibong kalaw naman ayon sa mga babatukon (kuwentong-bayan) at babarawon (alamat) ng tribo ay itinuturing pinakamaganda at pinakamasuwerte dahil ito ay senyales ng kasaganaan at kapayapaan. Ang balinsayaw naman kapag nag-uumpukan ay nangangahulugang may paparating na mahabang panahon ng ulan. Ang binaw o usa at baboy-ramo naman ay kilalang-kilala bilang pangumahang pang-ulam na

yaras sama sang “binaw aw yang mga yaras na baboy” kilara uman yadi silan sang mga kinadini na mga sila ng Mansaka tungod aon yamaatag nilan na mangkadyaw sang tribo. Yading “binaw” ipan yani lyuroto ng “til-lag” aw “lyurot” uman yang “yaras na baboy” sang paagi na “til-lag” aw “lyurot” Pero yading paris ng “binaw” gyagamit pa pud yani na instrumento na pyaga-tapli libod sang lawas ng “ba-I/bahi” na yang tyatawag na “Gimbal”.	dilikasiya ug hayop sa mga kabukiran sa mansaka nga aduna usab dakong nahatag sa tribo. Ang panit sa binaw nga gigamit sa instrumentong “Gimbal” ug ang iki ilaha usab kaunon sa paagi nga “til-lag o dili ba kaha sa lyurot nga pamaagi” ingon usab ang ihalas ng baboy sa paagi nga “til-lag” ug “lyurot”. Kini nagpasabot usab nga dako ug bili alang sa tribo ang mga hayop ug nakatoon na usab sila ug mga pangti o “pagpaon” ug pagpaamo sa mga ihalas nga mga klase sa hayop. Basta ang mga hayop gawas sa pwede kaonon para ni sila sa sinyales ug komunikasyon sa kinaiyahan tungod mohatag usab sila ug mga pagpakahulugan sa umaabot ng adlaw ug mahitabo sa tamang panahon.	matatagpuan sa bukid ng Mansaka, niluluto nila ito sa pamamagitan ng lyurot (niluluto gamit ang kawayan). Malaki ang pakinabang ng binaw sa komunidad dahil maliban sa karne, ang balat nito ay ginagamit sa paggawa ng gimbal. Sa lahat ng mga nabanggit, nangangahulugan lamang na malaki ang pakinabang ng mga hayop sa komunidad dahil sila ang tagagabay, tagahatid ng mensahe, at tagapagbigay ng pagkain at kabuhayan sa lahat ng pamilyang Mansaka.
<i>Nana pa yang katawagan sang Mansaka yang pyagkamangan ng lidong sama sang paghabi (lala) pagimo ng mga dagum o palamuti, aw kadayagan pa?</i>	<i>Unsay tawag sa mga sinina sa Mansaka? Nganong ang mga design ani naka-pattern sa mga hayop?</i>	<i>Ano-ano ang katawagan ng tribong Mansaka ukol sa paggawa ng damit at iba pa? Paano ginagawa ang mga nabanggit?</i>
Tibo sang tribo ng Mansaka tyatawag ng dagum kariko mapang-usog aw pambubay man yaan sang ubos ra gaid magakatubok kay “dagmay” para sang bubay na ipan tyatawag ng palda ug Pintot isab sang usog na syusoot o syuot ng mga usog. Dagmay na gyagamitan ng abaka na yamagaun ng lugay ug yang “pintot” ng mga kausanan	Ang sinina sa kinatibok-an gitawag ug “Dagum” mapalalaki man o babae gawas na lang kung kini gamit sa ubos kay aduna gyud kalahian. “pintot para sa mga karsones ug “dagmay” pud alang sa mga palda sa kababaehan nga gumugna gamit ang mga buhok sa abaka. Tungod adunay gugma sa kinaiyahan ang mga	Ang kasuotan ng tribo ay tinatawag na dagum, mapalalaki man ito o mapababae. Malaki ang kinalaman ng kalikasan sa mga disenyonang nabubuo para sa kanilang ga damit. Mapapansing ang mga disenyo ng mga ibimburda sa damit panlalaki at pambabae ay hugis o replika ng mga hayop na nakikita sa

tyataplitan yaan ng mga inunto, mga istiro ng kaimo ng binatang maynang kagaun ng mga butiki, binaw, usa, langgam, aniput, putyukan/pukyutan ug yang mga kabituonan. Yang mga gidaguman ng Mansaka panasahi gyud yani sikun pa sang "dagum" yang mga pattern sang pagkatabing aw pagkautod nidi dili pagkitaun sang kadaygan na tribo sang Pilipinas tungod matag disenyo na pyambubutang aw pyantatpli sang dagum aon pud kaniko mga aran nini na mga disenyo. Yani uman na mga dagum maski sang mga stilo yakadependi ra pud yadi sang mga inang ng dagum kay matag manabingay na utaw tubok yang makaya na disenyo busa aon mga daum na tubok yang disenyo gadara ng kaniko ng mensahe aon ra pud mga dagum na wara kabutangi ng mangkalarum na disenyo. Dugpo pa sang mga tinu- uwan ng tribo ng Mansaka Yang dagum sagrado dili angayan insultuon kay kaniko sang magainsulto nini pwede magakasakit aw aw magaka-imaya amatay, sini man yang magamit nini na magaatag ng kadaut aw kareg sang tribo masangpot naan. Yang dagum pud ng Mansaka tungod yagakadaig da yang yarabay na henerasyon aw pipila da yang gatabini nini yadatang	Mansaka gikan pa sa una nga henerasyon ug hangtud karun diri nga parte napasa-pasa na ang mga disenyo nga nakahulagway sa mga mananap sama sa mga alindanaw, mga butiki, usa, langgam, aniniput, putyukan/pukyutan ug mga kabituunan. Ang nakahatag pinasahi ining sanina sa Mansaka gikan sa bouse pattern diraa pa lang daan naa na ang signature nga dili ninyo makita sa uban nga dakong tribo sa tibook Pilipinas tanan nga pagplaster dili dali makita sa gawas sa tribo ug ang matagtapot adunay mga pangalan. Ug ang kini nga mga disenyo nakadepende na ug kinsa ang moTahi busa sa in-ini nga sistema dili tanan nga sanina magdala ug mga disenyo ug pipila lang sanina nga sora kadetalyado. Dugang sa tinuhan sa tribo nga dili kini angayan insultuhon kay pwede magkasakit ug maghinay- hinay kadaut nga madala na hantud mamatay ang kinsa man mogamit niini sa mali nga pamaagi nga makahatag ug kadaut sa tribo ug kaulaw. Ang sanina pud sa Mansaka tungod sa nagkadaghan na ang mga nilabay nga mga henerasyon ug pipila na ang mga nagbuhat nini	kanilang paligid kagaya ng tutubi, butiki, usa, ibon, bubuyog at iba pa. Malaki ang kaibahan ng disenyo ng damit Mansaka sa ibang pang pangkat-etniko at masasabing ito'y nakaukit lamang sa kanilang tribo. May ibang disenyo rin na nakadepende sa pagiging malikhain ng tagagawa.
--	---	---

da sang punto na yang mga desenyong kyakadugpuwan da na yakastag nga kadyawan sang tribo. Yang mga kolor yang magasoot yang magaboot aon maityom, buro, mararag aw mapura uman maputi yadi tungod waray pagbiay sang mga kolor na agamitin sang adoon magakatubok-tubok da pud yang kolor basta dili magakawara yang mga kadiri na tinabingan.	niabot na sa punto nga nadugangan ug nilambo pa kini ug nahimo nga mabulukon ang mga sanina ug pattern ug bahin sa kolor ang magasoot na ang magaboot. Adunay Itom, pula, blue, yellow, pula ug puti nga unang kolor pero tungod walay diskriminasyon sa kolor ang tribo aduna napud mga adaptid kolor sa kasamtangan nga panahon. Walay magaboot kung unsay kolor ang gamiton, pila kabook ngipon-ngipon ang ibutang basta dili walaon ang kinaraang tinahian.	
---	---	--

Appendiks J

Sertipikasyon ng *Validator*

SERTIPIKASYON


Ito ay nagpapatunay na ang transkripsiyon ng mga naging sagot ng mga kalahok sa disertasyong “Pagbuo ng Kontekstuwalisadong Diksiyonaryong Mansaka-Filipino” na isinagawa ni **Ellen L. Generalao**, mag-aaral sa kursong Doktor sa Pilosopiya sa Filipino, ay bineripika at sumailalim sa masusung pagsusuri.

Ito ay wasto at tumpak na naglalarawan ng mga aktuwal na pahayag ng mga kalahok at sumusunod sa pamantayan ng makaagham at etikal na transkripsiyon.


Dr. Mark Lorenze J. Caminero
 Tagasuri
 Petia: 5 Mayo 2023

Apendiks K

Diksiyonaryong Mansaka-Filipino




Panimula

Ang wika ay hindi maihihiwalay sa tao dahil ito ay identidad ng isang indibidwal saan mang lugar siya mapadpad, at isa ang diksiyonaryong ito bilang patunay na ang wika ay repleksyon ng kultura, tradisyon at paniniwala ng isang pangkat. Instrumento ang Diksiyonaryong Mansaka-Filipino na ito upang kilalanin, pahalagahan, protektahan, at pangalagaan ang mga katutubong tao o etnikong pangkat na nakasaad sa Kabanata 6, Seksyon 29 at 30 ng RA 8371 o “*The Indigenous Peoples Rights Act of 1997*”. Maliban pa rian, ito ay isang kongkretong hakbang sa dokumentasyon at preserbasyon ng mga natatanging kultura at tradisyon ng komunidad ng Mansaka partikular na sa Davao de Oro.

Malaki ang maitutulong ng Diksiyonaryong Mansaka-Filipino sa buong komunidad lalo na sa mga hindi bihasa at matatas sa paggamit ng kanilang wika. Tulay rin ito upang mapagaan ang pag-unawa, mapalawak ang talasalitaan, at maipaliwanag ang mga konsepto para sa makabuluhang pagkatuto lalo na ng mga katutubong mag-aaral na Mansaka. Ito rin ang magiging tulay ng guro at ng mga mag-aaral upang marating ang mundo ng pagkakaunawaan para sa epektibong komunikasyon. Higit sa lahat, ang kontekstuwalisadong diksiyonaryong ito ay ambag sa estandardisasyon ng wika bilang sanggunian hindi lang ng mga miyembro ng komunidad ng Mansaka kundi maging ng mga nasa akademya.


Isinaayos ang mga leksikal na aytem sa Mansaka sa pamamagitan ng paglalagay ng diin, pagbibigay ng katumbas o deskripsiyon sa Filipino, at pagtukoy sa bahagi ng pananalita, at saka ipinaliwanag ang kultural na kahulugan ng mga leksikal na aytem ayon sa konteksto at deskripsiyong ibinigay ng mga kalahok.

Halimbawa:



abyan. *gabay, tagabantay o anghel. (png)* – Naniniwala ang mga Mansaka na ang bawat nilalang ay may kani-kaniyang abyan na siyang nagbibigay-proteksiyon sa kanila sa araw-araw, saanman at anoman ang kanilang ginagawa. Ang mga abyan din ay nagbibigay ng babala o mensahe sa mga hindi kaaya-ayang pangyayari.

Nawa’y makatulong ang Diksiyonaryong Mansaka-Filipino sa mga indibidwal na naghahangad matutuhan ang wika ng tribong Mansaka.



abyan. gabay, tagabantay o anghel.

(png) – Naniniwala ang mga Mansaka na ang bawat nilalang ay may kani-kaniyang *abyan* na siyang nagbibigay-proteksiyon sa kanila sa araw-araw, saanman at anoman ang kanilang ginagawa. Ang mga *abyan* din ay nagbibigay ng babala o mensahe sa mga hindi kaaya-ayang pangyayari.

alimokon. isang uri ibon na may malapad na tuka at kadalasang kumakain ng mga insekto. (png) - Sa kulturang

Mansaka, ang huni ng *alimokon* ang nagbibigay ng palatandaan kung saang lugar sila pinahihintulutan ng mga anito na magkaingin. Upang matukoy ang lugar, maglalakad muna ang magsasaka at pakikinggan ang huni ng ibong alimokon, at kapag sa kanang bahagi narinig ang huni ng ibon ito’y nangan-gahulugang magiging maganda ang resulta samantala, kapag sa kaliwang bahagi naman magkakaroon ng masaganang ani.

Al’lâw ng Tipanúd. Araw ng Pagkata-tag o Foundation Day (png) Ito ang

pinakamalaking pagdiriwang ng tribong Mansaka sa bulubunduking bahagi ng Maco, Davao de Oro. Isinasagawa ito tuwing buwan ng Oktubre na dinadaluhan ng mga pinuno, mga balyan, at lahat ng miyembro ng komunidad-Mansaka. Dito matutunghayan ang pagtatanghal ng iba’t ibang tradisyonal na sayaw, pagpapatugtog ng musikang Mansaka gamit ang kanilang natatanging instrumentong pangmusika at pagsasagawa ng mga tradisyonal na laro. Naipapakita rin sa okasyong ito ang makukulay na damit at magagandang palamuti sa katawan lalong-lalo na sa mga kababaihan. Ang pagdiriwang ay bukas sa lahat ng mga panauhin na gustong magalugad ang mayamang kultura ng tribong Mansaka. Pagdating sa mga pagdiriwang, kinagigiliwan ng mga Mansaka ang pagtitipon-tipon sapagkat ito ang nakikita nilang tamang pagkakataon upang lubos na makilala hindi lang ang mga tao kundi pati ang kulturang kinalakihan.

amà. tatay, itay, tatang, papang (png)

Sa tribong Mansaka, siya ay may pangunahing tungkulin na maghanapbuhay at itaguyod ang buong pamilya. Ilan sa mga tungkuling ito ay ang pagsasakatuparan ng mga mabibigat na gawain gaya ng pagsasaka, pagkuha ng mga uway, abaka, niyog at mga malalaking troso sa gubat na kakailanganin ng buong mag-anak. Maliban pa ryan, ang *amà* ay tumatayo ring hukom sa

anumang pagpapasya sa loob ng tahanan. Bagama't tipikal na naririnig ang salitang ama at ina dito sa Pilipinas, ang pagkakaroon nito ng mas malalim na kahulugan ay siyang nakalakihan ng Tribong Mansaka, katulad din ibang pangkat etniko sa buong bansa.

ambak. palaka (png) Ito ang pinaghan-guan ng isa sa mga tradisyonal na laro ng mga Mansaka. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagtalon kagaya ng isang palakang-bukid. Ito ay kinabibilangan ng dalawang pangkat ng mga kabataan na binubuo ng sampung manlalaro. Walang pinipiling kasarian ang nasabing laro dahil ang tanging kahingian lang nito ay ang pagiging mabilis sa pagtalon. Ang pangkat na unang makapagtapos sa pagtalon nang paisa-isa ang siyang itatanghal na panalo.

ambaw. daga (png) Itinuturing itong peste ng komunidad Mansaka dahil mahirap itong sugpuin. Kinakain nito ang mga karlang, saging, kamote at iba pang mga halaman na may malaking halaga sa pamumuhay at kabuhayan ng komunidad.

amimuna. uri ng sayaw (png) Isang uri ng sayaw na ginagamitan ng panyo. Karaniwan itong itinatanghal sa mga espesyal na pagtitipon kung saan isang pangkat ng mga babaeng mananayaw ang nagpapakitang gilás sa kanilang husay at galing sa pagsayaw sa pamamagitan ng paggamit ng panyo.

amlang. alipin (png) Ito ang tawag sa isang *bubáy* o babaeng Mansaka na nagustuhan ng isang *Matikadung* na mag-ing pangalawa o pangatlong asawa. Sa pagkakataong humadlang ang naunang asawa o mga asawa, maaari pa ring tumira ang isang *amlang* sa bahay ng *Matikadung*. Ibig sabihin, magkakasama sa iisang bubong ang *Matikadung*, ang asawa niya at ang *amlang* ngunit siya ay magiging tagapagsilbi o katulong ng *Matikadung*. Hindi rin siya pinahihintulutan na makipagsiping sa *Matikadung* at ang kaniyang tanging tungkulin ay pagsilbihan ito.

amû. unggoy (png) Matatagpuan ito sa mga kagubatan at mga taniman. Pinaniniwalaan ng komunidad na ang mga *amû* ay mortal na kalaban ng mga katutubo dahil sa mapanira nitong mga gawi gaya ng pagsira ng taniman gaya ng mga kamote na siyang pangunahing pagkain ng mga katutubo. Sa kabilang banda, hindi lahat ng hayop ay kaibigan ng kanilang komunidad dahil ang *amû* (unggoy) at *ambaw* (daga) ay itinuturing nilang mortal na kaaway.

anág. pampalasa gaya ng bawang, sibuyas, paminta, at iba pa. (png) – Sa kulturang Mansaka ang paggamit ng organikong pampalasa ay simbolismo ng mahabang buhay dahil sa wala itong taglay na artipisyal na kemikal na makakasira sa katawan ng tao. Ang simpleng pamamaraan ng kanilang pagluluto gaya ng paggamit ng kawayan na nilalagyan ng karne o gulay, mga natural na sangkap at saka isasalang sa apoy ay

makapaghahandog na ng masarap at masustansiyang pagkain sa hapag.

apug. abó (png) Ito ay tumutukoy sa mga abó na mula sa kabibe na binabasag at dinidikdik hanggang sa maging pulbos. Ang *apug* ay may mataas na sangkap na *calcium* kaya naman ito ay ginagawang panghalo para babaluting *buyo*. Ito ay nginunguyá upang tumibay ang ngipin. Ginagamit din ito sa mga sakahan upang magiging maganda ang tubo ng mga pananim.

aran. pangalan ng tao (png) Isang pamamaraan sa pagbibigay ng pangalan ng tao na nakabatay sa kaniyang hitsura, pagkilos, aksiyon, pagsasalita at pag-uugali. Iniuugnay ng mga matatanda ang natatanging kaugalian o katangiang naobserbahan ng isang tao at nagiging batayan ito sa pagbibigay ng pangalan.

arayun. magkamag-anak (png) Katawagan sa mga kamag-anak na naninirahan sa isang purok o sityo. Isang katangiang Mansaka na nagpapatunay ng mahigpit at matibay na ugnayan ng magkakapamilya na handang magdamayan at magtulungan lalo pa't magkalapit-lapit lang ang kanilang mga bahay.


arindanaw. tutubi (png) Ang *arindanaw* ay isa sa mga inspirasyon sa pagbuo ng disenyo para sa kanilang mga damit. Ang hugis *arindanaw* sa mga burda ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng malakas at matibay na relasyon ng tribong Mansaka sa kalikasan.

Isa rin sa mga katangian ng *arindanaw* ay ang pagiging kalmado na ginagawang Proseso ng buong tribo.

Aton-aton. Ritwal-pangkaluluwa (png) Isang uri ng ritwal na isinasagawa para sa kaluluwa ng mga namayapang mahal sa buhay. Kagaya ng ibang ritwal ng kanilang komunidad, ito'y ginagamitan ng mga sangkap na *apog*, bunga, tabako at inumin. Sa pagsasagawa ng ritwal, kina-kailangang tahimik ang lahat upang higit na maipadama sa mga yumaong minamahal ang kanilang taimtim na dalangin para sa katahimikan ng mga kaluluwa.

aturón. apoy (png) Ang *aturón* sa Tribong Mansaka ay mahalaga at mahulugan dahil ito ay simbolo ng kabuhasan, proteksiyon at ritwal. Pangunahing pangangailangan ang *aturón* sa paghahanda at pagluluto ng pagkain. Maliban pa ryan, sangkap din ito sa paghahanda ng sakahan para sa pagtatanim sa pamamagitan ng pagsusunog o *kaingin*. Sa kabilang dako, ginagamit din ito sa panahon ng ritwal bilang pausok. Nagsisilbi ring proteksiyon laban sa mga kaaway o mababangis na hayop ang *aturón* bilang panaboy o panakot.

ayup. asawa (png) Ang mga *ayup* ay inaasahang nasa bahay lamang upang pagsilbihan ang asawang lalaki at alagaan ang mga anak. Sa kaugaliang Mansaka, maaaring magkaroon ng hanggang pitong asawa ngunit ang tungkulin nila ay mga katulong lamang sa bahay dahil ang unang asawa pa rin ang itinuturing na reyna



babarawon. *alamat* (png) Isa sa mga tanyag na alamat ng kanilang tribo ay ang pagkalikha ng mundo. Sa kanilang paniniwala, si Tanlang ang lumikha ng daigdig sa tulong ng ibon kung saan inutusan niya itong kumuha ng lupa sa pinakadulong bahagi ng sandaigdigan. Siya rin ang pinaniniwalaang lumikha ng tao at nagturo sa kaniyang mga nilikha kung ano ang mga pangalan ng mga hayop at mga bagay na makikita sa mundo. Ang mga oral na tradisyon ng tribong Mansaka ay nagtataguyod ng kanilang pagkakakilanlan dahil sa pamamagitan nito nauunawaan ng bawat miyembro ang kanilang pinagmulan. Nagiging batayan din ito sa pag-uugnay ng bawat kasapi ng komunidad na nagbubunga sa kanilang pagkakaisa.

babatukun. *kuwentong-bayan* (png) Tumutukoy sa mga kuwento ng tribo noong unang panahon na naglalaman ng mga makukulay na salaysay. Ito ay naratibo rin ng mga matatanda na ibinabahagi sa mga kabataan na ipinapasa-pasa sa loob ng maraming henerasyon. Kabilang sa mga ito ay ang *Yang Buyag Aw Yang Baklug* (Kuwento ng Isang Mag-asawa) at *Yang Anak Aw Yang Ama Sang Kagurangan* (Ang Anak at ang Ama sa Kagubatan). Ang mga kuwentong ito ay

may temang patungkol sa buhay ng tao, kasaysayan at kahulugan ng kalikasan na naririnig pa rin hanggang sa kasalukuyan. Behikulo ring maituturing ang mga alamat at kuwentong-bayan ng kahit na anong tribo dahil ito ang nagdadala at naghahatid ng mga salaysay tungkol sa ritwal at paniniwala sa kinikilalang espiritu at diyos, na nagpapalakas sa kanilang pananampalataya. Sa pangkalahatan, ang panitikan ay hindi lamang nakakahon bilang pang-aliw sa tuwing may pagtitipon-tipon ang anumang tribo komunidad. Ito ay nagsisilbing tagaingat ng kultura at nagbibigay-inspirasyon sa kasalukuyan upang gumawa ng paraan na hindi basta-basta mabubura sa alaala ng mga miyembro.

babù. *tiyahin* (png) Sa kulturang Mansaka, *babù* ang tumatayong pangalawang ina o magulang sa kakulangan o kawalan ng presensiya ng tunay na magulang. Sa pagkakataong nawala o pumanaw ang tunay na magulang ng bata, responsibilidad ng *babù* na akayin ang nauna kabilang na rito ang pagpapalaki at pagpapaaral. Sinisiguro rin ng *babù* na lumaking responsable at may maayos na buhay ang naulila. Nararapat na pantay ang pagtingin at trato ng *babù* sa kaniyang pamangkin at anak o mga anak.

Bagani. *mandirigma* (png) Sa tribong Mansaka ang *bagani* ang siyang ministro ng depensa na nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa komunidad. Karaniwang nakukuha ang kanilang katayuan sa pamamagitan ng katapangan sa labanan, lakas ng loob, makisig na

pangangatawan, at higit sa lahat, ang pagkakaroon ng natural na karisma at kakayahan sa pamumuno. Isa rin sa mga kahingian sa mga miyembrong nagnais maging bagani ay kailangang makapaslang muna siya ng higit sa labindalawang (12) katao sa panahon ng digmaan.

bagaybáy. buwig ng niyog na hindi pa gaanong sumisibol o namumukadkad

(png) Sa kulturang Mansaka ang *bagaybáy* ay isa sa pangunahing gamit at sangkap tuwing may ritwal ang tribo. Ito ay simbolo ng kadalisan, kapuruhan at kaayusan sa pinaghahandugan. Nangan-gahulugan din ito ng pagkakaisa sa bawat miyembro ng komunidad.

bagis. pagkuwenta (png) Isang pamamaraan ng pagpili ng kanilang mga pinuno o tinatawag na eleksiyon sa kasalukuyan. Sa prosesong ito, nakasulat sa likod ng dingding o pisara ang mga pangalan ng mga nominado ayon sa posisyong nais nilang hawakan. Upang mapanatili ang katiwasayan at pagiging sagrado sa gagawing halalan, ang mga botante o hindi nominado ay paisa-isang pupunta sa likod ng dingding o pisara at kukudlitan ang pangalan ng nominadong napili bilang palatandaan ng kaniyang pagboto. Pagkatapos ng nabanggit na proseso, bibilangin ang mga kudlit na nakuha ng bawat indibiduwal na nagpapapili. Sa huli, ang kandidatong makakakuha ng pinakamaraming kudlit ang siyang mananalò at itatanghal sa nasabing posisyon.

Balyán. pari (png) Ang *Balyán* o *Baylán* ay siyang pinuno ng mga Mansaka sa larangan ng relihiyon o pananampalataya na kadalasang babae. Bihira lang nagkakaroon ng lalaking *Balyán* maliban na lamang kung ito ay may angking katangian tulad ng isang babaeng *Balyán* (*effeminate*). Siya ay nagsisilbing-tagapamagitan ng buong tribo at sa mga tinaguriang Sagradong Nilalang (*Divine Beings*). Ang *Balyán* rin ang nagsisilbing herbalista o manggagamot sa kanilang panahon. Nakamtan niya ang kaalaman tungkol sa mga gamit at kahalagahan ng mga halamang gamot sa tulong ng mga naunang *Balyán* at higit sa lahat, ang hangaring maging isa sa kanila. Sa pangkalahatan, ang isang *Balyán* ay maituturing na dalubhasa sa pangangalaga sa kalusugan ng kaniyang mga katribo sa tulong ng mga espiritu mula sa mga sagradong nilalang.

balyúg. kuwintas (png) Ito ay isang uri ng kuwintas bilang panakip sa dibdib ng mga babae at may habang umaabot sa puson ng nagsusuot. Ang iba't ibang hugis nito ay sumisimbolo sa kalikasan at kaugalian ng mga Mansaka. Ang *balyúg* ay gawa sa hinabing *beadwork*, mga barya, at mga ngipin ng buwaya. Ang pagsusuot ng balyúg ay bahagi rin ng iba't ibang kultura na napapabilang sa Mandaya Ethic Group tulad ng mga Mangwanga, Mangrangan, Mangosan, Magosan, Pagsupan, Divavaonon, at Dibabaon na matatagpuan sa iba't ibang bayan ng Davao Oriental kagaya ng Caraga, Manay, Cateel, Lupon, and Taragona.

bandayun. instrumentong-kuwerdas (png) Ang tawag sa dalawang *kudlung* na pinagsasabay-sabay na tinutugtog. Isa ito sa mga pangunahing instrumentong ginagamit ng komunidad lalong-lalo na sa panahon ng pagdiriwang. Ang instrumentong pangmusikang ito ay isa sa mga pangunahing ginagamit ng tribo sa lahat ng okasyon. Ang paggamit ng ganitong uri ng instrumentong pangmusika ay naging bahagi rin ng kulturang B'laan (Filipinas Heritage Library, 2018) pangkat ng mga katutubong naninirahan sa bulubunduking bahagi ng Davao del Sur kung saan gumagamit sila ng tangugo tuwing may ritwal na gagawin, ito ay gawa sa metal kung saan ito'y pina-palo upang makabuo ng tunog.

banwa. angkan (png) Katawagan sa buong angkan at komunidad ng Mansaka. Simbolismo ng mamamayang nagkakaisa at nagtutulungan tungo sa isang mithiin na dapat pangalagaan at pagyamanin ang natatanging kultura ng tribo na siyang matibay nilang pagkakilanlan sa mahabang panahon.


bapà. tiyuhin (png) Sa tribong Mansaka ang *bapà* ay tumatayo ring pangalawang ama sa kawalan o kakulangan ng presensiya ng isang ama. Kagaya ng *babù*, responsibilidad niyang alagaan at palakihin nang maayos ang kaniyang pamangkin. Higit sa lahat, ituturing niya itong tunay na anak dahil ang pagiging sakit sa lipunan ng isang bata ay panagutan ng *bapà*.

barabay. liriko (png) Lirikong naglalaman ng paghihirap at pasakit ng tao ngunit sa kabila nito, buong-buo pa rin ang loob at puno ng pag-asa na malam-pasan ang lahat ng pagsubok. Ito'y tinutugtog gamit ang *kudlung* at *takul*.

baraw-baraw. pagpupulong-pulong (png) Sa kulturang Mansaka, ang *baraw-baraw* ay isang pamamaraan ng pagpili ng potensiyal na kandidato para sa isang posisyon. Sa prosesong ito, magsasagawa ng pagpupulong-pulong ang buong tribo upang pumili ng mga indibiduwal na may sapat na kakayahang mamuno sa buong komunidad. Upang lubos na maisakatuparan ito, kailangang buo at kompleto ang kinatawan ng tribo, mula sa mga *mangtikadung*, *usúg* at *gibubayan*. Ginagamit din ang *baraw-baraw* sa pagpili ng panibagong “*Matikadung*” kung sakaling yumao ang kasalukuyang nanunungkulan o ‘di kaya’y nagnanais na bumitiw sa puwesto sa kadahilanang pangkalusugan o kawalan ng kompiyansa na pamunuan ang buong tribo.

baráy. bahay (png) Ang tipikal na *baráy* ay itinayo gamit ang *sagesi* (mga dahon ng palma), mga dahon ng *Lumbia* (isang uri rin ng palma) bilang mga bubong, *Bahi* (isang uri rin ng palma) para sa sahig, mga kahoy na *pine* na may bilog na *timber* para sa mga poste. Ang mga *rat-tan stem strip* ay ginagamit bilang panali at pandugtong sa estruktura ng bahay. Ang *pakat* o hagdanan ay gawa sa kahoy na hugis pabilog na inukit upang maging apakan. Sinasabing matataas ang kanilang mga *baráy* bilang proteksiyon sa

mga ligaw at mababangis na hayop upang hindi sila makain ng mga masasamang hayop at higit sa lahat nagsisilbi itong poste upang makita kaagad ang paparating na kalaban. Isa pang kakaiba sa *baráy* ng tribo ay ang disenyo ng lutuan. Hindi ito kagaya ng isang tipikal na kusina kung saan ang lutuan ay kasingtaas sa baywang ng tao, sa halip, pantay ang sahig at lutuan upang sa panahon na manganak ang ilaw ng tahanan kaya pa rin niyang magluto at maghanda ng pagkain. Kailangan ring palaging nakasalang ang takure nang sa ganoon kung may bisitang darating ay agad na nahanandugan ito ng kape.



barikug. hikaw (png) Isang palamuti sa tainga para sa mga babae. Ito ay gawa sa kahoy na may kulay itim at inilalagay sa kanilang tainga. Sa kulturang Mansaka, ang laki ng *barikug* ay simbolismo ng mataas na halaga ng mga babae sa kanilang lipunan. Ang proseso sa pagpapalaki ng butas ng tainga ay ginagawa pa rin hanggang sa kasalukuyan. Mula sa maliit na butas ito ay unti-unting pinapasukan ng kahoy hanggang sa lumaki at mapasok na ang tinatawag na barikug o bilog na parte ng hikaw. Itinuturing na banal at sagrado ang paglalagay ng barikug dahil isinasagawa lang ito sa harap ng

mga nakatatanda. Ang gawaing ito ay simbolismo ng dedikasyon ng isang babaeng Mansaka na siyang mangangalaga sa tradisyon ng buong komunidad dahil ang babae mismo ay repleksiyon ng pagiging mabuti.

baru. biyudo o biyuda (png) Sa kulturang Mansaka, bilang bahagi ng mga napagkasunduan ang *baru* ay malayang tatanggap ng maaaring kaniyang puwedeng asawahin basta susunod lamang ito sa kondisyon na magpapaalam sa pamilya ng unang asawa.

baruy. kasal (png) Seremonya ng kasal na pinamumunuan ng isang nakatatanda at isang pinuno ng tribo. Ito ay kinabibilangan ng pagsusubuan ng pagkaing bolang kanin at ulam ng ikinakasal na simbolismo ng ganap na pagkakaisa ng bagong kasal, ang subuan ng pagkain ay ginaganap sa harap mismo ng pamilya ng lalaki at pamilya ng babae.

bayuk. kasaysayan (png) Ang tawag sa salaysay o kuwento ng mga nangyari sa nakaraan, ito ay pagkukuwento tungkol sa kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng pag-awit. Sa pamamagitan ng *bayuk* naituturo nila ang kasaysayan sa mga kabataan na ginagamitan ng instrumentong pangmusika.

Bià. babae (png) Ito ay babaeng katutubo na nasa lehitimong gulang na may angking talino at kakayahan tulad ng isang *gibubayan*. Kaya lang, sila ay hindi napapabilang sa hanay ng mga

namamahala sa tribo ngunit sila ay pina-
payagang makilahok, maging tagapayo
at magbigay ng suhestiyon sa mga na-
mumuno tuwing may pagtitipon. Ang
mga babae o Bià ay pinapayagang
makilahok sa mga gwain sa loob ng
komunidad.

binalyan. sayaw-panalangin (png)

Isang sayaw para sa panalangin o ritwal
bilang pakikipag-usap sa *Magbabayà*
(Diyos). Ito ay kinalalakipan ng mga
hakbang o kilos ng pasasalamat at pag-
pupuri sa Diyos na siyang biyaya,
proteksiyon at gabay ng buong komuni-
dad. Ipinagmamalaki ng kulturang Man-
saka ang kanilang galing sa pagsasayaw
kabilang na dito ang sayaw na binalyan.
Ang binalyan ay hango sa salitang bal-
yan na ang ibig sabihin ay manggaga-
mot. Ito ay isang ritwal na sayaw-pana-
langin bilang pakikipag-usap kay
Magbabayà (Diyos). Sumisimbolo ito ng
lubos na paniniwala sa kapangyarihan ni
Magbabayà at pasasalamat sa Kaniyang
mga nagawang kabutihan para sa kanil-
ang tribo.

binarig. musika sa panliligaw (png) Sa
pamamagitan ng musika, naipapahayag
ng binata ang kaniyang damdamin sa
dalagang napupusuan dahil naglalarawan
ito ng paghanga sa pisikal at panloob na
katangian ng dalaga. Maliban pa ryan,
naglalaman din ito ng mga pangako at
kasiguraduhan na hindi mabibigo ang
dalaga sa pag-ibig na iniaalay nito. Ang
binarig ng Mansaka bilang musika ng
panliligaw ay nagsasalaysay ng

paghanga sa pisikal at panloob na kagan-
dahan at kabutihan ng babae.

binaw. usá (png) Simbolismo ng buhay
at tradisyon dahil ang karne nito ay
pagkain ng buong tribo, samantalang ang
balat naman nito ay ginagamit para sa
paggawa ng *gimbal*. Maliban pa ryan,
ang *binaw* ay nangangahulugan ding
katapangan sa pagharap sa sinomang
mananakop at katatagan sa pag-
sasabuhay ng mga paniniwala at
tradisyon ng tribo.

binudyaan. instrumentong pangmusika

(png) Isang instrumentong kuwerdas na
maaaring tugtugin ng babae at lalaki na
miyembro ng pamilyang nagmamay-ari
nito. Itinuturing ito ng tribong Mansaka
na sagrado kaya naman tanging ang kud-
long master at ang mga kamag-anak
lamang nito ang puwedeng gumamit at
tumugtog nito.

bituon. bituin (png) Ang nagsisilbing-
gabay ng tribu sa pagtukoy sa tamang
panahon ng pagsasaka. Kapag maraming
bituon, pahiwatig ito na magandang
magtanim dahil sa paniniwalang malapit
ang mundo sa mga bituin. Maaaring
ipagpalagay na ang kaalaman sa astrono-
miya ay mahalaga sa kanilang pamumu-
hay, tulad ng pagtukoy ng panahon ng
pagtanim at iba pang mga ritwal.

biyag. busog (pnr) Isang kaugaliang
Mansaka na nagpapakita ng pagpapahal-
aga sa mga bisita dahil hindi nila ito pin-
apaalis nang gutom. Nagluluto sila ng
espesyal na pagkain na ihahandog sa
mga panauhin o di kaya'y ipapabaon sa

kanilang pag-alis. Hindi rin maaaring tumanggi ang mga bisita dahil naniniwala ang komunidad na ang bisitang umalis nang gutom ay walang pag-aasikasong ginawa mula sa may-ari ng bahay.

biyais. alak (png) Isang alak na ginagamit panggamot at pinaniniwalaang epektibo para sa maraming karamdaman. Ang alak na ito ay gawa sa iba't ibang uri ng prutas na matatagpuan sa gubat, Ang katas ng pinaghalo-halong prutas at inilalagay sa isang malinis na bote. Pagkatapos, inililibing sa ilalim ng lupa sa loob ng matagal na panahon. Habang tumatagal sa ilalim ng lupa ang nasabing katas ng prutas mas lalo itong sumasarap. Inihahain din ang alak na ito para sa espesyal na panauhin ng datu. Sa kabilang dako, hindi itinuturo ang pormula nito sa hindi kabilang sa tribo.

bubungáw. subuan (pnd) – Subuan ng binilog na kanin at ulam na ginagawa sa panahon ng seremonya ng kasal. Ang pagsusubuan ng pagkain ay simbolismo ng pagiging matiwasay ng buhay ng mag-asawa.

budyung. taklobo (png) Ginagamit itong panawag sa buong tribo bilang hudyat sa isang pagtitipon, kasiyahan, panganib o digmaan.

bunlan. multa (png) Kapag ang isang miyembro ng tribo ay lumabag sa anomang tuntunin o batas ng komunidad, siya ay pagbabayaran ng *bunlan*. Ang halaga ay nakadepende sa bigat o

laki ng kasalanang nagawa ng isang indibidwal.

buran. buwan (png) Malaki ang papel na ginagampanan ng buran sa komunidad ng Mansaka. Ang buran ang tagapagsabi kung kailan ang tamang panahon ng pagtatanim at iba pang gawaing may kaugnayan sa agrikultura. Kapag malaki at bilog ang buwan sa panahon ng pagtatanim, ito ay nangan-gahulugang buo at maraming maku-kuhang ani. mahalaga ang papel ng buwan at mga bituin sa kultura at paniniwala ng maraming tribo sa Pilipinas at sa iba't ibang panig ng mundo dahil ito ay ginagamit bilang gabay sa paglalakbay, pananda sa panahon ng pagtatanim at pangingisda, at basehan ng mga alamat at kuwento.

burung. (png) Ito ay tumutukoy sa lugar kung saan ginagawa ang panggagamot sa mga taong maysakit. Itinuturing itong sagrado dahil dito isinasagawa ang mga ritwal sa panggagamot, kaya naman walang sinoman ang puwedeng pumasok na nasabing lugar kundi ang *mambuburung* at ang nagpapagamot.

burungun. panggagamot (pnd) Ang proseso ng panggagamot gamit ang katutubong padasal o orasyon at mga halamang-gamot o *herbal medicine*. Ito ay isinasagawa lamang ng tanging may malalim na pag-unawa, matibay na karanasan at angking kahusayan sa pagsagawa ng ritwal.

busáy. talón (png) Ito ay tumutukoy sa mga talón at mga maliliit na uri ng ilog. Binibigyang-halaga ng tribo ang mga ilog at iba pang yamang-tubig sapagkat ito ang pinagkukunan nila ng pagkain at kabuhatan.

busúg. panà (png) Isang uri ng tradisyonal na larong Mansaka na sumusukat sa kakayahan ng mga kalalakihan sa larangan ng pangangaso. Ang nasabing laro ay sukatan din ng tapang at galing sa paggamit ng panà upang makakuha ng pagkain tulad ng hayop. Ang laro ay ginagamitan ng isang panà kung saan kailangang tamaan ng isang manlalaro ang imahe ng isang usa o anumang uri ng hayop na nasa kaniyang harapan. Ang unang makatama nito ang siyang idedeklarang panalo. Ang larong busúg ng Mansaka ay may pagkakatulad sa larong Pinoy na bangkaw kung saan ang mga manlalaro ay gumagamit ng mga maliit na piraso ng kahoy o bato upang makuha ang mga target.

byabangkay. paglilibing (png) Isang tradisyonal na paglilibing ng tribong Mansaka kung saan inilalagay ang bangkay sa lantay ng kawayan at sinusunog ito sa paniniwalang ito'y makakasugpo sa sakit na sanhi ng kamatayan ng isang nilalang. Pagkatapos ng byabangkay, nililisan ng mga naiwang pamilya ang kanilang tahanan sa paniniwalang ito'y may taglay na malas. Maghahanap ang pamilya ng bagong lugar na sa tingin nila ay mabubuhay sila roon at magsisimulang muli. Ang *byabangkay* ay isang makalumang pamamaraan ng

tribong Mansaka bilang pamamaalam sa mahal sa buhay na namatay. Ang paniniwalang may dalang malas o sakit ang lugar na kanilang tinitirhan ay naging sanhi upang sila ay palipat-lipat ng tirahan noon.

byubunung. binyag (png) Ginagawa tatlong araw pagkatapos isilang ang isang sanggol. Ang pagkatay ng baboy ay isa sa mga palatandaan na naging maayos ang panganganak at nasa mabuting kalagayan ang bagong silang na supling. Samakatuwid, ang nabanggit na pagdiriwang ay nagsisimbolo ng binyag subalit hindi kalakip ng kulturang Mansaka ang pagrehistro ng kapanganakan ng isang sanggol sa alinmang sangay ng pamahalaan. Dahil dito, karamihan sa mga katutubong Mansaka na isinilang bago magdekada 70 ay walang angkop na *birth certificate*.



dagmay. saya (png) Ang telang hinabi ay gawa sa abaka. Ang paggawa nito ay gumagamit ng tradisyonal na pamamaraan kung saan mabusisi at kailangan ng mahabang pasensiya. Ilan sa mga disenyo ng dagmay ay parisukat, hugis-tao, buwaya at mga tuldok.

dagúm. blusa (png) Isang tradisyonal na kasuotang pambabae ng tribo na may sadyang hati upang maipakita ang hubog ng katawan ng mga kababaihang Mansaka na magsusuot nito. Ito ay gawa sa iba't ibang kulay gaya ng dilaw, asul, at itim upang higit na kaakit-akit tingnan. Hindi kasama ang kulay pula dahil ginagamit lamang ito ng mga *Matikadung* at mga *Bagani*. Ang kulay puti naman ay ginagamit ng mga *Bia* at asawa ng isang *Matikadung*. Ang tela o pangunahing sangkap sa paggawa ng *dagúm* ay hinabi pa ng mga ninuno.

danginan. pagtawag (png) Isang sayaw-ritwal na ginagawa ng *Balyan* upang tagwagin ang *Magbabaya*. Itinuturing na malaking gawain ng tribo na dinadaluhan ng mga lider at buong komunidad. Ito'y isinasagawa ng isang pamilya na may alay na manok at bigas upang ita-boy ang masasamang espiritu. Ang pag-sasagawa ng ritwal ng bigas at manok ay

pinaniniwalaang nakaaalis ng anumang kasamaan sa pamilyang dumalo sa sayawan.

daog. salo-salo (pnd) Sa kulturang Mansaka, hindi rin mawawala ang pagtitipon-tipon lalo na kapag may okasyon. Dito pinag-uusapan ang mga huling kaganapan sa kani-kanilang mga buhay at pamilya. Hindi rin mawawala sa *daog* ang tradisyonal na sayawan at kantahan bilang selebrasyon ng naangking tagumpay dahil naniniwala silang ang tagumpay ng isa ay tagumpay ng buong komunidad.

daran. daan (png) Naniniwala ang tribo na ang makitid na *daran* ay nagbibigay ng mas masayang karanasan at nagbibigay ng maraming aral na puwedeng matutuhan. Kasama rin sa paniniwala nila na kapag nakatagpo o nakasalubong ng isang ibong *alimokon* sa *daran* at may tunog, ito'y nangangahulugang may masamang mangyayari. Ito'y nagsisilbing babala na huwag nang tumuloy sa pupuntahan para sa kaligtasan at seguridad.

dawut. awit (png) Isang awit o pagkanta na walang paghahanda na natutungkol sa kasaysayan, kultura at tradisyon ng tribong Mansaka. Isang anyo ng pagku-kuwento na sa paglipas ng panahon ay nadagdagan ang mga impormasyon kaya pahaba nang pahaba ito. Ang dawut ay nagsisilbing-impukan at tambakan ng mayamang kultura ng tribo at nagpapanatili ng kanilang pinagmulan at pagkakakilanlan, kaya lamang ito'y

hindi nakatala o nakasulat. Hindi rin basta-basta na lang pinipili ang magtatanghal ng *dawut*, kailangan siyang maalam at pinagpala. Ang *dawut* ay nagsisilbing talaan ng kasaysayan ng komunidad ng Mansaka kung saan nai-papasa ang kaalaman mula sa isang heneryasyon patungo sa susunod, kasama na rito ang mga kaugalian, paniniwala, at mga mahalagang kaganapan ng tribo.

dayaw. pagtago (*png*) Ang mga mahalagang bagay ay iniingatan kagaya ng buhay. Ang pagtatago ng mga bagay ay isa sa mga kaugaliang Mansaka para mapanatiling bago at kaaya-aya sa araw na kakailanganin ito. Minsan, ang salitang ito ay nangangahulugan ding pag-sasagawa ng pagkukumpuni ng bagay.

dipag. katapat o harap (*png*) Sa kulturang Mansaka, kapag may nakatira sa tapat ng bahay nangangahulugang marunong makitungo ang pamilyang nakatira rito. Ang dipag ng tribong Mansaka ay nagsisilbing palatandaan ng komunidad kung gaano kabuti o kasama ang taong nakatira sa isang partikular na lugar. Sa sitwasyong ito, natutukoy ng sinomang miyembro sa tribo kung marunong bang makitungo at makisama ang isang tao. Kaya naman, para sa kanila ang pagkakaroon ng maraming dipag ay positibong katagian ng isang Mansaka.

diwatanon. diwata (*png*) Isang diyos/diyosa na nangangalaga sa kaayusan ng isang lipunan, kasama sa kanilang tungkulin na bigyan ng proteksiyon

ang mga tao upang manatiling mapayapa ang kanilang pamayanan.

dumog. pakikipagbuno (*pnd*) Isang tradisyonal na laro na susukat sa lakas at tibay ng isang lalaki. Dalawang manlalaro ang magsusunggaban at kung saan sinuman ang unang matutumba siya ang itatanghal na panalo. Ito ay maaaring salihan ng mga taga-ibang barangay, kaya naman, kadalasang pinapanood at bina-bantayan ito ng mga matatanda sa takot na magkaroon ng kaguluhan dahil sa sobrang pisikal ng larong ito.



gamaw-gamaw. ritwal sa panggagamot

(png) Isang seremonya na ginagawa upang gamutin ang maysakit, inilalagay sa balsa ang sisiw at ginagawang pang-alay sa mga masasamang espiritu na nakatira sa tubig, kung ang sanhi naman ng sakit ay nagmula sa lupa, gumagamit sila ng lugaw at kanin upang maalís ang masasamang espiritu.

gásarút. sayaw pandigma (png) Sayaw pandigma gamit ang isang sibat at kal-asag na kadalasang isinasagawa tuwing may espesyal na pagtitipon tulad ng pag-sawit. Ang sayaw ay sumisimbolo ng kanilang pakikipaglaban upang maprotektahan ang pamayanan at mga katribo. Isa sa mga katangian ng katutubong Mansaka ay ang pag-iwas sa kaguluhan at alitan sa ibang tribo subalit sila ay natututong makipaglaban kung ang kanilang pamayanan ay nasa panganib gaya ng hindi inaasahang paglusob o pang-aapi ng ibang pangkat. Ito ay sayaw na sumasagisag sa katapangan ng mga mandirigmang Mansaka.

gatau. ungol ng aso (png) Ungol ng aso na nagpahihiwatig ng malas o hindi magandang pangitain. Ang sinumang makaririnig ng pag-ungol ng aso ay binabalaang magdoble-ingat dahil sa

nakaambang panganib o malas. Nakabubuting hindi muna siya lalabas ng bahay upang makasiguro.

Gibubayan. babaeng lider (png) Ang pangalawa sa pinakamataas na posisyon sa lipunan na ipinagkatiwala sa mga kababaihang may angking talino, katapatan, at pagpapahalaga sa mga batas ng tribo. Siya rin ang nagsisilbing-tagausig at tagapamahala sa mga kaganapang panlipunan na nakatuon sa mga babaeng Mansaka. Ang pagkakaroon ng karapatang maging lider ng mga kababaihang Mansaka ay isang patunay na pantay ang turing ng bawat miyembro ng tribo. Nangangahulugan din itong pinapangalagaan nila ang karapatang pantao ng bawat mamamayan.

gikub. kuweba (png) Kuwebang mada-las pagtaguan ng mga tao lalo na kapag mayroong kaguluhan at kapag masama ang panahon. Sa madaling sabi, nagsisilbi itong kanlungan sa panahon ng panganib.

gimba, gimbal. instrumentong pangmusika (png) Isang instrumentong pangmusika na pangunahing ginagamit ng tribo na *double-headed drum*. Ito ay gawa bahi o *betel nut* at balat ng usa. Pinatugtog ito sa pamamagitan ng magkabilaang pagpukpok ng *drum* upang makabuo ng tunog. Ang gimba o gimbal bilang instrumentong pangmusika ay hindi lamang gamitin sa tribong Mansaka, pamilyar din ito sa tribong Mandaya ng Davao Oriental at sa ilang bahagi ng lalawigan sa Palawan

bilang pantugtog sa mga katutubong sayaw tulad dagsa-dagsa at tugda-tugda (Alabi, 2021). Karaniwang ginagamit ng iba't ibang tribo sa Pilipinas ang gimbal sapagkat nagbibigay ito ng malakas at matatag na ritmo, na mahalaga sa mga ritwal at seremonyang pang-tribo. Ang malalim at malakas na tunog nito ay pinaniniwalaang may espirital na kahalagahan na nagsisilbing pantawag sa mga espiritu upang dumalo sa mga ritwal. Ayon kay Maceda (1988), kapag ang isang buong komunidad ay nagsasama-sama para sa isang seremonya o pista, ang sabayang pagtugtog ng gimbal ay nagiging simbolo ng kanilang pagkakaisa upang makabuo ng kolektibong karanasan kung saan ang bawat isa ay sumasabay sa iisang tiyempo at ritmo.

guyuk-guyukun. pag-apak (png) Isang pamamaraan ng pagtanggap ng mga butil ng palay sa pamamagitan ng walang tigil na pag-apak hanggang sa ito'y humiwalay sa mga dahon. Ang trabahong ito ay nakaatas sa kababaihang Mansaka.



ibak. pagsagot (png) Pagsagot na nagpapakita ng respeto batay sa sitwasyon. Malumanay at tila kumakanta ang pamamaraan pagsasalita ng mga Mansaka at ito ay maoobserbahan sa kanilang pormal na pakikipag-usap. Ang ibak ng tribong Mansaka ay hindi nalalayo sa pagsagot ng po at opo ng mga Tagalog bilang tanda ng paggalang sa mga nakatatanda.

ido. aso (png) May mahalagang gampain sa bawat pamilya dahil ito ang pangunahing tagabantay lalo na sa panahon ng pangangaso sa gubat. Sila ang tagapagbigay ng hudyat kung mayroon darating na kaaway o panganib.

inà. nanay, inay, mama, inang (png) Sa tribong Mansaka sila ang namamahala sa pang-araw-araw na gawain sa loob ng isang tahanan gaya ng paglalaba, pagluluto, pag-aalaga sa buong pamilya, paggawa ng mga damit, kuwintas, at mga palamuti, at iba pang gawaing pambahay at pambabae. Tungkulin niyang pagsilbihan ang kaniyang asawa at arugain ang mga anak. Dagdag na nito, pinagbabawalan din silang gumawa ng mga mabibigat na gawain at higit sa lahat itinuturing na sila'y dekorasyon sa bahay.

inamû. kilos-unggoy (png) Sayaw na sumisimbolo sa kilos, ugali at katangian ng mga unggoy. Ipinapakita ng sayaw na ito epekto ng unggoy sa pangkabuhayan ng kanilang komunidad.

indás. bayaw/hipag (png) Ang pagpapakasal sa Mansaka ay hindi lamang pagsasama ng dalawang taong nagmamahalan kundi pagtanggap at pagiging bahagi nito sa pamilya ng taong pinakasalan na may respeto at katapatan.

inidang. pagdarasal. (pnd) Isang seremonya na ginagawa upang humiling sa *Magbabaya*, Sa pagsasagawa ng seremonyang ito nararapat na kompleto ang mga kagamitan gaya ng kandila, kanin, kawayan, buyo, bagaybay, itlog ng manok at tabako dahil kapag kulang ito'y makasisira. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga lumang gamit tsaka tumugtog ng gimba at agong, iihawin ang tuob at tatawagin ang *Magbabaya* at hihingi ng bendisyon at panalangin upang ang masasamang espiritu ay hindi maghahari sa halip ay kapayapaan.

inuntuwán. disenyo (png) Ito ay tumutukoy sa disenyo ng blusa o *dagúm* na sumisimbolo sa ngiti ng buwaya na kadalasang makikita sa dulong bahagi ng manggas ng isang *dagúm*.

isù. anak (png) Sila ang tinaguriang tagasunod at tagapagmana sa buong komunidad ng Mansaka dahil sila ang

magpapatuloy sa pagbibigay-buhay sa kanilang makulay na kultura at magpapatupad ng kanilang mga batas, gawi at kalinangan. Ang *isù* ay ginagamit din bilang pantukoy sa isang batang nasa pangangalaga ng kamag-anak o ng ibang angkan. Pagpapatunay ito sa katangiang angkin ng mga Mansaka ang pagiging mapagmahal sa kapwa lalo na sa mga bata. Samakatuwid, ang salitang ito ay nagpapahiwatig ng pagmamahal ng magulang sa anak.

isù na bubáy. anak na babae (png) Sa kulturang Mansaka, ang mga anak na babae ay iniingatan at pinapahalagahan ang kanilang mga dangal. Noon, kinikilalang birhen ang isang babae sa pamamagitan ng kaniyang butas sa tainga. Ginagawa ang paunti-unting pagbutas sa tainga ng babae hanggang sa lumaki ito na simbolo ng kalinisan at kapurihan. Ibig sabihin siya ay wakang asawa at kahit kailan man ay hindi nagalaw o ginalaw ng isang lalaki. Ang terminong *isù* sa katutubong Mansaka ay hindi lamang nangangahulugang anak, ito ay nagpapahiwatig din ng lubos na pagmamahal ng mga magulang na Mansaka (Reyes, 2017). Naipapakita rin nito ang likas na pagmamahal at paggiliw ng mga magulang sa kanilang mga anak o supling sa kabila ng pagiging simple ng kanilang pamumuhay.

isù na usúg. anak na lalaki (png) Ang mga batang lalaki sa tribong Mansaka ay inaasahang susunod sa yapak at mga gawain ng kanilang *amà*. Sila rin ang tatayong tagapangalaga sa kalikasan at

lahat ng nasasakupan nito kagaya ng mga hayop at mga pananim. Tungkulin din niyang pangalagaan ang kapakanan ng pamilya. Higit sa lahat, tutulong siya sa pagpapatupad ng batas sa loob ng kanilang lipunan.



kaan. *magiliw* (pnr) Katangiang Mansaka sa pagiging magiliw sa mga panauhin na kumain at sumalo sa hapag kasama ang buong miyembro ng pamilya lalo na sa panahon ng pagtitipon-tipon. Maliit man o malaking handaan, buong galak nilang ibinabahagi ang kanilang pagkain na bunga sa masaganang ani ng kanilang bukid. Ang kaan o pagiging magiliw ay tipikal ding katangian ng mga Pilipino. Bukas-palad at walang pinipili sa pagtanggap ng bisita mapalokal man o turista (Aguilar, 2010). Kabilang diyan ang pag-alok ng pagkain o matutuluyan, katapatan sa pagbibigay ng direksiyon kapag may nagtatanong, pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan, at iba pa.

kablang. *kaaway* (png) Pagdating sa away ng mga kamag-anak ginagawa nila ang lahat ng paraan upang magkaayos at magkabati ang sinomang may tampuhan o away. Tungkulin ng mga pinuno ng tribo ang mamagitan upang pakinggan ang bawat panig. Ang sinumang mapatunayang may sala ay binibigyan ng kaakibat na parusa. Kadalasan, tinatapos ang gulo ng bawat panig batay sa napagkasunduan.

kabuwa. ibon (*png*) Karaniwang lumilitaw ang ibon na ito sa panahon ng tag-init kaya naman, ito ang nagsisilbing tagapaghudyat sa tag-init.

kagi. paniki (*png*) Kung ang nakararami ay takot sa paniki, kabaliktaran naman ito sa tribo. Madalas na inuulam ito lalong-lalo ng mga nakatira sa bukid. Higit sa lahat, malaking tulong ang *kagi* sa pagpaparami ng mga punongkahoy dahil sa mga butong nadadala nito sa paglipat-lipat ng lugar ngunit itinuturing din itong pinsala ng iba dahil sa sinisira nito ang ilang mga pananim ng komunidad. Sa aspetong kultural, kadalasang tinitingnan ng halos lahat ng Asyano ang mga paniki bilang masasamang pangitain dahil ang kanilang biglaang paglipad sa gabi ay pinaniniwalaang nagdadala ng kamalasan o masamang balita at minsan ay iniuugnay ito sa kamatayan, kasamaan, at mga espiritu. Kabaliktaran naman ang paniniwalang ito sa komunidad ng Mansaka dahil ang *kagi* (paniki) ay buhay nila sapagkat ito ay pagkain at kabuhatan.

Kaimunan. pagdiriwang (*png*) Isang pagdiriwang o *festival* na isinasagawa tuwing buwan ng Hunyo. Isang pagtitipon ng buong tribo upang ipakita hindi lang ang mga masaganang ani kundi ang mismong komunidad kung saan nangingibabaw ang respeto at pagkakaisa. Kasabay ng pagsusuot ng makukulay na damit at palamuti ay naimamalas din ang sipag at tiyaga ng tribo dahil sa mga likas na produktong kanilang naipalabas.

kalumunan. angkan (*png*) Sa tribong Mansaka, ito ay nangangahulugang mga kaagapay o kasangga sa pagsasakatu-paran isang gawain. Maliban pa ryan ang kalumunan ay simbolismo ng pagdadamayang kapag ang isang kasapi ng pamilya ay may kinakaharap na problema. Nagtutulungan ang bawat miyembro upang mahanapan ng solusyon ang ano mang suliranin.

kamun. banig (*png*) Sapin sa sahig na yari sa romblong pinatuyo, pinanipis at kinulayan ng mga katas ng natural na mga halaman. Ang paggawa ng banig ay nakaatas lamang sa mga babae, bata man o matanda. Kaya, mapapansing sa labas ng kani-kanilang mga bahay, kaniya-kaniyang umpukan ang mga kababaihan sa paggawa nito. Ang pangunahing gamit ng kamun o banig sa isang pamilyang Mansaka ay simpleng sapin at higuan na nagsisilbing proteksiyon laban sa lamig at sa mga gumagapang na insekto lalo na sa gabi. Ito ang kanlungan ng mag-anak upang sa buong magdamag ay makatulog nang mahimbing, ngunit, sa kasalukuyan, binago at nabago ang kaisipang ito. Ayon kay Labro (2008), ang pagsasagawa ng sinaunang sining na ito, na ipinasa mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod, ay nagbago kamakailan dahil sa tumataas ng pangangailangan sa produkto. Ito ay dahil lumawak ang paggamit ng banig kung saan ang dating lumang banig ay ginagamit lamang sa pagtulog, ngayon ay ginagawa na itong mga palamuti sa mga modernong dingding o sa mga kisame.

Maliban pa ryan, ginagawa na rin itong mga *bag, throw pillow, framed decors, place mat* at *furniture matting*.

kapo. *dikdikan* (png) Ito ay tinatawag na *mortar and pestle* sa wikang Ingles. Isang kasangkapan sa pagdurog o pagdikdik ng mga sangkap gaya ng *kurigsaw* o *beetle nut* at iba pa. Sa paniniwalang Mansaka, naging mas epektibo ang isang halaman o sangkap kapag ito'y dinudurog upang makuha ang natural na lasa at benepisyong pangkalusugan. Ang kapo bilang matibay na mangkok na gawa sa bato, seramik, o kahoy ay isang sinaunang kagamitan na makikita sa kusina bilang panggiling, pangdurog o pangpukpok sa mga sangkap sa pagluluto. Sa kasalukuyan, ito ay patuloy pa ring ginagamit hindi lang ng komunidad-Mansaka kundi maging ng mga pamilya at laboratoryo para sa paghahanda ng mga gamot at mga kemikal. Ang kapo ay ginagamit din sa paglikha ng mga *spices* mula pa sa mga nakalipas na mga siglo. Higit sa lahat, pinapanatili nito ang perpektong tekstura at lasa ng mga sangkap gamit ang kapo.

karaduy. *putahe* (png) Isang paraan ng pagluluto ng gabi kung saan pinapakulan muna ang laman nito hanggang sa lumambot. Susundan ng ugat ng gabi at murang dahon, tsaka lalagyan ng mga panlasa gaya ng luya, sibuyas, asin at iba pang pampalasa. Karaniwan ang karaduy sa hapag ng pamilyang Mansaka dahil maraming ganitong tanim sa kanilang paligid. Madali kasi itong palakihin at paramihin. Ang karaduy ay bahagi ng pang-araw-araw na ulam sa isang

pamilyang Mansaka. Mapapansing sa mga putaheng inihanda, hindi nawawala ang mga *root crops* gaya ng paruda (kamote) at wakag (gabi) bilang mga pangunahing sangkap. Gumagawa sila ng paraan upang hindi magutom ang pamilya, kagaya ng wakag (gabi), hindi lang nagtatapos ang pakinabang nito sa bunga dahil pati mga dahon ay inihahalo nila upang makapaghanda ng isang masarap na pagkain. Maliban pa ryan, mas nagiging malinamnam ang kanilang mga pagkain dahil sa mga natural at organikong pampalasa na kanilang ginagamit.

karaw. *kalaw* (png) Isang uri ng ibon na may itim, dilaw, at pulang balahibo. Mahaba ang buntot at may malaking tuka na pinagsamang pula at dilaw ang kulay. Pinaniniwalaan na ang ibong ito ay nauutusan bilang tagapagbigay-alam sa oras upang magampanan ng mga katutubo ang kanilang mga gawain sa loob ng isang araw. Sa iba't ibang kultura, ang mga ibon ay simbolismo ng isang bagay na naaayon din sa paniniwala ng isang grupo, halimbawa, sa Kristiyanismo, ang kalapati ay sagisag ng kapayapaan, habang ang agila naman ay simbolo ng lakas at espiritwal na koneksiyon sa kalikasan. Ang karaw (kalaw) ng Mansaka ay nagpapahiwatig naman ng oras o panahon. Samakatuwid, ang kultural na ugnayan ng mga tao sa mga ibon ay nagpapatunay na ang kalikasan at kultura ay hindi hiwalay na konsepto, kundi magkatulad at nagpapahiwatig ng malalim na ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran (Vecaldo et al., 2015;

Zabala, 2021; Cadias; 2001; Abad et al., 2014). Sa madaling sabi, ang pag-unawa sa kahalagahan ng mga hayop sa komunidad ng isang pangkat-etniko ay repleksiyon ng kanilang mga paniniwala, kaugalian, at pangkalahatang pananaw sa mundo.

kariko. pagtitipon (png) Isang pagtitipon ng lahat ng miyembro ng pamilya upang pag-usapan ang mga plano o balak. Kadalasang ginagawa ito sa panahon ng binyag, kasal o anumang okasyon na madaling ipunin ang buong mag-anak. Ang gawaing ito ay isa na namang patunay kung paano pinapahalagahan ng kanilang tribo ang pamilya na makialam at makisangkot sa mga kaganapan ng kanilang angkan.

karuwa. pangalawa (png) Katulad ng ating mga kapatid na Muslim, ang isang *matikadung* o lalaking Mansaka ay pinahihintulutan na magkaroon ng dalawa o higit pang mga asawa ayon sa kaniyang kakayahang buhayin ang bago at dagdag na pamilya. Subalit, kakailanganin din ang buong pahintulot mula sa una o sa mga naunang asawa nito. Maaaring magsama-sama ang kaniyang mga kabiya sa iisang bubong o kaya'y bukod ang tirahan ayon sa napagkasunduan.

kayamás. alimango (png) Alimangong mula sa ilog na nagbibigay ng malaking tulong sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga Mansaka dahil ginagawa itong pang-ulam, ngunit kapag

sabay-sabay at sobrang dami ng kayamás ang lumalabas at umaakyat sa mga bato nangangahulugan itong may darating na panganib o sakuna kaya kung si-numan ang makakakita ng ganitong pangyayari agad nila itong ipinapaalam sa mga pinuno.

kaylug. tawag sa pinsan, pamangkin at bayaw at ginagamit ding pantawag sa isang bilas. (png) Sila ang inaasahang tutulong kung sakaling ang isang miyembro ay wala nang masasandalang mga magulang o mga kapatid. Sama-sama at tutulong ang *kaylug* sa paggabay at pagbibigay ng payo sa isang kapamilya sa panahong ito'y kakailanganin.

kimud. bunso (png) Ang huling tagapagmana sa pamilya, nangyayari lamang ito kung ang mga nakatatandang kapatid ay walang interes sa anumang ipapamana ng mga magulang, maging ito man ay bagay o katungkulan. Gayunpaman, ang *kimud* naman ang kinagigiliwan at nakakakuha ng espesyal na atensiyon at pagmamahal ng lahat ng miyembro pamilya.

kinabuwa. sayaw (pnd) Tawag sa hakbang ng sayaw na ginagaya ang kilos at galaw ng ibon. Ito'y itinatanghal sa panahon ng ani dahil ang mga ibong ito ay karaniwang lumilitaw sa panahon ng tag-init. Isang pamamaraan din ito sa pagdiriwang at pagpapasalamat sa masaganang ani.

kubing. (*png*) Isang instrumentong panghangin na yari sa pinanipis na balat ng kahoy na *labnawan*, isang kahoy na parehong pamilya ng *palm tree*. Tinutugtog ito kasama ang *kudlung*. Ang kalmadong musika na nabubuo nito ay pinaniniwalaang pagiging isa at pakikipag-usap sa kalikasan kaya pinapakinggan nila itong mabuti.

kuda. kabayo (*png*) Nagsisilbing pangunahing uri ng transportasyon hindi lang ng mga tao kundi ng mga sako-sakong produkto mula sa sakahan gaya ng mais, gabi, saging, niyog, kape at iba pa na ibinibenta sa bayan. Ang kuda ay buhay at kabuhayan sa komunidad ng Mansaka.

kudlung. instrumentong pangmusika (*png*) Ito ay may dalawang kuwerdas na kahawig sa *kudyapi* ng mga Muslim kung saan ang isang kuwerdas ay gumaganap bilang *drone* o *monotone* habang ang isa pang kuwerdas ay tumutugtog ng himig. Itinuturing itong sagrado ng tribo dahil ang taong nakarinig lang ng mahiwagang huni mula sa kalikasan ang maaaring humawak at tumugtog nito. Ang kudlung ay isa sa pinakatanyag na instrumentong pangmusika ng mga Mansaka. Katulad ng iba pang tradisyonal na instrumento, ito ay gawa sa mga likas na materyales tulad ng kahoy na sumasalamin sa koneksiyon ng komunidad sa kalikasan. Ang tunog ng kudlung ay kadalasang inihahalintulad sa mga tunog ng kalikasan gaya ng hangin o tunog ng mga hayop. Sa kabilang banda, ang kudlung sa tribong Mansaka,

ay hindi lamang instrumento ng musika kundi ito ay simbolo ng panlipunang katayuan kung saan ang mga bihasang gumagamit nito ay kadalasang tumatayo bilang isang lider o kilalang personalidad sa komunidad.

kuga. ekspresyon (*pnr*) Matinding pagkagulat na madalas nagiging ekspresyon kapag nakakarinig ng kakaibang tunog na puwedeng tawaging sinyales ng gulo o masamang panahon.

kumúkurúg. bayaw o hipag (*png*) Isang pang katawagan sa bayaw o hipag na sumisimbolo ng pagiging isa at pagiging bahagi ng pamilya.

kuratong. instrumentong pangmusika (*png*) Madalas ginagamit ng mga kabataan sa pagtugtog tuwing piyesta, mga pagdiriwang at pagtitipon-tipon sa komunidad. Ito ay yari pa sa *tamburang* o *damuruwan* na bahagi sa pamilya ng mga kawayan. Ito ay may butas na pahalang upang makapagbigay ng tunog.

kurigsáw. isang uri ng palm tree (*png*) May mala-niyog na hitsura na tumutubo sa maraming lugar dito sa Pilipinas. Ito ay namumulaklak ng dilaw at namumunga ng mapula at bilugang bunga. Sa kulturang Mansaka ito ay isang pangunahing sangkap sa *pag-ipát* o sayaw sa panggagamot na sinusunog tuwing isinasagawa ang seremonya. Ang pagsusunog ay simbolo ng pagtataboy ng masasamang espiritu na siyang pinaniniwalaang sanhi ng pagkakasakit ng isang tao. Ang *kurigsáw* ay isa sa pangunahing sangkap sa *pag-ipat* (isang

sayaw sa panggagamot) na sinusunog tuwing isinasagawa ang seremonya. Ang pagsusunog ay simbolo ng pagtataboy ng masasamang espiritu na siyang pinaniniwalaang sanhi ng pagkakasakit ng isang tao. Ito ay ginagawa sa paniniwalang naaalis ang mga naturang sanhi ng karamdaman dahil sa mga kagamitang ginamit, lihim na dasal o bulong at matinding paniniwala sa Maykapal.

kurintang. instrumentong pangmusika (png) Ito ang isa sa mga instrumentong pangmusika mula pa sa panahon ng mga Tsino o ang *barter era*. Kadalasang ang mga katutubo sa Mindanao ang gumagamit nito. Binubuo ito ng 9 na uri ng iba't ibang tunog. Hindi ito nawawala tuwing may seremonyas at ritwal at maririnig ito tuwing sasayaw na ang mga pinuno at *balyan*.

kuwahaw. ibon (png) Isang ibon kung saan ang huni nito ay nagbibigay ng hudyat sa buong komunidad na maaari nang magsaka muli. Naniniwala ang mga Mansaka na ang *kuwahaw* ay sugo mula sa kalikasan. Ang pagsisimula ng pagsasaka ay opisyal na ipapahayag ng pinuno sa kanilang tribo. Sa pagkakataong ito, ang lahat ng miyembro ng komunidad kasama ang mga bata at kailangang magtulungan. Sinisimulan ang gawain sa pamamagitan ng paglilinis sa isang maliit na bahagi ng lupa. Pagkatapos, kukuha ng *bagon* na may bulaklak at hahatiin ito sa walong (8) bahagi na may tig-iisang metro o dipa ang haba. Itatali sa gitna ang dalawang pinutol na *bagon*,

ililibing sa lupa at saka dasalan. Kapag nagkabuhol-buhol ang *bagon*, nangan-gahulugan itong hindi mabuting pal-atandaan upang magtanim pero kapag bumilog ang *bagon*, nangangahulugang magkakaroon ng pagkakaingin.

kyúdkudan. putahe (png) Isang katutubong pagkain na kinahihiligan ng tribong Mansaka noong unang panahon. Sa paghahanda nito, ibinabalot ang isda sa dahon at pakukuluan sa kaunting tubig na may asin at halaman hanggang sa maluto. Maparaan at madiskarte ang mga Mansaka dahil sa panahong walang isda, ginagawang pamalit ang palakang-bukid.



lantuy. plawta. (png) Plawtang gawa sa kawayan na napapatugtog sa tulong ng hangin at bibig. Ito ay may 8 butas na tinatawag na *tu-ub*. Bawat butas ay may iba't ibang sukat upang magkakaroon ng iba-ibang tunog. Tinutugtog lamang ito sa mga pagkakataong gustong makipag-usap sa *Magbabaya*, kalungkutan, pagkawalay, at tuwing sasapit ang maha-bang tag-gutom.

laipan. alupihan o alakdan (png) Isang malaking hamon para sa komunidad kung paano gamutin ang taong nakagat nito noon. Kaya naman, sa mga pagkakatang ganito nasusubok ang pagtutulungan ng bawat isa at pagpapakita ng malasakit sa taong biktima nito.

law. luha (png) Itinuturing na sagrado ng tribong Mansaka dahil simbolismo ito ng pagiging isa sa anumang emosiyong namayani sa loob ng komunidad gaya ng pagluluksa, pighati, tagumpay, kasiyahan at marami pang iba. Ito'y simbolismo rin ng pagkakaisa ng bawat miyembro ng tribo na handang makiramay at maging bahagi sa anumang pakikibaka sa buhay.

libutun. tanim (png) Isang mala-saging na tanim na ginagamit upang makagawa ng magandang uri ng tela. Hinahabi ito pagkatapos matuyo. Mahalaga ang libutun sa komunidad dahil ito'y isa sa mga pangunahing materyales na ginagamit nila sa paggawa ng damit. Maliban pa ryan, dito rin nila kinukuha ang kanilang kabuhayan sa pananahi.

Linambus. Heneral (png) Tagadepensa na miyembro ng mga *mangayaw* o mandirigma na may tungkuling ipaglaban at pangalagaan ang kapakanan ng buong tribo. Simbolismo ng katapangan at kapayapaan.

longyab. pamamaraan ng pangangisda (png) Isang pamamaraan ng pangangisda kung saan gumagawa sila ng butas doon mismo sa ilog upang makulong ang isda at hindi makalangoy sa malayo. Sa pagiging maparaan, nagiging madali na lang ang paghuli sa isda at siguradong may madadalang pang-ulam pag-uwi sa bahay. Sa komunidad ng Mansaka naman, kilala ang longyab bilang isang pamamaraan ng paghuli ng isda. Itinuturing nila itong madali at praktikal na paraan dahil hindi nila ginagamitan ng anumang kasangkapan upang makuha ang sinasabing lamang-dagat. Hindi rin sila gumagamit ng bitag, sa halip, inoob-serbahan lamang nila ang direksyon ng paglangoy ng isda at saka nila palilibutan ng mga bato ang lugar na pina-glanguyan nito, kapag nakahanap na ng tiyempo saka na huhulihin (Santos, 2011). Sa kabilang banda, isa rin ang pana o spearfishing sa mga sinaunang

paraan ng pangingisda. Ginagamitan nila ito ng isang tirador o sibat upang hulihin ang isda sa mababaw na bahagi ng dagat o ilog.

lumun. tawag sa pinsan, pamangkin; bayaw; ginagamit ding pantawag sa isang bilas (png). Ang katawagang ito ay tanda nang walang diskriminasyon dahil lahat ay tanggap. Hindi nakakahon ang partikular na tawag sa isang tao, pagpapatunay ng matibay na bigkis sa pagitan ng bawat miyembro ng pamilya.

lumun ngá bubáy. kapatid na babae. (png) Ang *lumun ngá bubáy* ay may pareho ring tungkulin ng isang *isù na bubáy*. Tungkulin niyang pangalagaan ang kapakanan ng pamilya lalong-lalo na kung mayroon siyang mga nakababatang kapatid.

lumun ngá usúg. kapatid na lalaki (png) Ang *lumun ngá usúg* ay may pareho ring tungkulin ng isang *isù na usúg* gaya ng tapapagpatupad ng batas sa lipunan, tagapangalaga sa kalikasan, pagbibigay-proteksiyon sa buong pamilya, at higit sa lahat siya ang tagasunod at tagapagmana sa yapak, gawain at responsibilidad ng kaniyang amà.

lungan. alay o donasyon (png) Ito ay tawag sa alay na maaaring pera, bagay, pagkain o anumang may halaga na ibinibigay sa panahon ng panggagamot. Ang isang miyembro ng komunidad na nagpapagamot ay hindi na kailangang magbigay ng lungan. Samantala, ang

mga hindi naman miyembro ng tribo na nagpapagamot ay sinasabihang boluntaryong magbigay sa paniniwalang hindi gagaling ang karamdamang dinadala. maglungan ang tawag sa pagbibigay ng kaunting halaga o alay gaya ng baboy sa paniniwalang mas magiging epektibo ang panggagamot sa tulong ng mga alay na ito. Higit sa lahat, ginagawa ang pag-aalay upang hindi mahahawaan ang manggagamot sa panahon ng ritwal. Ang kagawian ng pag-aalay ay angkop lamang sa mga nagpapagamot na hindi kabilang sa tribo. Sadyang magka-kaugnay ang nakaugalian ng mga sinaunang Pilipino sa larangan ng panggagamot.

lutwan. kaldero (png) Ito ang pangunahing kasangkapan sa pagluluto ng mga *root crop*, kanin at anumang madaling lutuin na pagkain. Malaki ang pakinabang ng *lutwan* sa komunidad dahil madali nilang masukat ang laman ng tubig na kakailanganin lalo pa't kadalasang pagpapakulo ang pamamaraan ng kanilang pagluluto. Higit sa lahat, naitatantya nila ang init ng apoy na kakailanganin sa pagluluto.

lyurut/miyarutu. putahe (png) Isa sa pangunahing pagkain ng mga katutubong Mansaka ang *lyurut o miyarutu*. Ito ay pinagsama-samang maliliit na hiwa ng karneng baboy, halamang dahon, at asin na niluluto gamit ang kawayan. Ang lahat ng mga sangkap ay inilalagay sa nasabing kawayan tapos ipinapatong ito sa apoy na may katamtamang init at pagkatapos ng ilang minuto puwede na

itong ihaon at kainin. Malaki ang pakinabang ng *lyurut* lalo na sa mga mag-sasaka at manlalakbay noong unang panahon dahil ito basta-basta nasisira. Ang *lyurut* din ay tatak ng pagka-Mansaka dahil sila ang nagpakilala sa kakai-bang pamamaraan ng paglulutong ito. Sa kasalukuyan, ang *lyurut* ay inihanda ng mga katutubo sa tuwing idinaraos ang *Al'law ng Tipanud*.



maawat. *distansiya o layo* (pnr) Ang pagkalayo-layo ng distansiya ng mga bahay-bahay sa komunidad. Ang paraan ng kanilang komunikasyon ay direktang pagtawag o pagsigaw upang malaman nila kung malapit na ba sila sa isa't isa o hindi. Hindi naging hadlang ang layo o distansiya upang hindi mag-usap at hindi magkaunawaan.

magaaru. *paggawa ng kape*. (pnd) Isang proseso ng paggawa ng kapeng mais. Ito ay karaniwang makikita sa harap ng bahay ng buong komunidad kung saan sinasangag at dinudurog ang mga mais upang gawing kape. Ang kape ay bahagi ng almusal ng pamilyang Mansaka. Sa komunidad ng Mansaka, ang kape ay bahagi ng pagsisimula ng panibagong araw. Nagsisilbi itong panlaban sa lamig at pampasigla para sa maghaponing gawain. Ang tradisyonal na paghahanda ng kape ay kadalasang isinasagawa sa paraang paano ito naipasa ng kanilang mga ninuno kung saan nagpapakita ito ng pagpapahalaga sa tradisyon at simpleng pamumuhay. Kaya naman, mahalaga ang magaaru sa kahit na anong komunidad.

magagani. *pag-ani* (pnd) Ritwal na isinasagawa bilang pagdarasal sa isang

mayaman at masaganang ani mula sa bukid. Ang mga sangkap sa nasabing ritwal ay *apog* o *dayap*, bunga ng isang prutas, *búyo* o halámang ginagamit ang dahon na pambalot ng *ngangà*, tabako at inumin.

magaipag. panggagamot (pnd) Isang ritwal na isinasagawa sa taong maysakit. Ito ay isinasagawa ng Balyan sa puno ng balite upang paalisin ang masamang espiritu na pinaniniwalaang pangunahing sanhi ng karamdaman. Maliban sa karaduy, tatak-Mansaka rin ang katutubong pagkain na lyurut o miyarutu. Ito ay pagkaing iniluto sa kawayan kung saan ang mga organikong sangkap ang nagpapalasa sa karne. Sa kasalukuyan, ito ay inihanda ng mga katutubo sa tuwing idinaraos ang Al’law ng Tipanud. Ang pagluluto nito ay naging atraksiyon na rin sa tuwing may pagdiriwang ang komunidad. Patunay ito sa sinabi ni Espinosa (2023) na malaking ambag sa turismo ng ating bansa ang pagbibigay-halaga sa mga pagkaing katutubo.

Magbabayà. Diyos (png) Ang pinaniniwalaang dakilang manlilikha na nagbibigay ng mga biyaya at siyang pinagmulan ng buhay ng Tribong Mansaka. Malaki ang respeto at pagpapahalaga ng tribo sa *Magbabaya*, makikita ito sa mga alay na kanilang ibinibigay sa panahon ng pagdarasal. Maliban pa ryan, itinuturo rin nila sa mga kabataan kung gaano sila pinagpala at kung paano dininig ang kanilang mga dasal kay *Magbabaya*. Kaya naman, ang mga kabataang ito ay kakikitaan ng pagiging madasalin at

relihiyoso. Magbabaya ang pinaniniwalaang nilang dakilang manlilikha na siyang pinagmulan ng buhay ng angkanang Mansaka. Siya rin ang pinaniniwalaang tagapagbigay ng mga biyaya at tagasagot sa kanilang mga dasal. Dagdag pa nito, siya ang tinaguriang nagbibigay lakas-loob sa mga katutubo upang magkaroon ng kompiyansa sa sarili, lalong-lalo na sa pagharap ng mga suliranin at iba’t ibang balakid sa buhay.

magbuburung. manggagamot (png) Ang natatanging may karapatang mag-sagawa ng *pagbuburung*. Isa sa kaniyang pangunahing tungkulin ay gamutin ang sinumang miyembro ng komunidad Mansaka na may sakit maliban sa *Balyán* o Baylán. Maaari rin naman siyang manggamot ng mga di-katribo ngunit ito ay nangangailangan ng pag-aalay. Respetado ang mga *magbuburung* sa loob ng komunidad dahil hindi lahat ang may angking kakayahan na makapanggagamot at makapagpagaling.

maglungan. pag-aalay o pagbibigay (pnd) Pagbibigay ng kaunting halaga o alay gaya ng baboy sa paniniwalang mas magiging epektibo ang panggagamot sa tulong ng mga alay na ito. Higit sa lahat ginagawa ang pag-aalay upang hindi mahahawaan ang manggagamot sa panahon ng panggagamot. Ang kagawiang ito na pagbibigay ng alay ay angkop lamang sa mga nagpapagamot na hindi kabilang sa tribo.

magurang. panganay (png) Sa kulturang Mansaka, ang pagiging magurang

ay may kaakibat na malaking responsibilidad. Itinuturing siyang kanang kamay ng mga magulang. Siya ang tumatayong ama kapag ang huli ay dumadayo sa ibang lugar upang maghanapbuhay, gayon din kapag wala ang ina sa bahay, siya ang tumatayong ina upang tingnan at alagaan ang mga nakababatang kapatid.

mamaan. lagayan (*png*) Maliit na kahon na gawa sa tanso na nagsisilbing lagayan ng nginunguyang sangkap. Kadalasang makikita ito sa matatanda na nakasabit o nakasukso sa kanilang damit. Ang mga sangkap na ito ay sagana sa *calcium* sanhi ng pagkakaroon nila ng matibay na ngipin.

mamarayi. pamamanhikan (*pnd*) Isang pamamanhikan ng pamilya ng lalaki sa angkan ng babaeng na nais niyang pakasalan. Dito isinasagawa ang masinsinang pag-uusap tungkol sa gaganaping kasal. Upang matuloy ang kasal, kinkailangang ang lahat ng mga kondisyon at kahingian mula sa pamilya ng babae ay napagkasunduan nang maayos. Maaaring ipagpaliban muna ang araw ng pag-iisang dibdib kung may mga bagay na hindi gaanong napagkasunduan ng dalawang panig.

manabingay. babaeng mananahi (*pnd*) Sila ang itinuturing na tagapagtaguyod ng mga kultural na materyal dahil sila ang inaasahang tagapag-ingat nito. Tungkulin rin ng mga *manabingay* na turuan ang mga batang babaeng

Mansaka sa pananahi ng mga tradisyonal na damit sa layuning mapanatili ito.

manawag-tawag. pagdarasal (*pnd*)

Isang pamamaraan ng pagdarasal kung saan tinatawag nila ang mga espiritu upang sila'y pakinggan sa kung anumang bagay na kanilang hinihiling o dinarasal. Kasama sa pagtawag ang pagpapausok at paglalagay ng mga alay gaya ng manok, bigas at iba pa.

mangayaw. mandirigma (*png*) Isang grupo ng mandirigma ng tribo na siyang nangangalaga sa seguridad at kaayusan ng buong komunidad. Natutukoy ang kanilang katungkulan dahil sa bitbit na kalasag at sandata gaya ng bangkaw, itak at kutsilyo na gamit sa pangangaso. Sa panahong may magtatangkang lumusob sa kanilang teritoryo, sila ang inaasahang makikipag-away at makikipaglaban-laban sa mga mananakop.

Mangkatadung. matatanda (*png*) Ito ay tumutukoy sa mga pangkat ng matatanda sa loob ng komunidad. Ito ay kalipunan ng mga katutubong may edad 60 pataas na kadalasang may angking talino at malalim na kaalaman sa kasaysayan, kultura at tradisyong Mansaka. Iginalang sila ng buong komunidad dahil sila ang kinikilalang tagapag-ipon at tagalikom ng mga kaalaman at kasaysayan ng komunidad na kalaunan nama'y ibabahagi ng mga mangkatadung sa bagong henerasyon upang lubos na mapahalgahan at mapanatili ng mga kabataang ito ang kanilang lahi at pinanggalingan.

Maniklad. *major* (png) Katumbas ng major na katungkulan sa sundalo. Isang ranggo o posisyon na miyembro ng mga mangayaw o mandirigma na may tungkuling protektahan ang kapakanan ng buong tribo, kaya sila ay tinaguriang tagadepensa.

Matikadung. *pinuno* (png) Ang pinakamataas at pinakasagradong posisyong panlipunan na ipinagkatiwala sa komunidad kung saan kadalasang mga lalaki ang nabibigyan ng pagkakataong humawak at manungkulan sa ganitong posisyon. Ito rin ay tumutukoy sa nakatatandang pinuno na pinili, iginagalang, minamahal at ipinagkatiwalaan ng mga katribo batay sa kaniyang mga katangian sa pamumuno. Isang kahingian din sa pagpili ng Matikadung ay ang pagkakaroon ng malalim at komprehensibong kaalaman sa mga nakagawiang batas, kaugalian at kulturang Mansaka. Dagdag pa nito, nararapat ding may angking talino at kakayahan sa pamamahala ng pananalapi, kakayahan sa pagdedesisyon at higit sa lahat ang pagiging isang mahusay na tagapamagitan.



pabal'long. *libangan* (png) Ang libangan ng komunidad ay sayawan, kantahan at tugtugan gamit ang tradisyonal na instrumentong pangmusika. Kasama rin dito ang mga larong palakasan gaya ng sipa, bangkaw at pakikipagbuno. Sa anumang kasiyahan mayroon ang komunidad palaging nasusunod ang mga matatanda, gaya halimbawa na kapag sinabihang itigil na ang kasiyahan lalo na kapag malalim na ang gabi, kailangang sundin ito ng mga tao. Ginagawa ito ng mga matatanda sa paniniwalang may mga masamang espiritu na daraan sa gitna ng kanilang kasiyahan. Ang libangan ng isang pangkat ay nakadepende sa henerasyon, lokasyon, at antas ng kabuhayan ng mga Pilipino, kagaya ng mga Mansaka, nakapaloob palagi sa pabal'long ang laro, kantahan at sayawan dahil ito ay bahagi ng kanilang kultura. Ito ang kanilang nakagisnan at patuloy na isinasagawa upang hindi mawala at makalimutan sapagkat nagiging pangangailangan ng tribo ang kasiyahan hindi lang pagpapahinga kundi pagpapatibay ng relasyon ng pamilya at komunidad.

pag-indù. *pagtuturo* (pnd) Eksklusibong seremonya para sa miyembro ng pamilya na isinasagawa ng *Balyán* at ng iba pang

pinuno ng komunidad upang ipasa ang kaalaman tungkol sa tribo. Ito'y ginagamitan ng bagaybáy na inilalagay sa gitna ng bahay, *kurigsaw* na nakabitin at banig na nakalatag sa sahig. Sa tribong Mansaka, dalawang babaeng miyembro ng pamilya ang tumatanggap ng nasa-bing seremonya. Ang pag-indù ay isa sa mga hakbang ng tribo upang pangalagaan at pahalagahan ng mga kabataan ang kanilang pagkakilanlan.

pag-ipát. panggagamot (png) Isang sayaw sa panggagamot upang mapagal-ing ang maysakit na ginagamitan ng sinunog na halaman gaya ng *kurigsaw*, buyo, apog, tabako at turob. Ang mga hakbang ay naka-pattern na hindi basta-bastang nababago at habang ginagawa ito ay may dasal na ibinubulong. Pag-ipat naman ang tawag sa isang sayaw na sumisimbolo sa ritwal ng panggagamot. Sa pangunguna ng isang balyan, inaalay ang sagradong sayaw sa paniniwalang mas mapapabilis ang paggaling ng maysakit. Kasabay ng seremonyang ito ay paggamit ng sinunog na mga halaman gaya ng *kurigsaw*, buyo, apog, tabako at turob. Ang nasabing ritwal ay katulad din ng Tribong Talaindig na matagpuan sa Bukidnon. Mapapansing sa pagsasagawa ng ritwal na pag-ipat hindi nawawala ang papel ng kalikasan upang epektibong maisasagawa ito. Ito'y pagpapatunay lamang na may malaking ugnayan at malalim na koneksyon ang paligid sa mga tao. Ang kanilang mga kilos sa sayaw ay nagpapakita rin ng kanilang koneksiyon sa mga elementong likas, tulad ng hangin, lupa, tubig, at apoy

dahil dito epektibong naipakita ng mga tribo partikular na ang Mansaka ang pagkilala at paggalang sa kalikasan na dapat tularan.

pagkinamangay. pamamanhikan (png)

Isang pamamanhikan kung saan nalalaman kung magkano ang hihingiin ng pamilya ng babae at kung magkano ang nais ibalik na halaga na nagastos ng ina sa kaniyang anak.

pamurang. pulseras (png) Isang uri ng pulseras na gawa sa kahoy at pinatuyong *seashells*. Karaniwang isinusuot ito ng mga kababaihan sa tuwing may *piyagsawitan* o pagtitipon-tipong nagaganap sa loob ng tribo. Ang *pamurang* ay isinusuot na magkakasunod ayon sa laki nito. Samakatuwid, mas maraming *pamurang*, mas kaakit-akit tingnan.

pandi. saya (png) Ang tela ay binubuo ng maliliit na kuwadrang disenyo na kulay pula, abo, itim, at kayumanggi. Ito ay may katamtamang haba upang hindi mahirapan ang mga kababaihan sa paglalakad at pagkilos. Maihahalintulad ito sa malong ng mga Muslim at *patadyong* ng mga Bisaya kung saan isinusuot ito sa pamamagitan ng pagtali ng magkabilang dulo. Kagaya ng *dagúm*, ang telang ginamit ay hinabi pa ng mga ninuno ngunit sa pagdaan ng panahon at pagkawala ng mapagkukunang materyales, nabibili na rin ito sa mga tindahan gamit ang mga sintetikong materyales at makabagong pamamaraan ng paggawa ng tela.



pangampa. (png) Isang seremonya kung saan ang mga lumang gamit ay tinitipon ng mga lider ng tribo bilang pagbibigay-halaga sa mga ninunong unang nagmamay-ari nito. Sa pamamagitan ng seremonyas na ito, nananatiling bago ang antigong gamit na pakikinabangan hindi lang ng pamilya kundi ng buong komunidad. Isang batas sa tribo na anumang gamit na pagmamay-ari ng pamilya gaya ng damit, instrumento at iba pa, at may kinalaman sa kultura at tradisyon ng Mansaka ay pangangasiwaan din mismo ng pamilya dahil inaasahang nalinang na nila ang kakayahan at kaalaman tungkol sa kahalagahan ng mga bagay na ito kasama ang gabay ng kanilang mga ninuno.

pangapug. ritwal (png) Ang bawat ritwal ay may kani-kaniyang tawag. Nakabatay ang mga tawag nito sa uri at katangian ng pagsasagawa ng ritwal. Ang *pangapug* ay itinuturing na nasa tuktok sa lahat ng uri ng ritwal na ginagawa dahil ito ang pangkalahatang tawag nito. Kapag nagsasagawa ang buong komunidad ng ritwal ginagamit nila ang terminong ito, tsaka na lang nila nalalaman ang

espesipikong uri ng ritwal kapag mayroon ng mga detalyeng ibinibigay.

pangiyak. pagtawag o pagsigaw (pnd)

Pagtawag o pagsigaw ng *hooo*. Isang uri ng komunikasyon noong unang panahon kung saan tinatawag nila ang kamag-anak o kapitbahay upang ipaalam na siya'y nakauwi na o nasa bahay na.

paruda. kamote (png) Ang paruda ay pangunahing pagkaing inihahanda ng pamilyang Mansaka. Niluluto ito sa iba't ibang kaparaanan sa layuning makapaghain ng iba-ibang uri at lasa sa hapag. Ito ay pangunahing produkto ng kanilang sakahan at nagsisilbing pangkabuhasan na rin ng iilang pamilyang Mansaka na hindi nakatutok sa paggawa ng mga *crafts* o paghahayop.

parundag. instrumentong pangmusika (png)

Saksoponong kawayan na may habang 60 sentimetro at may limang butas. Pinatutugtog ito sa tulong ng hangin at gamit ang bibig o ilong. Ito ay mas malaki pa sa lantuy na isang instrumentong panghangin din. Sinasabing kailangang may angking galing kung paano makabuo ng musika sabay sa paghip at pagtakip sa mga butas ng kawayan upang makabuo ng himig. Nangangailangan din ito ng mahabang pasensiya at kahusayan sa pagtukoy sa musika at nota.

parutgut. kuwintas (png) Isang uri ng palamuti sa leeg na parang *choker* kung pagmasdan. Gawa sa *beads* na itinali at

itinahi upang maging kuwintas. Ito ay may iba't ibang disenyo na kadalasang may 4 hanggang 7 kulay. Nagkaiba-iba ang hitsura nito, may hugis duyan, parisukat at parihaba. Ang palamuting ito ay bahagi ng pagkakikilanlan ng pagiging Mansaka kung saan ang mga materyales ay kinukuha lang din sa kanilang paligid.

patakyâ. lagayan (png) Isang kahon o baul na yari sa metal na nagsisilbing sagradong taguan ng mga pamana at anumang pinagkaingat-ingatang bagay mula sa mga ninuno, kagaya ng damit, palamuti, alaala, at iba pa. Kasama ring itinatago sa *patakyâ* ang mga alay o handog na ibinibigay ng lalaking Mansaka noong panahong siya'y nanliligaw pa. Ang tradisyonal na *patakyâ* ay maaaring gawa sa bronse at ginto, depende sa gusto ng taong nagpapagawa nito. Ang pagiging punô ng *patakyâ* ay simbolismo ng kasaganahan ayon sa mga matatanda.

pawâ. sakahan (png) Isang bahagi ng bukid na kadalasang makikita ang iba't ibang uri ng mga pananim. Ang masagana at luntiang *pawâ* ay nangangahulugan ng kasipagan at dedikasyon ng may-ari. Ito'y indikasyon na may makakain ang buong mag-anak sa panahon ng tag-ulan. Simbolismo rin ito ng karagdagang kita bilang pantustos sa gastusin ng buong pamilya. Pangunahing ikinabubuhay ng tribong Mansaka ang pagsasaka, kaya naman hindi nakapagtata kang masagana at luntian ang kani-kanilang *pawâ* na simbolismo rin ng hanapbuhay at kabuhayan. Maliban pa

riyan, ito ay nangangahulugan din ng kasipagan, katiyagaan at pagsisikap. Sabi ni Magno (2015) na sa modernong panahon, ang *pawâ* o sakahan ay simbolismo ng pag-unlad at oportunidad dahil ang mga produktong manggagaling dito ay maaaring ipagbili sa ibang mga lugar o bansa, maliban sa ito'y nagbibigay ng pagkain sa lokal na komunidad.

patunung. panghuhula (png) Isang makalumang pamamaraan ng paghuhula sa isang nawawalang tao, bagay, hayop o di kaya'y pagtukoy sa panahon. Ang panghuhula o ritwal ay ginagamitan ng hilaw na bigas at itlog kung saan inilalagay sa gitna ang itlog na pinalilibutan ng mga bigas. Ang paggalaw ng itlog at bigas ang siyang binibigyang interpretasyon ngayon ng manghuhula.

piyagkagpa. kuwintas (png) Isang uri ng kuwintas na pumapangalawa sa *parutgut*. Ito ay may 4 hanggang 6 na kulay na kadalasang may heometrikal na disenyo. Kung pagbabatayan ang mga unang henerasyon ng tribo, ito ay nataanging uri ng kuwintas dahil sa pambihira nitong pattern ngunit dahil na rin sa teknolohiya at modernisasyon nagkakaroon na ito ngayon ng pagkakahawig.

Piyagsawitan. pagdiriwang (png) Tulad ng *Al'law ng Tipanud*, ang *piyagsawitan* ay isang espesyal na pagtitipon-tipon ng mga katribo kung saan sila ay naghahanda ng mga pagkain at nagsusuot ng magagarang damit. Sari-saring mga sayaw at musika ang ipinamalas upang maging mas makabuluhan ang

kanilang *piyagsawit*. Nagiging instrumento ang ganitong pagtitipon upang magkumustahan sa mga buhay-buhay. Pagkakataon din ito upang pansamantalang makapagpahinga sa mga araw-araw na gawain lalo na sa bukid.

pratina. *kuwintas* (png) Ito ay gawa sa pilak, hugis bilog at may sukat na 15 sentimetro ang diyametro. May iba-iba at kaakit-akit na disenyo na isinusuot sa gitnang bahagi ng dibdib ng isang *gibubayan* na itinuturing na kakaibang pagkakilanlan para sa isang babaeng Mansaka. Kadalasan, mga anak ng *Bia* ang nagsusuot nito sa tuwing may pagtitipong nagaganap sa loob ng tribo ngunit sa pagdaan ng panahon, naging simple na lamang ang anyo ng isang *pratina* dahil hindi naituro at naipasa ang galing at husay ng mga ninuno sa pagdidisenyo nito.

pudong. *sombrero* (png) Isang panlalaking kasuotan na panakip sa ulo na itinataling patatsulok. Ito ay pula at may burdang disenyo na nangangahulugang may ranggo o posisyon sa lipunan ang taong nagsusuot nito.

pungkoy. *kadahilanan* (png) Tumutukoy sa mga rason at mga sitwasyon na nagbibigay ng negatibo at positibong impluwensiya sa tao sa paligid. Maaaring ang kadahilananang ito ay sinadya o itinadhanang mangyari. Sa ganitong pagkakataon, ipinapaubaya na lang nila sa kalikasan kung ano ang posibleng

mangyari sa paniniwalang lahat ng ito ay may malalim na dahilan.



saagkil. pulseras sa paa (png) Isang uri ng palamuti na inilalagay sa bukong-bukong ng paa. Isinusuot ito ng parehong babae at lalaki lalong-lalo na kapag may malaking pagtitipon gaya ng piyag-sawitan. Sa aspetong ito, naiwasto ang konseptong babae lamang ang maaaring magsuot ng mga palamuti. Naipakita rin na ang mga lalaking Mansaka ay hindi lamang nakakahon sa pagsusuot ng kuwintas bilang pagpapakita ng kanilang katapangan.

sabitán. palawit (png) Nagsisilbing sabitan ng *patadyong*. Maaari itong pagsabitan ng mga *beads* upang makalikha ng mga tunog sa panahon ng pagsayaw ng isang *gibubayan*. Ito'y walang praktikal na gamit kundi pawang palamuti lang sa damit.

sadók. sombrero (png) Isang panakip sa ulo para sa mga kalalakihan na may burda at kulay pula. Ang nagsusuot nito ay mga karaniwang mamamayan o walang ranggo sa komunidad. Pangunahing gamit nito ay proteksiyon mula sa init ng araw mula sa init ng araw.

salitan. silangan (png) Ang posisyon kung saan unang makikita ang sinag ng araw. Sa kulturang Mansaka, ito ay

nangangahulugang maganda ang buong araw at isang magandang pagkakataong magtanim sa sakahan. Higit sa lahat ito ay hudyat na pagsisimula ng mga gawaing nakagawain at nakasanayan na sa buong komunidad. Sa maraming kultura, ang silangan ay itinuturing na simbolo ng bagong simula dahil ito ang direksyon kung saan sumisikat ang araw. Sa mga kultura tulad ng Indigenous American tribes, ang silangan ay nauugnay sa kapanganakan at pagkabuhay, dahil dito nagsisimula ang araw, na nagbibigay ng liwanag at buhay sa mundo. Ang silangan ay isang simbolo ng pag-asa, paglago, at muling pagsilang. Kaya't ang mga ritwal para sa masaganang ani o proteksyon ng komunidad ay isinagawa habang nakaharap sa direksyong ito.

sampad. palamuti (png) Ang palamuti na nasa loob ng *barikug* o hikaw na gawa sa ginto o pilak. May disenyong mandala at hugis bilog kagaya ng *paratina*. Ang *sampad* ay simbolismo ng mayamang deposito ng ginto sa kanilang lugar. Makikita itong sinusuot ng mga *gibubayan* sa panahon ng mga espesyal na pagdiriwang. Ang pagsusuot ng *sampad* ng mga Mansaka ay simbolismo ng katiwasayan at balanse sa buhay, ngunit sa wikang Sanskrit ito ay tumutukoy sa katuparan ng mga pangarap at kaginhawaan sa buhay. Samantala, iba pang kahulugan nito ay magarang kuwintas na yari sa perlas.

sangkaburos. pagbilang (png) Isinaalang-alang din ng komunidad ang

kakayahan ng bawat miyembro sa pagbibilang. Hindi lamang sapat na matuto sa mga gawaing bukid dahil kasabay sa pagkatuto ng mga bagay na ito, tinuturuan din nila ang mga bata na magbasa at magbilang upang hindi sila maging biktima ng panlololoko paglabas sa kanilang komunidad.

saryada. kanta (png) Isang uri ng kanta o *chant* na nagsasalaysay sa mga kaganapan sa buong tribo na batay sa kanilang nakita at nasaksihan. Ito ay kadalasang ginagawa kapag may pagdiriwang o pagsasalo-salo na kung saan ito'y isang angkop na sitwasyon upang maibahagi sa ibang miyembro ng tribo ang mga kaganapan sa buong komunidad.

sasal. sawali (png) Tradisyonal na dingding na gawa sa kawayan. Ang isang kawayan ay hinahati gamit ang itak upang lumapad. Pagkatapos nito, ito ay pinagtabi-tabi at pinagsama-sama upang maging sapat na gawing dingding. Sa katagalan, nagkaroon ng inobasyon at nilalagyan na ng disenyo at tinawag itong *amakan*.

Sayaw Pagpanggas. Sayaw sa pagtatanim (pnd) Isang -sayaw bago ang pagtatanim bilang panaboy sa masamang espiritu upang magkaroon nang maayos at masaganang ani. Tanging ang mga babae ang gumagawa ng pagsasayaw na ito na tinatawag na sumisiday.

Sayaw Pagbaruy. Sayaw Pangkasal (pnd) Isinasayaw ito ng bagong kasal sa panahon ng seremonya. Bilang mag-asawa, kailangang maipakita nila sa lahat ng bisita ang tunay at dalisay na pagmamahal sa pamamagitan ng sayaw. Isa rin itong pamamaraan upang patunayan ng lalaki na hindi nagkamali ang babae sa pagpili sa kaniya.

siling. pagsunod (png) Pagtalima sa kinagisnang kultura kung saan ang tradisyon at paniniwala ay hindi maaaring baguhin at palitan. Kasama sa mga ito ay ang disenyo ng mga damit at palamuti sa katawan. Ang paglabag sa tradisyonal na pagsuot ng damit ay malaking kasalanan sa buong komunidad. Hindi baleng hindi maging kompleto ang mga palamuti sa katawan basta ang lahat ng isinusuot ay tunay at totoo.

simang. (png) Isang gamit sa kusina na may kakayahang makabuo ng manipis hanggang sa makapal na usok. Ang mga usok na ito ay nagsisilbing panaboy sa mga insekto lalo na sa hapon kung saan naglalabasan na ang iba't ibang uri ng insekto. Maliban pa ryan, ang usok na ito ay ginagamit ring panaboy sa mga masasamang elementong umaaligid sa komunidad.

simbaray. kapitbahay (png) Ang pagpapahalaga sa pamilya ay pangunahing prinsipyo ng tribo kaya naman, ang magkakamag-anak ay nararapat magkakasama sa isang lugar upang pangalagaan at protektahan ang bawat isa. Naniniwala rin silang ang komunidad ay

nabubuo dahil sa pagkakaisa ng mga mamamayan. Dagdag pa nito, ang pagkakalapit-lapit ng mga bahay ay simbolismo ng pagkakasundo dahil sa usok na ibinubuga ng bawat kusina. Ang simbaray ay simbolismo ng pakikipagkapwa-*tao* hindi lang ng tribong Mansaka kundi ng kabuoang mamamayang Pilipino. Sa kulturang Pilipino, mahalagang maayos at matiwasay ang relasyon ng magkakapitbahay dahil sila ang unang takbuhan sa oras ng pangangailangan. Dito rin nailuwal ang konsepto ng bayanihan kung saan naitapakita kung paano nagtutulungan ang isang komunidad tungo sa isang layunin. Sa kabilang banda, nagkakaroon din ng negatibong kahulugan ang simbaray o kapitbahay kung ang kapitbahay ay masyadong mapagmatyag o pakialamero sa buhay ng iba. Kaya naman sa gantong sitwasyon ang kapitbahay ay tumutukoy sa pagiging usosero o tsismosa/o (Aguilar, 2010). Sa kabuoan, ang pagkakaroon ng mabuting relasyon sa kapitbahay ay isang mahalagang aspeto ng pagkakaroon ng maayos na komunidad.

sinakáysakay. sayaw (png) Isang sayaw sa pamamagitan ng pagsidsid. Pinaniniwalaan ng tribong Mansaka na ang pagsasagawa nito ay nagsisimbolo ng katuparan sa kanilang mga kahilingan sa buhay tulad ng malusog na pangangatawan, masaganang ani at agarang paggaling sa karamdaman.

sinángkiki. sayaw (png) Isang sayaw ng panliligaw na ginagamitan ng sibat at kalasag. Ito'y simbolismo ng isang

lalaking Mansaka sa kaniyang pagiging pursigido sa tuwing may napupusuang babae. Ipinapahiwatig ng sayaw ang kaniyang adhikain na mapapasagot ang nililigawan at kalaunan ay tanggapin ang alok ng kasal.

sipit. pagkarga (pnd) Pagkarga sa isang bata sa panahon ng pagbibinyag. Ang buong mag-anak o kakilala ay magtitipon-tipon upang pagdesisyonan ang magiging apelyido ng bata. Ang apelyido ng sinumang ikalabingwalong nagkarga sa bata ang siyang susundin at gagamitin ng batang bibinyagan. Wala sa konsepto ng Mansaka na kung ano ang apelyido ng tatay ay iyon ang susundin ng mga anak. Natutukoy nila ang magiging apelyido ng bata sa pamamagitan ng sipit. Kaya, hindi nakapagtataka na kahit magkapatid ang dalawang nilalang ay hindi sila magkaapelyido. Ang sipit o pagkarga ay isang pamamaraan ng pagbibigay ng pangalan para sa isang bata o sanggol na Mansaka. Ito ang itinuturing nilang binyag sa loob ng komunidad na simbolo ng kaligtasan sa lahat ng uri relihiyon sa buong mundo (Clawson, 2013). Ang pagsasagawa ng sipit ay hindi nalalayo sa isang tradisyon din ng Mansaka ang byubunong. Ang byubunong ay isang pagdiriwang na kadalasang nagaganap tatlong araw ang pagkatapos maisilang ang isang sanggol. Ito ay ipinagdiriwang ng komunidad sa pamamagitan ng pagkatay ng baboy bilang isa sa mga palatandaan na nasa mabuting kalagayan ang mag-ina.

sumpit. laro (png) Isang katutubong laro gamit ang maliit na kawayan kung saan hinihipan ng manlalaro ang butas ng kawayan upang mailabas ang buto ng *kurigsaw* na isinuksok sa butas nito. Ang manlalarong may pinakamalayong distansiya sa pag-ihip ng buto ng *kurigsaw* ay siyang tatanghaling panalo. Ang larong ito ay tagisan ng lakas sa pag-ihip o pagbuga ng hangin. Dito masusukat kung gaano katibay ang baga ng isang tao. Ang larong sumpit ng Mansaka na gumagamit ng buto ng *kurigsaw* ay may modernong bersiyon sa kasalukuyan na ginagamitan naman ng mga butil ng monggo o anomang maliit na butil bilang pambala. Ang parehong laro ay sukatan ng katumpakan at kagalingan sa pagtama sa target na bagay. Ang larong ito ay nagsusulong ng pisikal na gawain, koordinasyon ng kamay at mata, at higit sa lahat pagtutulungan at kooperasyon ng bawat kalahok.

suroy. palamuti (png) Bahagi sa damit ng mga babaeng Mansaka na makikita sa gilid ng blusa na may hugis tatsulok. Ito ay bahagi pa rin ng palamuti sa damit na simbolismo ng kanilang makulay at mayamang kutura.



tabing. pananahi (pnd) Ang tarabahong ito ay nakaatas sa mga babae. Inaasahan sa mga babaeng Mansaka ang pagiging mahusay sa mga gawaing-bahay dahil nga sa paniniwalang sila ay mga palamuti lang. Kasama sa pagtatahi nito ang mga tradisyonal kasuotan. Ang tabing ay isang mahalagang elemento sa komunidad dahil ang mga manabingay (mananahi) ang susi sa preserbasyon ng mga tradisyonal na kasuotan ng tribo na sumasalamain sa kultura at pagkakakilanlan ng grupo. Ang mga mananahi ay nagsisilbing tagapangalaga ng mga sinaunang disenyo, pamamaraan ng pananahi, at simbolismo ng mga kasuotan na ginagamit sa mga ritwal at pagdiriwang, gaya ng mga mananahi sa tribo ng T'boli na kilala sa paggawa ng T'nalak. Ang ganitong mga tela ay hindi lamang damit kundi bahagi ng pamamang kultural ng mga katutubo.

Tagamaring. diwata (png) Sa paniniwala ng tribong Mansaka ito ay isang diwata ng kagubatan na siyang nangangalaga sa likas na yamang nakapaligid sa kanilang komunidad. Siya rin ang pinaniniwalaang manlilikha ng isang sagradong huni ng musika na ang tanging makaririnig lang nito ay mga taong pinili at biniyayaan ng natatanging talento at

kanasayan sa pagtukoy at pagtugtog ng nasabing huni. Ang nasabing sagradong huni ay naililipat niya sa pamamagitan ng paggamit ng instrumentong pangmusika na tinatawag na *kudlung*.

tagiblus. kuwintas (png) Palamuti sa kawatan na isinasabit sa leeg katulad ng isang parutgut. Ang kaibahan ng kuwintas na ito ay sobrang mahaba na aabot hanggang sa puso ng nagsusuot. Bahagi pa rin ang palamuting ito sa pagpapakita ng mayamang kultura ng komunidad. Kagaya ng ibang palamuti ang mga materyales ay biyaya ng kalikasan.

taklay. pulseras (png) Pulseras na gawa sa butil o *beads* na kadalasang ang disenyo ay repleksiyon ng kalikasan. Marami at magkaiba-iba ang mga disenyo nito, patunay na mayaman at masagana ang kalikasan dahil hindi inaabuso ng mga tao noong unang panahon.

taku/takul. instrumentong pangmusika (png) Instrumentong pangmusika na gawa sa kawayan na may habang 60 sentimetro. Ang mga kuwerdas sa gilid ay nilalagyan ng kahoy upang makabuo at makontrol ang tunog. Ito ay pinapatugtog sa panahon ng mahahalagang okasyon kasabay ng *kudlung*. Ang mga tunog ng kalikasan ay inspirasyon ng halos lahat ng instrumentong pangmusika ng komunidad.

tamburang. balde (png) Balde na gawa sa kawayan na nilalagyan ng kung ano-

anong gamit gaya ng mga personal na gamit, kasangkapan sa paghahabi o pagtatrabaho, at iba pa. Ito ang gamit ng mga babae sa pagpasan ng mga dala-dalahin. Sa kawalan ng bag noong unang panahon ang tamburang ay nagsisilbi na ring lagayan ng mga personal na gamit. **tangun. pagluluto (pnd)** Sa kulturang Mansaka, ang punong abala ay nagluluto ng espesyal na pagkain para sa mga bisita. Pantay-pantay itong inihahain sa lahat ng mga naroroon at walang sinoman ang tatayong walang laman ang tiyan o gutom. Sa pag-alis naman ng mga bisita pinababaonan sila ng pagkain upang sa biyahe ay hindi sila magugutom.

tarabon. instrumentong pangmusika (png) Isang instrumentong pangmusika na pinupukpok at mas malaki pa sa *agong*. Malaki ang papel na ginagampanan ng *tarabon* sa kanilang komunidad dahil ito ang ginagamit sa pagbibigay ng mga hudyat o panenyas sa panahon ng digmaan. Mahalagang may labis na kahusayan ang taong nakatalaga dito upang maging magaan at madali ang pakikipagkomunikasyon sa gitna ng giyera dahil ang kakulangan sa kasayan sa paggamit nito ay maaaring maging sanhi ng kanilang pagkatalo.

tigmad. pinagmulan (png) Ang simula at pagsilang ng tribong Mansaka. Ito'y pagkilala sa kultura at tradisyon ng tribo upang mas lalong maunawaan at mapahalagahan ng mga bagong sibol ang kanilang pinanggalingan. Ang pagyabong ng tribo ay nakasalalay na ngayon sa mga kabataang Mansaka kung paano

nila pagyamanin at pag-ibayuhin upang hindi mawala at makalimutan ang kanilang pinagsimulan.

tinanap. ahas (*png*) Sa konteksto ng panitikan, binibigyan ng konotasyon ang ahas na traydor pero sa komunidad ng Mansaka, itinuturing nila itong may pakinabang dahil sa ginagawa nilang pagkain ang karne nito depende sa uri. Maliban pa nito, napapakinabangan din nila ang balat ng isang tinanap sa paggawa ng sinturon.

tipanud. ninuno (*png*) Ang tawag sa mga unang taong Mansaka. Sila ang itinuturing na naghulma sa imahe ng tribo kung ano man sila ngayon. Sa kanila naisilang at naitatag ang mga paniniwala, kultura at tradisyon na patuloy pa ring isinasagawa sa kasalukuyan.

tuklû. sibat (*png*) Isang sibat na naging batayan sa tradisyonal na laro. Ang panuntunan sa nasabing laro ay kinkailangang tamaan ng manlalaro ang isang bagay na nakapuwesto ng mahigit kumulang 10 metro ang layo. Uusad ang layo nito sa tuwing may manlalarong tumama sa target. Tatanggalin sa kompetisyon ang hindi makatama sa target at ang natirang manlalaro ay siyang mag-uwi ng gantimpala. Ang larong tuklû ng Mansaka ay simbolismo ng lakas at tapang ng mga kalalakihan sa paghagis ng sibat. Kadalasang nilalaro ito sa panahon ng mga pagdiriwang at pagtitipon ng komunidad gaya ng Kaimunan Festival at Pyagsawitan.

turong. sombrero (*png*) Isang uri ng panakip sa ulo na gawa sa tela na may iba't ibang kulay depende sa ranggo ng nagsusuot.

turub. halaman (*png*) Isang uri ng halaman na ginagamit at sinusunog sa panahon ng . Paniniwala ng komunidad na ang nasabing tanim ay may angking kapangyarihan upang palayasin ang masasamang elemento o espiritu na nasa paligid.

tutukanon. mga bugtong (*png*) Kadalasang paksa ng kanilang bugtong ay pagkain, kalikasan, bahagi ng katawan, patakaran sa bahay o pamayanan, at iba pang mga likas na pangyayari. Bihira nilang ginagamit na paksa ang tungkol sa mga espiritu at supernatural na nilalang sa paniniwalang ito'y magbibigay ng malas o kamatayan sa taong gumagamit nito. Ang bugtong-bugtongan ay isang paraan ng libangan o pagpapahinga mula sa buong araw na trabaho. Nagtitipon-tipon ang buong mag-anak sa gabi at ginagawa nila ito.

tutunli. pagturo (*point*) (*png*) Ito ay nangangahulugang diretsahang pagturo sa indibiduwal para sa isang posisyon. Ito ay pamamaraan ng pagpili ng pinuno sa kanilang tribo. Sa panahon ng botohan, tatayo sa harap ng katribo ang mga nominado. Itatala ng mga inatasang indibiduwal ang bawat pagtuturong matanggap ng bawat kandidato. Kagaya ng nakasanayang proseso, bibilangin ang bawat *pagtunli* para sa isang nominado

at ang makakakuha ng pinakamaraming boto ang siyang mananalo. Kalimitang ginagamit ang *pagtunli* kung may mga katribong wala o kulang ang kakayahang bumasa at sumulat.

tyabidak. putahe (*png*) Isang katutubong pagkain ng Mansaka na espesyal na niluluto para mapanumbalik ang lakas at sigla ng katawan. Pinaghalong bigas, gabi, kamatis, bawang, sili at mga halamang damo. Ang bigas ay pinakukuluan hanggang sa maluto at saka idagdag ang ibang sangkap pati asin bilang pampalasa sa inihandang pagkain. Isa itong pagkaing-sabaw na pampainit sa mga komunidad na nasa bukid upang labanan ang lamig lalo na sa gabi. Ang *tyabidak* ay isang masustansiya at pampaganang pagkain para sa mga katutubong Mansaka. Bukod sa *lyurut*, kasama rin ang *tyabidak* sa mga pagkaing inihanda tuwing may malaking selebrasyon ang tribo tulad ng *Kaimunan Festival*.



ubád. dote (*png*) Ari-arian o bayad na ibinibigay sa oras ng kasal. Ang mga magulang ng babae ang siyang nagtatakda ng halaga ng ubád para sa kanilang anak sa anyo ng mga anlang (alipin) o agong at patakya (isang lalagyan ng nangunguyang betel nut). Subalit, may ibang pagkakataon na ang lalaking ikakasal ang naghahanda ng ubád sa pamamagitan ng pera o anumang bagay na kapaki-pakinabang.

ubul. usok (*png*) Anumang uri ng usok; usok sa niluluto, sunog, sigarilyo at iba pa. Ito ang nagsisilbing palatandaan ng mga sinaunang tao kung may naninirahan o may komunidad sa kabilang bundok.

umpù na bubáy. lola (*png*) Sa kulturang Mansaka ang *umpù na bubáy* ay nagsisilbing haligi sa kanilang pamayanan. Sila ang nagbibigay-proteksiyon sa buong komunidad upang ang kanilang pagkakilanlan at natatanging kultura ay hindi basta-bastang mawawala at mananakaw. Sila rin ang inaasahang magpapamana ng kanilang kultura at tradisyon sa mga bagong sibol na Mansaka sa komunidad. Ang salitang *umpù na bubáy* ay tumutukoy sa isang matandang babae na siya ring

nagsisilbing haligi na napapabilang sa Tribong Mansaka na kumakatawan sa mga kababaihan. Bilang isang umpù, tungkulin niyang makikibaka para sa kapakanan ng isang ina at kapatid na babae. Kung susuriin, mas mainam-inam na ang kalagayan ng mga babaeng Mansaka sa kasalukuyan dahil unti-unti ng binibigyang-pansin at diin ang tungkulin at gampanin nila sa komunidad, kabilang na rito ang pagsali nila sa mga pagpupulong-pulong kasama ang kalalakihang lider. Higit sa lahat, binibigyan na rin sila ng karapatang mahalal o mapili ng isang posisyon sa komunidad.

umpù na usúg. lolo (png) Kagaya ng isang *umpù na bubáy* sila ay iginagalang at nirerespeto ng buong komunidad. Isa sila sa mga sinasanggunian lalo na sa pagbuo ng desisyon at pagbibigay ng payo para sa kapakanan ng buong komunidad. Malaki ang papel na kanilang ginagampanan upang mapanatili ang kaayusan at katiwasayan sa buong tribo.

untu. pakikitungo (png) Ito ay tumutukoy sa mga ugali ng mga Mansaka na nagsisilbing pagkakilanlan na rin kung paano sila makitungo at makiayon sa mga taong-labas sa kanilang tribo. Higit na pinapahalagahan ng komunidad ang pagiging matapat sa anumang ginagawa, saanman at kailanman. Ito’y patunay na inaayawan ng buong tribo ang mga taong mapagpanggap.

urúp. bubuyog (png) Ang *urúp* ay madalas na maririnig sa mga kuwentong-bayan at mga kanta ng mga

matatanda. Sa paniniwalang Mansaka, ang sama-samang pag-aalaga at pagbabantay ng mga *urúp* sa “Reynang Bubuyog” ay simbolismo ng matibay na samahan ng bawat miyembro na siya ring pinapairal ng buong komunidad. Dagdag pa riyan, ipinapakita rin dito ang hindi matatawarang katapatan at pakikiisa ng bawat miyembro upang matiwasay na mamuhay ang buong tribo. Ito ay simbolismo rin ng pagkakaisa at pagtutulungan.

usip. pagtatanong (pnd) Isang katangi-ang Mansaka kung saan nagiging mau-sisa ang mga kabataan tungkol sa pinagmulan ng kanilang tribo. Nangangalap ng impormasyon ang mga kabataang ito mula sa kanilang mga *umpu* o lolo/lola nila. Sa kabilang banda naman, inaalamin din ng mga matatanda kung interesado silang matutuhan ang mga bagay-bagay tungkol sa kanilang tribo.

usúg. lalaki (png) Sa kulturang Mansaka ang mga lalaki ang siyang may lakas sa paggawa, may boses, may sariling pag-iisip at laging nasusunod sa lipunan.

usúy. sisiw (png) Madalas binibigyan ng kahulugan bilang mga anak na marunong sumunod sa mga kaugalian, yapak at alituntunin ng komunidad.

utaw. tao (png) Ang mga indibiduwal na bumubuo sa tribo. Sila ang nagpapayaman at nagbabahagi ng mga kaalaman, kultura at sining sa mga taong tagalabas upang manatiling buhay ang komunidad sa lahat ng panahon.



wakag. gabi (*png*) Ang gabi ay kilalang-kilala at karaniwan sa komunidad dahil sa madali lang itong itanim at patubuin. Kaya naman, sa mga putahe na kanilang inihahanda pangunahing sangkap ang wakag sa pang-araw-araw na pagkain.



yaarub. putahe (*png*) Isang pamamaraan ng pagluto ng kamote sa tulong ng apoy o bága. Naging talamak ang pag-iinhaw ng pagkain sa tribong Mansaka dahil na rin sa kawalan at kakulangan ng gamit-pangkusina.

yagkarim. panliligaw (*png*) Isang yugto ng panliligaw na kung saan hindi puwedeng tumanggi ang babae sa lalaking nagkagusto sa kaniya sa paniniwalang ito'y biyaya sa dalawang pamilya. Pagkatapos maipahayag ng lalaki ang pagkagusto sa dalaga, sa ayaw at sa gusto niya, isusunod kaagad ang mga plano sa kasal na gagawin.

yamagot. pamamana (*pnd*) Isang pamamaraan ng pangingisda gamit ang pana. Maliban sa bukid, kung saan kilalang magaling ang mga Mansaka, marunong din silang manghuli ng isda kagaya ng dalag o *mudfish*. Pahiwatig na kayang mamuhay ang komunidad mapabukid man o malapit sa ilg o sapa.

yataripag. pagtawid (*pnd*) Kapag sa panahon ng paglalakad ay may naririnig na kumakantang alimokon, ito'y nagsisilbing babala na huwag nang tumuloy sa pupuntahan dahil nag-aabang na pangan

Apendiks L

Mga Larawan

Paghingi ng Pahintulot kay Mtkdg. Rolando Casigloman, IPS, Maco, Davao de Oro



Lugar ng Pag-aaral - Mainit, Maco, Davao de Oro



Gusali ng SIMI - Masara, Maco, Davao de Oro



Lugar ng Pag-aaral - Teresa, Maco, Davao de Oro




Lugar ng Pag-aaral - Masara, Maco, Davao de Oro



Paikot-ikot, Patanong-tanong, Pakikipanuluyan











Pagsasagawa ng IDI




Pagsasagawa ng FGD – Unang Grupo



Pagsasagawa ng FGD – Ikalawang Grupo




Balidasyon ng mga *Cultural Masters* sa mga Nakalap na Entri



KAIMUNAN Festival







Curriculum Vitae



Ellen L. Generalao

Dalubguro III sa JHS Filipino



Ellen Generalao



ellen.generalao@deped.gov.ph



09155754021



Tagum National Trade School,
Apokon, Tagum City
8100 Davao del Norte

Natamong Edukasyon

Kolehiyo

Holy Name University
Tagbilaran City, Bohol
1995-1999
BSED - Filipino
Cum Laude

Gradwado

St. Mary's College Inc
Tagum City
2003-2008
MAED - Filipino

Doktorado

Philippine Normal University
Manila City
2016 - present
PhD - Filipino (CAR)

Katungkulan / Rekognisyon

Pampaaralan

- Winning Coach
- SAMFIL Coordinator
- VOCAP Adviser
- TNS Outreach Coordinator
- Teacher Broadcaster
- RBI Scriptwriter
- TVBI Scriptwriter
- Subject Group Head - Filipino
- Reading Coordinator
- IBPT Focal

Pandibisyon

- Daily Lesson Log Writer
- Quarterly Exams Writer and Validator
- Effective Reading Center - Regional Qualifier
- SLM Writer
- SLM Evaluator
- Trainer
- Researcher

Panrehiyon

- SLM Content Editor
- Trainer
- Training Facilitator
- E-Saliksik Participant and Researcher
- Focal - Programang FILTEK

Pambansa

- Ulirang Guro ng Bayan 2019
- Outstanding Researcher of the Year 2020
- Outstanding Teacher of the Year 2020
- Gawad Panulat 2020
- Learning Resource Evaluator - BLR
- E-Book Developer
- TWG Member on Language - BLD
- Research Presenter

Publikasyon	Karanasang Propesyonal
#KonteksLokaLisasyon: Kontekstuwalisasyon at Lokalisasyon sa Bagong Kadawyan ng Pagtuturo at Pagkatuto December 2020 <i>ArtProf - The Pprofessional's Magazine</i> Pakikipagsapalaran sa Bagong Mundo ng Pagtuturo: Paggalugad sa Online na Pagkatuto sa Filipino November 2021 <i>Pintok Journal - SDO Tagum City</i>	Tagum National Trade School Master Teacher III June 2023 hanggang kasalukuyan Tagum National Trade School Master Teacher II Oct. 2019 - June 2023 Tagum National Trade School Master Teacher I Feb. 2018 - Oct. 2019 Tagum National Trade School Teacher III Sep. 2011 - Jan. 2018 Tagum National Trade School Teacher I June 2008 - Aug. 2011 St. Mary's College Inc-Tagum College Professor Nov 2007-March 2008 St. Mary's College Inc-Tagum Sub-College Professor Feb. 2004, July- Aug. 2004 Holy Spirit School High School Teacher June 1999-October 2002
Research Paper Presented	Community Involvement
Glosaryo sa Science Technology, Engineering and Mathematics (STEM) Track sa Senior High School MSU-IIT, Iligan City - February 10, 2017 Morpolohiyang Boholano at Tagumenyo: Pagsusuri at Paghahambing Bayfront Hotel, Cebu City - Nov. 5, 2017 SAGING MO DIHA!': Pagsusuri ng Rehistro sa Plantasyon ng Saging sa Compostela Valley De la Salle Univeristy, Manila - April 26, 2018 Pagtataya ng MTB-MLE R57811: Tugon sa Pagpapaunlad ng Implementasyon ng K to 12 na Kurikulum Visayas State University, Baybay, Leyte - May 5, 2018 Rehistro ng Plantasyon ng Saging: Pang-okupasyong Varayti ng mga Magsasaka Cebu Normal University, Cebu City - May 3, 2019	Tsinelas Campaign 2014 - 2017 Outreach Program for Fire Victims December 14, 2018 Pahalipay sa Pasko December 13, 2019 Blood Letting Program September 25, 2020 Project-ETC (Every Tradean Can) June 17, 2022